



Napakaikli ng panahon ng kaluwalhatian at kasaganaan ng Israel. Ang kaharian ni David na kaharian ng Diyos sa piling ng mga anak ng Israel, ay naging napakaliit na bansa. Ni wala itong ipinag-iba sa iba pang maliliit na bansang nagsisikap mabuhay sa gitna ng malalakas na kalapit nila. Naniwala ang Israel sa sarili nitong misyon habang maganda ang kapalaran nito. Ngunit nang mapatunayan na hindi siya makapangyayari sa ibang mga bayan, nawalang-katuturan ang natatangi nilang katayuan at nagsimula silang mamuhay gaya ng iba.

Alam ng Israel na si Yaweng Diyos nila ang Diyos ng mga diyos dahil meron itong mga libro at dahil ito ang itinuturo ng mga matatanda sa kanilang mga anak. Umaahon ang mga Israelita sa Jerusalem para mag-alay ng mga handog, ngunit gaya ng ipapamukha sa kanila ni Isaias, "lahat ng ito'y mga kautusan lamang ng tao, isang relihiyong natutuhan at di bukal sa puso." Mahaba ang mga prusisyon, makapangyarihan ang mga pari, ngunit walang buhay sa likod ng palabas na ito at nawasak ng haring walang diyos ang lahat (2 H 21).

Sa katunayan, walang lakas ang pananampalataya kung hindi ito nakasalig sa "karanasan" ng Diyos. At kung hindi pa natin ito nararanasan, gayundin ang karamihan ng mananampalataya, kung ipinangangaral lamang sa kanila ang mga karanasang panrelihiyon ng kanilang mga ninuno, lahat ay unti-unting mamamatay. Nang panahong iyon, binigyan si Isaias ng karanasang ito at natagpuan niya ang Diyos na Buhay. "Nakita si Yawe" (kabanata 6) ng binatang ito na galing sa isang maharlikang pamilya, at hindi na siya huminto ng pagsasalita sa ngalan ng Diyos na kapiling ng Israel pero hindi nito nakilala.

Ano'ng nakikita natin sa sumusunod na mga tula?

– Alingawngaw ng panahon ng kapighatian. Ang lumiit na bayan ng Juda ay napapagitnaan ng dalawang makapangyarihang bansa, ang Asur (Asiria) at ang Ehipto, at itinatanong ng mga pulitiko kung alin sa dalawa ang papayagang sumagpang sa kanila. Narito ang sagot ni Isaias: "Hanapin muna ang kaharian ng Diyos at bigyang-katarungan ang isa't isa. At mas palalakasin kayo ng Diyos kaysa mga makapangyarihan."

– Isang matiyagang pagpupunyaging pukawin ang pananampalataya ng mga taong walang direksyon. Marami ang mga seremonya ng relihiyon, pero halos walang pag-ako ng responsabilidad, napakaliit ng pag-ibig sa Diyos, at kakatiting ang malasakit na isagawa ang kanyang

kalooban. Uulitin ni Isaias: "Manalig sa kanya, kapiling ninyo siya, at kung hindi kayo magiging malakas sa pag-asa sa kanya, dudurugin niya kayo."

– Mga pangako ng Diyos sa mga haring inapo ni David. Pero mabuti man ang mga hari tulad ni Ezekias, o masama tulad ni Ahaz, mahihinang klase ng tao sila na pagkakatiwalaan ng napakadakilang mga pangako. Gayunpaman, sa napakadilim na mga sandali, ipahahayag ni Isaias na pinili ng Diyos ang Jerusalem at si David na kanyang hari. Mula kay David isisilang si Kristong Hari ng Kapayapaan.

### *Ilang Bagay-bagay sa Kapanahunan ni Isaias*

Mula sa taong 740, nagising sa hilaga ang bansang Asur at sinimulan nito ang kanyang pananakop. Natakot ang lahat ng bayan sa Gitnang Silangan at sinikap nilang lumaban sa pag-asang tutulungan sila ng Ehipto na isa ring makapangyarihang bansa. Sa pakikipaglabang ito, maglalaho ang hilagang bansang Israel, babagsak ang Samaria na kabisera nito at ipatatapon ang mga mamamayan nito sa taong 720.

Sa taong 736, sinikap ng hilagang Israel at ng kalapit na Aram na obligahin ang kaharian ng Juda na kumampi sa kanila laban sa Asur. Kaya naman humingi ng tulong sa hukbong Asirio si Ahaz na hari ng Jerusalem sa kabila ng mga babala ni Isaias. Winasak ng mga Asirio ang Israel at ang Aram pero sinamsaman din nila ang lupain ng Juda.

Nang mga taong 701-691, dumating si Senakerib na hari ng Asiria para sakupin ang Juda. Sa pagbibigay-sigla ni Isaias, lumaban si Haring Ezekias, at noon naganap ang tanyag na mahimalang pagpapalaya sa Jerusalem.

### *Ang Aklat ni Isaias*

Ang aklat ni Isaias at ng kanyang mga alagad (tingnan ang sumusunod na talata) ang pinakamahalaga sa mga aklat ng mga propeta. Ito ang laging aalalahanin at babanggitin ni Jesus at ng kanyang mga apostol.

Matatagpuan ang mga salita ni Isaias sa mga kabanata 1-39 ng aklat na nagtataglay ng kanyang pangalan. Tinitipon naman ng ikalawang bahagi ng aklat o ng mga kabanata 40-66 ang mga salita ng iba pang mga propeta na nagsulat makaraan ang isa at kalahating dantaon.

**Pinagsasabihan ng Diyos ang kanyang bayan**

**1** • [1] Ito ang propesiya ni Isaias na anak
ni Amos tungkol sa Juda at Jerusa-
lem sa kapanahunan nina Ozias, Yotam,
Ahaz at Ezekias na mga hari ng Juda.

[2] Makinig, langit at lupa!
Dinggin, nagsasalita si Yawe:
"Inalagaan ko ang aking mga anak at pinalaki ko sila,
ngunit pinaghimagsikan nila ako.
[3] Kilala ng baka ang kanyang amo,
at ng asno ang kanyang sabsaban,
ngunit hindi ako kilala ng Israel,
hindi nauunawaan ng aking bayan."

[4] Isang bansang makasalanan,
isang bayang puno ng kasamaan,
isang lahing tampalasan,
mga walang kuwentang anak!
Tinalikdan nila si Yawe,
kinasuklaman ang Banal ng Israel.

[5] Parurusahan ba kitang paulit-ulit?
Lalo ka lamang maghihimagsik,
pagkat masakit ang buo mong ulo,
may karamdaman ang buo mong puso.

[6] Wala nang malusog
mula ulo hanggang paa –
mga sugat at pasa,
mga sugat na sariwa,
marumi at walang benda,
ni pahid ng langis ay wala.

[7] Ang lupain mo'y tiwangwang,
ang mga lunsod mo'y tupok,
winasak at niluray ng mga dayuhan
sa harap ng iyong paningin.

[8] Ang Dalagang Sion ay naiwan
tulad ng silungan sa ubasan,
tulad ng kubo sa pakwanan,
tulad ng bayang kinubkob.

[9] Kung si Yawe ng mga Hukbo ay di nagtira sa atin ng munting nalabi,
sa Sodom tayo'y natulad na sana
at gayundin sa Gomorra.
[10] Dinggin ang babala ni Yawe, mga pinuno ng Sodom.
Dinggin ang aral ng ating Diyos, bayan ng Gomorra.

---

**1.1** *Sinisimulan ng unang talata ang mga propesiya ng unang labindalawang kabanata. Matatagpuan dito ang mga mensaheng ipinahayag sa iba't ibang pagkakataon sa loob ng mahabang panahon. Ngunit hindi isinaayos ang mga ito ayon sa panahon ng pagkakapagpahayag.*

*Inalagaan ko ang aking mga anak ngunit pinaghimagsikan nila ako.* Madalas nating paniwalaan na hinihingi ng Diyos ang para sa kanya, pero hindi ganito. Si Yawe ay Ama, isang amang binale-wala. At nadarama niyang nasusugatan siya sa kanyang pag-ibig, hindi dahil sa kung anong kasalanan kundi dahil namumuhay nang iresponsable at walang muwang ang kanyang mga anak: *hindi nauunawaan ng aking bayan.*

*Mga walang kuwentang anak!* Kailangan ng mga tao na pagsalitaan sila nang mabigat ng mga propeta. Sapagkat dahil sa mga interes at mga pagnanasa at mga propaganda, kaya nasanay na tayong igalang ang lahat liban sa katotohanan at sa bokasyon ng tao na magpakatao, gumawa at mag-isip bilang anak ng Diyos.

*Mula ulo hanggang paa.* Binabatikos ni Isaias ang pangkalahatang sitwasyon ng bansa na walang higit na sinisising isang pangkat ng lipunan kaysa iba. May pananagutan silang lahat, ngunit nangangatwiran ang lahat para hindi mamuhay sa katotohanan.

*Parurusahan ba kitang paulit-ulit?* Hindi parusa ng Diyos ang pagdarahop, masasamang batas at pagkatalo kundi tayo ang naghanda ng mga ito. Pero kung ang mga nagdurusa'y mga anak ng Diyos, may pananagutan siya sa kanila. Ngunit hindi niya sila pinalilibre sapagkat tanging pagdurusa lamang ang makapagtuturo sa kanila. Kaya nga, sa ibang katutura'y totoong ang Diyos ang siyang humahampas o nagpapahirap sa kanila.

Maraming salita rito ang inuulit sa sumusunod na mga pahina:

*Ang Dalagang Sion* na nangangahulugang lunsod ng Sion o Jerusalem. Ang Sion ang pinakabaryo ng Jerusalem na pinagtayuan ni David ng kanyang tirahan.

*Ang Banal ng Israel.* Sa kabanata 6, magpapakilala ang Diyos bilang *Ang Banal,* na ibig sabihi'y ang Diyos na ang hiwaga'y di maaarok at ang kaningninga'y ikamamatay ng anumang nilalang na may bahid ng kasalanan. Si Isaias ang magiging propeta ng Diyos na Banal.

*Yawe Sabaot* o *Yawe ng mga Hukbo:* matandang pamagat ito ni Yawe. Kapwa ito nangangahulugan na ang Diyos ang naghahatid ng tagumpay sa mga hukbo ng Israel at ang Diyos din ang nag-uutos sa mga hukbo ng langit, sa mga anghel, mga bituin at mga puwersa ng sanlibutan.

• 11 "Ba't kayrami ninyong mga handog?
Ano'ng pakialam ko sa mga iyan?" sabi ni Yawe.
"Sawa na ako sa mga sinunog na handog,
mga tupa at taba ng mga hayop.
Wala nang dulot na lugod sa akin ang dugo ng mga toro,
mga tupa at kambing.

12 Alam ko, pumarito kayo para makita ang aking mukha
pero sino'ng nag-utos sa inyo nito – na magsiksikan sa aking Templo?

13 Tama na ang walang kuwenta ninyong pag-aalay;
kinasusuklaman ko ang inyong insenso.
Sobra na ang sama ng inyong banal na pagtitipon,
mga Bagong Buwan at mga Araw ng Pahinga.
14 Kaluluwa ko'y namumuhi sa inyong mga Bagong Buwan
at mga Kapistahan –
Pabigat lamang sa akin ang mga ito: sawang-sawa na ako.

15 Kapag iniunat ninyo ang inyong mga kamay, pipikit ako.
Manalangin man kayo nang manalangin,
lalo naman akong di makikinig:
duguan ang inyong mga kamay.
16 Maghugas kayo at maglinis ng sarili.
Ilayo ninyo sa aking paningin ang kasamaan ng inyong mga gawa.
Itigil ang paggawa ng masama.
17 Matutong gumawa ng tama, at hanapin ang katarungan,
pagbawalan ang mga nang-aapi,
harapin ang daing ng mga ulila,
at ipagtanggol ang mga biyuda.

18 "Halika," sabi ni Yawe, "magpaliwanagan tayo.
Gaano man kapula ang inyong mga kasalanan,
papuputiin ang mga iyon na parang niyebe;
kahit na simpula man ng dugo, magiging parang lana.
19 Kung handa kayong makinig, mga bunga ng lupa'y inyong kakanin.
20 Subalit kung susuway kayo at maghihimagsik,
ang tabak ang sa inyo'y kakain." Ito nga ang sabi ni Yawe.

---

• 11. *Ano'ng pakialam ko, gaano man karami ang mga sakripisyo ninyo?* Katangian ito ng mga propeta na itakwil at tuligsain ang panlabas na pagsamba na hindi naghahayag ng tunay na pagpapaubaya ng sarili sa Diyos. Iniutos ng batas ng Diyos ang mga handog at mga piyestang kinukuwestiyon dito. Ngunit sinasabi ng Diyos na kinasusuklaman niya ang mga ito sapagkat lumalabas na isang kasinungalingan ang mga ito pag ginawa nang walang mabuting kalooban (tingnan Slm 40:7 at 50:16, pati ang Mt 5:23).

*Harapin ang daing ng mga ulila.* Ang pagnanakaw ay kinokondena ng mga utos ni Moises (Ex 20:14). Binabatikos ng mga propeta ang isang panlipunang sistema na pumipinsala sa mahihina.

May ilang tao na malakihang seremonya ang gusto, ang iba nama'y sarili nilang debosyon at panalangin, at ang iba pa'y kanila namang mga pagkakawanggawa. Sa paggawa nito, maaaring pinagtatakpan lamang natin ang kawalang-katarungang ginagawa natin araw-araw.

*Halika, magpaliwanagan tayo.* Biglang lumitaw ang mukha ng Diyos na mahabagin at tagapagligtas. Ayaw ng Diyos na magparusa, kundi makatagpo ng makakausap at mamahalin. Inuulit-ulit ng mga propeta: "Halika, magbalik sa akin."

**Nagpabayad ka sa lalaki!**

• 21 Ang Sion, ang matapat na lunsod,
ay nagpabayad sa lalaki!
Dating puno ng katarungan
at himlayan ng pagkamatuwid,
ngayo'y taguan ng mga mamamatay-tao!
22 Ang pilak mo'y naging bato,
ang alak mo'y naging tubig.
23 Mga pinuno mo'y mga rebelde,
kasabwat ng mga magnanakaw,
sa suhol ay matatakaw,
sa regalo ay dayupay.
Di nila hinaharap ang daing ng ulila,
sa kanila'y di nakaaabot, hinaing ng mga biyuda.
24 Kaya nga wika ng Panginoong Yawe ng mga Hukbo,
ang Lakas ng Israel:
"Maghihiganti ako sa mga kalaban
at maniningil sa mga kaaway.
25 Ibabaling ko sa iyo ang aking kamay,
tutunawin ang iyong mga dumi,
aalisin ang iyong karumihan.
26 Gagawin kong tulad noong una ang iyong mga pinuno,
tulad noong dati ang iyong mga taga-payo.
At tatawagin kang Siyudad ng Katarungan,
ang Matapat na Lunsod."
27 Kailangan ng Sion ng paghuhukom upang maligtas;
may malalabi: ang mga makatarungan.
28 Ngunit ang mga rebelde't makasalanan
ay magkasamang wawasakin,
gayundin ang nagsitalikod kay Yawe.

• 29 Ikahihiya ninyo ang mga sagradong puno
na inyong kinalugdan.
Mamumula kayo dahil sa hardin na inyong pinili.
30 Pagkat ang magiging tulad ninyo
ay punong lanta ang mga dahon
at harding natuyuan ng tubig.
31 Ang pinakamalakas ay magmimistulang mitsa,
at lahat niyang mga gawa ay posporo;
kapwa sila matutupok
at sa apoy ay walang sasawata.

---

• 21. Jerusalem ang lunsod na pinili ng Diyos. Tulad ng pagpili ng lalaki sa kanyang nobya, gayundin naman pinipili ng Diyos ang bayang ito. Ngunit ngayo'y nakiapid siya sapagkat nagtaksil siya kay Yawe sa kanilang mga krimen at pang-aapi sa mga pobre. Nakikiapid ang mga lumilimot sa Diyos at sariling kapakanan ang pinagsusumakitan nang walang pagsasaalang-alang sa kanilang mga kapatid.

Ito'y kuwestiyon ng *katarungan*. Ang katarungan ay isa sa mga salitang malimit gamitin ng mga propeta. Sa Biblia, ang "makatarungan" ay ang namumuhay ayon sa katotohanan, ibig sabihi'y ang nananatiling tapat sa Pakikipagtipan sa Diyos. Ito ang paulit-ulit na hinihingi ng mga propeta: na maging isang malalim na katapatan ang katarungan at hindi lamang panlabas na pagsunod sa mga batas. Hanggang marating nating kasama ni Jesus ang "katarungan" ng Espiritu Santo, na nangangahulugang kabanalan ng Diyos na nasa kaibuturan ng puso ng tao.

Sa isang daigdig na napakarami ang sinasabi tungkol sa katarungan, alam nating may malaking pagkakaiba ang pagkaalam kung ano ang makatarungan at ang pagsasagawa nito.

*Kailangan ng Sion ng paghuhukom.* Isang tema ito na muli nating matutunghayan sa iba pang mga pahina ng Isaias. Sinamsaman at winasak, ipinagdarasal ngayon ng Israel ang kanyang kaligtasan. Pero hindi siya handang makinig sa Diyos. Ito naman ang sabi ng Diyos: "Ang pagliligtas ko'y nangangahulugan ng parusa sa inyong mga ginagawa." Sapagkat ang kaligtasan o ang kalayaang ipinagkakaloob sa atin ng Diyos ay hindi ang pagpasok sa isang mundong walang problema, sa isang bagong paraiso sa lupa kundi pagsisimulang mamuhay ayon sa hinihingi ng Diyos.

*At tatawagin kang Siyudad ng Katarungan.* Ipinangangako ang kaligayahan sa sangkatauhang binubuo ng mga taong "makatarungan," ibig sabihi'y mga pinalaya sa kasalanan. At hindi ito magkakatotoo sa mundong ito kundi bahagyang-bahagya lamang. Kung sa bagay, sa ating daigdig ay may mga pangyayaring naglalarawan at nagpapauna sa ganap na pagliligtas. Sa isang paraa'y narito na ang Paghahari ng Katarungan kapag nagsasagawa ng mga tiyak at mahahalagang hakbang na ipaglaban ang ikabubuti ng lahat, kapag nadarama ng buong sambayanan na sila'y pinalaya. Ganito ang nangyari sa banal na kasaysayan sa mga pangyayari nang panahong iyon (tingnan ang Is 37, o kahit ang Exodo, tingnan din ang Marco 9:11). Ngunit maaari ngang mas madalas pa na mga panahon din ng kapighatian ang nagpapauna sa kaharian ng Diyos, mga panahon ng krisis at rebolusyon. At inihahanda ng mga ito ang Kaharian hindi gaano sa pamamagitan ng kabutihang hatid nito kundi dahil winawasak nito ang matatandang istrukturang kinauugatan ng kasalanan ng lipunan (Lc 21:28 at Pagbubunyag).

• 29. Binabanggit dito ang mga paganong pagsamba na ipinagdiriwang sa mga halamanan at mga kagubatan. Doon sumisiping ang mga lalaki sa mga babaeng bayaran na nakatalaga sa mga Baal.

**Pangakong panahon ng kapayapaan ng Diyos**

**2** • 1 Ang pangitain ni Isaias na anak ni Amos tungkol sa Juda at Jerusalem.
2 Sa mga huling araw,
ang Bundok ng Bahay ni Yawe
ay ipapatong sa mga bundok
upang ito ang maging pinakamataas sa lahat.
Lahat ng bansa'y paroroon
3 at magsasabi,
"Tayo na, umahon tayo sa bundok ni Yawe,
sa bahay ng Diyos ni Jacob."
Ituturo niya sa atin ang kanyang mga daan
upang makalakad tayo sa kanyang mga landas.
Pagkat sa Sion nanggagaling ang Aral,
at sa Jerusalem ang salita ni Yawe.

4 Huhukuman niya ang mga bansa,
at isasaayos ang mga bayan.
Papandayin nila't gagawing asarol ang kanilang mga tabak,
at karit ang kanilang mga sibat.
Wala nang bansang magtataas ng tabak
laban sa kapwa-bansa;
wala na ring magsasanay pa para sa digmaan.
5 "Tayo na, bayan ni Jacob,
lumakad tayo sa liwanag ni Yawe."

**Magtago sa alikabok**

• 6 Pinabayaan mo ang iyong bayan, ang bayan ni Jacob,
pagkat puno sila ng mga pamahiin
at ng mga manghuhula, tulad ng mga Pilisteo –
napakaraming mga taga-ibang bayan.

---

• **2.**1 Para itong isang di-makatotohanang pangitain; pero nagkakatotoo ito at magkakatotoo.

Ang maliit na burol na pinakasentro ng lunsod ni David at kinatatayuan ng Templo ni Solomon, sa pangitaing ito'y naging sentro ng sanlibutan na walang ipinag-iba sa burol ng Antipolo, lamang ay pandaigdigan, dahil doon pumupunta ang lahat ng bansa. Bakit? Dahil alam nila na kailangan nila ang Salita ng Diyos. At matapos sairin ang lahat ng kaalaman sa siyensiya, ekonomiya at pulitika, nauunawaan nilang kailangan pa nila ng isang *Aral*, o ng isang Pagbubunyag ng Diyos. Sa simula'y ang Aral na bigay ng Diyos (gaya ng pagsasalin natin dito) ang ibig sabihin ng salitang "Torah." Ngunit sa dakong huli'y mangangahulugan ito ng "Batas."

Higit sa lahat, ang Batas ng Diyos ay isang aral tungkol sa kung ano ang tao at kung ano ang kanyang misyon. At ang sagot sa ganitong mga katanungan ay natatagpuan sa wakas sa katauhan ni Kristong, Anak ng Diyos, na naging tao at huwaran para sa kanyang mga kapatid. Alalahanin kung paano ring umakyat si Jesus sa mataas na bundok at nagbagong-anyo sa harap ng kanyang mga apostol. Doon ipinagkaloob sa kanila *ang Batas at ang Aral:* "Pakinggan ninyo siya".

*Tayo na sa bahay ng Diyos ni Jacob.* Itatatag ang Kaharian ng Diyos sa paligid ng *bayan ng Jacob-Israel* at ng kanilang mga hari na mga anak ni David. Sa lahat ng panaho'y isang Sentro ang pananatilihin ng Diyos sa daigdig, ang nakikitang ehe ng di-nakikitang Kaharian: una'y ang Israel, at saka ang Iglesya. Nalalahad ang Iglesya sa kasalukuyan bilang isang tanda sa ibabaw ng bundok, at iniaalok na masdan ng mga bayang naniniwala at di naniniwala.

Totoong maraming di-magandang aspekto ang Iglesya: ang kanyang mga institusyon, ang kanyang hirarkiya; ang kanyang mga pumaparalisang tradisyon ay hindi mas ligtas sa kamalian at mga iskandalo kaysa mga tradisyon ng pamayanang Judio. Ngunit maaaring kulang din tayo sa pagkatalos sa malaking kabutihang pinauunlad ng Iglesya sa mga tapat na sumasampalataya. Sila ang sa daigdig ay nagpapanatiling may sindi sa apoy na pinagningas ni Kristo, at sila ang laging lumilikha sa kanilang paligid ng isang pag-uugnayan ng mas makataong relasyon at mas makatotohanang buhay. At ito sa wakas ang siyang naghahanda para sa pagdating ng mga bagong tao. May higit na halaga ang nag-iisang katauhan ni Isaias para sa moral na pag-unlad ng mundo kaysa lahat ng hari ng Asiria pati na ng kanilang mga hukbo, ng kanilang mga tagumpay at mga batas. Gayundin naman, maaaring maging mas mabisa para sa pag-unlad ng daigdig ang mga tapat na pagkilos ng pinakaaba sa mga mananampalataya kaysa maraming maiingay na pagpupulong. Ang lebadurang ito ng tunay na sibilisasyon ang siyang ilalagay balang araw *"sa mataas na bundok"* o *"sa patungan ng ilawan"* para tanglawan ang daigdig (tingnan Mt 5:14).

• 6. *Hindi ukol sa Jerusalem (kabisera ng lupain ng Juda) ang tekstong ito kundi sa hilagang kaharian (Samaria ang kabisera) na taglay ang pangalan ng kanilang ninunong Jacob-Israel.*

Nang panahong iyon nagtamasa ng ilang taong

7 Lupa nila'y puno ng ginto at pilak;
walang pagkasaid ang kanilang kayamanan.
Lupa nila'y puno ng mga kabayo;
walang pagkaubos ang kanilang karwahe.
8 Lupa nila'y puno ng mga diyus-diyusan;
niyuyukuan nila ang gawa ng kanilang mga kamay,
mga bagay na hinubog ng kanilang mga daliri.

9 Ang tao'y payuyukuin, ang tao'y ibababa.
Huwag mo silang patawarin.
10 Magkubli sa mga batuhan, magtago sa alikabok,
dahil sa takot kay Yawe,
sa ningning ng kanyang kamahalan,
pagdating niya upang makapangyari!

11 Yuyuko ang mapagmataas,
kayabangan ng tao'y ibabagsak.
Tanging si Yawe ang matataas sa araw na iyon.
12 Sapagkat dumarating ang araw ni Yawe ng mga Hukbo
laban sa lahat ng palalo at mapagmataas,
laban sa lahat ng dinarakila at itinataas,
13 laban sa mga sedro ng Lebanon
at lahat ng matataas na puno ng Basan,
14 laban sa matatayog na bundok at nagtataasang mga burol,
15 laban sa bawat toreng matayog at bawat matibay na moog,
16 laban sa mga barko ng Tarsis at kanilang mamahaling kargamento.

17 Yuyuko ang mapagmataas,
kayabangan ng tao'y ibabagsak.
Tanging si Yawe ang matataas sa araw na iyon,
18 at maglalaho ang lahat ng diyus-diyusan.
19 Tatakas ang mga tao tungo sa mga kuweba sa mga batuhan,
tungo sa mga lungga sa lupa,

---

kasaganaan ang hilagang kaharian ngunit dumami rin ang mga diyus-diyusan. Ang nangagsiyaman noon ay walang ibang alam gawin sa kanilang ginto kundi mga estatwa at palamuti, at iniukol nila ang mga ito para sa kung anong diyos na inaasahan nilang magbibigay sa kanila ng seguridad at proteksiyon. Nakita ni Isaias ang darating na kapahamakan sa mga iyon na di nababahala.

Sa pagsasalita niya tungkol sa mga pagkawasak sa digmaan at pagkasindak ng mga nagapi, ipinapalagay ni Isaias na ang mga kapahamakang ito ay isang pakikipagharap ng materyalistang tao sa kanyang Diyos na dumarating para maghukom.

*Lupa nila'y puno ng mga diyus-diyusan.* Parang kanser sa katawan ang diyus-diyusan sa ating buhay. Ito ang anumang pinahahalagahan natin nang wala sa lugar at nilalamon nito ang buo nating tunay na buhay. Ganito rin naman ang siyensiya, ang pag-unlad, mga luho, bahay, kotse o pera kapag dito natin iniuukol ang buo nating lakas at pag-asa sa halip na maging paraan para matupad ang mga plano ng Diyos.

Pansinin ang paulit-ulit na sinasabi sa 3:11-17: *Kayabangan ng tao'y ibabagsak.* Kayabangan ng mga dakila, ng mga marunong, kayabangan ng mga walang-sinabi at mapurol ang diwa, ng mga nagkukunwaring mapagpakumbaba. Kayabangan ng taong relihiyoso na naniniwalang kilala niya ang Diyos dahil nakapagsasalita siya tungkol sa kanya. Kayabangan ng may kamatayang nilalang na patungo sa kanyang huling sandali nang hindi nakakatagpo ang Diyos na buhay. Masahol pa sa kalokohan, isang insulto sa Diyos na Banal ang kayabangan at nangangailangan ito ng pagbabayad-sala. Habang mas banal ang pag-ibig, mas mapaghanap ito at seloso. Ang kayabangan ng tao, ang pagmamataas ng isang panlipunang uri, ang seguridad ng isang masaganang lipunan – ibabagsak ang lahat ng ito.

dahil sa takot kay Yawe,
sa ningning ng kanyang kamahalan,
pag siya'y tumayo at sinindak ang lupa.

20 Sa araw na iyon,
ihahagis ng mga tao sa mga daga at paniki
ang kanilang mga diyus-diyusang pilak at ginto
na ginawa nila upang sambahin.
21 Tatakas ang mga tao tungo sa mga siwang sa batuhan,
sa likod ng mga bato,
dahil sa takot kay Yawe,
sa ningning ng kanyang kamahalan,
pag siya'y tumindig at sinindak ang lupa.

22 Mag-ingat sa tao! Nasa kanyang ilong ay hininga lamang.
Paano mo siya mapahahalagahan?

3 1 Masdan! Inalis ng Panginoong
Yawe ng mga Hukbo
ang tungkod at mga inimbak
mula sa Juda at Jerusalem –
lahat ng pagkain at lahat ng tubig,
2 ang bayani at ang kawal,
ang hukom at ang propeta,
ang manghuhula at ang matanda,
3 ang kapitan at ang opisyal,
ang tagapayo, ang mangkukulam,
at ang manggagayuma.
4 Mga binatilyo ang gagawin kong mga pi-
nuno nila,
5 pang-aapi ang maghahari sa kanila.
Magsisikilan ang isa't isa,
bawat tao laban sa kanyang kapwa.
Uutus-utusan ng binatilyo ang matanda,
ng hampaslupa ang marangal.
6 Hahawakan ng isa ang kanyang kapatid
sa bahay ng kanyang ama, at sasabihin,
"May damit ka rin lang, pamunuan mo kami
at ang santambak na kaguluhang ito."
7 Ngunit sa araw na iyo'y tututol siya:
"Hindi ko kayang lunasan ang lahat ng ito,
ni wala akong damit o tinapay
sa sarili kong pamamahay.
Huwag mo akong gawing pinuno ng bayan."

8 Masdan kung paanong gumuguho ang
Jerusalem, bumabagsak ang Juda, sapag-
kat kinalaban nila si Yawe sa kanilang mga
salita at gawa, at nilapastangan ang kanyang
presensya.

**Kawawa ang masasama!**

• 9 Halatang-halata sa mukha nila:
hindi nila itinatago ang kanilang kasala-
nan; sa halip ay itinatanghal pa iyon, tulad
ng Sodom. Kawawa sila! Sila na rin ang
naghahatid ng kapahamakan sa kanilang
sarili.
10 Sabihin: "Masaya ang matuwid;
kakanin nila ang bunga ng kanilang mga
gawa."
11 Ngunit kawawa ang masama. Ba-
balik sa kanila ang kasamaang ginawa
nila! 12 Bayan ko, ninakawan ka ng mga
naghari sa iyo, at sinikil ng mga nag-
pautang sa iyo! Bayan ko, nilinlang ka ng
iyong mga pinuno, iniligaw sa iyong mga
daan.
13 Tatayo si Yawe sa hukuman upang
hatulan ang kanyang bayan. 14 Hahatulan
ni Yawe ang matatanda at ang mga pi-
nuno ng kanyang bayan:
"Kayo ang lumamon sa mga bunga ng

---

• **3.**9 Isinabuhay ng mga propeta ang kanilang pananampalataya sa gitna ng mga pangyayari sa kanilang kapanahunan; hindi nila kinalimutan ang tunay na kalagayan ng kanilang panahon para lamang makapagsalita tungkol sa "karukhaan." Para kay Isaias, dukha ang mga dukha dahil mapang-api ang iba. Nasa mga batas ang kasalanan at nasa mga lumimot sa Diyos hanggang sa puntong kanyahin nila ang kapangyarihan. Inilalantad ni Isaias ang kasalanan ng mga pinuno para iligtas ang buong bayan sa Hatol ng Diyos.

ubasan. Nasa inyong mga bahay ang si-
namsam sa mga dukha. 15 Ano ang ka-
rapatan ninyong apihin ang bayan at ta-
pakan ang mga pobre?" wika ni Yawe ng
mga Hukbo.

**Napakayayabang lumakad**

• 16 Sabi ni Yawe: "Napakayayabang ng
mga kababaihan ng Sion – taas-noo kung
lumakad, pino ang mga hakbang, umaa-
lembong kung makatingin, at kumaka-
lansing ang mga pulseras sa paa."

17 Ngunit tatadtarin ni Yawe ng galis ang
mga ulo ng kababaihan ng Sion at sila'y
kakalbuhin ni Yawe.

18 Sa mga araw na iyon, hihiklasin ng
Panginoon ang kanilang mga pulseras sa
paa, ang mga gayak sa ulo at mga ma-
bibigat na kuwintas, 19 ang mga hikaw,
mga pulseras, mga belo 20 at turban, mga
kuwintas sa paa, mga sinturon, mga bote
ng pabango at mga anting-anting, 21 mga
singsing sa daliri at sa ilong, 22 mga ma-
mahaling kamison, mga bandana, mga
balabal, at mga hanbag, 23 mga salamin,
mga mamahaling damit, mga putong at
mga talukbong.

24 Sa halip na bango ay alingasaw ang
maaamoy, sa halip na sinturon ay lubid,
sa halip na pagpapakulot ay pagkakalbo,
sa halip na maluluhong damit ay sako, at
sa halip na kagandahan ay isang tatak ng
nagbabagang bakal.

**Bagyo sa Samaria**

25 Ang kalalakihan mo'y mabubuwal sa ta-
bak,
ang iyong mga bayani sa labanan.
26 Mananaghoy at magluluksa ang mga pin-
tuan ng siyudad
habang ang Sion ay hubad na nakalupasay.

**4** 1 Sa araw na iyon, pitong babae
ang mag-aagawan sa isang lalaki.
Sasabihin nila: "Kami ang bahala sa aming
kakanin,
kami rin ang sagot sa aming daramtin,
ibigay mo lamang sa amin ang iyong pa-
ngalan
at alisin ang aming kahihiyan."

**Nasa Bundok Sion ang mga naligtas**

• 2 Sa araw na iyon, ang *Supling* ni
Yawe ay magiging marilag at maluwalhati,
at ang *Bunga* ng lupa ay magiging dangal
at ningning ng mga nalabi sa Israel. 3 Ang
mga natirang buhay sa Sion at nanatili sa
Jerusalem ay tatawaging banal – lahat
silang kasama sa talaan ng mga buhay sa
Jerusalem.

4 Kapag hinugasan ni Yawe ang karum-
han ng kababaihan ng Sion, at binan-
lawan ang dugo sa Jerusalem, sa biglang
ihip na hatid ay paghuhukom at lagablab,

---

• 16. Tinutuligsa ni Isaias ang mga maluluhong babae ng Jerusalem:

– Para silang mga diyus-diyusan sa kanilang mga singsing, mga kuwintas at mga damit na ginawa para mang-akit ng mga lalaki.

– Kasabwat sila sa kawalang-katarungan: Anong luho ang hindi pinagbabayaran ng mga dukha? Gaano karaming tao ang makapagreregalo nang may malinis na kamay?

Para bang maliit na bagay na lamang ang luho para sa atin ngayon. Alam natin na napakalaking halaga ang nilulustay halimbawa sa mga kosmetik, sa mga aso, sa drugs at sa pornograpya sa gitna ng nagugutom na daigdig.

Nagwawakas ang diskurso sa 4:1. Pagkamatay ng kani-kanilang asawa, maghahanap ng asawa ang mga biyuda, sa paano mang paraan para man lamang mabigyan sila ng legal na proteksiyon.

Sa Amos 4:1, matutunghayan natin ang ganito ring puna sa mga babaeng tinatawag ng propeta na "nagtatabaang baka".

• **4.**2 Sa magulong kasaysayan ng mga bansa, pinahihintulutan ng Diyos na mabuo ang isang maliit at hamak na bayan. Lumilitaw sa bayang ito at nag-uugat pagkatapos ang isang piniling grupo na tinatawag na "Nalabi." Kung paanong pakitid nang pakitid ang piramid hanggang sa tuktok nito, gayundin pakaunti nang pakaunti ang nalabing ito hanggang maging isang tao lamang – ang Tagapagligtas. Tinatawag siya ritong *bunga ng lupa*. Tinatawag din siyang *usbong* sapagkat siya ang magiging *usbong* ng bagong sangkatauhan.

Pansinin dito, gaya sa 1:27, na ang Kaharian ng Diyos ay nagsisimula sa isang "paghuhukom." Ibig sabihi'y walang kakayahan ang tao na mag-isang magtayo ng lunsod na tumatagal. Sabay na tinutuligsa ni Isaias ang kasalanan ng indibidwal at ang kasalanan ng bayan sa liwanag nito. Walang bansang makapagpapakilala bilang kaharian ng Diyos sa lupa. Ang bayang Judio na inakay ng batas ni Moises, at ang kaharian ni David na inilaan ng Diyos sa kanyang sarili, ay kumakatawan lamang sa unang yugto ng banal na

[5] kung gayo'y lilikha si Yawe sa buong bundok ng Sion sa ibabaw ng mga kapulungan doon ng isang ulap sa araw at isang ningning ng apoy sa gabi. Sapagkat sa ibabaw ng lahat, ang Kaluwalhatian ni Yawe ay magiging isang kulandong
[6] at isang silungan – pananggalang sa init ng araw, at kanlungan sa bagyo at ulan.

**Ang awit ng ubasan**

**5**

• [1] Nais kong awitin para sa aking mahal
ang awit ng pag-ibig tungkol sa kanyang ubasan.
Sa matabang libis ng isang burol,
may isang ubasan ang aking mahal.
[2] Hinukay niya iyon at inalisan ng bato,
at tinamnan ng pinakamahusay na mga sanga.
Nagtayo siya roon ng bantayan, at humukay ng pisaan ng ubas.
Umasa siyang aani ng ubas, pero wala –
mapaklang ubas lamang!

[3] Halikayo, mga taga-Jerusalem, at mga kalalakihan ng Juda,
hatulan ninyo kami ngayon ng aking ubasan.
[4] Ano pa ang puwede kong gawin na di ko ginawa sa aking ubasan?
Umasa akong aani ng ubas, pero wala –
mapaklang ubas lamang!

---

kasaysayan. Kinakailangang talikuran nila ang kanilang mga ambisyon at limitasyong pantao (isang kaharian ng Diyos sa Palestina!) para tanggapin mula sa Diyos ang isang bagong tipan: tingnan ang Jer 31:31. Si Kristo ang siyang humahatol sa daigdig (Jn 12:31) at siya ring nagbibigay rito ng kapatawaran sa mga kasalanan (Jn 20:22).

Tulad ng nasa 2:2, isa ring lugar ang Kaharian ng Diyos kung saan nakakapiling ng mga tao ang Diyos; tingnan ang *Ulap* at ang *haliging apoy* sa Exodo 13:21.

Ang Diyos ang magiging *isang lilim sa init ng araw* sa ibabaw ng Bundok Sion na sumasagisag sa Iglesya.

– Bibigyan niya ng pahinga ang napapagal: "Lumapit kayo at pagiginhawahin ko kayo" (Mt 11:28).

– Ibibigay niya ang kanyang lakas sa mga kabataan ng bawat henerasyon na may kanilang mga ilusyon at madaling nasusunog ng kasamaan, at katiwalian.

– Makapipinsala sa walang-ingat at nag-iisa ang mga bagong uso sa daigdig ngunit hindi sa namumuhay sa pamayanan ng Iglesya.

*Gayunpaman, waring isang maliit na nalabi lamang ang nagtitipon sa Bundok Sion. Huwag nating sabihing kakaunti lamang sa mga hinirang (na kinabibilangan natin, siyempre) ang maliligtas magpakailanman. Mas mabuting sabihing ang Iglesya sa mundong ito ay laging magiging waring isang maliit na nalabi; gayundin naman sa tinatawag na Iglesya o bayan ng Diyos, isang maliit na bilang lamang ang magsasabuhay ng mga pangako ng Diyos. Bagamat kalat na ang Iglesya, lagi itong parang "maliit na nalabi." (Lc 12:32).*

• **5.1** Awit ng "pag-ibig" ng Diyos na sa dakong huli'y nagbabantang magwasak sa mga humahamak sa kanya. Alam ito ni Isaias sapagkat naranasan niya ang Diyos: magiliw at kakila-kilabot ang kanyang pag-ibig.

Madali para sa mga propeta na palitan ng lengguwahe ng nag-aalab na pag-ibig ang lengguwahe ng relihiyon. Kaibigan, Kasintahan, Asawa: si Yawe ay hindi katulad ng Diyos na inaakala ng mga Judio.

Ang *ubasan* ang bayang inalagaan ni Yawe sa mga dantaon ng kanilang kasaysayan. Dito nagtrabaho ang maraming propeta, sa pagdidilig nito sa kanilang pawis kung hindi ng kanilang dugo. Hindi natin dapat hanapan siguro ng tiyak na kahulugan ang bawat detalye ng talinhaga: ang tore, ang pisaan ng ubas. Sa isang medyo kahawig na teksto, sa Mikeas 6:1-5, ipinapaalaala ng Diyos ang lahat niyang ginawa para sa kanyang bayan.

Matapos makita ang labis na malasakit ni Yawe, inilantad at tinuligsa ni Isaias ang kawalang-katarungan at pang-aaping naghahari sa pang-araw-araw na buhay sa Jerusalem. Nakita niya roon ang patunay na walang-saysay ang batas, ang mga himala at mga pagpapala ni Yawe. Ipinakikita ng kanilang kasaysayan na isa nang kabiguan ang kaharian ni David at mawawasak ang Juda.

Ganito ring imahen ng ubasan ang nasa Isaias 27:2 at Jeremias 2:21. Aalalahanin ito ni Jesus sa Juan 15

5 Sasabihin ko sa inyo ngayon ang gagawin ko sa aking ubasan:
aalisin ko ang bakod niyon, at iyo'y susunugin;
gigibain ko ang pader niyon at iyo'y aapak-apakan.

6 Pababayaan ko iyon at di aasikasuhin,
hindi ko puputulan ni bubungkalin,
hahayaan kong tubuan ng dawag at tinik.
Uutusan ko rin ang mga ulap na huwag nang maghatid ng ulan doon.

7 Ang ubasan ni Yawe ng mga Hukbo ay ang bayan ng Israel,
at ang mga taga-Juda naman ang kanyang masarap na halaman.
Naghanap siya ng katarungan, ngunit suhol ang natagpuan;
naghanap siya ng pagkamatuwid,
ngunit daing ng kaapihan ang narinig.

**Kawawa kayong mayayaman**

• 8 Kawawa kayong nagpaparami ng bahay, kayong nagpapalawak ng lupain, hanggang wala nang malabi sa iba, at kayo na lamang ang mabuhay sa lupain.
9 Narinig kong isinumpa ni Yawe ng mga Hukbo: "Maraming malalaking bahay ang guguho, sa magagandang mansiyo'y wala nang titira.
10 Pag-aanihan ng isang bariles na alak lamang ang sampung loteng ubasan, at sa binhing isang kaban ay mag-aani ng isang dakot lamang.
11 Kawawa ang mga maagang gumising upang maghanap ng matapang na inumin, at inaabot ng lalim ng gabi sa pagpapakalasing.
12 Sila'y may lira at alpa, may tamborin at plawta, at alak sa kanilang mga piging; ngunit bale-wala sa kanila ang mga gawa ni Yawe, at ni hindi nakikita ang kanyang binabalak.
13 Kaya nga mapapatapon ang aking bayan dahil sa kawalang-pang-unawa: mga maharlika nila'y mamamatay sa gutom; ang karamiha'y mauuhaw hanggang matuyo.

14 Kaya nga nagpaluwang ng lalamunan
at ngumangang mabuti ang libingan;
patungo kapwa roon ang hamak at maharlika,
kasama ng kanilang ingay at pagsasaya.
15 Ang tao'y payuyukuin,
ang tao'y ibababa,
at ang mata ng palalo'y mapapahiya.

---

• 8. Hindi tinatanggap ng Diyos na okupahin ng ilan ang buong lupain samantalang marami ang wala ni kapirasong lupang mapagkukunan ng ikabubuhay (tingnan Lev 15:8). Wala ring maikakatwiran para sa isang lipunan na lahat ng kapital ay nasa kamay ng mga may-ari kayat hindi pinakikinabangan ng maraming trabahador ang yaman ng sarili nilang bansa. Kinokondena rin ng mga salita ni Isaias ang kumakanya sa tunay na kapangyarihan sa lipunan at hinahadlangan ang iba sa pagsasagawa ng kanilang mga responsabilidad bilang mga tao, sa trabaho at sa bansa.

Ang gayunding mga tao ang tinutukoy ng anim na "kawawa": ang mga mayayaman at mga maharlikang ayaw umako sa kanilang responsabilidad sa bayan at nagwawaldas ng salapi. Nagiging tiwali ang kanilang paghatol:

– pinagtatawanan nila ang sinasabi ng mga propeta;
– hindi nila sinusunod ang mga batas ni Yawe;
– tinatawag nilang mabuti ang masama at pinipilit nilang makiisa ang iba o magsawalang-imik.

Kapag ipinagpilitan sa isang lipunan ang mga maling pagpapahalaga, nauuwi ito sa kasamaan. Ito ang panlipunang eskandalo na tinutukoy ni Jesus sa Mateo 18:7.

Walang pag-aatubiling ibinabalita ni Isaias ang pagkatapon. Naging marunong sana ang bayan kung inunawa nila ang kalooban ng Diyos at ang pamamahala niya sa mga pangyayari. Ngunit ginamit lamang nila ang kanilang talino para sa sariling kapakanan o para magwagi sa mga walang-saysay na paligsahan ng mga mapepera.

Hindi ba natin nakikita araw-araw sa ating piling ang pagkakaroon ng maginhawang pamumuhay ang unang inaasikaso ng marami sa mga may pinag-aralan samantalang pinababayaan sa kumunoy ng karukhaan ang kanilang bayan?

16 Ngunit darakilain si Yawe ng mga Hukbo
sa kanyang paghuhukom,
at ipakikita ng Diyos na Banal ang kanyang kabanalan
sa paggagawad ng katarungan.
17 At manginginain ang mga tupa tulad sa pastulan,
mga matatabang hayop at mga batang kambing
sa gitna ng mga guho.
18 Kawawa ang mga humihila sa kasamaan
sa paggamit ng mga lubid ng panlilinlang,
at humahatak sa kasalanan
sa mga renda ng karwahe;
19 ang mga nagsasabing "Magmadali ang Diyos,
tapusin niya agad ang kanyang ginagawa
upang makita namin ito.
Dumating na at magkatotoo
ang mga plano ng Banal ng Israel
upang malaman namin ang mga ito."
20 Kawawa ang mga nagsasabi
na mabuti ang masama
at masama ang mabuti,
pinapalitan ng liwanag ang dilim,
at ng dilim ang liwanag,
itinuturing na mapait ang matamis
at matamis ang mapait.
21 Kawawa ang mga matalino ang tingin sa sarili
at tuso sa sarili nilang palagay.
22 Kawawa ang mga bida sa inuman,
mga magagaling sa paghahalo ng mga alak,
23 mga nagpapawalang-sala dahil sa suhol
at nagkakait ng katarungan sa walang kasalanan.
24 Kaya gaya ng paglamon ng apoy sa dayami
at pagkatupok ng tuyong damo sa siga,
gayon mabubulok ang kanilang ugat,
at ililipad na parang alabok ang kanilang bulaklak,
pagkat tinanggihan nila ang batas ni Yawe ng mga Hukbo
at binale-wala ang salita ng Banal ng Israel.
25 Kaya nga nag-aapoy ang galit ni Yawe sa kanyang bayan,
itinaas niya ang kanyang kamay
at sila'y sinaktan.
Nayanig ang mga bundok,
at ang mga bangkay ay parang basurang itinapon sa lansangan.
Ngunit sa kabila ng lahat ng ito,
hindi pa rin humuhupa ang kanyang galit;
nakaamba pa rin ang kanyang kamay.
26 Tinatawag niya ang malalayong bansa,
sinisipulan sila mula sa dulo ng daigdig.
Narito na sila!
mabilis at maliksing dumarating.
27 Wala isa man sa kanila ang lupaypay,
walang nadadapa,
walang antok o tulog,
walang maluwag na sinturon,
walang lagot na tali ng sandalyas.
28 Matatalim ang kanilang palaso,
banat na ang kanilang pana;
waring batong kiskisan ang kuko ng kanilang mga kabayo;
gulong ng karwahe nila'y parang ipuipo.
29 Parang leon silang umaatungal,
umuungol gaya ng mga batang leon,
umuungol sa pagsunggab sa kanilang biktima,
tinatangay ito at walang makapagliligtas.
30 Sa araw na iyon, uungulan nila sila
tulad ng pag-ungol ng dagat.
Masdan ang lupa – karimla't ligalig,
liwanag na binalot ng dilim at ulap.

**Ang pagtawag kay Isaias**

6 • 1 Noong taon ng pagkamatay ni Haring Ozias, nakita ko ang Panginoong nakaupo sa isang napakataas na trono, ang laylayan ng kanyang damit ang

• **6.**1 Nang araw na iyon, taong 740, nasa Templo si Isaias o nakita niya sa espiritu ang kanyang sarili sa Templo. Sa pinakaloob na silid na kinalalagyan ng Kaban ng Tipan, walang ibang naroon kundi ang presensya ng Diyos: si Yaweng nakaluklok bilang hari; puno ng laylayan ng kanyang balabal ang buong silid, na parang ibig sabihi'y ibinubuhos ang kabanalan at kapangyarihan ng Diyos sa banal na lugar at sa lunsod ng Jerusalem.

Sa maikling sandaling ito, nakakaniig ni Isaias ang Diyos sa matalik at tunay na paraan; at matatatak ito sa buong buhay niya. Hindi ito maipaliliwanag at hindi rin niya mailalarawan si Yawe na nakipag-ugnayan sa kanya sa espirituwal na paraan. Ang kanyang pangitain, ang mga salitang narinig niya ay parang mga kislap na lumilitaw sa mahiwaga at di-maisaysay na pagtatagpong ito.

Nagsasalita si Isaias tungkol sa Diyos na *Banal,* na ibig sabihi'y ganap at lubhang naiiba sa alinmang nilalang. Sa pagkakataon ng kanyang presensya, hindi natin siya maabot. Ang *Diyos na Banal* ay isang paraan ng pagsasabing mahiwaga ang Diyos. Patuloy si Isaias sa pagkapit sa presensya ni Yawe kaalinsabay ay sakmal siya ng takot na hindi naman nakasisindak. Sa presensya ng Banal, nadarama ng tao na makasalanan siya, hindi dahil sa anumang kasalanan, kundi dahil sa sarili niyang kalikasan. Nadarama niyang hindi

pumupuno sa Templo. 2 Nasa ulunan
niya'y mga seraping may anim na pakpak
ang bawat isa: dalawang panakip sa
mukha, dalawang panakip sa paa, at da-
lawang gamit sa paglipad.
3 Isinisigaw nila sa isa't isa:
"Banal, banal, banal
si Yawe ng mga Hukbo.
Ang buong sangkalupaa'y puno ng
kanyang kaluwalhatian!"
4 Niyanig ng kanilang sigaw ang pun-
dasyon ng pintuan, at napuno ng usok
ang Templo.
5 Nasabi ko: "Kawawa naman ako! Ito
na ang aking wakas! Pagkat ako'y taong
may labing marurumi, nabubuhay sa pi-
ling ng mga taong may labing marurumi
rin, at sa kabila nito'y nakita ko ang Hari,
si Yawe ng mga Hukbo!"
6 Isa sa mga serapin ang lumipad pa-
tungo sa akin. May hawak siyang isang
baga na sinipit niya sa altar. 7 Idiniit niya
iyon sa aking mga labi, at sinabi:
"Masdan, dumiit ito sa iyong labi;
naalis ang iyong sala,
at nabayaran na ang kasalanan mo."
8 Narinig ko ang tinig ng Panginoon:
"Sino'ng ipadadala ko? At sino ang lala-
kad para sa atin?" Sumagot ako: "Narito
ako. Suguin mo ako." 9 Sinabi niya: "Hu-
mayo ka at sabihin sa bayang ito: Makinig
ka man nang makinig, hindi pa rin kayo
makakaunawa. Tumingin man kayo nang
tumingin, hindi pa rin ninyo mauunawaan.

10 Kaya lalo mo pa ring papurulin ang ulo ng bayang ito,
gawing bingi ang kanilang mga tainga,
at sarhan ang kanilang mga mata
pagkat baka makakita ang kanilang mga mata
at makarinig ang kanilang mga tainga
at makaunawa ang kanilang isip – at kung sakali man,
sila'y magbabalik-loob at pagagalingin."

---

niya kayang ilagay ang sarili sa mga kamay ng Diyos na ang presensiya'y bumabalot sa kanya.

*Kawawa naman ako! Ito na ang aking wakas!* Pagkat sinabi ng Diyos: "Walang taong nakakita sa akin na mabubuhay pa" (Ex 33:20). Ngunit pinangunahan ito ng Diyos, at dinalisay ng Serapin si Isaac sa pamamagitan ng banal na apoy. Pinatawad si Isaias sa mismong sandaling iyon ng pagtugon niya sa pagpapahayag ng pananampalataya at lubos na pagtanggap sa kanyang misyon. Mula noo'y malalaman at sasabihin ni Isaias na kailangang pumili: maniwala kay Yawe o mapuksa dahil sa pagkakita sa Diyos na Banal.

*Mga Serapin,* o *Mga Nagliliyab.* Mula pa sa mga araw nila sa disyerto, taglay na ng mga Israelita ang paniwala sa mga mabuti at masamang espiritu. Ayon sa kanila, ilan sa mga espiritung ito ang napakikita sa anyo ng nagliliyab na ahas; basahin ang Blg 21:4-9 at 2 H 18:4 tungkol dito. Nakatutulong ang mga tekstong ito para maunawaan natin kung bakit napakikita si Yawe na napaliligiran ng mga kamangha-manghang serapin na may mukha ng tao. Mas mataas ang kalagayan ng mga ito kaysa tao kaya nakapamumuhay ang mga ito na malapit sa Diyos, ngunit kailangang sanggahan nila ang sarili sa ningning ng kanyang Kaluwalhatian.

Ang Kaluwalhatian ng Diyos ang kaningningang nagmumula sa kanya, siya na nasa Templo ng Jerusalem bilang sentro ng daigdig at nagpapasinag ng kanyang kapangyarihan mula sa magkabilang dulo ng daigdig. Kaya nananatiling misteryo ang Diyos, pero kumikilos ang kanyang lakas sa lahat ng dako at sa bawat sandali.

Tinatanggap ni Isaias ang kanyang misyon:
– Siya ang magiging tagapagsalita ni Yawe.
– Magmamatigas ang bayan sa halip na maniwala.
– Mauuwi ito sa pagkawasak ng Juda. Ang ugat lamang na pagsusuplingan ng bago ang malalabi.

*Makinig man nang makinig...* May pambabaligtad ang pananalita rito ng Diyos. Hindi talaga sila makikinig sa mensahe ng propeta. Hindi talaga nila makikita ang mga pangyayaring masasaksihan nila at ginagamit ng Diyos para kausapin sila. Maraming beses tutuligsain ni Isaias ang ibayong pagbubulag-bulagang ito (1:12; 28:9-12). Sa wikang Hebreo, maaaring isalin ang pandiwa sa pangkasalukuyan o panghinaharap: nangyayari na at lalala pa.

*Gawing bingi ang kanilang mga tainga.* Ang tekstong ito ay gumagamit ng isang kaayusang mahirap isalin at nangangahulugang: papapagmatigasin ko sila, o maiging sanhi ka ng kanilang pagmamatigas... Malinaw na ipinakikita ng huling

[11] Sinabi ko: "Hanggang kailan, O Panginoon?"
At siya'y sumagot:
"Hanggang sa mawasak ang mga bayan
at walang malabing nagsisipanirahan,
hanggang sa lisanin ang mga bahay at masalanta ang mga taniman.
[12] Hanggang maitaboy ni Yawe ang mga tao,
at maraming lupa ang pababayaan.

[13] May malabi mang ikasampung bahagi, iyon ay susunugin.
Gayunma'y magkakaroon ng tuod ng punongkahoy na nabuwal;
ang tuod na ito ay isang banal na binhi."

**Unang babala kay Ahaz**

7 • [1] Noong si Ahaz na anak ni Yotam na anak ni Ozias ang hari sa Juda, ang Jerusalem ay sinalakay ni Haring Rason ng Aram at ni Pekang anak ni Romelia at hari ng Israel. Ngunit hindi nila iyon nasakop.

[2] Nang dumating sa sambahayan ni David ang balita na nakapasok na sa Efraim ang mga kawal ng Aram, nangatal ang puso ni Ahaz at ang puso ng sambayanan, tulad ng panginginig ng mga puno sa gubat kapag hinahagupit ng hangin.

[3] Sinabi ni Yawe kay Isaias: "Ipagsama mo ang iyong anak na si *Magbabalik-ang-Nalabi*, at makipagkita ka kay Ahaz sa dulo ng padaluyan ng Itaas na Tangke ng tubig, sa daang patungo sa Lugar ng Tagapaglaba. [4] Sabihin mo sa kanya:

Magpakahinahon ka at huwag matakot. Huwag manghina ang loob sa harap ng nagaapoy na poot ng Arameong si Rason at ng anak ni Romelia: dalawang kahoy na uusuk-usok lamang sila pagkatapos ng siga. [5] Nagsabwatan ang Aram, ang Efraim at ang anak ni Romelia upang ika'y ibagsak, at sinabing: [6] Sakupin natin ang Juda, ating sindakin, angkinin natin at iluklok nating hari doon ang anak ni Tabel. [7] Ngunit ito ang sinasabi ni Yaweng Panginoon:

Hindi ito mangyayari, hindi magaganap.

[8a] Pagkat ang pinuno ng Aram ay ang Damasco,

at ano si Rason kundi pinuno lamang ng Damasco?

[9a] Ang pinuno ng Efraim ay ang Samaria

at ano si Romelia kundi pinuno lamang ng Samaria?

[8b] Sa loob ng lima o anim na taon pa,

dudurugin ang Efraim

at mawawala bilang isang bayan.

[9b] At kung di ka magpapakatatag sa pananampalataya,

mawawala ka rin."

---

prase ang ironiya sa pananalita ng Diyos. Kay saklap kung magbabalik-loob sila sa Diyos! Ngunit sa ganitong paraan lamang pagagalingin ng Diyos ang lahat ng sugat ng kanyang bayan (1:5, 26-28).

Malinaw na kung hindi makikita ang ironiyang ito – matatagpuan ito sa maraming teksto ng mga propeta – o kung hindi isasaalang-alang ang natatanging panagano ng pandiwang Hebreo, maaaring may maiskandalo at isiping isinusugo ng Diyos ang propeta para lamang hindi pakinggan at sa gayon ay iligaw ang mga tao. Ngunit hindi lengguwahe ng kabanalan ang ginagamit ng mga propeta. Hindi lamang sa misyon ni Isaias mahalaga ang mga bersong ito. Aalalahanin ito mismo ni Jesus (Mc 10:4) at pagkaraa'y ng mga apostol (Gawa 28:26) para sabihin ang bunga ng kanilang misyon: sa harap ng salita ng Diyos, maraming tao at grupong panlipunan ang magiging sara at tatanggi sa mensaheng makapagliligtas sa kanila. Para sa pagbangon o pagbagsak ang salita ng Diyos, batay sa pagtanggap natin dito (Lc 2:34).

• **7.1** Binubuod ng talata 7:1-9 ang naganap na sitwasyon sa taong 736, nang salakayin ng Aram at Israel (ang hilagang kaharian na nasa Samaria ang kabisera) ang kaharian ng Juda at Jerusalem (ang kaharian sa timog). Dahil sa ilang pangalan, maaaring mahirap unawain ang tekstong ito: sina Rason na hari ng Aram at Peka na anak ni Romelia na hari ng Israel (na tinatawag ding Efraim, 7:9) ang mga kalaban.

Iniisip ni Haring Ahaz ang lahat liban sa tulong ng Diyos na ipinangako ang kanyang sarili sa mga tagapagmana ni David kung sila'y mananalig sa kanya at itataguyod ang katarungan.

Sinalungat ni Isaias ang hari: kapag nakialam ang mga taga-Asiria, mawawasak ang Juda gaya ng Israel at Aram kahit na kakampi nila ang mga Asirio. Ang Tipan at ang proteksiyon ni Yawe ang dapat asahan ng hari.

**Manganganak ang Birhen**

• [10] Muling nangusap si Yawe kay
Ahaz: [11] "Humingi ka kay Yaweng Diyos
mo ng isang tanda, mula man sa kalalim-
laliman o kataas-taasan."

[12] Ngunit sumagot si Ahaz: "Hindi ako
hihingi. Hindi ko susubukin si Yawe."

[13] Kaya sinabi ni Isaias: "Makinig kayo,
sambahayan ni David! Hindi pa ba sapat
na yamutin ninyo ang mga tao, at niya-
yamot pa rin ninyo pati ang aking Diyos?
[14] Dahil dito, ang Panginoon mismo ang
nagbibigay sa inyo ng isang tanda:

*Ang Birhen* ay nagdadalantao. Nagsi-
silang siya ng isang anak na lalaki.
*Emmanuel* ang tawag sa kanya. [15] Ang
kinakain niya'y gatas na kinorta at pulot
hanggang sa matutuhan niyang tanggi-
han ang masama at piliin ang mabuti.

[16] Pagkat bago matutuhan ng batang
tanggihan ang masama at piliin ang
mabuti, ang lupain ng dalawang haring
pinoproblema mo ay mawawasak. [17] Sa
iyo at sa iyong bayan at sa angkan ng
iyong ama ay maghahatid si Yawe ng
isang panahong higit na masama kaysa

---

• 10. Ang propesiya tungkol sa Birheng manganganak ay isa sa mga pinakaimportante sa Biblia, bagamat nagbibigay-daan ito para sa ilang katanungan.

Bilang patunay sa kanyang mga babala na ipinahayag na sa 7:4-9, isang mahimalang tanda ang ibinibigay ni Isaias sa hari: *Humiling ka kay Yawe*... (11). Hindi itinago ni Ahaz ang kanyang pasyang huwag magbalik. (12). Kaya nagalit ang propeta: walang silbi ang mga supling na ito ni David na laging ipinagtatanggol ng Diyos! Magkakaroon ng ibang supling ni David na siyang makapagliligtas sa bayan ng Diyos. Handa na si Yawe para ipadala siya. Ibibigay sa kanya ng kanyang ina (na tinatawag ditong *Ang Birhen:* tingnan ang sumusunod) ang pangalang karapat-dapat sa kanya (14). Ngunit bago maghatid ng kapayapaan, palalakihin sa karukhaan (gaya ng nasasaad sa 15) ang haring ito sa hinaharap. Sapagkat maghahatid ng ganap na pagkawasak sa lupain ang walang katuturang pulitika ni Ahaz at ng mga katulad niya.

Linawin natin ngayon ang ilang pagdududa:

1. *Sumasaatin-ang-Diyos* ang ibig sabihin ng *Emmanuel.* Hindi lamang mga pagpapala ng Diyos o mahimala at banal na pagpapalaya ang inireregalo sa atin ng batang ito kundi sa pamamagitan niya'y nakakapiling ng mga tao ang Diyos at nagiging totoo ang mga pangakong maraming ulit nang narinig: *Ako ang magiging Diyos nila at sila ang magiging bayan ko* (Os 2:25; Ez 37:37; Pag 21:3).

2. Bakita ang salitang "Birhen" ang ginagamit ng Ebanghelyo samantalang ang sinasabi ni Isaias ay *ang bata* (na ina)?

7:14. Ang salitang ginagamit ni Isaias ay nangangahulugan, sa tekstong biblikal, ng batang babae at kung minsan naman ay dalagita: isang tao na may kabataan pa ang pinag-uusapan. Gayon ang paggamit dito nang walang dagdag para tukuying batang reyna. Maaaring ang asawa ni Ahaz ang tinutukoy, o di kaya'y ang asawa ni Isaias (tingnan ang 7:14 at 8:2; 7:16 at 8:4). Isa itong puntong dapat nating isaalang-alang.

3. Sapagkat ito'y isang tanda ng Diyos na ibinibigay sa lahat ng tao, kailangang maging tama ang panahong tinutukoy nito: kung hindi, paano ito magiging tanda? Sa katunayan, ang sanggol na lalaking isisilang ay ang tanda na magpapahayag ng pagkalupig ng Damasco at Samaria. Ngunit nagsasalita si Isaias gaya ng mga propeta na pinagsasama sa isang pangitain ang mga pangyayaring may iisang direksyon bagamat naganap sa iba't ibang panahon. Sa isang paraan, ipinapahayag ng mapapanglaw na panahong iyon ang iba pang darating na mga krisis, kasawiampalad at pagkakasalang kasama sa kabuuan ng mga trahedyang mauuna sa pagdating ng kaharian ng Diyos.

Bukod dito, ayon sa pananampalita nila, sinasabi nilang *Birhen ng Israel* o *Birheng Anak ng Sion* para tukuyin ang bayan at ang banal na lunsod (Is 37:22). Kaya ang bersong *Ang Birhen ay nagdadalantao*... ay nagkakaroon ng ganitong tunog para sa kanila: isisilang ng sumasampalatayang komunidad ang Mesiyas. Inakala ng maraming Judiong mananampalataya na magiging di-pangkaraniwan ang simula ng Mesiyas. Kung laging sinisisi ng Diyos ang mga mananampalataya sa hindi nila pagmamahal sa kanya at sa kanya lamang, paano magiging babaeng maraming pag-ibig ang ina ng Mesiyas? Mahalaga ring pansinin na bago pa man kay Jesus, pinalitan na ng Griyegong pagsasalin ng Biblia ang orihinal na salitang *batang babae*, ng salitang birhen.

Ibinibigay ni Isaias ang tanda kay Haring Ahaz, sa kanyang mga tagapagmana *(ang mga tagapagmana ni David, 7:13)* at sa ating lahat na nabubuhay sa isang daigdig na winasak ng kasalanan ng tao, at ang tandang ito'y tumutukoy kay Kristo. Tulad ng pangyayari sa nawalang Paraiso sa lupa na naglalahad ng larawan ng isang babae o ng *lalaking anak ng isang babae,* (na siyang dudurog sa ahas, may larawan ding nalalahad dito: ang birhen at ang kanyang anak na lalaki, *sumasaatin-ang-Diyos.* Nagdurusa ang Emmanuel para sa mga sala ng kanyang mga kapatid, kaya naipagkakasundo niya tayo sa Diyos.

Maliwanag na hindi naintindihan ng mga kapanahon ni Isaias ang lahat ng ito. Sa paglipas lamang ng panahon saka mauunawaan ang maraming kahulugan ng *tandang* ito. Sa paggamit ni Isaias, maisasalin din ang salitang tanda bilang *kahanga-hangang pangyayari.*

alinman buhat nang humiwalay ang Efraim sa Juda. Pararatingin niya sa iyo ang hari ng Asiria.

18 Sa araw na iyon, sisipulan ni Yawe
ang mga langaw sa malalayong ilog ng Ehipto
at ang mga putakteng nasa lupain ng Asiria.
19 Darating sila at maninirahan
sa matatarik na bangin,
sa mga guwang sa batuhan,
sa lahat ng dawagan at latian.
sa pamamagitan ng labahang inarkila
mula sa kabilang ibayo ng Ilog –
20 Sa araw na iyon,
sa pamamagitan ng labahang inarkila
mula sa kabilang ibayo ng Ilog –
ang hari ng Asiria –
aahitan ng Panginoon ang iyong ulo,
aahitin ang buhok ng iyong mga binti,
at gayundin ang balbas.
21 Sa araw na iyon,
may mag-aalaga ng isang guya at dalawang tupa –
22 ang mga matitirang buhay sa lupain;
at buhat sa saganang gatas
ay kakain ng mantekilya at pulot
23 Sa araw na iyon, bawat lugar
na natatamnan ng libong punong ubas
na nagkakahalaga ng libong pirasong pilak
ay matatakpan ng mga tinik at dawag.
24 Papasukin iyon ng mga tao, taglay ang pana at palaso
pagkat ang buong lupain ay matatakpan ng mga tinik at dawag.
25 Sa buong kaburulan na dating inaasarol,
walang makapangangahas magpunta roon
dahil sa takot sa mga tinik at dawag:
doo'y aalpasan ang mga baka,
at manginginain ang mga tupa.

**Mga tubig ng Siloe na marahang dumadaloy**

**8** • 1 Sinabi sa akin ni Yawe: "Kumuha ka
ng isang malapad na sulatan at isulat mo
roon: *Magmadali ng Pagsamsam-Malapit nang Umapaw.*
2 Gawin mo ito sa harap ng paring si
Urias at ni Zacarias na anak ni Yerebekias, na
mga tapat kong saksi."
3 Lumapit ako sa aking asawa; siya'y nag-
buntis at nanganak ng isang lalaki. At sinabi sa
akin ni Yawe: "Pangalanan mo siyang *"Mabilis-Manamsam-Nalalapit-ang-Pananamsam,"*
4 sapagkat bago pa masabi ng bata ang "Itay" o
"Inay", ang kayamanan ng Damasco at ang
sinamsam ng Samaria ay hahakutin ng hari ng
Asiria."
5 Muling nangusap sa akin si Yawe:
6 "Dahil tinanggihan ng bayang ito ang mga tubig ng Siloe
na marahang dumadaloy,
at namamaluktot sila sa takot kay Rason
at sa anak ni Romelia,
7 paaakyatin sa kanila ng Panginoon
ang mga tubig ng Ilog Eufrates –
malalim at malakas –
ang hari ng Asiria at ang kapangyarihan niyon.
Babaha sa lahat ng daluyan,
aapaw sa lahat ng pampang.
8 Daragsa ito sa Juda,
aapaw at babaha, abot hanggang leeg,
lalawak iyon hanggang sa iyong mga hangganan,
O Emmanuel!
9 Alamin ito, mga bansa,
makinig kayo, mga lupain sa malayo,
humanda sa laban at manghina ang loob.
10 Magbalak ngunit kayo'y mabibigo,
manindigan ngunit di kayo makatatayo,
pagkat *sumasaamin ang Diyos!*

**Si Yawe ang Diyos na nagtatago**

• 11 Nagsalita sa akin si Yawe noong
hawakan niya ako; binalaan akong huwag
lumakad sa lahat ng bayang ito:
12 "Huwag padala sa bali-balita ng ba-
yang ito:

---

• **8.**1 Nagtuturo ang mga propeta sa pamamagitan ng mga salita at sa kanila ring mga gawa. Dito, ang kakaibang pangalang ibinibigay ni Isaias sa kanyang anak ay nagsisilbing babala sa lahat ng tao. Ang pangalang ito, pati na ang Emmanuel sa kabanatang ito ay bumubuo ng isang pares at nagiging magkatuwang sa pagtukoy sa pananakop ng Asiria na si Ahaz ang dahilan at sa darating na pagpapalaya.

Ang mga tubig ng Siloe (8:6) ang tanging pinagkukunan ng tubig sa Jerusalem; nasa isang mataas na lugar ito. Ito ang simbolo ng lihim na pangangalaga ni Yawe na nasa piling ng kanyang bayan at siyang dapat panaligan ng lahat. Ngunit magiging parang ilog namang may nagngangalit na bahang aanod sa lahat ang hari ng Asiria na hiningan ng tulong ni Ahaz. Lilipulin niya ang mga kaaway ng Juda pero iiwan din niyang wasak ang Juda. Narito rin ang propesiya tungkol sa sasapitin ng mga makabagong bansa na naniniwalang malulutas ang kanilang mga problemang panloob sa pamamagitan ng pakikiangkas sa mas malalakas na bansa.

• 11. *Noong hawakan niya ako*... Tinutukoy rito ni Isaias ang isa sa mga mahahalagang pakikipagtagpo

Ang lahat ay laban sa atin!
Huwag kang matakot ni masindak
sa kanilang kinatatakutan.
13 Tanging si Yawe ng mga Hukbo lamang
ang dapat ninyong kilalaning Banal,
ang tanging dapat ninyong katakutan,
ang tanging dapat ninyong ipagpitagan.
14 Siya'y magiging santuwaryo;
ngunit bato ring katitisuran,
ang batong sanhi ng pagkadapa
para sa dalawang kaharian ng Israel.
Siya'y magiging bitag at lambat
para sa mga taga-Jerusalem.
15 Marami sa kanila'ng matitisod,
maraming mabubuwal at mababasag,
maraming mabibitag at mabibihag."

16 Idinagdag ni Yawe: "Ilagay mo sa
sobre ang katibayang ito at sarhan ito sa
piling ng aking mga disipulo."

17 Kaya nga, maghihintay ako kay
Yawe, na itinatago ang kanyang mukha sa
bayan ni Jacob. Sa kanya ako sasandig.
18 Narito ako at ang mga anak na ibinigay
ni Yawe sa akin. Kami'y mga tanda ng
hinaharap sa Israel buhat kay Yawe ng
mga Hukbo na nakatira sa Bundok Sion.

• 19 Kapag sinabi sa inyo ng mga tao na
konsultahin ang mga midyum at espiritistang
nagbubulong, dapat mong sabihin sa kanila:
"Bawat bayan nga ay dapat sumangguni sa
kanyang Diyos. Ngunit sasangguni ka ba sa
mga patay para sa kapakanan ng mga buhay?"
20 Balikan mo ang Aral at Pahayag ng Diyos.
Walang manghuhulang makapagpapatahimik
sa salitang ito. Kawawa ang ayaw tumanggap
nito!

21 Sa hirap at kalam ng sikmura,
sila'y magpapagala-gala.
Dala ng gutom, sila'y mapopoot
at susumpain ang hari nila't Diyos.
Sila'y titingala sa langit,
22 at titingin sa lupa.
Masdan: pighati, dilim at nakakatakot na gabi,
at sila'y mapapalaot sa dilim.

23 Hindi ba't karimlan saan man may pang-aapi?

Nitong una'y halos lipulin ni Yawe ang lupain ng Zabulon at Neftali, ngunit pagkatapos nito'y binigyang-luwalhati niya ang daang patungo sa dagat, at ang Galilea ng mga pagano sa kabilang ibayo ng Jordan.

---

sa Diyos, noong siya'y hiranging propeta at isailalim sa kapangyarihan ng kanyang Espiritu.

*Huwag kang magsalita ng paghihimagsik!* Ang unang bagay na ginawa ng Diyos ay palayain si Isaias sa kakitirang-isip ng mga karaniwang tao na sa panahon ng paghihirap ay napatatangay sa kanilang takot sa halip na maghanap ng mga bagong daan. Hindi na siya mapipigil mula noon kahit na ng kasawiampalad ng kanyang bayan; sa halip ay hihintayin niya ang bagong tao na inihahanda ng Diyos.

*Kami'y mga tanda sa Israel.* Natapos na ni Isaias ang kanyang mga gawain at pangangaral. Hindi siya pinakinggan ng mga tao. Wala na siyang magagawa ngayon kundi tahimik na hintayin ang mangyayari. Ang dalawa niyang anak na binigyan niya ng mga simbolikong pangalan, sina *Magmadali-ng-Pagsamsam-Malapit-nang-Umapaw* (8:1) at *Magbabalikang-Nalabi* (7:3) ay pagpagunita ng kanyang mga pahayag sa lahat. Nauukol sa nalalapit na hinaharap ang una sa mga pangalang ito; ang ikalawa nama'y sa wakas ng krisis (tingnan 10:20).

*Tanging si Yawe ng mga Hukbo ang Banal, ang tanging dapat ninyong katakutan.* Isang pribilehiyo para sa Jerusalem ang makapiling nila ang Diyos. Sa halip na matakot sa mga panganib na dumarating sa tao, sa Diyos dapat tumingin ang mga Judio at sumunod.

Sa piling nila, ang Diyos ang pinakabato na nakausli lamang nang bahagya sa lupa ngunit kinatitisuran ng di-nakakikita rito. Si Jesus ay ma-giging isang kinatitisurang bato (Mt 21:44).

*Kay Yawe na itinatago ang kanyang mukha sa bayan ni Jacob.* May mga makataong dahilan ang mga taga-Jerusalem para di sumunod sa utos ni Yawe na ipinahahayag ni Isaias. At sa mismong pagkakataong ito, wala namang ginagawang milagro ang Diyos para kumbinsihin sila. Hindi siya laging gumagawa ng mga himala; sa halip ay "nagtatago siya" para maging mas dalisay ang ating pananampalataya sa kanyang salita. Ipinahahayag ng mga Judio si Yawe bilang Diyos "nila," ng kanilang bansa. Ngunit inaari naman niyang kanya ang mga sumusunod sa kanyang salita at naniniwala sa kanya.

• 19. Isa lang ang nalalabing magagawa ng Israel na ayaw makinig sa salita ng Diyos na buhay: ang sumangguni sa mga patay sa pamamagitan ng mga espiritista at mga midyum: pinagtatawanan sila ni Isaias (8:19-20).

**Isang bata ang ipinanganak**

**9**

• 1 Ang bayang nagsisilakad sa karimlan
ay nakakita ng malaking liwanag,
liwanag na nagliwayway
sa mga nasa lupain ng anino ng kamatayan.

2 Pinalawak mo ang bansa,
dinagdagan ang kanilang ligaya.
Nagagalak sila sa harap mo,
tulad ng pagkagalak kung tag-ani,
o kung naghahati-hati sa nasamsam.

3 Tulad nang malupig ang Madian,
binali mo ang pamatok nilang pasan,
ang balagwit sa kanilang balikat,
ang latigo ng kanilang kapatas.

4 Bawat botang yumayabag sa digmaan,
bawat unipormeng namantsahan ng dugo
ay itatapon sa siga,
at lalamunin ng apoy.

5 Sapagkat isang sanggol ang sa ati'y isinilang,
anak na lalaking kaloob sa atin.
Sagisag ng kapangyariha'y nasa kanyang balikat,
at inihayag ang kanyang pangalan:
"Kahanga-hangang Tagapayo, Makadiyos na Mandirigma,
Amang Walang-hanggan, Prinsipe ng Kapayapaan."

6 Mag-iibayo ang kanyang kapangyarihan
at kapayapaa'y walang katapusan.
Maghahari siya sa trono ni David
at sa buo niyang kaharian.
Itatayo iyon at patatatagin
sa katarungan at pagkamatuwid
mula ngayon at magpakailanman.
Oo, gagawin ito ng selosong pag-ibig ni Yawe ng mga Hukbo.

---

• **9.**1 Maaaring binigkas ang tulang ito noong 732, nang wasakin ng hari ng Asiria ang Israel, ang kapatid at kaaway na bayan. Ayon sa kaugalian ng mga Asirio, binihag nila ang isang bahagi ng mga mamamayan at dinala sa kabilang dulo ng kanilang imperyo. Ang mga ito ang mga taga-Zabulon at Neftali (tingnan ang naunang talata) na makalipas ang mga dantaon ay magiging Galilea. Pinapangalat sa piling ng mga pagano, galing sa Banal na Kasaysayan para pumasok *sa kadiliman.*

Ang paglayang ipinapangako sa kanila ay inilalarawan bilang isang lumulupig na tagumpay ni Yawe na magpapasimula ng paghahari ng kapayapaan kaugnay ng Emmanuel, ang bagong panganak na sanggol.

*Ang bayang lumalakad sa dilim...* Nakikita ng Ebanghelyo (Mt 4:16) sa bayang ito ang maraming taong pinangangaralan ni Jesus.

– Bayang pinaghaharian ng lahat ng uri ng pang-aapi.

– Bayang naghahanap ng liwanag ngunit walang pag-asa.

*Isang sanggol ang sa ati'y isinilang...* Sa paglaki niya, hindi mawawala sa kanya ang mga katangian ng bata, pero mawawasak niya ang kapalaluan ng mga bansa.

Tiyak na ito ang batang pinangalanang Emmanuel sa 7:15. Muling isinasagisag dito kung ano ang gagawin ng Diyos sa pamamagitan niya. Mahahayag ang Diyos bilang "Kahanga-hangang Tagapayo" na

**Banta laban sa Israel**

7 May salitang ipinadala ang Panginoon laban sa Jacob,
bumagsak ito sa Israel.
8 Nakita iyon ng mga taga-Efraim at Samaria,
at sa kapalalua't katigasan ng puso'y sinabi nila:
9 "Gumuho ang mga pader na bato,
ngunit magtatayo kami ng panibago na yari sa tisa.
Pinutol ang mga karaniwang puno,
ngunit magtatanim kami ng narra.
10 Kaya ibinunsod ni Yawe laban sa kanila ang mga kaaway,
at inudyukan ang kanilang mga kalaban:
11 mga Arameo buhat sa silangan,
mga Pilisteo buhat sa kanluran,
at ang Israel ay kanilang sinagpang.
Sa kabila ng lahat ng ito,
hindi pa rin humuhupa ang kanyang galit,
nakaamba pa rin ang kanyang kamay.

12 Ngunit hindi nagbalik ang bayan sa humampas sa kanila, hindi nila hinanap si Yawe ng mga Hukbo.

13 Kaya nga sa loob ng isang araw lamang, puputulan ni Yawe ang Israel ng ulo at buntot, dahon at tangkay. 14 Ang mga matatanda at mga tagapayo ang ulo; ang buntot ay ang mga propeta ng kasinungalingan.

15 Ang bayang ito ay iniligaw ng mga namamatnubay sa kanila, at nangaligaw ang mga pinapatnubayan.

16 Kaya hindi paliligtasin ng Panginoon ang kanilang kabataang lalaki ni kahahabagan ang kanilang mga ulila at mga biyuda. Lahat ay nagpakasama-sama at nagumon sa kasamaan, lahat ay nagsasalita ng masama.
Sa kabila ng lahat ng ito,
hindi pa rin humuhupa ang kanyang galit,
nakaamba pa rin ang kanyang kamay.
17 Pagkat ang masama'y apoy na naglagablab,
at sumunog sa tinik at dawag;
nagliyab at sinilaban ang sukal ng kagubatan,
at lahat ay naglahong tulad ng usok.
18 Sa galit ni Yawe ng mga Hukbo
ang lupa ay natutupok,
baya'y nasisilab na parang gatong sa apoy.
Kahit na kapatid ay di pinatawad:
19b nanagpang sa kanan,
ngunit gutom pa rin sila;
lumamon sa kaliwa,
ngunit di pa rin nabusog.
Sila-sila na ang nagkakainan.
19a Nilalamon ng Manases ang Efraim,
at ng Efrain ang Manases.
Magkasama nilang sinalakay ang Juda.
Sa kabila ng lahat ng ito,
hindi pa rin humuhupa ang kanyang galit,
nakaamba pa rin ang kanyang kamay.

**Ang mga gumagawa ng batas ng kasamaan**

**10** 1 Kawawa ang mga gumagawa ng mga batas ng kasamaan,
at ang mga nagpapalabas ng mga batas ng paniniil.
2 Kawawa ang mga nang-aagaw sa mga pobre ng kanilang karapatan,
at nagkakait ng katarungan sa mga nangangailangan!
Ang balo'y kanilang ninanakawan,
ang mga ulila'y pinagsasamantalahan.

---

ang ibig sabihi'y siyang ang "payo" o mga plano ay kahanga-hanga sa karunungan. Diyos "Ama" gaya niya kay David, "Malakas na Diyos" gaya niya kay Jacob. Ang "Prinsipe ng Kapayapaan," na Diyos pa rin pero magiging ganito sa pagbibigay ng tagumpay sa kanyang hari, sa kanyang "mesiyas," tulad ng ginawa niya para kay David.

Gaya rin sa kaso ng Emmanuel, Diyos-sa-ating-piling, ang mga tawag na ito na waring iniuukol sa Diyos sa umpisa, ay maiuukol din sa hari ng darating na panahon na siyang magiging "kanyang" hari, na karaniwan nating binabanggit kasabay ng salitang Mesiyas. Anu't anuman, ipinahahayag nito sa propetikong paraan kung ano ang talagang mangyayari, na para sa atin ay mananatiling isang malaking hiwaga. Ang Diyos mismo ang darating sa katauhan ni Jesus.

*HINDI TAYO NAWAWALAN NG PAG-ASA*

Maraming halimbawa sa Biblia tungkol sa pangakong ito ng Diyos na parang kaagad na magkakatotoo:

– Ipinangako kay Abraham ang isang anak at isinilang si Isaac; pero si Kristo ang tunay na supling. Ipinangako sa kanya ang isang lupain para sa kanyang mga anak, at mapapasakanila nga ang lupain ng Kanaan pero ang kaharian ng Diyos ang tunay na lupa.

– Pinangakuan si David ng isang tagapagmana at

[3] Ano ang inyong gagawin sa araw ng kaparusahan,
kapag dumating na ang kapahamakan?
Kanino kayo hihingi ng tulong,
kanino mapupunta ang inyong yaman?

[4] Wala kayong magagawa kundi mamaluktot,
kasama ng mga bihag at itinapon,
o mabuwal kasama ng mga yumao.
Sa kabila ng lahat ng ito
hindi pa rin humuhupa ang kanyang galit,
nakaamba pa rin ang kanyang kamay.

**Kawawang Asiria**

• [5] Kawawang Asiria, pamalo ng aking galit,
panghampas ng aking poot!
[6] Ipinadala ko siya laban sa isang bansang tampalasan,
sa isang bayang aking kinapopootan,
upang mang-agaw roo't manamsam,
upang tila putik na iyo'y tapakan.
[7] Subalit hindi niya iyon naisip,
kundi magwasak ang tanging inisip,
at mga bansa ay durugin.
[8] Sapagkat sinasabi niya:
"Di ba't mga hari ang mga punong-kawal ko?
[9] Di ba't si Kalno'y naging tulad ni Karkemis,
si Hamat ni Arpad,
si Samaria ni Damasco?"
[10] Kung paanong nilupig ko ang mga kaha-
rian ng mga diyus-diyusan, mga kahariang may
mga rebultong higit kaysa nasa Samaria at
Jerusalem, [11] hindi ko ba kayang gawin sa Je-
rusalem at sa kanyang mga sagradong rebulto
ang ginawa ko sa Samaria at sa kanyang mga
diyus-diyusan?
[12] Kapag natapos na ng Panginoon ang lahat
niyang gawain sa Bundok Sion at sa Jerusalem,
parurusahan niya ang pagyayabang at pagma-
malaki ng hari ng Asiria dahil sa kapalaluan niya
(na akala mo'y kung sino). [13] Sapagkat sinasabi
nito:
"Nagawa ko ito sa sarili kong lakas
at sa sarili kong talino
pagkat magaling ako.
Pinaurong ko ang hangganan ng mga bayan,
inangkin ko ang kanilang mga kayamanan,
ibinagsak ko ang mga hari mula sa kanilang luklukan.
[14] Gaya ng pag-abot ng kamay sa pugad,
gayon ko inabot ang yaman ng mga bayan.
Gaya ng pagkuha sa naiwang mga itlog,
gayon ko inangkin ang buong lupain.
Hindi nila nakuhang pumagaspas,
ni magbuka ng tuka at sumiyap."
[15] Higit bang magpapahalaga sa sarili ang palakol
kaysa namamalakol?
Higit bang magmamapuri ang lagari
kaysa naglalagari?
Pag nagkagayo'y parang ang baston
ang nagpapakilos sa may hawak niyon,
at parang ang nagpapatayo ay ang tungkod
sa naghahawak na di yari sa kahoy.
[16] Kaya papapayatin ng Panginoong Yawe ng mga Hukbo
ang mga matatabang mandirigma ng hari.
Sa ilalim ng kanyang karangyaan,
sisindihan niya ang siga.
[17] Mag-aapoy ang liwanag ng Israel
at magliliyab ang kanyang Banal,
upang tupukin ang kanyang dawag at tinik
nang minsanan sa isang araw.
[18] Ang kanyang mayamang gubat at matabang lupa
ay ganap na wawasakin ni Yawe,

---

isang walang hanggang kaharian; pero hindi si Solomon ang walang hanggang hari, kundi si Kristo.

Ang tulang nagsisimula rito at nagtatapos sa 10:4 ay mas nauna pang sinulat kaysa katatapos lamang nating ipaliwanag. Ukol ito sa bayang Israel na pinapanghina na ng kanilang mga pagkakagapi pero patuloy pa ring dinababahala at malayo sa Diyos.

Ang kawalan ng katarungang panlipunan ang tinutuligsa at hinahatulan ng propeta sa ngalan ng Diyos.

Sa 10:2, *ang mga biyuda, ulila at dukha* na ibig sabihi'y ang mga walang-laban, ang mga klase ng taong laging ipinapapansin sa atin ng Biblia. At binabanggit din naman ang mga dayuhan sa iba pang bahagi ng teksto.

• **10.**5 Ukol sa mga Asirio ang tulang ito nang sila'y isang panganib sa operasyong militar, sa taong 701 (tingnan ang paliwanag sa kabanata 31).

tulad ng panghihina ng taong nilalagnat.
[19] Lubhang mangangaunti ang mga punong
nangalabi sa kanyang mga gubat;
kayat mabibilang at maililista
kahit ng isang bata.

**May nalabing magbabalik**

• [20] Sa araw na iyon, ang nalabi ng Israel at
ang mga natirang buhay sa bayan ni Jacob ay
hindi na sasandig sa gumulpi sa kanila; kundi
kay Yawe, ang Banal ng Israel.
[21] *"May Nalabing Magbabalik"* – ang nalabi ni
Jacob – magbabalik sa malakas na Diyos.
[22] Sapagkat maging tulad man ng buhangin sa
dagat ang iyong bayan, O Israel, ang nalabi lang
ang babalik. Naitakda na ang pagkawasak, sa
pagbaha ng katarungan.
[23] Sapagkat ang pagwasak na naitakda na
ang gagawin ni Yaweng Panginoon sa lupang
ito. [24] Ito ang sabi ng Panginoong Yawe ng mga
Hukbo:
"O bayan kong nasa Sion,
huwag matakot sa mga taga-Asiria
na sa inyo'y pumapalo
at nagtataas ng mga tungkod
tulad ng mga taga-Ehipto,
[25] pagkat galit ko'y malapit nang lumipas,
at sa kanila ililipat
upang kanilang pagkawasak
ang aking pagbalingan."
[26] Sila'y hahagupitin ni Yawe ng mga Hukbo
tulad ng ginawa niya sa Madian sa bato ng
Oreb.
Itataas niya sa dagat ang kanyang tungkod
tulad ng ginawa niya sa Ehipto.
[27] Sa araw na iyon, maaalis sa balikat mo
ang pasaning kanilang iniatang,
wawasakin ang pamatok nila sa leeg mo.
Mula sa Rimon [28] nagpunta siya sa Ayot,
nagdaan sa Migron, at iniwan sa Mikmas
ang kanyang dala-dalahan.
[29] Nakatawid na sila sa bangin,
at sa Geba nagpalipas ng gabi.
Nanginginig sa takot ang Rama;
tumakas ang Gibea ni Saul.
[30] Sumigaw ka, Galim na Dalaga;
makinig ka, Lais,
sumagot ka, Anatot.
[31] Ang mga taga-Madmena ay nagsisitakas,
ang mga taga-Gabim ay nagsisilikas.
[32] Sa araw na ito'y titigil siya sa Nob,
nakaamba ang kamao
sa bundok ng Dalagang si Sion,
ang burol ng Jerusalem.
[33] Masdan kung paanong hinihiklat
ng Panginoong Yawe ng mga Hukbo
ang mga sanga ng mga puno.
[34] Ibinabagsak niya ang matatayog.
Pinapalakol niya ang kakahuyan,
ang Lebanon at mga sedro nito'y mabubuwal.

**Ang Prinsipe ng Kapayapaan**

**11**

• [1] Uusbong ang isang supling sa tuod ni Jese,
at mamumunga ang isang sanga mula sa kanyang mga ugat –
[2] mananatili sa kanya ang Espiritu ni Yawe,
espiritu ng karunungan at pang-unawa,
espiritu ng pagpapayo at lakas,
espiritu ng pagkakilala
at pitagan kay Yawe.

---

• 20. Nabanggit na sa 8:3 ang anak na lalaki ni Isaias na matalinhagang tinawag na "Mabilis-Manamsam-Nalalapit-ang-Pananamsam."

Ipinapaliwanag dito ang pangalan ng isa pa niyang anak na binanggit sa 7:3: "Magbabalik-ang-Nalabi." Malimit nating matatagpuan sa Biblia na ang Nalabi sa Israel ang tinutukoy ng *Nalabi,* na ibig sabihi'y ang munting grupong matitira matapos parusahan ng Diyos ang Israel sa kanilang kataksilan (tingnan Am 5:15).

Mula nang kausapin ng Diyos si Elias tungkol sa "pitong libo sa Israel" (1 H 19:18), wala nang tigil ang mga propeta sa pagpapaalaala na hindi mabubura ng mga pagkakasala ng Israel ang plano ng Diyos. May malalabi matapos mawasak ang Israel, at "magbabalik sila." May dobleng kahulugan ang salitang ito:

– magbabalik sila mula sa mga bansang kinatapunan nila.

– magbabalik-loob sila sa kanilang Diyos: magbabalik sila kay Yawe sa kanilang puso.

• **11.**1 Alam ng mga nakabasa ng Bagong Tipan na isang Mesiyas ang inaasahan ng mga Judio sa kapanahunan ni Jesus. Ngunit hindi laging ganito ang kanilang inaasahan. Mula kay Abraham hanggang kay David, ang isang lupang ipinangako ng Diyos ang

3 Hahatol siya di ayon sa panlabas na anyo,
magpapasya di ayon sa mga sabi-sabi.
4 Sa katarunga'y huhukuman niya ang mga dukha,
sa pagkamatuwid ay magpapasya para sa mga aba.
Salita niya'y pamalo sa maniniil,
hininga niya'y pamatay sa masasama.
5 Katarungan ang kanyang sinturon sa baywang,
katotohanan ang pamigkis sa balakang.

6 Magkasamang mabubuhay ang tupa at ang asong-gubat,
mahihigang katabi ng batang kambing ang leopardo.
Manginginain ang guya, katabi ng batang leon,
at isang munting bata ang aakay sa mga iyon.

7 Ang baka at ang oso ay magkasamang manginginain,
at ang mga anak nila'y magkatabing mahihiga.
Kakain ng dayami ang leon na tulad ng baka,

8 maglalaro ang pasusuhing sanggol sa lungga ng mga kobra,
at isusuot ng munting bata ang kanyang kamay
sa pugad ng mga ahas.
9 Sa aking banal na bundok,
walang mamiminsala't mananakit sa kanyang kapwa
pagkat kung paanong ang dagat ay puno ng tubig,
ang lupa nama'y mapupuno ng kaalaman kay Yawe.

---

inaasahan ng mga Israelita at sinakop nila iyon. Pagkaraan ni David, inisip naman nila na wala nang hihigit pa sa kanya. At sa sumunod na dalawa at kalahating dantaon, ang tanging inaasahan nila ay maging katulad sana ni David ang mga hari sa kasalukuyan at sa darating na panahon. Hindi naintindihan ang pangakong binitiwan ng Diyos kay David tungkol sa kanyang mga inapo (2 S 7:14) bilang pagpapahayag ng darating na Mesiyas.

Si Isaias ang unang nagpapahayag tungkol sa Mesiyas, na isang haring gaya ni David pero mas higit sa kanya. Inilalarawan siya rito bilang isang supling na umuusbong mula sa ugat pagkaraang maputol ang punungkahoy. Kaya ipinapaliwanag niya na maglalaho ang mga hari sa kasalukuyan, na makasalanan at kaunti ang pananampalataya. Higit pa sa isang supling ni David ang Emmanuel sapagkat siya'y magiging isang bagong David (tinatawag siyang *anak ni Jese* gaya ni David).

Mananahan sa kanya ang Espiritu ni Yawe gaya ng sa mga propeta, at higit pa sa kanila. Kinasihan ang mga propeta ng isang mahiwagang lakas na tinatawag na "Espiritu ng Diyos," ngunit hindi lagi. Ngunit laging sasakanya ang Espiritu:

– Espiritu ng karunungan at katalinuhan, gaya kay Solomon.

– Espiritu ng katarungan at lakas, gaya kay David.

– Espiritu ng kaalaman at pitagan kay Yawe, gaya kay Moises at sa mga Patriyarka.

*Sa katarunga'y huhukuman niya ang mga dukha* ang una at laging gawain ng mga hari. Ang Haring Mesiyas ang magiging kinatawan ng Diyos, isinasaalang-alang ang mga dukha, at para sa gawaing ito'y dapat niyang tanggapin ang Espiritu o Hininga ng Diyos. Kaya hindi natin dapat pagpantayin ang pagpapalayang materyal sa pagpapalayang espirituwal, na para bang kailangang ipaubaya ng mga mananampalataya sa iba ang pagtatayo ng isang mas makatarungang daigdig. Hinding-hindi maihihiwalay sa pagtuturo sa bayan ang gawang pagliligtas ng Diyos sa mga tao: hinihingi nito sa atin ang *pagsawata sa mga maniniil at ang pamamahala nang may takot kay Yawe.*

Maling isipin na kay Kristo, tapos na ang paghahangad ng katarungan. Ang pag-ibig at pagpapatawad na ipinahayag ni Jesus ay magliligtas sa sang-katauhan sa pamamagitan ng katotohanan, katarungan at pagkaing pinagsasaluhan. Pag kinaligtaan natin ang mga kinakailangang ito, guni-guni lamang ang ating "espiritwal" at mangmang na pag-ibig.

Ang pagpapanibago ng bayan ng Diyos ay mahahayag sa kalikasan: *kakain ng damo ang leon.* Masasabi natin ito sa makabagong pananalita: salamat sa teknolohiya at mas mahusay na pagtutulungan ng mga bayan, nagagamit na ngayon para sa kapakanan ng tao ang mga marahas na puwersa ng kalikasan.

Mula kay Isaias, pagmamasdan ng mga propeta ang Mesiyas, o ang darating na Haring pinahiran ng Diyos

**Uuwi ang mga ipinatapon**

• [10]Sa araw na iyon, ang Ugat ni Jese ay itataas bilang isang tanda sa mga bansa. Darating ang mga bayan sa paghahanap sa kanya, at matatanyag ang kanyang tahanan.

[11]Sa araw ding iyon, muling iuunat ni Yawe ang kanyang kamay upang bawiin ang nalabi ng kanyang bayan mula sa Asiria, Ehipto, Patros at Etiopia, Elam, Senaar, Hamat at malalayong dalampasigan.

[12]Maglalagay siya ng isang tanda para sa mga bansa, at titipunin ang mga bihag na Israelita, ang nagsipangalat na mga taga-Juda mula sa apat na sulok ng daigdig.

[13]At isasaisantabi ni Efraim ang kanyang inggit, at maglalaho ang mga kaaway ng Juda. Hindi na kaiinggitan ng Efraim ang Juda ni kapopootan ng Juda ang Efraim.

[14]Sa halip, sabay nilang susunggaban ang mga balikat ng mga Pilisteo sa kanluran, at magkasamang sasamsamin ang mga ari-arian ng mga taga-silangan. Sasalakayin nila ang Edom at Moab, at sasakupin ang mga Amonita.

[15]Tutuyuin ni Yawe ang dagat ng Ehipto. Iuunat ang kamay laban sa Eufrates, at sa mainit niyang hininga ay hahatiin iyon sa pitong ilog na sa kababawan ay matatawid nang may sapin sa paa.

[16]Sa gayo'y magkakaroon ng daan ang mga nalabi sa kanyang bayan na magsisiuwi buhat sa Asiria, gaya noong ang Israel ay lumabas sa Ehipto.

**Awit ng mga tinubos**

**12**

[1]Sa araw na iyon ay sasabihin mo:
"Pinupuri kita, O Yawe, dahil kahit na nagalit ka sa akin,
ngayo'y nagbago ka na at inaliw mo ako.

[2]Ang Diyos nga ang aking Kaligtasan.
Nakasisiguro ako sa kanya, di ako natatakot
dahil si Yaweng Diyos ang aking lakas at awit.
Siya ang aking Kaligtasan."

[3]Sasalok ka ng tubig nang buong galak mula sa bukal ng kaligtasan.
[4]Sa araw na iyon ay sasabihin mo:
"Purihin si Yawe, tumawag sa kanyang Pangalan,
ipaalam sa mga bansa ang kanyang ginawa,
at ihayag ang kanyang Pangalang dakila.

[5]Awitan si Yawe
dahil gumawa siya ng mga kahanga-hangang bagay –
tanyag sa buong daigdig.
[6]Sumigaw at umawit sa galak, O Sion,
sapagkat dakila sa iyong piling ang Banal ng Israel!"

---

bilang tao ng Espiritu. Tingnan ang ikalawang bahagi ng Isaias 42:1 at ang paliwanag sa tekstong ipinahayag ni Jesus sa Nazaret (Lc 4:18). Sa Iglesya, kapag ipinagkakaloob ang Espiritu ng Diyos sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng sakramento ng kumpil, inaalaala ng Iglesya ang Espiritu ng karunungan, ng katalinuhan, ng lakas, atbp.

• 10. Mas huling sinulat ang tula sa 11:10-16, sa panahon ng pagkatapon. Inilagay ito rito bilang pagpapalawak sa propesiya tungkol sa "usbong ni Jese."

Pansinin sa mga bersikulo 10 at 12 ang tema ng "nakalitaw na tanda para sa mga bansa," na natatagpuan sa naiibang anyo sa Lc 2:32.

Narito ang isang awit ng pasasalamat. Tungkol sa *mga bukal ng kaligtasan,* tingnan ang Is 55:1 at ang tungkol sa Samaritana sa Jn 4:1.

**Propesiya laban sa Babilonia**

13 • [1] Propesiya tungkol sa Babilonia, na
nakita ni Isaias na anak ni Amos:
[2] Maglagay ng bandilang-hudyat sa panot na
bundok,
sila'y tawagin, senyasang pumasok
sa Pintuan ng mga Maharlika.
[3] Ako ang tumawag sa aking mga kawal
na nagbubunyi sa aking tagumpay
upang galit ko'y kanilang isakatuparan.
[4] Pakinggan ang dagundong sa mga bundok,
tulad ng sa isang malaking pulutong!
Pakinggan ang ingay ng mga kaharian,
nagtitipon ang mga bansa!
Iniinspeksyon ni Yawe ang hukbo
para sa digmaan.
[5] Buhat sa malalayong lupain,
mula sa dulo ng daigdig:
narito na sila – si Yawe
at ang mga sandata ng kanyang poot –
upang wasakin ang sangkalupaan.
[6] Manangis! Malapit na ang araw ni Yawe,
dumarating na bilang pagwawasak
mula sa Makapangyarihan sa lahat.
[7] Bawat bisig ay manghihina,
bawat puso'y manlulupaypay.
[8] Bawat isa'y paghaharian
ng takot at pighati,
maghihirap at mamimilipit
tulad ng babaeng nanganganak.
Magkakatinginan silang natitigilan,
mga mukha nila'y mamumulang tulad ng
baga.
[9] Masdan, narito na ang araw ni Yawe:
malupit at nag-aapoy sa galit
upang wasakin ang daigdig
at wakasan ang lahat ng makasalanan.
[10] Mga bituin ng langit at mga konstelasyo'y
di na magniningning,
madilim na sisikat ang araw
at ang buwan ay di na magliliwanag.
[11] Parurusahan ko ang mundo sa kasamaan
nito,
ang mga masama sa kanilang kasalanan.
Wawakasan ko ang pagmamalaki ng mayayabang,
at ibabagsak ang pagmamataas ng maniniil.
[12] Pangangauntiin ko ang mga tao,
mas madalang pa kaysa ginto,
mas bihira pang makita kaysa ginto ng Ofir.
[13] Pangangatalin ko ang mga langit
at payayanigin ang pundasyon ng lupa
sa poot ni Yawe ng mga Hukbo
kapag nag-apoy ang kanyang galit.
[14] Tulad ng tinutugis na usa
o ng tupang walang pastol,
bawat tao'y babalik sa sariling bayan,
bawat isa'y lilikas sa sariling lupa.
[15] Sinumang mabihag ay sasaksakin,
sinumang mahuli ay papatayin.
[16] Sa harap nila'y pagluluray-lurayin ang kanilang mga sanggol,
pagnanakawan ang kanilang tahanan,
gagahasain ang kanilang maybahay.
[17] Masdan, ipalulusob ko sila sa mga Medo,
na walang hilig sa pilak at ginto.
[18] Papanain nila ang mga lalaking kabataan,
mga anak ay di kaaawaan.
[19] Ang Babiloniang perlas ng mga kaharian,
dangal at hiyas ng mga Kaldeo,
ay wawasakin ng Diyos tulad sa Sodom at
Gomorra.
[20] Wala nang mananahan pa roon magpakailanman,
ni Arabo ay di magtatayo ng tolda
ni walang magpapastol ng kawan doon.
[21] Doon mag-aabang ang mga alamid,
mga kuwago ang doo'y mamamahay;
doo'y titira ang mga ostrits
at magsasayawan ang mga barakong kambing.
[22] Sa kanyang mga kastilyo'y mga asong-gubat ang aalulong,
sa kanyang magagandang palasyo'y mga
tsakal.
Nalalapit na ang kanyang oras,
bilang na ang kanyang mga araw.

14 [1] Kahahabagan nga ng Panginoon si
Jacob, muling pipiliin ang Israel at patiti-
rahin sa kanilang sariling lupa. Sasama sa kanila
ang mga dayuhan at mapapabilang sa angkan
ni Jacob. [2] Kukunin sila ng mga bansa at iba-
balik sa sariling lugar. At ang sambahayan ng
Israel ang magmamay-ari sa mga bansa bilang
mga alipin sa lupain ni Yawe. Magiging bihag
nila ang bumihag sa kanila, at paghaharian nila
ang lumupig sa kanila.

---

• **13.**1 Nasa mga kabanata 13 hanggang 33 ang isang serye ng mga propesiya laban sa mga karatig-bayan. Tinatawag ng Biblia ang mga ito na *mga bansa*, at mga pagano sila dahil wala sa kanilang nakakakilala sa iisang tunay na Diyos. Kaya tuwing mababasa natin ang "mga bansa" sa Biblia, maaari natin itong isalin bilang "mga pagano" o "mga dayuhan".

**Paano ka bumagsak,O maningning na tala?**

• [3] Sa araw na wakasan ni Yawe ang
iyong mga bagabag at paghihirap, ang
mabigat na trabahong kanilang ipinang-
alipin sa iyo, [4] bibigkasin mo ang panunu-
yang ito laban sa hari ng Babilonia:

Ah, wala na ang maniniil,
tapos na ang paghihirap.
[5] Binali ni Yawe ang pamalo ng mga masama,
ang setro ng manlulupig
[6] na sa galit ay ipinanakit sa mga bayan
sa walang tigil na paghampas,
at sa poot ay ipinamahala sa mga bansa
sa walang humpay na pag-uusig.

[7] Tahimik at payapa ang buong lupa, ang lahat ay umaawit.
[8] Kahit ang mga sipres ay nagdiriwang,
ang mga sedro ng Lebanon na nagsasabing:
"Mula nang ika'y bumagsak,
wala nang magtotrosong namumutol sa amin."
[9] Sa ilalim ng lupa, bumabalikwas ang mga patay
upang salubungin ka sa iyong pagdating.
Ginigising ang mga anino upang bumati sa iyo – lahat silang namuno sa mundo,
pinatatayo mula sa tronong luklukan lahat silang naghari sa mga bayan.
[10] Lahat sila'y sasagot sa iyo: "Pinabagsak ka rin sa lupa,
katulad ka na rin namin ngayon."
[11] Lahat ng rangya mo'y hinakot na sa libingan,
kasama ng tunog ng iyong mga alpa.
Ang banig mo'y mga uod,
ang mga bulati ang iyong kumot.
[12] Paano ka nahulog sa langit,
O maningning na talang anak ng bukanliwayway!
Paano ka bumagsak sa lupa,
ikaw na nanlupig sa mga bansa!

[13] Sinabi mo sa iyong puso: "Aakyat ako sa langit.
Itataas ko ang aking luklukan,
lampas pa sa mga bituin ng Diyos.
Mauupo ako sa Bundok ng Pagtitipon, doon sa dulo ng hilaga.
[14] Paiitaas ako sa kabila pa ng mga alapaap,
at ako'y makakatulad ng Kataas-taasan!"
[15] Ngunit ang bagsak mo'y sa libingan, sa kailalim-ilaliman ng hukay.
[16] Tititigan ka ng lahat ng makakita sa iyo,
makikita ka nila at magtataka:

---

• **14.**3 Aminin natin na ibang-iba ang diwa at panahon ng mga tulang tinitipon ng mga kabanatang ito. Ilan sa mga ito ay mula kay Isaias at hindi talaga "laban" sa mga karatig-bayan: mga babala ang mga ito sa mga bayan ng Juda at Jerusalem, na manalig sa pagkalinga ni Yawe sa halip na makipagsabwatan laban sa Asiria.

Halimbawa, sa 14:28-32. Isang embahada ng mga

"Ito ba ang sa lupa'y yumanig,
ang sa mga kaharia'y nagpanginig,
17 at nagpaging-disyerto sa daigdig,
ang nagwasak sa mga siyudad at ayaw magpalaya ng mga bihag?"

18 Lahat ng hari ng mga bansa'y
maluwalhating nakahimlay sa sariling libingan.
19 Ngunit iniluwa ka ng iyong libingan,
tulad ng isang di-napapanahong pagsilang,
tulad ng isang bangkay na pinag-apak-apakan,
tinabunan ng ibang mga pinatay
at inilibing sa iisang hukay.

20 Hindi ka nila makakasama sa libingan,
pagkat winasak mo ang lupang tinubuan
at pinaslang ang sarili mong bayan.
Hindi na babanggitin pa kailanman ang lahi ng mga tampalasan!

21 Patayin ang kanilang mga anak
dahil sa pagkakamali ng kanilang magulang;
kung hindi'y sila ang mag-aangkin sa lupa
at pupunuin ito ng kanilang mga lunsod.

22 "Titindig ako laban sa kanila," sabi ni Yawe
ng mga Hukbo. "Wala nang matitira sa Babi-
lonia, ni pangalan, ni nalabi, ni supling at binhi,"
sabi ni Yawe. 23 "Gagawin ko itong latiang puno
ng palaka. Wawalisin ko ito ng aking walis ng
pagkawasak," sabi ni Yawe ng mga Hukbo.
24 Sumumpa si Yawe ng mga Hukbo:

"Ayon sa aking balak, gayon ang maga-
ganap!
Ayon sa aking pasya, gayon ang matutupad!
25 Lilipulin ko ang Asiria sa aking lupain;
tatapakan ko siya sa aking mga bundok.
Aalisin ko sa inyo ang kanyang pamatok,
at ang pabigat niya sa inyong balikat."

26 Ito ang plano para sa sangkalupaan. Ito ang
kamay na nakaunat sa lahat ng bansa. 27 Kapag
nagplano si Yawe, sino ang makasisira nito?
Nakaunat na ang kanyang kamay, at sino ang
mag-uurong niyon?

**Babala sa mga Pilisteo**

28 Noong taong mamatay si Haring Ajaz,
dumating ang salitang ito:
29 "Mga Pilisteo, huwag ikagalak
ang pagkakabali ng ipinanghampas sa inyo.
Sa halip na ahas ay ulupong ang lilitaw,
at ang supling nito'y lumilipad na dragon.
30 Mga baka ng dukha'y manginginain sa
aking pastulan,

---

Pilisteo ang dumating sa Jerusalem pagkatapos ng ilang pagkabigo ng mga Asirio. Ang mensahe ni Isaias: makababangon ang Asiria, maliligtas ang Juda kung tatabi ito at magtitiwala kay Yawe.

Sa kabanata 16 din, winasak marahil ng mga Asirio ang Moab at humihingi ito ng saklolo sa Juda sapagkat ipinagtanggol ito noon ng mga hari ng Jerusalem at nagbuwis naman ito sa kanila ng mga lana at tupa. Ang sagot ni Isaias: *Hayaan silang manangis*.

Ang tula sa 13:1-22 ay isiningit sa aklat ni Isaias, mahabang panahon pagkatapos ng pagbagsak ng Babilonia na isinasalaysay niya. Gayundin ang 14:1-2 at 22-23. Pansinin natin sa 13:3 ang mga "kawal", ibig sabihi'y mga makalangit na persona na tinatawag ding "mga anak ng Diyos" o "mga anghel." Nang mga huling siglo bago kay Kristo, inakalang sa pamamagitan ng mga ito pinamahalaan ng Diyos ang kasaysayan (Dn 4:14).

Tingnan ang 14:2: napakalayo pa rin nito sa Ebanghelyo at sa diwa ng pagmimisyon!

Binigkas ni Isaias ang tula sa 14:3-21 sa okasyon ng pagkamatay ng isang hari ng Asiria: dito, iniuukol ang mga salitang ito pagkaraan ng mahabang panahon sa pagkawasak ng Babilonia na siyang naging sagisag ng pagbagsak ng mga kaaway ng Diyos.

Mahalagang pansinin na ang mga imperyo ng Asiria, Babilonia at Ehipto na sumakop sa daigdig at kinatakutan ng mga Judio ay nangaglahong walang naiwang bakas.

at ang pulubi'y matiwasay na magpapa-
hinga.
Ngunit ang ugat mo'y papatayin ko sa gutom,
at ang nalabi sa iyo'y aking papaslangin.
31 Manangis, mga pintuan,
sumigaw, O lunsod,
O Pilistea, manginig sa takot,
pagkat may lumalabas na usok sa hilaga
at walang sundalong humihiwalay sa pila!
32 Sa mga sugo ng bansa'y anong isasagot?
Itinatag ni Yawe ang Sion,
at ang mga dukha ng bayan niya'y
doon manganganlong."

**Tinatangisan ng puso ko ang Moab**

15 1 *Propesiya tungkol sa Moab:*
Wasak na ang Ar-Moab,
winasak sa magdamag;
wasak na ang Kir-Moab,
winasak sa magdamag.
2 Ang Dalagang si Dimon ay umakyat
sa mga altar sa burol
upang doon manangis.
Tinataghuyan ng Moab ang Nebo at Medaba.
Bawat isa'y nag-ahit ng buhok at balbas.
3 Nakadamit ng sako ang mga tao sa lan-
sangan,
bawat isa'y lumuluha, tumatangis
sa mga bubungan at liwasan.
4 Malakas ang iyak ng Eleale at Hesbon,
dinig hanggang Yahas.
Kaya mga kawal man ng Moab
ay umiiyak din ng malakas;
ang kanilang puso'y nanlulupaypay.
5 Tinatangisan ng puso ko ang Moab.
Ang kanyang mga takas ay nakarating
hanggang Soar at Eglat-Selisiya.
Umaakyat silang umiiyak
sa gulod ng Luhit.
Sa daan patungong Horonaim,
makabagbag-puso ang panangisan.
6 Ang natutubigang bukirin ng Nimrin
ay naging tiwangwang;
nalanta ang mga tanim,
wala na ang mga gulay.
7 Itinawid nila sa Batis ng mga Tibig
ang kanilang mga ari-arian
at naimpok na kayamanan.
8 Sa buong Moab ay dinig ang pagtangis,
panaghoy ay abot hanggang Eglaim,
iyaka'y nakarating hanggang Beer-Elim.
9 Puno ng dugo ang tubig ng Dimon:
ngunit mas malubha pa ang sasapitin ng Moab:
para sa mga natirang buhay – ang leon,
at para sa mga naiwan – ang kilabot.

16 2 Tulad ng mga ibong tumatakas,
ng mga inakay na walang pugad
ang mga kababaihan ng Moab
sa mga tawiran ng Ilog Arnon.
1 Nagpapadala sila ng mga tupa
sa naghahari sa lupain,
mula sa Sela patungo sa disyerto,
hanggang sa bundok ng Dalagang si Sion.
3 Magpayo, igawad ang katarungan;
at sa tanghaling-tapat,
lilim mo'y parang gabi.
Ang mga pinag-uusig ay itago,
mga takas ay huwag ipagkanulo.
4 Patuluyin mo ang mga takas ng Moab,
ikanlong sila sa mga kaaway.
Kapag wala na ang manlulupig,
at natapos na ang pagwawasak,
at wala na ang nagsiyurak sa lupain,
5 patatatagin ang isang trono sa kabutihang-
loob,
at luluklok doon sa katapatan
sa lilim ng kulandong ni David
ang isang hukom na hangad ay kahatulan
at mabilis na naggagawad ng katarungan.
6 Narinig namin ang pagmamalaki ng Moab,
ang kanyang kahambugan
at walang kabuluhang kadaldalan.
7 Hayaang manangis ang Moab,
at panangisan ng lahat.
Pamimighatian nila ang masarap
na bibingkang-pasas ng Kir-Heres.
8 Natutuyot ang ubasan ng Hesbon;
nalalanta ang ubasan ng Sibma.
Nakararating ito hanggang Yazer,
umaabot sa disyerto;
kumalat ang mga sanga nito
hanggang sa kabilang ibayo ng dagat.
Ngunit mga ubas nito'y
pinagyuyurakan ng mga manlulupig.
9 Namimighati rin ako tulad ng Yazer
dahil sa ubasan ng Sibma.
Didiligin kita ng aking mga luha,
O Hesbon at Eleale,
sapagkat ang inyong ani at mga bunga
ay tinapak-tapakan
ng mga humihiyaw na kaaway.
10 Wala nang galak at kasayahan sa mata-
bang lupa,
wala nang awitan ni katuwaan sa mga ubasan.
Sa mga pisaa'y walang paang gumagalaw,
walang tinig na umaawit ni sumisigaw.
11 Ang bituka ko'y parang kudyapi
na alay sa Moab ay pamimighati;
dahil sa Kir-Heres, puso ko'y nagdadalamhati.
12 Mahihirapan lamang ang Moab

sa pag-ahon sa mga altar sa burol,
wala ring mangyayari kung magpunta siya
at manalangin sa santuwaryo."
13 Ito ang salitang sinabi ni Yawe laban sa Moab
noong nakaraan. 14 At sinasabi ngayon ni Yawe:
"Sa loob ng tatlong taon, na sintagal ng kontrata
ng isang sundalo, mawawalan ng kapangyarihan
ang Moab: ang makapal na naroroo'y magiging
maliit at walang halaga ang nalabi."

**Propesiya laban sa Damasco**

**17** • 1 *Isang propesiya laban sa Damasco:*
Hindi na magiging lunsod ang Damasco
kundi isang bunton ng mga guho.
2 Para sa mga tupa na lamang
ang mga pinabayaang siyudad ng Aror,
doo'y mamamahingang walang katatakutan.
3 Maglalaho ang kaharian ng Damasco
na nagtanggol sa Efraim.
Ang nalabi ng Aram ay matutulad lamang sa mga anak ng Israel,
– wika ni Yawe ng mga Hukbo.
4 Sa araw na iyon,
kukupas ang kaluwalhatian ni Jacob;
siyang dating mataba ay papayat.
5 Matutulad iyon sa paggapas ng trigo
at pagputol sa mga uhay,
kagaya ng pangunguha sa mga pinaggapasan
sa lambak ng Refaim:
6 mga pinaggapasan na lamang ang matitira.
Tulad ng pagpukpok sa punong olibo,
may dalawa o tatlong natitira sa dulo,
may apat o lima sa mga sanga ng puno
– wika ni Yaweng Diyos ng Israel.
7 Sa araw na iyon, ang tao'y titingala sa
kanyang Manlilikha, titingnan niya ang Banal ng
Israel. 8 Hindi na siya titingin sa mga altar na
gawa ng kanyang mga kamay ni pagmamasdan
ang gawa ng kanyang mga daliri: mga posteng
sagrado o mga altar ng insenso.
9 Sa araw na iyon, ang mga lunsod mo'y
matutulad sa mga lunsod na iniwan ng nagsi-
takas na mga Heveo at Amorreo sa paglusob ng
mga Israelita.
Lahat ay magiging disyerto
10 pagkat nilimot mo ang Diyos mong Tagapagligtas;
hindi mo inalala ang Batong takbuhan mo.
Magpasibol ka man ng pinakamahusay na punla,
magtanim ng punong buhat sa ibang bansa,
11 patubuin mo man iyon sa araw na itanim,
pamulaklakin sa araw na inihasik,
ngunit huhulagpos sa iyo ang ani
sa araw ng pighati at sakit na walang lunas.

**Pagdagundong ng mga bansa**

12 Ah, umuugong ang maraming bayan,
tulad ng umuugong na dagat!
13 Ah, dumadagundong ang mga bansa,
tulad ng dumadagundong na mga alon!
Ngunit sila'y sinasaway niya,
at tumatakas silang palayo,
parang ipang tinatangay ng hangin sa mga bundok,
parang ipuipong alabok sa harap ng buhawi.
14 Lagim! pagsapit ng gabi,
bago mag-umaga'y wala na sila.
Iyan ang kapalaran ng nanamsam sa atin,
ang kahihinatnan ng nagsamantala sa atin.

**Propesiya laban sa Etiopia**

**18** • 1 Kawawa ang lupain ng mga kuliglig,
sa kabilang ibayo ng mga ilog sa Etiopia
2 nagpadala ng mga sugong nagtawid-dagat,
lulan ng mga bangkang yari sa tambo.
Humayo kayo, mabilis na mga sugo,
sa lupain ng mga matatangkad at kulaytanso,
sa bayang laging kinatatakutan,
isang bansang malakas at mananakop,
na ang lupai'y hinahati ng mga ilog.
3 Lahat kayong nakatira sa daigdig,
lahat kayong naninirahan sa lupa,
kapag itinaas ang hudyat sa mga bundok – tumingin!
kapag hinipan ang tambuli – makinig!
4 Sapagkat sinabi sa akin ni Yawe:
"Panatag akong nagmamasid

---

• **17.1** Bagamat nakabilang ang tulang ito sa mga propesiya laban sa mga bansa dahil sa pamagat nito, ito'y babala sa bayang Israel. Tiyak na ang tinutukoy ng mga berso 10-11 ay ang kulto ng diyus-diyusang si Adonis na ang pagkamatay at muling pagkabuhay ay mga sagisag ng muling pagtubo ng mga halaman. Waring sa kanyang mga pista, nagtanim ang mga tao ng mga halamang pinakamaaga at pinakamabilis tumubo at madali ring malanta: sa ganitong paraan nila isinagawa ang pagluluksa para kay Adonis. Nakikita roon ng propeta ang isang larawan ng ibinubunga ng mga diyus-diyusan sa buhay ng Israel.

• **18.1** Tingnan ang paliwanag sa 13:1. Gayunpaman, sa 18:7 at 19:16-24, pansinin ang dalawang idinagdag doon pagkaraan ng matagal na panahon. Isinulat ang mga linyang ito ng isa sa mga Judiong nanirahan sa Ehipto upang ipakita ang kanyang paniniwala na balang araw, magbabalik-loob ang mga paganong bansa sa tunay na Diyos.

buhat sa aking tinatayuan,
tulad ng nakapapasong init ng araw,
tulad ng ulap ng hamog sa init ng tag-ani.
5 Sapagkat bago mag-ani,
pagkapamulaklak ng mga ubasan,
at habang hinihinog ang mga ubas,
saka naman puputulin ang mga usbong,
gugupitin ang mga sangang kumakalat.
6 Sa mga buwitre ng kabundukan sila ipauubaya,
at sa mga mabangis na hayop.
Kakanin sila ng mga buwitre sa araw,
at ng mababangis na hayop sa gabi.
7 Sa panahong iyon, ang bayan ng mga matatangkad at kulay-tansong tao, ang bayang laging iginagalang, ang bansang malakas at mananakop na ang lupai'y hinahati ng mga ilog ay magdadala ng mga regalo kay Yawe ng mga Hukbo sa Bundok Sion, ang lugar ng kanyang Pangalan.

**Propesiya laban sa Ehipto**

**19** 1 *Isang propesiya tungkol sa Ehipto:*
Nariyan na si Yawe,
sakay sa mabilis na ulap,
dumarating sa Ehipto.
Sa harap niya'y nagsisipangatal
mga diyos ng Ehipto
at mga Ehipsiyo'y nanghina ang loob!
2 Papag-aawayin ko ang mga taga- Ehipto –
kapatid laban sa kapatid,
kaibigan laban sa kaibigan,
siyudad laban sa siyudad,
kaharian laban sa kaharian.
3 Masisiraan ng loob ang mga Ehipsiyo,
pagkat guguluhin ko ang kanilang mga plano,
at sasangguni sila
sa mga diyus-diyusan at mangkukulam,
sa mga midyum at espiritista.
4 Ibibigay ko ang mga Ehipsiyo
sa mga kamay ng isang walang pusong panginoon,
sa kanila'y maghahari ang isang malupit na pinuno –
wika ni Yawe ng mga Hukbo.
5 Maiiga ang tubig ng dagat,
matutuyo at mawawalan ng tubig.
6 Dudumi ang mga kanal,
at ang mga sanga ng Ilog Nilo
ay mangangaunti at matutuyo.
Mabubulok ang mga tambo at talahib,
7 ang mga halaman sa pampang ay malalanta,
lahat ng dinidilig ng Nilo'y maninilaw,
mangangatuyo at wala nang matitira.
8 Tatangis ang mga mangingisda
at ang mga mamimingwit sa ilog,
mamimighati ang mga naghahagis ng lambat.
9 Panghihinaan ng loob ang mga manggagawa ng lino,
mga tagasuklay ng himaymay ay mamumutla;
10 mga tagahabi'y manlulumo,
mga manggagawa'y mahihirapan.
11 Walang isip ang mga prinsipe ng Soan;
katangahan ang payo ng tagapayo ng Paraon.
Paano mo masasabi sa Paraon:
"Alagad ako ng mga pantas,
inapo ng mga hari ng unang panahon"?
12 Nasaan ngayon ang iyong mga pantas?
Sabihin nila sa iyo para mabunyag
ang binalak ni Yawe ng mga Hukbo laban sa Ehipto.
13 Kahahangal ng mga prinsipe ng Soan;
nalinlang ang mga prinsipe ng Mempis;
iniligaw ang Ehipto ng mga pinuno ng kanyang mga tribu.
14 Ibinuhos ni Yawe sa gitna ng lupain
ang espiritu ng pagkaligaw.
At iniligaw ang Ehipto sa lahat nitong mga gawa,
tulad ng pagkaligaw ng lasing na nagsusuka.
15 Wala nang kuwenta ang Ehipto,
wala nang mapapala sa ulo o buntot,
sa tangkay o dahon.

**Magbabalik-loob ang Ehipto**

16 Sa araw na iyon, ang mga Ehipsiyo'y
magiging parang babaeng nanginginig sa takot
kapag nakita nilang nakaamba sa kanila ang
kamay ni Yawe ng mga Hukbo. 17 Katatakutan
ng Ehipto ang Juda. Tuwing mababanggit ang
Juda, sila'y mamumutla sa takot dahil sa balak
sa kanila ni Yawe ng mga Hukbo.

18 Sa araw na iyon ay magkakaroon ng li-
mang lunsod sa lupain ng Ehipto na magsasalita
sa wika ng Kanaan, at tatawag kay Yawe ng mga
Hukbo. Isa sa mga iyon ay tatawaging Siyudad
ng Araw. 19 Sa araw na iyon ay magka-karoon
ng isang altar para kay Yawe sa gitna ng Ehipto
at ng isang haligi para kay Yawe sa hangganan
ng lupain. 20 Ito'y magsisilbing tanda at
katibayan para kay Yawe ng mga Hukbo sa
lupain ng Ehipto.

Kapag sila'y dumaing kay Yawe sa kanilang
kaapihan, magpapadala siya ng isang taga-
pagligtas na magpapalaya sa kanila. 21 Magpa-
pakilala si Yawe sa mga Ehipsiyo, at kikilalanin
nila sa araw na iyon at mag-aalay sila sa kanya
ng mga sakripisyo at sinunog na handog.

Mangangako sila kay Yawe at tutuparin ang
mga iyon. 22 Hahampasin ni Yawe ang Ehipto at
saka pagagalingin. Kapag sila'y nagbalik-loob
kay Yawe, diringgin niya ang kanilang mga
hinaing at sila'y kanyang lulunasan.
23 Sa araw na iyon ay magkakaroon ng ma-
lawak na daan mula sa Ehipto hanggang Asiria.
Ang mga Asirio'y pupunta sa Ehipto, at ang mga
Ehipsiyo sa Asiria. Paglilingkuran ng Ehipto ang
Asiria. 24 Sa araw na iyon, magiging pangatlo
ang Israel sa Ehipto at Asiria – isang pagpapala
sa lupa. 25 At sila'y babasbasan ni Yawe sa
pagsasabing "Pagpalain ang Ehiptong bayan
ko, ang Asiriang gawa ng aking mga kamay, at
ang Israel na aking pamana."

**Umalis si Isaias bilang preso**

**20** • 1 Noong taong lusubin ang Asdod
at sakupin ng heneral na inatasan ni
Sargon, hari ng Asiria, 2 si Yawe ay nagsalita
sa pamamagitan ni Isaias na anak ni Amos,
at kanyang sinabi: "Magtapi ka ng sako at
maghubad ng sapin sa paa." Ginawa nga
iyon ni Isaias, at lumakad na hubad at yapak.
3 Pagkaraan ay sinabi ni Yawe: "Hubad
at yapak sa loob ng tatlong taon bilang
isang tanda at pahayag laban sa Ehipto at
Etiopia ang aking lingkod na si Isaias."
4 Gayundin naman ang mga bihag buhat
sa Ehipto at ang mga ipinatapon mula sa
Etiopia, bata at matanda, ay palalakarin
ng hari ng Asiria nang hubad at yapak, na
labas ang puwit, upang hiyain ang Ehipto.
5 Lahat ng sumasandig sa Etiopia at
nagmamalaki dahil sa Ehipto ay sasak-
malin ng pangamba at mapapahiya. 6 Sa
araw na iyon, sasabihin ng mga nakatira
sa dalampasigang ito: "Masdan ang sina-
pit ng aming pinagtitiwalaan at aming tak-
buhan at hingian ng tulong laban sa hari
ng Asiria! Ano ngayon ang gagawin natin
para maligtas?"

**Ang pagbagsak ng Babilonia**

**21** 1 *Propesiya tungkol sa Disyerto sa*
*Tabing-dagat,*
gaya ng pagsagasa sa Negeb
ng mga ipuipong galing sa disyerto
mula sa nakakatakot na lupain.
Isang nakatatakot na pangitain ang ipina-
malas sa akin:
2 nagtataksil ang mga traydor,
nananamsam ang mananamsam.
"Elam, lusob!
Media, mangubkob!"
Pinatahimik ko ang lahat kong pagdaing,
3 at dahil diya'y makirot ang aking balakang,
katawan ko'y namimilipit sa sakit
tulad ng babaeng manganganak.
Sa takot ay di ako makarinig
sa sindak ay di makakita.
4 Puso ko'y bumibilis ang tibok,
ako'y nanlalamig at nanginginig sa takot;
ang inasam kong dapithapon
ngayo'y naging kakila-kilabot.
5 Inihanda nila ang hapag,
inilatag ang mga alpombra.
Sila'y kumakai't umiinom.
Magsitindig kayo, mga pinuno,
langisan ang mga kalasag!
6 Ganito ang sabi sa akin ng Panginoon:
"Maglagay ng isang bantay
na mag-uulat ng makikita niya.
7 Kapag nakakita siya ng mga nanganga-
bayo,
nakasakay sa kabayo, dala-dalawa,
ng mga nakasakay sa mga asno o ng ka-
melyo,
makinig siya, makinig siyang mabuti."
8 At sumigaw ang bantay:
"Sa mataas na tore, aking Panginoon,
sa araw-araw, maghapon akong nakatayo,
gabi-gabi akong nasa aking puwesto.
9 At masdan, hayu't dumarating,
mga mangangabayo,
nakasakay sa kabayo, dala-dalawa."
Muli siyang sumigaw: "Bumagsak na,
bumagsak na ang Babilonia,
at lahat ng rebulto ng kanyang mga diyos
sa lupa'y nagkalat at nagkadurug-durog!"
10 O bayan ko na aking giniik,
ipinahahayag ko sa iyo ang aking narinig
kay Yawe ng mga Hukbo, Diyos ng Israel.
Laban sa Edom at Arabia
11 *Propesiya tungkol sa Edom:*
May tumatawag sa akin mula sa Seir:

---

• **20.1** Madaling ilarawan sa isip ang matinding dating ng simbolikong aksyong ito. Kabilang ang Ehipto sa mga makapangyarihan nang panahong iyon. Sa harap ng Asiria na may malakas na hukbo, mas mayaman ang Ehipto at may mas mataas na sibilisasyon. Sa Ehipto umaasa ang mga Judio at sa kanila sila humingi ng tulong: mga karwahe at mga kabayo.
"Kawawang mga nananalig sa tao!" (Jer 17:5).

"Bantay, hanggang kailan ang gabing ito?
Bantay, hanggang kailan?"
12 Sumagot ang bantay:
"Ang umaga'y dumarating;
at pagkatapos ay ang gabi naman.
Kung gusto mo pang magtanong,
bumalik at muling magtanong."
13 *Propesiya tungkol sa Arabia:*
Sa gubat ng Arabia nagparaan ng gabi
ang mga mangangalakal na taga-Dedan.
14 Dinalhan ng tubig ang mga nauuhaw,
mga takas ay sinalubong ng mga taga-Tema
na may dalang tinapay.
15 Nagsitakas sila mula sa tabak,
mula sa matatalim na tabak,
mula sa nakabanat na pana,
mula sa nagngangalit na labanan.
16 Sapagkat ganito ang sabi sa akin ng Pangi-
noon: "Sa loob ng isang taon, alinsunod sa tagal
ng kontrata ng isang sundalo, magwawakas ang
lahat ng karangyaan ng Kedar. 17 Halos walang
malalabi sa mga matatapang na tagapana." Si
Yaweng Diyos ng Israel ang nagsabi.

**Huwag magalak**

**22** • 1 *Propesiya laban sa Lambak ng Pangitain:*
Ano pa'ng bumabagabag sa iyo,
ngayong nakapanhik ka na sa terasa,
2 O bayang puno ng ingay,
siyudad ng gulo at pagsasaya?
Ang kalalakihan mo'y nasawi
hindi sa tabak, hindi sa labanan.
Sama-samang nagsitakas ang iyong mga pinuno,
at nangadakip sa amba lamang ng mga pana.
3 Sama-samang nangahuli ang iyong magiting
na nagsitakas at lumayo sa labanan.
4 Kaya sinabi kong "Layuan ninyo ako,
iiyak ako nang buong kapaitan;
huwag tangkaing ako'y aliwin ninuman
sa pagkawasak ng aking bayan."
5 Ito'y araw ng gulo, pagyurak at takot
na padala ni Yawe ng mga Hukbo.
Sa Lambak ng Pangitain,
winawasak ng kaaway ang mga pader,
umaabot sa mga bundok ang paghingi ng saklolo.
6 Dala ng Elam ang lalagyan ng palaso,
ang Aram ay sakay sa kabayo,
inilalabas naman ng Kir ang kalasag nito.
7 Puno ng mga karwahe ang maganda mong mga lambak,
mga mangangabayo'y pumusisyon na sa pintuan ng siyudad,
8 ang Juda ay nawalan na ng tanggulan.

**Kumain tayo at uminom!**

• Sa araw na iyon ay tiningnan ninyo
ang mga sandata sa Palasyo sa Gubat.
9 Nakita ninyo ang maraming sira ng
pader ng Siyudad ni David. Nag-ipon
kayo ng tubig mula sa Tangkeng nasa
Ibaba.

---

• **22.**1 *Laban sa Lambak ng Pangitain,* ang "Gehena" na isinumpang lambak na nasa hanggahan ng Jerusalem sa timog. Umakyat ang lahat ng tao para magpahayag ng pagiging kuntento nila. Tagumpay ng hukbo ni Ezekias o pagsuko sa mga Asirio? Alam ni Isaias na ang maliit na tagumpay na ito'y nangangahulugan ng pagkatalo at kahihiyan sa hinaharap. Kung nakinig lamang sila sa kanya sa halip na umasa sa kanilang lakas at diplomasya, tiyak na iniligtas sana sila ni Yawe.

• 8. Napilitan ang mga Judio na pumasok sa isang bagong koalisyon laban sa Asiria (mga taong 705-701). Pinatibay ni Ezekias ang tanggulan ng Jerusalem bago dumating ang hukbo ni Senakerib.

Nakita ni Isaias ang kabalisahan ng mga taong ayaw makinig sa tawag ni Yawe: nakiusap siya sa kanila na huwag na huwag makialam sa mga walang saysay na pakikitunggali at ang pagkakaroon ng katarungan ang pagsikapan.

Hindi Asiria ni Ehipto ang tagapagligtas na kailangan ng Israel. Hindi ang Asiria at Ehipto na nagaagawan sa kapangyarihan ang naghahanda ng hinaharap na sibilisasyon. Sa kapanahunan ni Isaias, wala pang nakaaalam na malapit nang maglaho o mawalan ng impluwensiya ang Asiria at Ehipto. Hindi mahuhulaan na ang susunod na mga dantaon ay paghaharian ng mga bagong kulturang batay sa mga pagpapahalagang moral (ang Budismo) o sa bagong kahulugan ng malikhaing personalidad ng tao (ang kulturang Griyego). At lilikhain din ng Israel ang isa sa mga kulturang iyon, salamat sa kamalayan nito sa sariling responsabilidad, ang hinihingi ng katarungan at ang pagsunod sa salita ng Diyos na ipinahahayag ni Isaias.

Parang walang nalalaman si Isaias sa pulitika at kinalilimutan niya ang kinakailangan sa seguridad ng kanyang bansang masyadong maliit para makapanatili nang walang tumutulong. Ngunit sa totoo'y sinasabi niya ang mas kinakailangang hinihingi ng pulitika: ang pagtatatag ng buhay-bansa sa makatarungan at moral na batayan. Ito ang paraan ng paghahanda sa isang di-batid na hinaharap, sa kabatirang *ang Diyos ang siyang namamahala sa mga pangyayari.*

Naglilibang ang bayan para makalimutan ang malungkot niyang kapalaran. *Kumain tayo at uminom pagkat mamamatay rin lang tayo bukas.* Inaalaala ni Pablo ang mga salitang ito sa 1 Cor 15:32.

[10]Binilang ninyo ang mga bahay sa
Jerusalem, at giniba ang ilan upang pati-
bayin ang mga pader.
[11]Nagtayo rin kayo ng tangke ng tubig
sa pagitan ng dalawang pader para sa
tubig ng Lumang Balon. Ngunit ni hindi
sumagi sa inyong isip ang Gumawa niyon,
ni hindi naalala ang nagplano niyon no-
ong matagal na.
[12]Sa araw na iyon, tinawag kayo ni
Yawe ng mga Hukbo para umiyak at
magdalamhati, upang mag-ahit ng ulo at
magdamit ng sako.
[13]Ngunit mas ginusto ninyong mag-
saya at maglibang. Nagpatay kayo ng
mga baka at tupa. Kumain ng karne at
uminom ng alak. Sinasabi ninyong "Ku-
main tayo at uminom, sapagkat mama-
matay rin lang tayo bukas."
[14]Sinabi sa akin ni Yawe ng mga Hukbo:
"Hindi kayo patatawarin sa pagkakasa-
lang ito hanggang mamatay kayo."

**Laban sa isang opisyal**

[15]Sinabi ng Panginoong Yawe ng mga
Hukbo: "Puntahan mo ang opisyal na itong
nagngangalang Sobna na siyang katiwala sa
palasyo, at sabihin mo sa kanya:
[16]Ano'ng ginagawa mo rito?
Ano ang karapatan mo para magpagawa
ng iyong libingan sa bundok,
isang libingang inukit sa bato?
[17]Kaya mahigpit kang hahawakan ni Yawe,
at ibabalibag, O taong malakas!
[18]Iikirin ka niyang parang bola,
at ihahagis sa isang malawak na lupa.
Doon ka mamamatay, at doon malilipol
ang mga karwahe ng iyong karangyaan –
ikaw na kahihiyan sa sambahayan ng iyong
panginoon!
[19]Aalisin kita sa tungkulin,
at patatalsikin sa iyong puwesto.
[20]Sa araw na iyo'y aking tatawagin
ang lingkod kong si Eliakim
na anak ni Helcias.
[21]Daramtan ko siya ng iyong damit,
isusuot sa kanya ang iyong pamigkis,
isasalin sa kanya ang iyong kapangyarihan,
at siya'y magiging isang ama
para sa mga taga-Jerusalem at sa bayan ng
Juda.
[22]Ilalagay ko sa kanyang balikat
ang susi ng Bahay ni David:
sa buksan niya'y walang makapagsasara,
sa sarhan niya'y walang makapagbubukas.
[23]Pababaunin ko siyang tulad ng pako sa
matibay na pader,
at siya'y magiging luklukan ng karangalan
sa sambahayan ng kanyang ama.
[24]Sa kanya masasalalay ang lahat ng ka-
luwalhatian ng kanyang angkan – mga supling
at mga sanga, lahat ng maliliit na kagamitan
mula sa mga kopa hanggang sa banga.
[25]Sa araw na iyon, sabi ni Yawe ng mga
Hukbo, ang pakong ibinaon sa matibay na pader
ay luluwag; mabubunot iyon at malalaglag. At
madudurog ang lahat ng nakasabit dito. Si Yawe
ang nagsabi.

**Propesiya tungkol sa Tiro**

**23** • [1]*Isang propesiya tungkol sa Tiro:*
Managhoy kayo, mga barko ng Tarsis,
sapagkat nawasak na ang Tiro
na inyong pantalan.
Pagbabalik ninyo galing sa Kitim,
maririnig ninyo ang balita.
[2]Manahimik, lahat ng nakatira sa dalam-
pasigan,
mga mangangalakal ng Sidon.
Nagsitawid ng dagat ang mga sugo mo.
[3]At tumawid sa malawak na dagat,
Mga butil ng Shijor; ani ng Nilo
ang iyong pinagkakakitaan
at naging yaman ng mga bansa.
[4]Mahiya ka, O Sidon, kanlungan sa dagat,
sapagkat nagsalita ang dagat:
"Hindi ba't ako'y naghirap at nagsilang?
Hindi ba't nag-alaga ako ng kabataang lalaki
at nagpalaki ng mga anak na babae?"
[5]Maghihinagpis ang mga nasa Ehipto
pag nalaman ang sinapit ng Tiro.
[6]Kayong nakatira sa mga dalampasigan,
pumunta sa Tarsis at doo'y managhoy.

---

• **23.**1 Kay Isaias marahil ang tula laban sa Tiro. Ang Tiro na dakilang sentro ng komersiyo ng Palestina ay para sa kanila kung paanong ang mga dakilang sentro ng komersiyong pandaigdig ay para sa atin. Nagsasalita ang propeta tungkol sa "prostitusyon": makikita roon ang similya ng maisisisi natin sa lipunang konsumerista. Sinulat marahil ang mga berso 15-18 makaraan ang maraming siglo nang ang Tiro ay sakop pa ng bansang Judio.

7 Ito ba ang matandang lunsod
na iyong ipinagmamalaki,
na naglakbay sa malalayong lupain
upang doon manirahan?
8 Sino'ng nagbalak nito laban sa Tiro
na tagapaggawad ng mga korona,
na ang mga mangangalakal ay prinsipe
at maharlika ang mga negosyante?
9 Si Yawe ng mga Hukbo ang nagbalak nito
upang saktan ang pagmamalaki ng mapagmataas,
upang hamakin ang mga dinadakila ng daigdig.
10 Bungkalin mo ngayon, Tarsis na Dalaga,
ang iyong lupain tulad ng Lambak ng Nilo,
pagkat wala na ang gawaan ng mga barko.
11 Iniunat ni Yawe ang kanyang kamay sa dagat
upang mangatal ang mga kaharian.
Iniutos niya ang pagwasak sa mga kuta ng Kanaan.
12 Sinabi niya:
"Tapos na ang pagsasaya mo, Dalagang Sidon;
tumindig ka't puntahan si Ciprus,
ang dalagang ginahasa:
at doon ma'y di ka rin mapapanatag.
13 Tumingin ka sa lupain ng mga Kaldeo,
isang bayang ngayo'y walang kabuluhan.
Ginawa iyon ng mga Asirio
na maging tirahan ng mababangis na hayop.
Nagtayo sila ng mga toreng panalakay,
winasak nila ang mga kastilyo
at iniwang isang ganap na guho.
14 Managhoy, mga barko ng Tarsis,
pagkat wasak na ang iyong daungan."

15 Sa panahong iyon, ang Tiro ay makakalimu-
tan nang pitumpung taon. Pagkaraan ng pitum-
pung taon, sa pagdating ng isang hari, mang-
yayari sa Tiro ang awit ng isang babaeng bayaran:
16 Humawak ng alpa, gumala sa lunsod,
kinalimutang babaeng bayaran.
Tumugtog nang mahusay,
umawit ng maraming kanta
upang ikaw ay maalaala.
17 Pagkaraan ng pitumpung taon, muling da-
dalawin ni Yawe ang Tiro. Muli siyang magpa-
paupa bilang babaeng bayaran para sa lahat ng
kaharian sa balat ng lupa. 18 Ngunit ang kanyang
salang at tubo ay iuukol kay Yawe, sa halip na
kanyang ipunin at itabi. Ang kanyang tubo ay
magiging para sa mga nabubuhay sa presensya
ni Yawe upang magkaroon sila ng masaganang
pagkain at magagandang damit.

**Mga tula tungkol sa huling paghuhukom**

**24** • 1 Masdan, bibiyakin ni Yawe ang lupa,
wawasakin ito, sisirain ang mukha nito,
at pangangalatin ang dito'y nakatira:
2 mga pari at ordinaryong tao,
amo at alipin,
senyora at katulong,
magtitinda at mamimili,
nagpapahiram at nanghihiram,
nagpapautang at nangungutang.
3 Ganap na magkakawasak-wasak ang lupa,
at sasamsaming lahat-lahat.
Si Yawe ang nagsabi.
4 Nagluluksa at natutuyot ang lupa,
nagluluksa at natutuyot ang daigdig,
kapwa nanghihina ang langit at lupa.

---

• **24.**1 Nang ipinapahayag ni Isaias ang pagdating ng Emmanuel at ang bagong "tagumpay ng Madian," inaasahan niyang darating ito kaagad. Nakita niyang ang mga pangyayari'y patungo sa isang krisis kung saan bibigyang-tagumpay ng Diyos ang kanyang bayan.

Ngunit pagkatapos ng pagkatapon at pagbabalik sa Palestina, sa pagtagal ng panahon, maraming Judio ang nawalan ng pag-asa dahil sa pagkakitang patuloy sa karaniwang takbo ang kasaysayan. Nawalan sila ng tiwala sa kakayahan ng tao na makapagsagawa ng pagbabago at ang ekstraordinaryong pamamagitan ng Diyos na yayanig sa pandaigdig na kaayusan ang buong inaasahan nila.

Ang pag-asang ito ay likas sa mga aklat na tinatawag na "apokaliptiko," ipinahahayag ito sa isang bahagi ng mga tula ng mga kabanata 24-27: isiningit ang mga ito sa mga aklat ni Isaias pagkamatay niya pagkalipas ng mahabang panahon.

– Dapat ilagay sa mga panaklong ang mga berso 7-12, yamang ang diwa ng mga ito ay kapareho ng sa 16:7-12, at sumisira sa takbo ng tula. Ang apokaliptikong kabanatang ito'y nagpapahayag ng isang makalangit na pagkilos ni Yawe. Winawasak ang lupa ngunit may mga nalalabi sa lahat ng bansang pagano. Kinikilala ng mga ito ang tunay na Diyos at inaawit ang kanyang kaluwalhatian, 24:21-23: hinahatulan ang buong kalikasan, ipinagkakatiwala sa mga makalangit na kapangyarihan at sa mga espiritu ng sanlibutan ang mabuting kaayusan nito, at sa mga hari ng lupa nama'y ang pagpapairal ng katarungan dito sa ibaba.

– Mga kabanata 25 at 26:1-6: isang pasasalamat kay Yawe na nagligpit sa maniniil. Ang kanyang muog, na waring itinayo sa Jerusalem mismo, ay lubusan nang nawasak. Ipinagugunita ng saknong 25:6-9 na ang tagumpay na ito'y isang yugto lamang: ang dakilang pag-asa ay "ang piging ng mga hinirang" pagkatapos ng paghuhukom sa panahong iniligpit na ng Diyos ang kamatayan. Gagamitin ni Juan ang mga larawang ito sa Pag 7:17 at 21:4.

– 26:7-21: "salmo ng pag-asa" na binibigyang-diin natin

– 27:2-5: isang "awit ng ubasan" katapat ng awit na nagbabanta, 5:1-7.

[5] Ang lupa'y sinalaula ng mga naninirahan dito,
nilaktawan nila ang mga batas,
sinuway ang mga kautusan,
at sinira ang tipang panghabang panahon.
[6] Kaya ang lupa'y pinapatay ng sumpa,
dahil sa mga narito ay may kasalanan
kaya ang mga tao'y naghihingalo,
kakaunti na lamang ang natitira.
[7] Ubos na ang bagong alak,
lanta na ang ubasan,
nagsisidaing na ang lahat ng nagsasaya.
[8] Tahimik na ang masasayang tamborin,
pipi na ang masasayang alpa,
wala na ang ingay ng mga nagpipiyesta.
[9] Hindi na sila iinom ng alak nang may awitan;
mapait na para sa manginginom
ang matapang na alak.
[10] Wasak ang lunsod ng kaguluhan,
natatrangkahan ang pinto ng bawat bahay.
[11] Sa mga lansanga'y sumisigaw
at humihingi ng alak;
wala nang ngumingiti,
lahat ng ligaya'y naglaho sa lupain.
[12] Naiwang namimighati ang lunsod,
ulila ang gibang palengke.
[13] Ganyan ang mangyayari sa mga bansa sa lupa,
gaya ng pag-uga sa punong olibo,
ng pagsaid sa mga ubas pagkatapos ng anihan.
[14] Ngunit ang mga galing sa kanluran ay sumisigaw,
inaawit nila ang kaluwalhatian ni Yawe.
[15] Ang mga galing sa kanlura'y
nagbibigay-luwalhati kay Yawe,
sa mga dalampasigan ng dagat,
sa ngalan ni Yaweng Diyos ng Israel.
[16] Buhat sa dulo ng daigdig
ay naririnig ang mga awit:
"Luwalhati sa Makatarungan!"
Ngunit "Kawawa ako! Kawawa ako!" ang sabi ko,
"Nangangayayat ako, nangangayayat ako.
Kawawa naman ako! Nagtaksil ang mga traydor!"
[17] Takot, hukay at bitag ang naghihintay
sa inyong mga nakatira sa lupa.
[18] Ang tumatakas pagkarinig sa sigaw ng pagkatakot
ay sa hukay nahuhulog;
ang umaahon sa hukay ay nasisilo sa bitag.
Buhat sa langit ay bumubugso ang baha
at yumayanig ang pundasyon ng lupa.
[19] Ang lupa ay madudurog,
ang lupa ay mahahati at mayayanig.
[20] Gumigiray ang lupa na parang lasing,
umuugang parang kubo,
nabubuwal sa bigat ng kasalanan,
at hindi na makababangon kailanman.
[21] Sa araw na iyon, parurusahan ni Yawe
ang hukbo ng langit doon sa itaas,
at ang mga hari sa lupa dito sa ibaba.
[22] Magkakasamang sila'y titipunin,
gaya ng mga bilanggong tinitipon sa balon
at saka sasarhan ang kulungan,
at sila'y parurusahan
pagkaraan ng mga panahon.
[23] Mapapahiya ang buwan at mahihiya ang araw
kapag naghari si Yawe ng mga Hukbo
sa Bundok ng Sion sa Jerusalem,
sa harap ng kanyang Matatanda –
ang Kaluwalhatian.

**Pasasalamat**

## 25

[1] Yawe, ikaw ang aking Diyos; niluluwalhati kita
at pinupuri ang iyong pangalan.
Gumawa ka ng mga kahanga-hangang bagay
na binalak noon pang una, tunay at totoo.

[2] Ginawa mong isang buntong bato ang siyudad,
pinaguho ang napapaderang bayan.
Ang kuta ng mga dayuhan ay hindi na isang siyudad,
at hindi na muling maitatayo.

[3] Dahil diya'y pinararangalan ka ng isang malakas na bayan,
kinatatakutan ng lunsod ng mga manlulupig.
[4] Ikaw ang kanlungan ng mga hamak,
takbuhan ng mga dukha sa kanilang kagipitan,

silungan sa panahon ng bagyo,
lilim sa init ng araw –
pagkat ang hininga ng manlulupig ay parang bagyo ng yelo,
5 parang init sa disyerto.
Pinatatahimik mo ang hiyawan ng mga dayuhan,
tulad ng pagkawala ng init sa lilim ng ulap,
kaya tahimik na ang awit ng mga maniniil.

**Ang hapunan ng mga matuwid**

6 Sa bundok na ito ihahanda ni Yawe ng mga Hukbo
Ang isang piging para sa lahat ng bayan:
sagana sa pagkain, pili ang alak.
7 Sa bundok na ito niya sisirain
ang belo ng pagluluksa ng lahat ng bayan,
ang talukbong na bumabalot sa lahat ng bansa,
8 At wawasakin niya ang Kamatayan magpakailanman.
Papahirin ni Yaweng Panginoon ang luha sa lahat ng mukha,
papawiin niya ang kahihiyan ng kanyang bayan
at ng buong daigdig – Ito ang sabi ni Yawe.
9 Sa araw na iyon, sasabihin nila:
"Ito nga ang aming Diyos
na aming hinihintay na sa ami'y magliligtas;
ito si Yawe na ating inaasahan.
Magalak tayo ngayon at magsaya sa kanyang pagliligtas.
10 Sapagkat sa bundok na ito mananatili ang kamay ni Yawe.

Tatapakan ang Moab.
tulad ng pagtapak sa dayami sa basurahan
11 Iuunat niya roon ang kanyang mga braso
tulad ng isang manlalangoy.
Ilulugmok ni Yawe ang kanyang kayabangan
sa kabila ng pagsisikap.
12 Gigibain niya ang siyudad
na may matataas na pader,
iguguho sa lupa na parang alabok.

**Awit ng tagumpay**

**26** 1 Sa araw na iyon,
kakantahin ang awit na ito
sa lupain ng Juda:
"Mayroon kaming malakas na lunsod;
siya mismo ang nagtayo niyon
para tayo'y ipagtanggol;
may mga pader at tanggulang matibay.
2 Buksan ang mga pintuan!
Papasukin ang matuwid na bansa,
ang matatag sa katapatan.
3 Pinananatili mo sa kapayapaan
ang may pusong matapat
na sa iyo'y nananalig.
4 Laging manalig kay Yawe
pagkat si Yawe, si Yawe ang Bato
sa lahat ng panahon.
5 Ibinababa niya ang nasa itaas,
ibinabagsak ang matayog na siyudad,
ginigiba, winawasak at iginuguho sa alabok.
6 At doon iyo'y pinagtatapakan ng mga dukha,
sa mga hakbang ng mga sinisiil.

**Salmo ng Pag-asa**

• 7 Lumakad sa pagkamatuwid ang
matuwid. Pinapatag mo ang landas ng

• **26.**7 Ang salmong ito ng pag-asa ay sinulat pagkalipas ng matagal na panahon pagkaraan ni Isaias. Ipinakikita rito ang pagkarelihiyoso ng mga Judio sa mga sumunod na dantaon sa kanilang pagbabalik mula sa pagkatapon.

Nagbalik ang mga tao mula sa pagkatapon, na

makatarungan. 8 Sa paglakad sa daan ng
iyong mga batas, O Yawe, sa iyo kami
umaasa; ang Pangalan mo at ang iyong
alaala ang hangarin ng puso.
9 Pinakananais ka ng aking kaluluwa sa
gabi; patuloy kang hinahanap ng aking
espiritu. Pagsapit sa lupa ng iyong paghu-
hukom, ang mga mamamayan ng daigdig
ay matututo ng tama.
10 Ngunit kung patatawarin ang ma-
sama, hindi siya matututo ng tama, at
magpapatuloy sa paggawa ng masama
sa lupang banal, at di isasaalang-alang
ang kaluwalhatian ni Yawe.
11 Yawe, nakaamba ang kamay mo,
ngunit hindi nila iyon napapansin. Ipakita
mo sa kanila ang malasakit mo sa iyong
bayan upang sila'y mapahiya. Tupukin
sila sa apoy na laan mo sa iyong mga
kaaway.
12 Yawe, bigyan mo kami ng kapaya-
paan, dahil kung mayroon man kaming
nagagawa ay tanging ikaw lamang ang
may gawa.
13 O Yaweng Diyos namin, bukod sa iyo
ay sinakop kami ng iba pang mga pangi-
noon; ngunit tanging Pangalan mo la-
mang ang aming dinadakila.
14 Sila'y patay na, anino nila'y di na
magbabangon pa. Pinarusahan mo sila at
nilipol. Pinawi mo ang alaala ng kanilang
pangalan.
15 Pinalawak mo ang bansa, O Yawe,
binigyang-luwalhati ang iyong Pangalan,
at pinalayo ang mga hangganan ng lu-
pain.
16 Yawe, hinanap ka namin sa aming
pighati. Nabubuhay kaming api at mabi-
gat ang iyong parusa.
17 Sa harap mo, O Yawe, kami'y parang
babaeng naghihirap sa panganganak, na-
mimilipit at dumaraing sa sakit.
18 Kami'y naglihi, namilipit sa sakit na
parang nanganganak: pero puro hangin
lamang ang lumabas! Wala kaming na-
ihatid na kaligtasan sa bayan, at walang
ipinanganak na mga tao ng bagong daig-
dig.
19 Mabubuhay ang iyong mga patay;
babangon ang kanilang mga bangkay.
Gumising at umawit, kayong nangahi-
himlay sa alabok! Pababain mo ang iyong
hamog, O Panginoon, ang hamog ng li-
wanag, at iluluwa ng lupa ang kanyang
mga patay.
20 Halikayo, aking bayan. Pumasok sa
inyong mga silid at isara ang pinto sa
inyong likuran. Sandali kayong magtago
hanggang lumipas ang kanyang galit.
21 Masdan, lumalabas na si Yawe sa
kanyang tahanan upang parusahan ang
kasalanan ng nabubuhay sa lupa. Ilalan-
tad ng lupa ang dugong nabubo sa kanya,
at hindi na ikukubli ang mga nasawi.

**Ang ubasan ni Yawe**

**27** 1 Sa araw na iyon,
sa pamamagitan ng kanyang ma-
bigat,
matibay at malaking tabak,
parurusahan ni Yawe si Leviatan,
si Leviatang namumulupot na ahas
na laging tumatakas,
papatayin niya ang dragon ng dagat.

2 Sa araw na iyon –
Awitan ang masarap na puno ng ubas!
3 Akong si Yawe ang nag-aalaga niyon;
dinidilig ko iyon tuwing umaga

---

puspos ng pag-asa. Sumailalim sila sa mga banyaga marahil, maaaring sa sarili nilang mga hari bago ang pagkatapon (13-14). Pero nabago na ang lahat, ngayo'y wala nang gustong hari ang sambayanan maliban sa Diyos, at sa Batas lamang umaasa (8 at 16). Umasa silang lalaya (17). Naniwala silang sa pagbabalik ay magtatayo sila ng isang daigdig na mas mabuti, ngunit hindi ito naging malinaw (18) dahil nanatili sa Lupang Banal ang mga pagano na patuloy na nagpapahirap sa buhay ng mga mananampalataya (10-12). Kaya hinihingi ng bayan sa Diyos na dumating nawa ang oras ng muling pagbubuo sa kanila. At dahil makatarungan ang Diyos, hindi lamang niya ipagkakaloob sa mga buhay ang kalayaang pinakahihintay kundi bubuhayin din niya ang mga walang kasalanang biktima na nanalig sa kanya para makilala rin ng mga ito ang Kapayapaan ng Diyos (19-21).

Tinatanuran ko araw-gabi
upang walang makapaminsala.

4 "Wala akong bakod. Sinong maglilinis
at mag-aalis sa akin ng tinik?"
"Ako mismo ang lalaban sa kanila;
sisilaban ko silang magkakasama.
5 O kung nais nilang sa aki'y mangan-
long,
sila'y makipagkasundo sa akin,
oo, makipagkasundo sila sa akin."

6 Sa mga araw na darating, mag-uugat si Jacob,
mamumulaklak ang Israel at magsusupling,
at pupunuin ng mga bunga ang buong mundo.
7 Hinampas ba sila ni Yawe,
gaya ng paghampas niya sa humampas sa kanila?
Pinatay ba sila ni Yawe,
gaya ng mga pinatay ng pumatay sa kanya?
8 Pinarusahan mo siya, pinalayas at itinapon,
Hinampas ng buga ng hininga
sa araw ng hanging silangan.
9 Ito ang magiging kabayaran
ng pagkakasala ni Jacob,
para maalis ang bunga ng kanyang kasalanan:
gigibain ang lahat ng altar na bato,
magkakadurug-durog na parang mga yeso.
Wala nang mga sagradong poste
ni mga altar ng insenso.
10 Lilisanin ang matibay na siyudad,
uulilahing parang isang disyerto.
Doon manginginain ang mga guya,
doon mahihiga't mamamahinga,
at tatalupan ang mga sanga.

11 Pagkatuyo ng mga sanga'y babaliin ang mga ito,
at ipampaparikit sa apoy ng mga babae.
Isa itong bayang walang pang-unawa,
kaya di kahahabagan ng Maygawa sa kanila
ni patatawarin ng Maylalang sa kanila.
12 Sa araw na iyon,
mula sa Ilog Eufrates
hanggang sa ilat ng Ehipto,
gigiikin ni Yawe ang mga uhay.
Isa-isa kayong iipunin,
O mga Israelita.
13 Sa araw na iyon,
maririnig ang malakas na tunog ng trumpeta,
at ang mga walang-pag-asa sa lupain ng Asiria
at ang mga itinaboy sa lupain ng Ehipto
ay darating upang sambahin si Yawe
sa bundok ng Jerusalem.

**Mga iresponsableng pinuno**

**28** • 1 Kawawang mga lasenggo ng Efraim,
mayayabang at nangakakorona,
ay nalalantang bulaklak na maluhong ganda
sa ulo ng matabang lambak –
lahat ay hilo sa alak.

2 Masdan, sinusugo ng Panginoon
ang isang makapangyariha't malakas.
Tulad ng ulan ng yelo,
tulad ng mapangwasak na bagyo,
tulad ng dumaragsang baha
pag bagsak ng malakas na ulan,
ibabalibag niya sa lupa

3 ang putong na iyon na ipinagmamalaki
ng mga lasenggo ng Efraim.
Pagtatapak-tapakan 4 ang nalalantang bu-
laklak

---

• **28.**1 Matatagpuan sa mga kabanata 28-35 ang maraming tulang basta lamang pinagsama-sama mula sa iba't ibang pinanggalingan.

*28:1-6. Mga propesiya laban sa Samaria:* binigkas bago ang pagkawasak niyon (721); tingnan ang paliwanag sa 2:6-19.

Sa 28:7-22, isang napakahalagang tula. Para maunawaan ito, huwag nating kalimutan na ang sinasabihan ni Isaias ay mga taong may mataas na antas ng kulturang panrelihiyon. Hindi sila kumikilos nang hindi sumasangguni sa mga pari at mga propeta. Alam natin na kasapi ang mga propetang ito sa mga samahang itinalaga para akayin ang mga sumasangguni kay Yawe: pero ang lahat ng ito'y nauwi sa kapakanang pansarili at hindi sa paghahanap sa kalooban ng Diyos. Sa berso 11, ang propeta ang siyang nakababasa ng mga mensahe ng Diyos at siyang bumabasa para sa mga hindi makabasa; ngunit nakasara at hindi makuha ang sasabihin ng Diyos.

Pinagtatawanan si Isaias ng mga pari at ng mga bulaang propeta, sa pagsasabing walang kabuluhan ang kanyang mga salita at banta lamang para sa mga paslit. Sinasabihan sila ni Isaias: yamang ayaw ninyong unawain ang mga babala ni Yawe, magsasalita siya sa inyo sa mas malakas na paraan, sa mga pangyayaring lilito sa inyo, at magkakaroon kayo sa inyong tahanan ng mga banyagang ang lengguwahe ay hindi ninyo mauunawaan (parehong mensahe sa 29:14).

28:14-15 at 18-19: gumagawa ng pakikipag-tipang pulitikal ang mga tagapayo ng hari, at inila-laban ang Ehipto sa Asiria; hinihingi ni Isaias na hanapin nila ang kaligtasan sa ibang paraan at hindi sa mga larong ito na maghahatid lamang sa kapahamakan. At sa gitna ng mga pagbatikos na ito natin natatagpuan ang salitang "panulukang-bato."

28:16-22: *Masdan, naglalagay ako sa Sion ng isang subok na bato.* Inilalagay ng Panginoon ang pundasyon ng bagong Jerusalem. Sinasabi tungkol sa

ng maluhong ganda
sa ulo ng matabang lambak.
Matutulad iyon sa naunang bunga
na nahinog bago nagtag-ani:
pinipitas kaagad ng makakita
at kinakain habang hawak pa.
5 Sa araw na iyon, si Yawe ng mga Hukbo
ay magiging putong ng kaluwalhatian,
isang korona ng kagandahan
sa mga nalabi ng kanyang bayan.
6 Siya'y magiging espiritu ng katarungan
sa mga nakaupo sa hukuman,
isang bukal ng kalakasan
sa mga lumalaban sa kaaway sa pintuan.

**Mag-ingat ang magaling lamang sa pagtawa**

7 Ngunit susuray-suray rin sila dahil sa alak,
gigiray-giray dahil sa inuming matapang.
Mga pari at propetang susuray-suray
dahil sa sobrang pag-inom,
sila'y gigiray-giray
dahil sa inuming matapang.
Nabubuwal sila sa pagkakaroon ng mga pangitain,
at nauutal sa pagsasabi ng kanilang mga pasya.
8 Puno ng suka ang mga mesa,
wala nang lugar na hindi marumi.
9 Sabi nila: "Sino ang kanyang tinuturuan?
Sino ang nakikinig sa kanyang paliwanag?
Mga batang kaaawat pa lamang sa tsupon,
mga sanggol na kawawalay pa lamang sa suso?
10 Pagkat wala siyang ibang sinasabi:
"Saw lasaw saw, kaw lakaw kaw,
zeer sum, zeer sum."
11 Oo, sa utal ngang labi at dilang banyaga
magsasalita Siya sa bayang ito,
12 Siya na nagsabi sa kanila:
"Ito ang pook-pahingahan;
pagpahingahin ang napapagal"
at "Narito ang kaginhawahan."
Ngunit ayaw nilang makinig.
13 Kaya sasabihin ngayon sa kanila ni Yawe:
"Saw lasaw saw, kaw lakaw kaw,
zeer sum, zeer sum"
upang sila'y matumba sa paglakad,
mabalian ng buto at di makagalaw,
mabitag at mabihag.
14 Pakinggan ang salita ni Yawe,
kayong magaling lamang sa pagtawa,
na mga pinuno ng bayang Jerusalem.
15 Buong kayabangan ninyong sinasabi:
"Nakipagtipan kami sa Kamatayan,
nakipagkasundo sa daigdig ng mga patay.
Kapag dumaan ang baha kami'y hindi maaano,
dahil kasinungalingan ang aming takbuhan,
kabulaanan ang aming kublihan."
16 Kaya ito ang sinasabi ni Yaweng Panginoon:
"Masdan, naglalagay ako sa Sion
ng isang subok na bato,
isang mahalagang panulukang-bato,
isang matibay na pundasyon,
at sinumang maniwala ay di mapapahiya.
17 Katarungan ang gagamitin kong panukat
at pagkamatuwid ang nibel.
Tatangayin ng ulan ang kanlungan ng kasinungalingan,
at babahain ang inyong kublihan.
18 Mawawalang-bisa ang tipan ninyo ng Kamatayan,
at ang kasunduan ninyo ng daigdig ng mga patay;
kapag dumaan ang baha, kayo ay sasagasaan.

---

panulukang bato: *Hindi matitinag ang sumasandal dito.* Sinusubaybayan ng Diyos ang mga pangyayaring pinapapelan ng mga piling tao at mga pulitiko. Ngunit nagsisimula siyang lumikha ng isang bagong kasaysayan sa kanyang sariling paraan, at inilalagay na niya sa piling ng kanyang bayan "iyong" o "ang siyang" hindi tatanggihan ninuman o masasandalan ng sinumang sumasampalataya sa kanya. Gunitain natin na sa Hebreo, pareho ang salitang nangangahulugan ng "sumasampalataya" at "sumasandal."

Magiging bayan ng mga mananampalataya ang bagong bayan ng Diyos, at walang kapangyarihang makasasakop sa kanila. Ngunit kailangan ba nating unawain na ang kahulugan ng salitang "iyong" ay isang bagong yugto ng kasaysayan na hindi na umaasa ang Diyos sa mga hari ng Jerusalem, o "ang siyang" ay ang tagapagligtas? Ipinauunawa sa atin ni Isaias na ang pinag-uusapan dito'y isang bagong kasaysayan na ang katarungan ang magiging pamantayan, sa halip na mga gawi, mga maling pagturing, at siyempre, salapi, katiwalian at makapangyarihang kapritso ng mga hari.

Ngunit bago pa kay Kristo, pinaniwalaan na ng mga Judio na ang "batong" ito ay tumutukoy sa Mesiyas (tingnan ang Salmo 118:22). Hindi ito binabanggit ni Isaias: anu't anuman, ayaw niyang bumanggit ng isang "haring itinalaga ng Diyos" (na siyang kahulugan ng Mesiyas), sapagkat marami nang nakita na nakalilinlang lamang. Ang kaligtasang ipinangako ng Diyos ay ibayong higit pa sa inaasahan noon sa isang tagapagligtas.

Iuukol ni Jesus ang salitang ito sa kanyang sarili (tingnan ang Mt 21:42 at Ef 2:21). Ginugunita rin ni Pablo ang bagong pundasyong ito sa 2 Tim 2:19. Ang Kristo ay nasa piling ng kanyang bayan, at naroon siya sa kanyang Iglesya, kahit na sa ating paniwala'y tayo mismo ang nagtatayo nito.

19 Tuwing daraan iyon, kayo'y tatangayin,
uma-umaga, araw at gabi, kayo'y sasagasaan.
Mangingilabot ang makauunawa sa mensaheng ito.
20 Masyadong maikli ang higaan para umunat,
masyadong makitid ang kumot para ikumot.
21 Titindig si Yawe
tulad ng ginawa niya sa Bundok Perasim,
babangon tulad sa Lambak ng Gibeon
upang tapusin ang pambihira niyang gawa,
upang gawin ang kanyang trabaho, trabahong mahiwaga.
22 Tigilan ang inyong pangungutya
kung di'y pabibigatin pa ang inyong kadena.
Narinig ko nang itinakda ni Yawe ng mga Hukbo ang pagkawasak ng buong lupa.

**• Ang kuwento ng magsasaka**

23 Makinig sa aking mga salita; dinggin at unawain ang aking sinasabi.
24 Wala na bang ibang ginagawa ang magsasaka kundi mag-araro, magbungkal ng lupa
at magsuyod? 25 Hindi ba't pagkatapos niyang
patagin ang lupa ay naghahasik siya ng linga at nagsasabog ng komino, at pagkatapos ay saka niya inihahasik sa mga tudling ang trigo, sebada
at abena? 26 Sapagkat ang kanyang Diyos ang nagturo sa kanya at nagtagubilin para gumawa ng tama.
27 Pagkat ang linga ay hindi ginigiik,
ni pinagugulungan ng karitong panggiik ang komino,
kundi ang linga ay pinupukpok,
at ang komino nama'y pinapala.
28 Ginigiling ba ang trigo sa giikan?
Ginigiik ba ito nang walang katapusan?
Pinagagalaw nila ang kabayo at karwahe
ngunit hindi ito nagigiling.
29 Lahat ng ito'y galing kay Yawe ng mga Hukbo,
napakagaling magpayo
at kahanga-hanga ang karunungan.

**Ipuipo at bagyo sa Jerusalem**

**29** • 1 Kawawang Ariel, Ariel,
siyudad na kinubkob ni David!
Bumilang ng isa pang taon
pagkatapos ng taong ito,
palipasin ang lahat ng pagdiriwang
sa buong taon –
2 lulusubin ko ang Ariel;
magdadalamhati siya at magluluksa,
at sa akin siya'y magiging apuyan.
3 Paliligiran kita at palilibutan
ng mga toreng panalakay,
at maghuhukay ng mga kanal sa iyong paligid.
4 Magsasalita ka sa pagkakalugmok,
pabulong na tinig mula sa alabok,
tinig mo'y manggagaling sa lupa
na parang sa multo,
at pabulong na magmumula sa alabok
ang mahina mong mga salita.
5 Ngunit biglang magiging parang alikabok
ang marami mong mga kaaway,
at parang ipang inililipad,
ang maraming manlulupig.
Pagkat biglang 6 darating si Yawe ng mga Hukbo,
kasabay ng kulog at lindol, at malakas na ingay,
kasama ng ipuipo at bagyo, at tumutupok na apoy.
7 Ang mga hukbo ng maraming bansang lumaban,
sumalakay at kumubkob sa Ariel
ay maglalahong tulad ng panaginip,
tulad ng pangitain sa gabi –
8 Kung paanong nanaginip ang isang taong
gutom na siya'y kumakain at nagising na sikmura'y wala pa ring laman, o ang isang uhaw na
nanaginip na umiinom at nagising na tuyo pa rin
ang lalamunan, gayon ang mangyayari sa lahat
ng bansa na kakalaban sa Bundok Sion.
9 Mag-atubili at magulat,
mawalan ng paningin at mabulag,
malasing ngunit hindi sa alak,
sumuray hindi dahil sa matapang na alak!
10 Pagkat ibinuhos sa inyo ni Yawe ang isang
espiritu ng pagkahimbing; ipinikit ang inyong
mga mata – ang mga propeta; tinakpan ang
inyong mga ulo – ang mga manghuhula.
11 Ang lahat ng mensaheng ito, para sa inyo,

---

• 23. Talinhaga ng magsasaka. Mahihirapan tayong maunawaan ito kung hindi natin aalalahanin na ang mga sinaunang tao ay naniniwalang ang Diyos, o ang mga diyos, ang nagturo sa kanila ng mga lihim ng agrikultura. Sinasabi ni Isaias: pagmasdan kung paano itinuturo ni Yawe ang mga lihim ng lupa, ang magtanim sa tamang panahon upang sumunod ang ani sa takdang panahon. Kaya malaman ninyo na ang salita ni Yawe ang tiyak na paraan ng pagpupunla sa kasaysayan at pag-akay sa pulitika sa paraang magbubunga ito na maaani sa tamang panahon.

• **29.**1 29:1-12; 30:27-33 at 33:7-16; laban sa Asiria at sa hari nitong si Senakerib. Ang "Ariel" o "Leon ng Diyos" ay tumutukoy sa Jerusalem.

ay mga salita lamang sa isang librong nakasara.
Kapag iniabot ito sa marunong bumasa at ipina-
basa sa kanya, isasagot niya: "Hindi puwede
pagkat ito'y nakasara." 12 O kapag iniabot na-
man ito sa isang hindi marunong bumasa, at
ipinabasa sa kanya, ay isasagot niyang "Hindi
ako marunong bumasa."

**Mga bibig lamang nila ang nagpaparangal sa akin**

• 13 Sinabi ng Panginoon: "Sa mga salita lamang lumalapit sa akin ang bayang ito, mga labi lamang nila ang nagpaparangal sa akin, pero malayo pa rin sa akin ang kanilang mga puso. Kaugalian lamang ng mga tao ang kanilang relihiyon.
14 Kaya muli akong magpapamalas sa kanila ng mga kababalaghan: maglalaho ang karunungan ng mga marurunong sa kanila, at mawawala ang talino ng kanilang matatalino.

**Laban sa masasamang tagapayo**

15 Kawawa ang mga nagtatago sa kailaliman
kay Yawe ng kanilang mga balak,
ang mga nagsisigawa sa dilim at nagsasabing
"Sinong makakakita sa amin at makaaalam?"
16 Binabaligtad ninyo ang mga bagay:
ang magpapalayok ba'y katulad ng putik?
Masasabi ba ng hinubog sa humubog dito:
"Hindi mo ako gawa"?
Masasabi ba ng palayok sa magpapalayok:
"Wala kang alam"?
17 Talagang sa loob nga lamang ng napakaikling panahon,
ang Lebano'y magiging matabang lupain,
at ang matabang lupai'y magiging gubat.
18 Sa araw na iyon, maririnig ng bingi
ang mga salita ng aklat,
at mula sa dilim ay makakakita
ang mga mata ng mga bulag.
19 Muling magagalak kay Yawe ang aba,
at liligaya sa Banal ng Israel ang mga dukha.
20 Pagkat mawawala na ang malupit,
maglalaho na ang mangungutya,
at lilipulin ang lahat ng masama:
21 ang sumasaksi ng mali laban sa kapwa,
ang naglalagay ng bitag sa hukuman,
ang nagpapalayas sa mga nasa katuwiran.
22 Kaya ito ang sinasabi ni Yaweng tumubos
kay Abraham tungkol sa sambahayan ni Jacob:
Mula ngayo'y hindi na mapapahiya si Jacob,
hindi na siya pamumutlaan ng mukha.
23 Kapag nakita niya ang gawa ng aking mga kamay:
ang pag-uwi ng kanyang mga anak sa kanyang lupain,
ipahahayag nilang banal ang aking Pangalan,
ipahahayag nilang banal ang Banal ng Jacob,
at ipagpipitagan ang Diyos ng Israel.
24 Makauunawa ang naligaw na espiritu;
at makikinig sa turo ang puna nang puna.

**Huwag umasa sa makapangyarihan**

**30** • 1 Kawawang mga anak na rebelde,
sabi ng Panginoon.
Gumagawa sila ng mga balak na hindi akin,
ng mga kasunduang hindi ayon sa aking espiritu
kaya nagpapatung-patong ang kanilang kasalanan.
2 Pumupunta sila sa Ehipto nang wala akong payo
upang humingi ng proteksyon sa Paraon
at manganlong sa lilim ng Ehipto.
3 Ikahihiya ninyo ang proteksyon ng Paraon,
at ang pananalig sa lilim ng Ehipto.
4 Pagkat nasa Zoan ang kanilang mga pinuno,
at dumating sa Hanes ang kanilang mga sugo,
5 lahat sila'y ilalagay sa kahihiyan
ng isang bayang walang silbi sa kanila,
walang maibibigay na tulong ni pakinabang
kundi kahihiyan lamang at kasiraan.
6 *Propesiya tungkol sa mga hayop ng Negeb:*
Sa lupain ng hirap at ligalig,
lupain ng mga mag-asawang leon,
ng mga ulupong at lumilipad na mga ahas,
dala nila ang kanilang kayamanan,

---

• 13. Maraming propesiyang ipinahayag sa krisis ng 701:
– 29:13. Kung titigil tayo sa paghanap sa Diyos, kung hindi natin ilalagay sa lugar ang ating buhay upang makapasok dito ang Diyos, ang ating relihiyon ay madaling magiging isang koleksiyon ng mga paniniwala at gawa tulad ng sa lahat ng grupong panlipunan, mga bagay na bahagi ng isang programa ng paaralan. Gugunitain ito ni Jesus sa Mc 7:8.

• **30.**1 Tulang kumokondena sa pakikipagtipan sa Ehipto. Inakala na ang pagbabayad para sa serbisyo ng

pasan ng mga asno at mga kamelyo,
tungo sa isang bayang di nila pakikinabangan,
[7] sa Ehipto na walang silbi
at walang kuwenta ang tulong.
Kaya tinatawag ko siyang *"Dragong Walang Kibo"*.

**Huwag na ninyong sabihin sa amin ang totoo**

[8] Sige, isulat mo ito ngayon sa isang aklat sa
harap nila, upang sa mga araw na darating ay
magsilbing panghabang panahong patotoo la-
ban sa kanila: [9] "Sila'y isang bayang mapaghi-
magsik, sinungaling na mga anak. Ayaw nilang
pakinggan ang aral ni Yawe. [10] Sinasabi nila sa
mga nakakakita ng pangitain: Tama na ang
inyong mga pangitain. At sa mga propeta:
H'wag na ninyong sabihin sa amin ang totoo;
ang maganda lamang pakinggan ang sabihin
ninyo sa amin, at mga guniguni lamang ang
inyong ipropesiya. [11] Iwan ninyo ang daang ito!
Ilayo sa amin ang paningin ng Banal ng Israel!"

[12] Kaya ganito ang sinasabi ng Banal ng Is-
rael: "Sapagkat binale-wala ninyo ang salitang
ito, at nanalig sa paniniil at umasa sa pan-
lilinlang, [13] ang pagkakasalang ito'y magiging
tulad ng pagbagsak ng isang mataas na pader
na umuumbok at biglang magigiba sa isang
iglap. [14] Matutulad ito sa pagkabasag ng pa-
layok – walang awang binasag, wala ni isa mang
pirasong natira para ipangkuha ng baga sa
kalan o isalok ng tubig sa balon."

[15] Ito ang sinasabi ni Yaweng Panginoon,
ang Banal ng Israel:
"Nasa pagbabalik-loob at hinahon ang iyong kaligtasan,
nasa katahimikan at pananalig ang lakas."
Ngunit ayaw ninyo ang alinman dito.
[16] Sa halip ay sinabi ninyo:
"Hindi! Tatakas kaming sakay ng kabayo!"
Sige, tumakas kayo.
At idinugtong pa ninyo:
"Mabibilis ang kabayong sasakyan namin."
Magaling, mabibilis din ang tutugis sa inyo.
[17] Sa banta ng isa, sanlibo ang tatakas;
sa banta ng lima, tatakas kayong lahat,
hanggang sa ang malabi sa inyo
ay tulad ng poste sa tuktok ng bundok,
tulad ng bandilang-panghudyat sa burol.

**Ang ginhawang darating**

• [18] Ngunit naghihintay si Yawe upang
magmagandang-loob sa inyo. Tumitindig
siya upang kayo'y kahabagan. Pagkat
Diyos ng katarungan si Yawe, at mapalad
ang naghihintay sa kanya.

[19] Mga taga-Sion na nasa Jerusalem,
hinding-hindi na kayo iiyak; tiyak na
magmamagandang-loob siya sa inyong
pagdaing; at sasagutin kayo pagkarinig
niya sa inyo.

[20] Matapos kayong bigyan ng Pangi-
noon ng tinapay ng paghihirap at ng tubig
ng kapighatian, hindi magtatago ang guro
ninyo, at makikita siya ng inyong mga
mata.

[21] Lumiko ka man sa kanan o sa kaliwa,
maririnig ng iyong tainga ang kanyang
mga salita sa iyong likuran: "Ito ang daan,
dito ka lumakad."

[22] Ituturing ninyong marumi ang inyong
mga diyus-diyusang balot ng pilak at mga
rebultong nadadamtan ng ginto. Itatapon
ninyo ang mga iyon tulad ng pasador, at
sasabihing: "Magsilayas kayo!"

[23] Magpapaulan siya para sa binhing
inihasik mo sa lupa; at masarap at ma-
sagana ang pagkaing ibubunga ng lupa.
Manginginain sa araw na iyon ang iyong
mga baka sa malawak na pastulan.

---

isang mayamang bansa ay magiging pananggalang sa panganib; nangangailangan ito ng sapilitang buwis (12) gayong ipinagbawal na ito ng mga salita ng Diyos (9). Ihambing sa Isaias 8:11-15.

• 18. Mahal tayo ng Diyos at tinuturuan. Sinasabi ng tulang ito ang lahat ng kahanga-hangang bagay na matutuklasan sa pakikipagtagpo sa Diyos sa gitna ng mga luha.

*Ituturing ninyong marumi ang inyong mga diyus-diyusan.* Alam na ng tao na naglilingkod siya sa mga huwad na diyos. Hindi lamang pagkakaroon ng mga rebulto ang pagsamba sa mga diyus-diyusan kundi pananalig sa tao, paglilingkod sa mga organisasyon at pagnanasa sa mga bagay na kinakatawan ng mga imaheng ito. Sa pagbasa sa Ezekiel, makikita natin:

– ang idolatriya ng mga Ehipsiyo: pagtitiwala sa isang super-organisadong estado na nagpapakain sa lahat pero nag-aalis ng kalayaan,

– ang idolatriya ng mga Asirio: pagsamba sa lakas at higit na pagpapahalaga sa lalaki,

– ang idolatriya ng mga taga-Babilonia: ang paghahanap ng salapi at ang trabahong paulit-ulit na lamang nilang ginagawa sa araw-araw. Wala nang panahon ang tao para mabuhay o para tanungin ang sarili kung bakit siya nabubuhay.

24 Ang mga baka at mga asnong nag-
aararo ay kakain ng malinis at inasinang
kumpay na inihagis sa kanila ng pala't
kalaykay.
25 Sa araw na iyon ng matinding pata-
yan, ng pagguho ng mga muog, aagos
ang tubig sa lahat ng matataas na bundok
at lahat ng matatayog na burol.
26 Kapag binendahan ni Yawe ang mga
sugat ng kanyang bayan at ginamot ang
mga pasa ng kanyang paghampas, mag-
liliwanag ang buwan na parang araw,
magniningning ang sikat ng araw nang
makapito – tulad ng liwanag ng pitong
araw.
29 Magsisiawit kayo tulad sa gabi ng
banal na pagdiriwang. Magagalak ang
inyong mga puso tulad ng pag-ahon ng
bayan sa Bundok ni Yawe, sa saliw ng
plawta, patungo sa Bato ng Israel.

**Dudurugin ang Asiria**

27 Dumarating ang Pangalan ni Yawe buhat sa malayo,
nag-aapoy sa galit at mabigat ang kamay.
Tigib ng galit ang kanyang mga labi,
tulad ng nanunupok na apoy ang kanyang dila.
28 Tulad ng bumabahang ilog ang kanyang hininga,
umaapaw hanggang leeg.
Nililiglig niya at winawasak ang mga bansa
at inilalagay ang kanyang renda sa kanilang bibig
na magliligaw sa kanila.
30 Ipinaririnig ni Yawe ang kanyang makapangyarihang tinig
at ipamamalas ang pagbagsak ng kanyang bisig
sa nag-aapoy na galit at lagablab ng tumutupok na apoy,
sa gitna ng nagliliyab na kidlat, bagyo at ulan ng yelo.
31 Sa tinig ni Yawe, ang Asiria ay dudurugin,
sa kanyang pamalo ay hahampasin.
32 At bawat bagsak ng pamalo
ay sasaliwan ng tamborin at alpa,
lalabanan siya ni Yawe nang may nakaunat na kamay
33 sapagkat malaon nang nakahanda ang siga para sa hari.
Maluwang at malalim ang hukay niyon,
puno ng dayami at kahoy,
magliliyab sa hininga ni Yawe,
tulad ng ilog ng naglalagablab na asupre.

**Tumingin sa Banal ng Israel**

**31**

• 1 Kawawa ang mga nagpupunta sa Ehipto para humingi ng tulong,
nagsisiasa sa mga kabayo,
at nananalig sa dami ng mga karwahe
at sa lakas ng kanilang mga mangangabayo.
Bakit hindi sila tumingin sa Banal ng Israel
o sumangguni kay Yawe?
2 Matalino nga siya, at kayang maghatid ng kapahamakan.
Hindi niya binabawi ang kanyang salita.
Hinaharap niya ang masama,
at pinuputol ang tulong na hinihintay ng tampalasan.

---

• **31.**1 Ipinagpapatuloy ng tekstong ito ang tula sa 30:1 at inilalahad ang tatlong bida sa labanan sa pulitika. May dalawang "malalaking" kapangyarihan; at nasa pagitan nila ang maliit na bansang Judio na nagsisikap manatiling buhay. Humingi ng tulong sa Ehipto ang mga hari laban sa Asiria, at pagkatapos ay sa Asiria naman laban sa Ehipto.

Matatag ang aral ni Isaias: bago pumalaot sa mapanganib na larong pampulitika, kailangang maging makatarungan ang hari at matapat sa mga kautusan ang bayan. Kaya makaaasa ang lahat sa Diyos na kanilang Bato. Patuloy na nagiging makahulugan ang salita ng Diyos:

– para sa mga dominadong bayan ng Ikatlong Daigdig,

– para sa Iglesya kapag ito'y nasa panganib.

[3]Tao at hindi Diyos ang mga Ehipsiyo;
ang kanilang mga kabayo ay laman at hindi espiritu.
Kapag iniunat ni Yawe ang kanyang kamay,
ang tumutulong ay madadapa, at mabubuwal ang tinutulungan,
magkasama silang malilipol.
[4]Sapagkat ganito ang sinabi sa akin ni Yawe:
Kung paanong inaangilan ng leon
o ng anak niyon ang biktima nito,
at hindi kinatatakutan ang dami at sigaw ng mga pastol,
gayundin bababa si Yawe ng mga Hukbo sa Bundok Sion para lumaban.
[5]Tulad ng mga ibong aali-aligid sa itaas,
ipagtatanggol ni Yawe ng mga Hukbo ang Jerusalem,
ipagtatanggol at ililigtas,
lalampasan at palalayain.

[6]Mga anak ng Israel, magsibalik kayo sa kanya na labis ninyong pinaghimag-
sikan. [7]Sa araw na iyon, itatapon ng ba-
wat isa sa inyo ang mga diyus-diyusang pilak at ginto – ang ginawang kasalanan ng inyong mga kamay.

[8]Mabubuwal ang Asiria sa tabak na hindi sa tao;
uubusin sila ng tabak na hindi sa tao;
tatakasan nila ang patalim,
ang kanilang kabataang lalaki'y aalipinin.
[9]Sa takot ay tatakas sila sa kanilang kampo,
sa sindak ay iiwan ng mga pinuno ang watawat –
sabi ni Yaweng ang apoy ay nasa Sion
at ang pugon ay nasa Jerusalem.

**Sa katarunga'y maghahari ang isang hari**

# 32

• [1]Sa katarunga'y maghahari ang isang hari,
at sa pagkamatuwid ay mamumuno ang mga prinsipe.
[2]Bawat isa'y matutulad sa isang silungan sa hangin
at kanlungan sa bagyo,
tulad sa bukal ng tubig sa disyerto
at lilim ng malaking bato sa tigang na lupa.
[3]Hindi na ipipikit ang mga mata ng nakakakita,
at makaririnig ang mga tainga ng nakaririnig;
[4]makauunawa ang isip ng mga mapusok,
at magsasalita nang tuwid ang dila ng utal.
[5]Di na ipapalagay na maharlika ang hangal,
ni ituturing na marangal ang mandaraya.

---

• **32.**1 *Isa pang tula tungkol sa mga pag-asang iniuukol sa haring darating, ang Prinsipe ng Kapayapaan* (tingnan ang Is 11).
Ibibigay ng makatarungang hari ang kanyang espiritu sa mga pinuno at mga nangangasiwa. Kaya magiging bukas sa Salita ng Diyos ang mga tao.

6 Pagkat nagsasalita ng kahangalan ang hangal,
at nagpapakana ng masama sa kanyang isip:
paano gumawa ng masama,
at nagsasalita nang walang-pakundangan kay Yawe;
hindi siya nagpapakain sa nagugutom
ni nagpapainom sa nauuhaw.
7 Masama rin ang paraan ng mandaraya,
nagbabalak siya ng masamang pakana
upang ipahamak sa kasinungalingan ang dukha
kapag makatarungan ang usapin nito.
8 Ngunit marangal ang mga balak ng taong marangal,
at laging marangal din ang kanyang gawa.

**Manginig kayo, mga babaeng di nababahala**

9 Tumindig kayo, mga babaeng di nababahala;
dinggin ang tinig ko, mga dalagang walang inaalala,
pakinggan ang aking salita.
10 Mahigit lamang sa isang taon,
kayong mga walang inaalala ay manginginig,
walang ubas na aanihin,
tag-ani'y di darating.
11 Maligalig kayo, mga babaeng di nababahala;
manginig kayo, mga dalagang walang inaalala.
Hubarin ang inyong damit,
at magbigkis ng sako sa inyong baywang;
12 dagukan ang dibdib
dahil sa magandang bukirin
at mabungang ubasan,
13 dahil sa lupain ng aking bayan
na binabalot ng dawag at tinik,
dahil sa lahat ng bahay ng kagalakan
at lunsod ng kaligayahan.
14 Sapagkat lilisanin ang palasyo, at mawawalan ng tao ang magulong lunsod; magiging yungib ang kuta at ang tore ng mga bantay, pasyalan ng mga mailap na asno at pastulan ng mga kawan.

**Ibubuhos sa atin ang Espiritu**

15 Hanggang ang Espiritu ay ibuhos sa atin mula sa itaas.

At ang disyerto'y magiging matabang lupa, at ang mabungang lupa ngayo'y magmimistulang gubat.

16 Mananahan ang katarungan sa disyerto, at ang pagkamatuwid sa matabang
lupa. 17 Ang katarunga'y maghahatid ng
kapayapaan, at magbubunga ng kapanatagan at katiwasayan magpakailanman ang katarungan.

18 Ang bayan ko'y mabubuhay sa kaginhawahan at kaligayahan sa tahimik na lupain at matiwasay na tahanan at panatag na lugar.
19 Ngunit papatagin ang
gubat at wawasakin ang muog.
20 Magsasaya kayong mga naghahasik sa pampang ng bawat ilog, at pinakakawalan at pinagagala ang inyong mga baka at asno.

**Salmo ng pag-asa kay Yawe**

**33** 1 Kawawang mangwawasak na di pa nawawasak!
ang taksil na di pa naipagkakanulo!
Kapag natapos na ang mga pagwawasak mo,
ikaw naman ang wawasakin;
kapag nagwakas na ang mga pagtataksil mo,
ikaw naman ang pagtataksilan.
2 O Yawe, mahabag ka sa amin na sa iyo umaasa;
maging lakas ka namin tuwing umaga,
aming kaligtasan sa panahon ng ligalig.
3 Nagsisitakas ang mga bayan
sa dagundong ng iyong tinig;
nagsisipangalat ang mga bansa
kapag ika'y tumindig.
4 Sasamsaman ang mga nanamsam
tulad ng pananamsam ng mga tipaklong,
tulad ng pagsunggab ng mga balang.
5 Dakila si Yawe na nasa kaitaasan,
pinupuspos niya ang Sion ng katarungan at pagkamatuwid.
6 Magkakaroon ka ng panatag na panahon,
karununga't kaalaman
ang kapaki-pakinabang na yaman.
Ang pitagan kay Yawe ang iyong kayamanan.

**Ang pagkilos ni Yawe**

7 Masdan, nananaghoy sa daan ang mga taga-Ariel,
nananangis ang kanilang mga sugo ng kapayapaan.
8 Walang manlalakbay sa ulilang lansangan.
Sapagkat sinira ang kasunduan,
ang mga pangako'y winalang-kabuluhan,
walang iginalang na sinuman.

[9] Nagluluksa't naghihingalo ang lupa,
natutuyot ang Lebanon sa pagkahiya,
para nang disyerto ang Sharon,
ang Basan at Karmelo ay nawalan na ng dahon.
[10] Sabi ni Yawe: Ako'y babangon,
titindig ako at itataas ang aking sarili ngayon.
[11] Naglihi kayo ng ipa, at manganganak ng
dayami; tutupukin kayo ng hininga kong parang
apoy. [12] Susunugin ang mga bayan hanggang sa
maging tila apog, mga tinik na tinabas at saka
sinilaban. [13] Dinggin ninyo na nasa malayo ang
aking ginawa; at kilalanin ninyo na nasa malapit
ang aking lakas.
[14] Nangangamba ang mga makasalanan ng
Sion; nanginginig sa takot ang mga makasalanan: "Sino sa atin ang makatatagal sa tumutupok na apoy? Sino sa atin ang makapananatili sa tabi ng liyab na walang hanggan?"

[15] Ang nagsasagawa ng katarungan at nagsasabi ng tama, ang ayaw ng anumang galing sa pangingikil, ang tumatanggi sa lagay, ang nagtatakip sa kanyang mga tainga para di marinig ang karahasan, ang nagpipikit sa kanyang mga mata para di makita ang kasamaan –

[16] ito ang taong mananahan sa kaitaasan, isang kutang bato ang kanyang tanggulan, bibigyan siya ng tinapay at di mauubos ang kanyang tubig.

**Pagkatapos ng kaapihan**

• [17] Makikita ng iyong mga mata ang isang hari sa kanyang kakisigan
at ang isang malawak na lupain.
[18] Mapag-iisip-isip mo ang iyong mga takot,
at sasabihin mo:
"Nasaan ang maniniil na nagtitimbang
at nagbibilang ng aming buwis
at naglilista ng aming mga anak?"
[19] Ngunit hindi na ninyo makikita pa ang mababangis na taong iyon
na hindi maintindihan ang kanilang wika,
at kakaiba ang mga salita.
[20] Masdan ang Sion, ang siyudad ng ating mga kapistahan.
Makikita ng inyong mga mata ang Jerusalem,
ang matiwasay na tahanan,
isang toldang di magagalaw kailanman;
wala isa man sa mga tulos niyon ang mabubunot,
ni isa man sa mga lubid niyon ang malalagot.
[21] Ngunit naroon si Yaweng malakas dahil sa atin –
sa halip ng maluluwang na ilog at batis.
Doo'y wala nang maglalayag na barkong de-sagwan,
ni mga bapor na mararangya.

---

• **33.**17 Binibigyang-diin ng tulang ito na isiningit nang dakong huli sa aklat ni Isaias ang pag-asa sa panahon ng kapayapaan, na ang pagkaalipin ay magiging isang alaala na lamang.

Ang Sion, ang Jerusalem, ang tolda na di-kailanman matitinag. Tinatamasa nito ang lihim na proteksiyon ni Yawe na binanggit na sa larawan ng bukal sa Siloe sa 8:1. Tahimik na presensya ngunit mas makapangyarihan kaysa ingay ng malalaking bansang nasa pampang ng malalawak na ilog (Babilonia, Ehipto, at pati ang Tiro sa baybay-dagat), mga bansang ang laging ipinagmamalaki'y ang malalaki nilang barko.

Sa Sion, ang siyudad na walang kapangyarihan ni kayamanan ngunit nasa ilalim ng Batas ng Diyos, panatag ang mananampalataya, panatag sa harap ng mga pangyayari.

*Masdan ang Sion, ang siyudad ng ating mga kapistahan..., ang matiwasay na tahanan.* Ganito ang tingin ng mananampalataya sa Iglesyang kinatatagpuan niya kay Kristo. Kung sa may bukana lamang siya ng Iglesya mananatili at pakikinabangan ang paglilingkod nito, laging magiging madali para sa kanya ang punahin ito. Ngunit kung talagang papasok siya rito at makikibahagi sa makabuluhang buhay nito, madidiskubre niyang ang Iglesya lamang ang makapagbibigay ng lakas, kapayapaan at presensiya ng Diyos sa lahat ng tao.

22 Ngunit si Yawe ang ating hukom,
si Yawe ang nagtatadhana ng mga batas sa atin,
si Yawe ang ating hari:
siya ang magliligtas sa atin.

23 Maluluwag ang iyong mga lubid kaya
uuga-uga ang haligi at ang layag ay hindi mai-
ladlad. Paghahati-hatian ang napakaraming
nasamsam kaya kahit pilay ay mananamsam.
24 Walang sinumang tagaroon ang magsasabing
"May sakit ako." At patatawarin ang mga kasa-
lanan ng mga tagaroon.

**Ang wakas ng Edom**

**34** • 1 Halikayo, mga bansa, at makinig;
makinig kayo, mga bayan.
Makinig ang lupa at lahat ng naririto,
ang daigdig at lahat ng sumisibol dito.
2 Galit si Yawe sa lahat ng bansa,
napopoot sa lahat nilang mga hukbo.
Sila'y itinalaga na niya sa pagkawasak,
inihatid sa patayan.
3 Ang mga nangasawi sa kanila'y itinapon,
at ang mga bangkay nila'y nangangamoy.
Aagos ang dugo sa mga bundok,
4 matutunaw ang lahat ng nasa kaitaasan,
at ang langit ay bibiluting parang banig,
maglalaglagan ang lahat ng hukbo ng langit
tulad ng pagkalagas ng dahon ng ubas
at ng bunga ng igos.
5 Sa langit ay naghihintay ng dugo ang aking
tabak;
at bumababa iyon sa Edom
upang hatulan ang bayang itinakda kong
mamatay.
6 Naliligo sa dugo ang tabak ni Yawe,
nababalot iyon ng taba –
dugo ng mga kambing at tupa,
taba ng mga bato ng mga lalaking tupa.
May sakripisyo si Yawe sa Bosra,
na isang malaking patayan sa Edom.
7 Kasama nilang mabubuwal ang guya at
toro,
matitigmak sa dugo ang kanilang lupa
at mababalot ng taba ang alabok.
8 Sapagkat ito ang araw ng paghihiganti ni
Yawe,
ang taon ng paniningil sa usapin ng Sion.
9 Magiging alkitran ang mga ilog ng Edom,
nagbabagang asupre naman ang kanilang
alabok,
at naglalagablab na alkitran ang buong
lupain.
10 Hindi iyon mapapatay sa gabi at araw,
ang usok ay laging paiilanlang.
Tuyot ang lupa sa mga sali't salinlahi,
at wala nang sinumang doo'y magdaraan.
11 Mananahan doo'y mga maiilap na ibon,
doon magpupugad mga uwak at kuwago.
Ipinasya ng Diyos na iyo'y gawing disyerto,
itinalaga iyon na maging ilang.
12 Wala nang maituturing pang kaharian ang
mga maharlika,
maglalaho na ang lahat ng mga prinsipe.
13 Tutubuan ng tinik ang mga palasyo,
ng mga lipa at dawag ang mga muog na bato;
ang pook ay magiging pugad ng mga asong-
gubat,
magiging tirahan ng mga ostrits.
14 Magtitipon doon ang mababangis na hayop
ng disyerto
kasama ng mga hyena,
at ang mga kambing-bundok ay mememe sa
isa't isa;
at doon din magpapahinga ang mga ma-
ligno.
15 Doon mangingitlog ang ahas,
lilimliman ang mga ito hanggang mapisa,
doon din magtatagpo mga mag-asawang
buwitre.
16 Buksan ang aklat ni Yawe at basahin:
wala isa man sa mga ito ang mawawala.
Pagkat bibig niya mismo ang nag-utos,
kanyang hininga ang tumipon sa kanila.
17 Siya ang nagpalabunutan para sa kanila,
at para sa kanila'y hinati ng kanyang kamay
ang lupa;
sila ang magmamay-ari nito magpakailan-
man,
sa mga sali't salinlahi'y doon sila maninira-
han.

---

• **34.**1 *34:1. Ang hatol ni Yawe sa Edom. Tingnan ang introduksiyon sa kabanata 24.*
*– 35:1. Ang pagbabalik ng mga itinapon at ang paghahayag sa panahon ng Mesiyas. Tingnan ang paliwanag sa Is 40:4.*

**Pag-uwi ng mga ipinatapon**

**35**

1 Ang ilang at tigang na lupa'y nagagalak,
ang disyerto'y nagsasaya at namumulaklak;

2 puno ng bulaklak, tulad ng uway,
umaawit at sumisigaw sa galak.
Ibinibigay sa kanya ang luwalhati ng Lebanon,
ang karilagan ng Karmel at Sharon.
Nakikita nila ang luwalhati ni Yawe,
ang karilagan ng ating Diyos.

3 Palakasin ang mga nanghihinang mga kamay,
at patatagin ang mahihinang mga tuhod;
4 sabihin sa mga natatakot:
"Lakasan ang loob, huwag matakot;
narito, dumarating na ang inyong Diyos.
Hinihingi niya'y katarungan,
siya ang Diyos na nagbibigay-gantimpala,
at dumarating siya upang kayo'y iligtas."

5 At mamumulat ang mga mata ng mga bulag,
mabubuksan ang mga tainga ng mga bingi;
6 at luluksong gaya ng usa ang mga pilay,
sisigaw sa galak ang dila ng mga pipi.

Sapagkat bubukal ang tubig sa ilang,
aagos ang mga ilog sa disyerto.
7 Ang tigang na lupa'y magiging sapa,
at bukal ng tubig ang uhaw na lupa.
Mga ilang na dating pugad ng mga asong-gubat
ay tutubuan ng damo, tambo at yantok.
8 Doo'y magkakaroon ng magandang daan
na tatawaging Daan ng Kabanalan.
Ang marumi'y hindi doon magdaraan,
at wala ring hangal doong maliligaw.

9 Doo'y walang leon ni mabangis na hayop
kundi ang mga tinubos lamang ang daraan doon.
10 Masayang magsisiuwi ang mga tinubos ni Yawe;
sila'y darating sa Sion nang may awitan,
kasama nilang darating ang galak at tuwa
habang tumatakas naman ang lungkot at hapis.

**Pananakop ni Senakerib**

**36**

• 1 Sa ikalabing-apat na taon ng
paghahari ni Haring Ezekias, nilusob ni Senakerib na hari ng Asiria ang lahat ng napapaderang lunsod ng Juda at sinakop ang mga iyon.

• **36.**1 Inuulit sa sumusunod na dalawang kabanata ang mga kabanata 18 at 19 ng 2 Hari, at isinasalaysay ang paglusob sa Jerusalem ng hukbo ni Senakerib. Ipinapaliwanag ang unang pangyayari sa 2 Hari 18:17.

Narito ngayon ang paliwanag sa ikalawang pangyayari:

Pinalalakas ni Isaias ang paglaban bagamat sa paningin ng tao ay walang makapagtatanggol sa kanila. Ipinangangako niyang mamamagitan ang Diyos,

[2]Mula sa Lakis, sinugo ng hari ng Asiria
ang isa sa kanyang mga heneral, kasama
ng isang malaking hukbo, kay Haring
Ezekias ng Jerusalem. Huminto ang he-
neral sa may padaluyan ng tubig ng Tang-
keng nasa Itaas sa daan ng Bukid ng
Tagapaglaba.
[3]Doon nakipagkita sa kanila ang taga-
pangasiwa ng palasyo, si Eliakim na anak
ni Helkias, kasama ang sekretaryong si
Sobna at ang tagapagtalang si Yoas na
anak ni Asaf.
[4]Sinabi ng heneral sa mga ito: "Sabihin
ninyo kay Ezekias ang mensaheng ito ng
dakilang hari ng Asiria – Ang laki naman
ng tiwala mo! [5]Akala mo'y marunong ka
at may lakas sa labanan, pero magaling
ka lamang sa salita. At sino ang pinana-
nanganan mo sa paghihimagsik sa akin?

[6]Nananangan ka sa Ehipto, isang baling
tungkod na bumubutas sa palad ng naniniin
dito. Ganyan ang Paraong hari ng Ehipto para sa
lahat ng sumasandig sa kanya. [7]Maaari rin
namang sabihin mo sa akin – Kay Yaweng Diyos
namin lamang kami sumasandig. Di ba't kanya
ang mga dambana at mga altar sa burol na inalis
ni Ezekias nang sabihin nito sa mga taga-Juda
at Jerusalem – Sa altar na ito lamang kayo
sasamba? [8]Kaya makipagkasundo ka sa hari ng
Asiria na aking panginoon. Bibigyan kita ng
dalawang libong kabayo kung may sapat kang
mangangabayo; [9]pero ni hindi mo nga kayang
paurungin ang pinakamahinang heneral ng
aking panginoon! Ikaw na sa Ehipto umaasa
para sa mga karwahe at mangangabayo! [10]Sa
akala mo ba'y aahon ako para lusubin at wa-
sakin ang lupaing ito nang walang pahintulot ni
Yawe? Siya mismo ang nagsabi sa akin na
magpunta rito at sakupin ito."
[11]Sinabi nina Eliakim, Sobna at Yoas sa
heneral: "Maaari kayang sa Arameo ninyo ka-
usapin ang inyong mga lingkod dahil iyon ang
naiintindihan namin. Huwag sana kayong mag-
salita sa amin sa Hebreo nang naririnig ng mga
nasa itaas ng pader." [12]Ngunit sinabi ng heneral:
"Sa akala ba ninyo'y sa inyo at sa inyong pangi-
noon lamang ako sinugo ng aking panginoon
upang sabihin ang mga salitang ito at hindi sa
mga taong nakaupo sa pader na kasama nin-
yong kakain ng inyong dumi at iinom ng inyong
ihi?"
[13]Tumindig ang heneral at sumigaw nang
malakas sa wikang Hebreo: "Pakinggan ninyo
ang mga salita ng dakilang hari ng Asiria!
[14]Huwag kayong palinlang kay Ezekias! Hindi
niya kayo maililigtas. [15]Huwag kayong mani-
wala sa kanya kapag sinabi niyang magtiwala
kay Yawe, na kayo'y tiyak na ililigtas ni Yawe at
hindi niya ibibigay ang siyudad na ito sa kamay
ng hari ng Asiria.
[16]Huwag si Ezekias ang pakinggan ninyo
kundi ang hari ng Asiria na nagsasabing –
Makipagkasundo [17] at sumuko kayo sa akin. At
bawat isa sa inyo ay kakain mula sa kanyang
ubasan at puno ng igos, at iigib ng tubig mula sa
kanyang balon, hanggang dumating ako at
dalhin kayo sa isang lupaing tulad ng sa inyo, sa
lupain ng mga trigo at bagong alak, lupain ng
tinapay at ubasan.
[18]Huwag kayong palinlang kay Ezekias na
nagsasabi sa inyo na ililigtas kayo ni Yawe.
Nailigtas ba ng mga diyos ng mga bansa ang
kanilang mga lupain mula sa kamay ng hari ng
Asiria? [19]Nasaan na ang mga diyos ng Hamat at
Arpad? Nasaan na ang mga diyos ng Sefar-
vaim? Nailigtas ba nila ang Samaria sa aking
mga kamay? [20]Sino sa lahat ng mga diyos ng
mga lupaing iyon ang nakapagligtas ng kani-
lang bayan sa aking mga kamay? Paano ngayon
maililigtas ni Yawe ang Jerusalem sa aking mga
kamay?"
[21]Ang lahat ay nanatiling walang imik sa-
pagkat utos ng hari na huwag silang sasagot.
[22]Sina Eliakim, Sobna at Yoas ay bumalik
naman kay Ezekias nang punit ang mga damit,
at sinabi sa kanya ang winika ng heneral.

**Kinonsulta ni Haring Ezekias si Isaias**

**37** [1]Nang marinig iyon ni Haring Ezekias,
pinunit niya ang kanyang damit, nag-
suot ng sako at pumunta sa Bahay ni Yawe.
[2]Pinapunta niya kay propeta Isaias na anak ni
Amos sina Eliakim, Sobna at Yoas at ang mga
matatandang pari na pawang nakadamit ng
sako. [3]Sinabi nila kay Isaias: "Ito ang ipinasa-
sabi ni Ezekias – Ngayon ay araw ng kapig-

---

bagay na naganap sa anyo ng isang epidemya – ang anghel ni Yawe, na pumupuksa sa hukbong Asirio.

Sa 22:8 tinalakay natin ang pagsalungat ni Isaias sa anumang pakikipagkasundo sa malalakas na bansa – parang isang negatibong paninindigan para sa isang maliit na bansang walang kakayahang lumaban. Ang kapangyarihan lamang ng kanyang pananampalataya ang tangi niyang inaasahan dito gaya ng ginawa ni Elias noong unang panahon – at nailigtas niya ang kanyang bansa.

hatian, parusa at kahihiyan, gaya ng kung paa-
nong may sanggol na isisilang ngunit walang
lakas na mailuwal. 4 Nawa'y narinig ni Yaweng
iyong Diyos ang mga salita ng heneral na sinugo
ng kanyang panginoong hari ng Asiria para
kutyain ang Diyos na buhay. Parusahan nawa
siya ni Yaweng iyong Diyos dahil sa kanyang
mga pinagsasabi. Kaya ipanalangin mo ang
iilan sa ating nangalabi."

5 Nang magpunta ang mga opisyal ni Haring
Ezekias kay Isaias, 6 sinabi niya sa kanila: "Sa-
bihin ninyo sa inyong panginoon ang salitang ito
ni Yawe – Huwag matakot dahil sa narinig mong
kalapastanganang pinagsasabi ng mga kampon
ng hari ng Asiria laban sa akin. 7 Makinig ka!
Liligaligin ko siya sa mga balitang kanyang
matatanggap, kaya magbabalik siya sa kanyang
bansa at doo'y mamamatay siya sa tabak."

8 Umuwi nga ang heneral, at dinatnan niya
ang hari ng Asiria na nakikipaglaban sa Libna.
Umalis na sa Lakis si Haring Senakerib, 9 sa-
pagkat nabalitaan niyang lulusubin siya ni
Tarakang hari ng Etiopia upang siya'y labanan.

Kaya muli siyang nagpadala kay Ezekias ng
mga sugong tinagubilinan niya ng ganito:
10 "Sabihin ninyo kay Ezekias na hari ng Juda –
Huwag kang palinlang sa iyong Diyos na ina-
asahan mo, dahil sa sinabi niyang hindi mahu-
hulog ang Jerusalem sa mga kamay ng hari ng
Asiria. 11 Tiyak na narinig mo na kung ano ang
ginawa ng mga hari ng Asiria sa mga lupaing
kanilang winasak. Sa akala mo ba'y maliligtas
ka? 12 Iniligtas ba ng mga diyos ang mga ban-
sang winasak ng aking mga ninuno: ang Gosan
at Haran, ang Resef at ang mga taga-Eden na
nasa Tel-basar? 13 Nasaan ang hari ng Hamat,
ang hari ng Arpad, ang mga hari ng siyudad ng
Sefarvaim, ng Hena at ng Iva?"

14 Kinuha ni Ezekias ang sulat na dala ng mga
mensahero, at pagkabasa'y nagpunta siya sa
Bahay ni Yawe. Inilatag niya iyon sa harap ni
Yawe, 15 at nanalangin sa kanya: 16 "O Yawe ng
mga Hukbo, Diyos ng Israel, nakaluklok sa trono
sa mga kerubin! Tanging ikaw lamang ang
Diyos ng lahat ng kaharian sa lupa, ikaw ang
may gawa ng langit at lupa.

17 Makinig ka, Yawe, at ako'y dinggin.

Buksan ang iyong mga mata at tumingin.

Pakinggan ang mga salitang ipinadala ni
Senakerib para lapastanganin ang Diyos na
buhay.

18 Totoo nga, Yawe, na nilipol ng mga hari ng
Asiria ang lahat ng bansa at mga lupain.
19 Inihagis nila sa apoy ang mga diyos ng mga
iyon, sapagkat hindi naman tunay na mga diyos
kundi mga kahoy at batong likha lamang ng
kamay ng tao. 20 Ngayon, O Yaweng Diyos
namin, iligtas mo kami sa kanyang kamay,
upang malaman ng lahat ng kaharian sa lupa na
tanging ikaw lamang, Yawe, ang Diyos."

**Ang mahimalang pagpapalaya sa Jerusalem**

• 21 At ipinasabi ni Isaias kay Ezekias:
"Ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng Is-
rael – Dahil nanalangin ka sa akin tungkol
kay Senakerib na hari ng Asiria, 22 ganito
naman ang sinasabi ni Yawe laban sa
kanya:

Minamata ka at pinagtatawanan ng Dalagang si Sion,
umiiling sa likuran mo ang Dalagang si Jerusalem.

23 Sino'ng nilapastangan mo?
Sino'ng pinagtaasan mo ng boses at kilay?
Ang Banal ng Israel!

---

• **37.**21 Mahalagang bigyang-diin ang mga sumusunod sa propesiya ni Isaias:

– Hindi masisikmura ng Diyos ang kapalaluan ng mga makapangyarihan; sa paghamak sa mga abang nananalig sa Diyos, ang Diyos mismo ang kanilang hinahamak.

– Kalakip sa pangakong pagpapalaya ang pangako sa muling pagtatayo sa bansa. Pagkaraan ng pagsubok, ang mga natirang buhay ay magiging parang isang bagong halaman.

Kung susuriin natin ang kasaysayan ng daigdig, makikita natin kung paanong pinangangalagaan ng Diyos ang mga bayang walang tagapagtanggol at ang mga grupong nananatiling tapat sa kanilang misyon. Higit kaysa sino pa man, nararanasan ng Iglesya ang ganitong pagtatanggol kapag ito'y nagiging maliit na grupong pinag-uusig.

24 Nilapastangan mo ang Panginoon sa pamamagitan ng iyong mga sugo;
sapagkat sinabi mo –
Sa napakarami kong mga karwahe,
naakyat ko ang napakataas na mga bundok,
ang pinakamatayog na pook ng Lebanon.
Pinutol ko ang pinakamatataas niyang sedro,
ang pinakamagagandang mga sipres.
Narating ko ang pinakamalalayong tuktok,
at ang pinakamainam na kagubatan.
25 Naghukay ako ng mga balon at uminom,
tinuyo ng mga talampakan ko ang lahat ng ilog ng Ehipto.

26 Hindi mo ba narinig na itinakda ko ito noon pang una?
Ang binalak ko noon ay isasagawa ko ngayon –
gibain ang napapaderang mga lunsod,
at gawing bunton ng mga guho.

27 Nanlulupaypay ang mga tagaroon,
gulung-gulo at nasisiraan ng loob
tulad ng damo at murang halaman,
ng damo sa mga bubungan,
na munti pa'y tuyot na.

28 Alam ko kung kailan ka tumatayo o umuupo,
at kung kailan ka galit sa akin.
29 Dahil sa galit mo sa akin
at dahil narinig ko ang kayabangan mo,
ilalagay ko ang aking kawit sa iyong ilong
at ang aking bokado sa iyong bibig,
at pababalikin kita sa daang iyong pinanggalingan.

30 Ito ang magiging tanda para sa iyo,
Ezekias. Sa taong ito'y kakanin mo ang
anumang natira sa pag-aani, at sa susu-
nod na taon nama'y ang anumang kusang
sumisibol. Ngunit sa ikatlong taon ay
maghahasik kayo at mag-aani, magta-
tanim ng ubas at kakain ng bunga nito.

31 May malalabi sa bayan ng Juda na
muling mag-uugat sa ilalim at mamu-
munga sa ibabaw.
32 Sapagkat may mala-
labi mula sa Jerusalem at may mga nati-
rang buhay na magmumula sa Bundok
Sion. Ang selosong pag-ibig ni Yawe ng
mga Hukbo ang magsasakatuparan nito.
33 Kaya ito ang sinasabi ni Yawe tungkol sa
hari ng Asiria. Hindi siya makapapasok
sa lunsod na ito, ni hindi makatutudla isa
mang palaso. Hindi niya ito malulusob
nang may mga toreng de-gulong ni ma-
kukubkob ito.
34 Hindi nga siya makapapasok sa siyu-
dad na ito, babalik siya sa daang pinang-
galingan. Ito ang sabi ni Yawe.
35 Ipagtatanggol ko ang lunsod na ito, at
ililigtas alang-alang sa aking sarili at kay
David na aking lingkod!"
36 Nang gabi ring iyon ay lumabas ang
Anghel ni Yawe at pinatay ang sandaan
walumpu't limang libong lalaki sa kampo
ng mga Asirio. Kinaumagahan ay bang-
kay na lamang ng mga iyon ang nagisnan
ng buong bayan.

37 Kaya lumisang pauwi si Senakerib na hari
ng Asiria, at nanirahan sa Nineve.
38 Isang araw,

samantalang sumasamba siya sa templo ng kanyang diyos na si Nisrok, pinatay siya sa tabak ng kanyang mga anak na sina Adramelek at Sareser na nagsitakas naman sa lupain ng Ararat. Hinalinhan siya bilang hari ng kanyang anak na si Asaradon.

**Pagkakasakit at paggaling ni Ezekias**

**38** • 1 Nang mga araw na iyon, nagka-
sakit nang malubha si Ezekias, at
nasa bingit na ng kamatayan. Pinuntahan
siya ni propeta Isaias na anak ni Amos, at
sinabi: "Ito ang sabi ni Yawe – Isaayos mo
ang iyong sambahayan sapagkat mama-
matay ka, hindi ka na gagaling."
2 Tumalikod si Ezekias at humarap sa
dingding at nanalangin kay Yawe: 3 "Yawe,
alalahanin mong lumakad ako sa harap
mo nang buong puso't katapatan, ginawa
ko ang nakalulugod sa iyong paningin."
At buong kapaitang umiyak si Ezekias.
4 At dumating kay Isaias ang salita ni
Yawe: 5 "Pumunta ka kay Ezekias at
sabihin sa kanya – Ito ang sabi ni Yaweng
Diyos ng iyong amang si David: Narinig
ko ang iyong dalangin at nakita ang iyong
mga luha. Daragdagan ko ng labinlimang
taon pa ang iyong buhay, 6 at ililigtas kita
at ang lunsod na ito mula sa kamay ng
hari ng Asiria. Ipagtatanggol ko ang siyu-
dad na ito.
7 At ito ang tanda ni Yawe para sa iyo na
tutuparin niya ang kanyang ipinangako –
8 Masdan mo, ang aninong likha ng araw
sa hagdanan ng palasyo ni Ajaz ay pau-
urungin ko nang sampung baitang na
ipinanaog nito." At ang liwanag ng araw
ay pumanhik nga nang sampung baitang
sa hagdanan.
21 Pagkaraa'y sinabi ni Isaias: "Magdala
kayo ng pinatuyong bunga ng igos, at
ipahid sa sugat ni Ezekias, at siya'y
gagaling."

**Awit ni Ezekias**

9 *Ang awit ni Ezekias na hari ng Juda,*
*pagkatapos niyang gumaling sa sakit:*

10 Minsang sinabi ko,
ako'y yayao sa katanghalian ng aking buhay,
pinapupunta ako sa lupain ng mga patay
para sa nalalabi ko pang mga taon.

11 Sabi ko: di ko na makikita pang muli si Yawe,
si Yawe sa lupain ng mga buhay,
hindi ko na mamamasdan pa ang tao,
di na makakapiling pa
ang mga nasa daigdig na ito.

12 Ang tahanan ko, tulad ng tolda ng pastol,
ay hinila at itinapong malayo sa akin.
Gaya ng manghahabi,
binilot mo ang aking buhay,
ginupit mo ang mga sinulid,
at inalis ako sa habihan.
Tinatapos mo ang aking buhay
mula umaga hanggang gabi.

13 Dumaraing ako hanggang umaga;
parang leon ay binali niya
ang lahat kong mga buto.
Tinatapos mo ang aking buhay
mula umaga hanggang gabi.

14 Parang layang-layang akong sumi-siyap,
parang kalapating dumaraing,

---

• **38.**1 Maaaring naganap ang pangyayaring ito bago pa ang paglusob noong 701. Makikita natin dito na may sakit si Haring Ezekias at lubhang nababahala sa kanyang kalusugan.

Nag-alok si Isaias ng pagpapagaling sa ngalan ng Diyos, kasama ang pangakong pangangalagaan at ipagtatanggol ang Banal na Siyudad. May mas malawak na pananaw si Yawe kay Ezekias. Sa pagpapagaling kay Ezekias, ang kanyang plano ng pagliligtas para sa lahat ang layunin ng Diyos.

Ang "awit ni Ezekias" ay isang salmo ng pasasalamat gaya ng iba pang nasa Aklat ng mga Salmo. Inihahayag nito ang malalim na damdamin ng mga mananampalataya ng Matandang Tipan: para sa kanila, ang kamataya'y nangangahulugan ng pagkawala ng lahat-lahat, at sinisikap nilang kumbinsihin ang Diyos na wala siyang mapapakinabang kung papaglalahuin niya magpakailanman ang kanyang mga lingkod.

nanlalabo ang aking mga mata
sa pagtingala ko sa langit:
O Panginoon, ako'y naliligalig,
halika't tulungan mo ako!

15 Ngunit paano ako makapagsasalita,
at anong sasabihin ko sa kanya
kung siya mismo ang gumawa nito sa akin?
Habang buhay kong dapat pasanin
ang pighating ito ng aking kaluluwa.

16 Panginoon, ibalik ang aking kalusugan,
ibalik ang aking buhay!
17 Pumayapa ang aking pamimighati;
hinango mo ang aking kaluluwa
mula sa hukay ng pagkabulok;
itinapon mo sa iyong likuran
ang lahat kong kasalanan.

18 Pagkat hindi makapagpapasalamat ang mga patay,
hindi makapagpupuri sa iyo ang Kamatayan.
Ang mga pumupunta sa hukay
ay di makaaasa sa iyong katapatan.
19 Tanging ang nabubuhay,
ang nabubuhay nga lamang ang makapagpupuri sa iyo
tulad ng ginagawa ko ngayon.
Ituturo ng mga magulang sa kanilang mga anak
ang iyong katapatan.

20 O Yawe, halika't iligtas mo ako!
Kami'y aawit sa saliw ng alpa
sa Bahay ni Yawe
sa lahat ng araw ng aming buhay!

**Embahada ng Babilonia**

39 • 1 Nang panahong iyon, ang hari
ng Babilonia na si Merodak-Bala-
dang anak ni Baladan ay nagpadala ng
mga sulat at regalo kay Ezekias nang
mabalitaan niya ang pagkakasakit at pag-
galing nito.
2 Ikinatuwa ito ni Ezekias, at ipinakita
sa mga sugo ang kanyang kabang-
yaman: ang mga pilak, ginto, pabango at
mamahaling langis, pati ang lahat niyang
sandata at lahat ng laman ng kanyang
mga bodega. Wala isa man sa kanyang
palasyo o kaharian na hindi ipinakita ni
Ezekias sa kanila.
3 Nakipagkita si Isaias kay Ezekias at
nagtanong: "Anong sabi ng mga taong
iyon, at saan sila galing?"
Sumagot si Ezekias: "Galing sila sa
isang malayong lupain – sa Babilonia."
4 Tanong pa ng propeta: "Anong nakita
nila sa iyong palasyo?" Tumugon si Eze-
kias: "Nakita nila ang lahat sa aking pa-
lasyo. Wala isa man sa aking yaman na
hindi ko ipinakita sa kanila."
5 Kaya sinabi ni Isaias kay Ezekias:
"Pakinggan mo ang salita ni Yawe ng mga
Hukbo – 6 Tiyak na darating ang araw na
lahat ng laman ng iyong palasyo at lahat
ng tinipon ng mga magulang mo hang-
gang sa araw na ito, ay hahakutin sa Babi-
lonia. Walang matitira. 7 Ang ilan sa iyong
mga inaanak na sarili mong laman at
dugo na isisilang sa iyo ay tatangayin din
at magiging mga eunuko sa palasyo ng
hari ng Babilonia."
8 Sinabi ni Ezekias kay Isaias: "Mabuti
ang salita ni Yawe na iyong sinabi," sa-
pagkat naiisip niya: "Magkakaroon pa rin
naman ng kapayapaan at kapanatagan sa
aking panahon.

• **39.**1 Galing sa 2 Hari 20 ang huling pangyayaring ito na isinasalaysay ng aklat ni Isaias. Binibigyang-diin nito ang kasamaang-ugali ng mga kaibigan ni Isaias.

Nagpatuloy si Isaias sa pagiging lingkod ng Diyos, laging matapat sa kanyang pananampalataya. Ngunit para namang naging makasarili pa at walang pakialam si Ezekias sa kabila ng kabutihang ginawa sa kanya ng Diyos.

Maaaring may magtanong kung bakit ang kanyang anak na si Manases ang naging pinakamalupit na kaaway ng pananampalataya sa mga hari ng Juda.



# AKLAT NG KAGINHAWAHAN

### *Ang Oras ng Diyos na Manunubos*

Ang sumusunod na mga kabanata ay tungkol sa mga pangyayaring nakatulong sa mga Judiong itinapon sa Babilonia na makauwi sa kanilang bayan. Isinasalaysay ang mga pangyayaring ito sa huling bahagi ng Aklat ng Mga Hari at sa simula ng Aklat ni Esdras.

Isang bagong pagpapalaya ang parang tinatalakay ng aklat na ito, isang pag-uulit sa naganap sa simula ng banal na kasaysayan, nang ilabas ng Diyos ang kanyang bayan mula sa Ehipto. Ngunit sa pagkakataong ito'y mas magandang gamitin ang salitang PAGTUBOS.

Nasa kahulugan ng salitang Pagtubos ang pagliligtas; at higit sa lahat, isinasaad nito na may tao o bayang nawala na inililigtas.

Ang *Diyos na Tagapagpalaya* ay dumating para hanapin ang isang bayang hindi nakakikilala sa kanya at sa kanilang sarili. Ni hindi pa nga isang bayan ang mga taong ito na inilabas niya mula sa Ehipto. Bago para sa kanila ang Diyos at sila nama'y bago rin para sa kanya. Ngunit ang *Diyos na Manunubos* ang siyang umaakay sa isang bansang wasak at nagwaldas sa sarili nitong yaman. Nagsasalita siya sa isang bayang makasalanan na matapos siyang makilala ay sumuway sa kanya hanggang sa sila'y mapahamak.

Nasasaad sa salitang Pagtubos ang nag-uumapaw na pag-ibig ng Diyos na personal na yumuyuko patungo sa taong mapaghimagsik, nawala, pinatanda at pinagkasakit ng sariling pagkakasala. Pinagagaling niya ito, binibigyang-pag-asa, at itinuturo ang kahulugan ng kanyang mga pagdurusa. Nasa pinakasentro ng aklat na ito na iniukol para sa *Diyos na Manunubos ang larawan ni KRISTO, ANG TAONG MANUNUBOS.*

Kaya naman nang magbalik sa lupang tinubuan ang mga Judiong may mas malinaw nang pagkakilala sa kanilang mga pagkakasala, nagsimula silang tumanaw sa mga bagong pag-asang iniaalok sa kanila ng Diyos na nagpapatawad. Hindi lamang nila itatayo nang panibago ang kanilang bansa kundi magiging mga kasangkapan din sila ng UNIBERSAL NA PAKIKIPAGKASUNDO ng tao sa Diyos at ng mga tao sa isa't isa.

### *Mga Pangyayaring Pangkasaysayan*

Itinapon ang mga Judio sa Babilonia at naliwanagan nila ang aral nina Jeremias at Ezekiel. Alam nila na sila ang nalabing pagmumulan ng bayan ng Israel na muling bubuhayin ng Diyos. Ngunit wala silang magagawa kundi hintayin ang oras ng Diyos.

Gaya ng makikita sa Biblia, nagpapadala ang Diyos ng mga propeta kapag may maha-

**Aliwin ang aking bayan**

**40**

• [1] Aliwin, aliwin ang aking bayan,
sabi ng iyong Diyos.
[2] Kausapin ang Jerusalem,
kausapin ang kanyang puso,
sabihing tapos na ang kanyang paninilbihan,
nabayaran na ang kanyang kasalanan,
tinanggap niya sa kamay ni Yawe
ang dobleng parusa sa lahat niyang pagkakasala.

• **40.**1 Buong ingat na isinasalaysay ng propeta ang pagkakatawag sa kanya. Bilang si Isaias, ipinakilala siya sa Sanggunian sa Langit, kung saan nagpapasya ang Diyos na napalilibutan ng kanyang mga anghel. Doon inihahayag sa kanya ang isang mahiwagang bagay.

*Kausapin ang Jerusalem, at sabihing nabayaran na ang kanyang kasalanan.* Pinatawad na ni Yawe ang kanyang bayan. At kaya naman muli niya silang itatatag sa Lupang Pangako. Hindi sila dapat magulat sa lakas ng Babilonia. *Ang lahat ng laman ay parang damo:* nangangahulugan ito na ang tanyag na lunsod ay gawa lamang ng tao at lilipas gaya ng mga ambisyon ng tao (tingnan Jaime 1:10); ngunit lagi namang magkakatotoo ang mga pangako ni Yawe.

halagang bagay na nagaganap. Sinusugo niya sila para ipaliwanag ang mga pangyayari at ituro ang daan. Para sa Israel na itinapon, si Cirong hari ng Persia "ang mahalagang pangyayari." Noong taong 549 naghimagsik si Ciro laban sa mananakop na mga Medo. Makaraan ang limang taon, tinipon niya sa ilalim ng kanyang kapangyarihan ang mga Medo at mga Persa, at makaraan ang lima pa uling taon ay sinakop niya ang Lidia. Isang huling partido na lamang ang natitira sa pakikipag-agawan sa unang lugar: ang pakikipagharap sa Babilonia.

Kaya mula sa mga Judiong umalis sa kanilang bayan, isang dakilang propeta na di kilala ang pangalan ang lumitaw nang panahong iyon. Sa paglubha ng kalagayang pampulitika, ipinahayag sa kanya ng Diyos ang oras ng pagpapalaya.

Bukod dito, isa pang misteryo ang ipinagpapauna ng Diyos: pinatawad na ngayon ni Yawe ang kanyang bayan, binura na ang kanilang mga nakaraang kuwenta, at idineklara ang nalalapit niyang pagdating. Ito ang mga pundasyon ng maligayang mensaheng inilagay kasunod ng mga propesiya ni Isaias at bumubuo sa mga kabanata 40-55 ng tinatawag na "Aklat ni Isaias".

### *Mensahe ng Kaginhawahan*

Ito ang mensaheng *Mabuting Balita,* na sinasabing *Ebanghelyo* sa wikang Griyego. Ipinahahayag ng propeta sa kanyang mga kasamahan ang unang Ebanghelyong ito na larawan ng darating na Ebanghelyong kasunod nito. Narito ang buod:

– Inaanyayahan niya silang sumampalataya: hindi natalo si Yawe sa pagkawasak ng kanyang bayan. Siya ang tanging Panginoon ng sanlibutan at siya ang namamahala sa kasalukuyang mga pangyayari.

– Tinatawagan niya silang umasa: kailangang maging handa sila sa pagbabalik sa Jerusalem at itayo iyong muli dahil doon makakatagpo ng sangkatauhan ang Diyos.

– Wala siyang kapaguran sa pagpapahayag sa kanila ng pag-ibig at kalinga ni Yawe, na katulad ng sa isang ina.

Sa mga tulang bumubuo sa aklat na ito, namumukod ang tungkol sa lin*gkod ni Yawe:* 42:1; 49:1; 50:4; 52:13. Inilalarawan dito sa atin ng propeta kung paanong ipinakikipagkasundo ng Diyos ang daigdig sa pamamagitan ng katapatan ng isang *lingkod* na kumakatawan kay Kristo, sa bayan ng Diyos, at sa di-mabilang na inosenteng biktima ng daigdig na ito.

3 Isang tinig ang sumisigaw:
"Ihanda sa ilang ang daraanan ni Yawe,
gumawa ng patag na daan sa disyerto
para sa ating Diyos.
4 Patataasin ang bawat lambak,
pabababain ang bawat bundok at burol,
papatagin ang mga batong kinatitisuran,
papantayin ang lupang lubak-lubak.
5 Ang kaluwalhatian ni Yawe ay mahahayag,
at makikita ng lahat ng tao,
sapagkat si Yawe ang nagsabi."

6 Isang tinig ang nagsasabi: "Sumigaw!"
Sumagot ako: "Ano'ng isisigaw ko?"
"Ang lahat ng laman ay parang damo,
at lahat ng ganda ninyo'y bulaklak sa parang.
7 Natutuyo ang damo, nalalanta ang bulaklak,
kapag hinipan ng hininga ni Yawe.
(Ang tao ang damo.)
8 Natutuyo ang damo, nalalanta ang bulaklak,
ngunit nananatili magpakailanman ang salita ng ating Diyos."

9 Umakyat ka sa mataas na bundok, tagapagbalita sa Sion.
Ilakas ang iyong tinig,
huwag matakot sumigaw nang malakas, tagapagbalita sa Jerusalem;
sabihin sa mga lunsod ng Juda: "Narito na ang inyong Diyos!"
10 Masdan, narito na nga si Yaweng Panginoon,
dumarating nang may kapangyarihan,
makapangyarihan ang kanyang bisig,
dala niya ang kanyang napanalunan,
nasa harap niya ang kanyang nasamsam.

---

Inatasan ang mga anghel na ihanda ang pagbabalik ng mga itinapon. Papatagin para sa kanila ang tigang at mapanganib na daan sa disyerto. Magbabalik silang matagumpay. Para sa lahat ng laman, ibig sabihi'y para sa lahat ng tao sa daigdig, magiging hayag na hayag ang mga kahanga-hangang bagay kaya madidiskubre nila ang kaluwalhatian ng iisang Diyos at makikilala nila si Yawe.

Hindi limitado ng panahon at espasyo ang mga salita ng propeta at nangungusap siya sa bagong komunidad na isisilang, upang ipahayag sa kanila ang *Mabuting Balita.* Dito lumilitaw ang mga salitang ito sa kauna-unahang pagkakataon sa Biblia.

Isa pang bagong salita ang *aliwin*. Hindi ito nangangahulugan sa Biblia na inihahatid tayo ng Diyos sa pagsuko o nagiging mga tagapanood na lamang tayo sa mga nangyayari kundi binubuhay niya ang ating loob para maipagpatuloy natin ang ating misyon. Kaya nga sa sumusunod na mga kabanata, hinihimok ng propeta ang mga Judio para magbalik kahit na mahirap iyong gawin. At lalo na sa mga sulat ni Pablo, maraming beses na matatagpuan ang mga salitang *konsuwelo* at *aliwin*. Ngunit tulad ng iba pang mga awtor ng Biblia, sa pag-alaala sa mga pangako ng Diyos, inaanyayahan niya tayong matiyagang makipaglaban sa mga puwersa ng kasamaan.

*Ihanda sa ilang ang daraanan ni Yawe.* Nakita ng propeta si Yawe na nangunguna sa kanyang bayan para ihatid sila sa kanilang lupang tahanan magpakailanman. Ngunit nang makabalik sa Palestina ang mga itinapon, naunawaan nilang hindi nila natagpuan ang Diyos o ang lupang tahanan magpakailanman: may kulang pa, na magaganap lamang makaraan ang mga dantaon. At sa takdang panahon, lumitaw nga si Juan Bautista na nangangaral sa disyerto at kasunod niyang dumating ang Diyos "para makita ng lahat ng tao," gaya ng sinasabi sa Ebanghelyo (Lucas 3:4).

11 Tulad ng pastol, inaalagaan niya ang kawan
at tinitipon sa kanyang bisig,
kinakalong ang mga batang tupa,
mabanayad na inaakay ang mga bagong panganak.

**Ang Diyos na dakila**

• 12 Sinong nakatakal sa tubig ng dagat sa kanyang pinalukong na palad,
o nakadangkal sa lawak ng langit?
Sinong nakabilang sa alabok ng lupa?
Sinong nakatimbang sa kabundukan at nakakilo sa kaburulan?
13 Sinong lubos na nakaunawa sa espiritu ni Yawe
o nakapagturo sa kanya bilang tagapayo?
14 Sino ang sinangguni ni Yawe upang siya'y tanglawan,
para turuang mamahala nang may katarungan
at ipaalam sa kanya ang kaalaman?
15 Ang mga bansa'y tila patak ng tubig sa timba,
tila alikabok sa timbangan.
Tinitimbang niya ang mga pulo
na parang alikabok na pino.
16 Hindi sapat ang Lebanon para sindihan ang siga,
ni mga hayop nito bilang susunuging handog.
17 Lahat ng bansa'y bale-wala sa harap niya;
pawang walang saysay, walang kabuluhan
sa kanyang mga mata.
18 Kung gayo'y kanino ninyo ihahambing ang Diyos?
Sa anong larawan ninyo siya ikukumpara?

19 Sa isang estatuwang gawa ng panday,
na binalutan ng ginto ng mag-aalahas,
at pinalamutihan ng mga kadenang pilak?
20 O sa isang kahoy na di binubukbok,
pinili't pinait ng magaling na manlililok,
ginawang imaheng hindi gumagalaw?

21 Hindi ba ninyo alam, hindi ba ninyo narinig?
Hindi ba nasabi sa inyo sa pasimula?
Hindi ba ninyo nauunawaan ang kalagayan ng daigdig?
22 Nakaupo siya sa itaas ng bilog ng mundo,
at mula roo'y parang langgam ang mga tao.
Inilalatag niyang parang tela ang langit,
inilaladlad na parang toldang tirahan;
23 ginagawa niyang wala ang mga prinsipe,
at parang wala ang mga pinuno ng daigdig.
24 Katatanim at kahahasik pa lamang,
kapag-uugat pa lamang sa lupa,

---

• 12. Sa mga sumusunod na kabanata, mababasa ang iba pang mga tulang nahahawig dito. Binibigyang-diin nito ang kadakilaan ni Yaweng-Manlilikha. Hindi tayo dapat magtaka sa ganitong pagbibigay-diin. Inu-ulit ng propeta ang parehong mga argumento laban sa mga diyus-diyusan, hindi lamang para kumbinsihin tayo kundi masiyahan sa pag-uulit sa parehong papuri sa Iisang Diyos.

Walang templo o organisadong pagsamba ang mga Judio sa Babilonia. At nakita nila roon ang karangyaan ng pagsamba ng mga pagano. Ipinapakita ng maharlikang lunsod ang superyoridad ng kanilang mga diyos at ng kanilang tanyag na mga templo. Noon sa pagkakapangalat sa mga banyagang bansa, nadiskubre ng mga Judio na magagawang sakupin ng kanilang pananampalataya ang daigdig: sila lamang ang nakaaalam ng pinagmulan ng sanlibutan at ng pinatutunguhan ng kasaysayan.

Ang presensya ng Diyos na nagliligtas sa kanila at nag-aatas na mamuhay sila sa isang lipunang nakatatag sa katarungan ang una nilang naranasan. At saka nila naunawaan na si Yaweng kanilang Diyos ay walang iba kundi ang Panginoon ng sanlibutan at ng mga batas nito, ang Diyos ng lahat ng tao. Mula noo'y nadama nilang kailangan nilang ibigay sa daigdig ang liwanag na magliligtas dito.

May makikita siguro tayong aral dito na kailangan pa natin, dahil napakaraming tao ang lubhang nagiging interesado kay Kristo nang hindi naman binibigyang-halaga kung sino siya. Bale-wala sa kanila kung sino nga ba si Jesus ayon sa kasaysayan na inilalahad ng mga ebanghelyo at nasisiyahan na sila sa kanyang larawang namumukod-tangi siya sa lahat ng tao. Ngunit alam ng taong naturuan ng makabagong siyensiya na kaisa siya ng buong sanlibutan, na iisang pagkilos, iisang batas ang nagpapagalaw sa mga bituin, sa mga atom, at hanggang sa pagtibok ng kanyang puso. Hindi sapat para sa ganitong tao ang isang Kristong "unang rebolusyonaryo," ni ang isang Kristong "dakilang idealista," o Kristong "superman." Hindi niya ipauubaya ang sarili kay Kristo hanggang hindi niya nakikita na mas dakila siya sa daigdig, at kung hindi niya siya masasamba bilang ang Maykapal na naging tao.

Nagsisimula rito ang propeta sa paglalahad ng saklaw at hiwaga ng sangnilikha: ang sanlibutang nakikita natin sa gabing maraming bituin. Pero nagpapatuloy siya at sinasabing ang Diyos-Maykapal ay kumikilos sa mga pangyayari. Nagbibigay-buhay siya sa sumasampalataya (40:29) at siya ang nagpapahayag ng kanyang plano ng pagliligtas (41:2).

sila'y kanyang hinihipa't nilalanta,
at parang dayaming tinatangay ng malakas na hangin.
25 Kaya nga sinasabi ng Banal:
"Kanino ninyo ako itutulad?
O sino ang aking kapantay?"
26 Tumingala kayo at tingnan ang langit:
sino'ng lumikha ng lahat ng ito?
Siya, siya mismo ang nagpalitaw sa kanyang hukbo
ng mga bituing isa-isang tinawag sa pangalan
Dahil sa kanyang lakas at kapangyarihan,
wala isa man sa mga ito'ng nawawala.
27 Paano mo masasabi, O Jacob,
paano mo maidaraing, O Israel:
lingid kay Yawe ang aking hantungan,
hindi pansin ng Diyos ang aking kapakanan.
28 Hindi mo ba alam, hindi mo ba narinig?
Si Yawe ang walang hanggang Diyos,
ang Lumikha sa mga dulo ng daigdig.
Hindi siya napapagod at napapagal,
walang hanggan ang kanyang kaalaman.
29 Pinalalakas niya ang mahihina,
pinasisigla ang napapagal.
30 Ang kabataa'y napapagod at napapagal,
natitisod at nabubuwal,
31 ngunit ang mga umaasa kay Yawe ay magpapanibagong-lakas
lilipad silang may pakpak tulad ng mga agila,
tatakbo sila at di mapapagal,
lalakad sila at hindi mapapagod.

**Ciro, tagapagpalaya ng Israel**

**41** • 1 Manahimik sa harap ko, kayong mga pulo;
magpanibagong-lakas ang mga bansa,
magsilapit sa akin at magsalita.
Magkakasama tayong humarap sa hukuman.
2 Sino ang nagpalitaw sa taong ito buhat sa silangan –
binabati siya ng katarungan sa bawat hakbang?
Sino ang nagbigay sa kanya ng mga bansa
at nagpailalim sa kanya ng mga hari?
Sila'y pinaging-alabok ng kanyang tabak,
sa kanyang palaso'y ipang pinangalat.
3 Tinugis niya sila sa mga landas na hindi pa niya nadaraanan,
at siya'y di man lang nasaktan.
4 Sino'ng nagtalaga at gumawa nito?
Ang buhat pa noong una'y tumawag na sa mga sali't salinlahi.
Akong si Yawe ang una
at kasama pa rin nila na mga pinakahuli – ako siya.
5 Nasaksihan ito at kinatakutan ng mga isla;
nanginig ang dulo ng daigdig.
(Dumating sila at lumapit, 6 sila-sila'y nagtu-
tulungan at nagpapayuhan: "Lakasan ang
loob." 7 Kaya naman pinasisigla ng panday ang
manlililok, ng tagapukpok ang taga-ukit, at si-
nasabi tungkol sa paghihinang: "Magaling." At
ipinapako na ito para hindi magalaw.)

**Pag-asa sa isang bagong simula**

• 8 Ngunit ikaw, Israel na aking lingkod,
ikaw, Jacob na aking hinirang,
ikaw, lahi ni Abraham na aking kaibigan –
9 kinuha kita mula sa dulo ng daigdig,
tinawag buhat sa pinakamalalayong sulok, at sinabi kong
"Ikaw ang aking lingkod, hinirang kita at di ko itinakwil –

---

• **41.**1 Ipinakikita ng mga unang berso ng tula (1-3) si Ciro na nagtatagumpay sa pananakop sa Gitnang Silangan. Noong mga unang panahon, padala ni Yawe ang mga haring pagano para parusahan ang kanyang bayan. Ngayon, isa sa mga ito ang hinirang ni Yawe para iligtas ang kanyang bayan. Isa itong aral ng kapakumbabaan para sa mga mananampalataya: inililigtas sila ng Diyos sa pamamagitan ng isang di sumasampalataya na ginawa niyang kanyang instrumento. Hindi ang mga santo o mga mananampalataya ang laging pinipili ng Diyos para palayain ang mga bansa.

Wala sa lugar ang mga berso 6-7 na tungkol sa idolatriya, gaya ng 40:19-20.

• 8. Sa loob ng mga dantaon, nilingon ng mga Judio ang kanilang nakaraan at patuloy na pinalawak ang gunita ng mga kababalaghang ginawa ng Diyos sa pag-alis nila sa Ehipto. Ngayon, kailangan naman nilang tanawin ang hinaharap. Isang bagong paglisan ang inihahanda at ngayo'y mula ito sa Babilonia. Mas dakilang mga kababalaghan ang kasabay nito kaysa naganap sa unang Exodo.

Patuloy ang Biblia sa paglalahad ng mga ekstraordinaryong pag-asa sa gitna ng mga ordinaryong pangyayari. Ang totoo'y maliliit na grupo ang magbabalik sa Palestina, walang ibang himala kundi ang kanilang matiyagang pananampalataya.

[10] huwag kang matakot pagkat ako'y sumasaiyo,
huwag manlupaypay pagkat Diyos mo ako;
bibigyan kita ng lakas at tutulungan,
aalalayan ka ng kanang kamay ng aking katarungan.

[11] Mapapahiya ang lahat ng sa iyo'y napopoot,
lilipulin ang lahat ng sa iyo'y lumalaban.

[12] Hahanapin mo ang iyong mga kaaway ngunit wala kang makikita;
ang lahat ng lumalaban sa iyo ay ganap na lilipulin.

[13] Pagkat ako si Yaweng Diyos mo,
hawak ko ang iyong kanang kamay
at sinasabi: "Huwag kang matakot, tutulungan kita."
[14] Huwag kang matakot, Jacob, kawawang uod,
at kayong mga taga-Israel,
pagkat ako mismo ang tutulong sa inyo,"
sabi ni Yaweng Banal ng Israel na inyong Manunubos.

[15] Gagawin kitang isang kalaykay na bago,
matalas at may dobleng hilera ng mga ngipin,
kakalaykayin mo at dudurugin ang mga bundok,
gagawing simpino ng ipa ang mga burol.

[16] Bibithayin mo ang mga iyon,
tatangayin ng hangin at pangangalatin ng unos.
Ngunit ikaw ay magagalak kay Yawe
at sa Banal ng Israel magpapakadakila.

[17] Naghahanap ng tubig ang dukha at nagdarahop,
ngunit walang matagpuan:
tuyung-tuyo ang kanilang dila sa uhaw.
Ngunit pakikinggan ko sila –
ako si Yawe; hindi ko sila pababayaan –
ako ang Diyos ng Israel.

[18] Paaagusin ko ang mga ilog sa mga panot na bundok,
ang mga bukal sa gitna ng mga lambak;
ang disyerto'y gagawin kong mga sapa,
at mga bukal naman ang tigang na lupa.

---

Anupa't ang tekstong ito'y para din sa ating mga mananampalataya ngayon na may sapat na tapang upang maging higit sa mga tagapakinig lamang sa Iglesya. Kung nagkakaisa tayo sa nangaunting mga komunidad at sinisikap nating bigyang-buhay ang isang iglesyang walang lakas, o itinatalaga natin ang ating sarili sa pagsisikap na maiangat ang lipunang ating ginagalawan, ang Diyos mismo ang nag-aanyaya sa atin na magkaroon ng pag-asa, tiyaga, paniwala at pananalig na bubuti ang lahat.

19 Magtatanim ako sa ilang ng sedro,
akasya, mirto at olibo;
magtatanim ako sa disyerto ng olmos, sipres at pino –

20 upang makita at malaman ng lahat,
kanilang limiin at unawain
na kamay ni Yawe ang gumawa nito,
na ang Banal ng Israel ang lumikha nito.

**Sino ang nagpauna nito?**

• 21 Idulog ang inyong usapin, sabi ni Yawe;
ilahad ang inyong katuwiran, sabi ng Hari ni Jacob.
22 Pumarito ang inyong mga diyos,
upang sabihin nila ang mangyayari.
Alin sa mga naunang pangyayari ang kanilang inihula
upang makinig kami sa kanila
at ipaalam sa amin ang magaganap?
23 Hulaan ninyo ang darating,
sabihin sa amin ang hinaharap
upang malaman namin kung mga diyos nga kayo.
Gumawa kayo ng kahit ano, mabuti man o masama,
upang kami'y matakot o mamangha.
24 Hayan, kayo'y bale-wala,
walang saysay ang inyong mga gawa;
kasuklam-suklam ang pumili sa inyo.
25 Pinalitaw ko siya mula sa hilaga, at siya'y dumarating;
tinawag ko siya sa kanyang pangalan buhat sa silangan.
Niyayapakan niya ang mga pinuno na parang putik,
tulad ng magpapalayok na kinikipil ang putik.
26 Sino ang nagsabi nito sa simula upang ating malaman,
o nagpauna nito upang masabi nating "Totoo nga"?
Walang nagsabi nito, walang nakapagpahayag,
wala ni salita mang narinig sa inyo.
27 Ako ang unang nagsabi sa Sion:
"Hayan, narito na sila!"
at nagpasugo ako sa Jerusalem.
28 Ngunit wala – nang tumingin ako –
wala isa mang tagapayo,
na makasasagot kapag tinanong ko.
29 Lahat sila'y pawang wala,
wala ang kanilang mga gawa,
lahat ng imahen nila'y hangin at kawalan.

**Narito ang aking lingkod**

42

• 1 Narito ang lingkod ko na aking inaalalayan,
ang aking hinirang na kinalulugdan ng aking kaluluwa.
Inilagay ko sa kanya ang aking Espiritu,
at maghahatid siya ng katarungan sa mga bansa.
2 Hindi siya hihiyaw ni sisigaw,
ni magtataas ng tinig sa mga lansangan.

---

• 21. Ipinagdiriwang ng tekstong ito ang dalawang tagumpay ni Ciro. Sa pagbasa sa mga bersong ito, maiintindihan nating alam na ng propeta ang mga tagumpay ng tagapagpalaya bago pa ito naganap at walang sinumang nakahula. Inilalantad ng Diyos sa kanyang mga propeta ang mangyayari sa hinaharap bilang patunay na siya mismo ang tunay na tagapagligtas ng kanyang bayan. Niloob niya ang pagdating ni Ciro mula sa malayo para ibalik ang kalayaan sa mga Judio.

• **42.**1 Nasa mga linyang ito ang una sa *Mga Awit ng Lingkod ni Yawe* (tingnan ang Introduksyon sa aklat na ito). Malamang na ipinagdiriwang ng awit na ito si Ciro na hinirang ng Diyos para iligtas ang bayang Judio. Lumitaw ang mananakop na ito nang dalawang dantaon nang nabubuhay ang Gitnang Silangan sa isang kalbaryong di mailalarawan: walang patid ang digmaan, ang paninikil, mga pagpatay at walang tigil na pagpapahirap, at halos walang humpay sa pagkagutom ng maliliit na bansang dinurog ng Asiria at

3 Hindi niya babaliin ang sirang tambo,
ni papatayin ang sindi ng ilawang aandap-andap.
Palilitawin niya ang katarungan sa katotohanan.

4 Hindi siya mag-uurong-sulong o masisiraan ng loob
hanggang maitatag niya ang katarungan sa lupa.
Hinihintay ng mga pulo ang kanyang batas.

5 Ito ang sabi ni Yaweng Diyos,
ang lumikha at nagladlad ng langit,
ang naglatag ng lupa at mga bunga nito,
ang nagbigay ng hininga sa mga narito
at ng buhay sa lahat ng gumagalaw dito.

6 Akong si Yawe ang tumawag sa iyo dahil sa katarungan.
Hahawakan kita sa kamay at iingatan;
gagawin kitang isang tipan para sa sambayanan
at liwanag sa mga bansa,
7 upang imulat ang mata ng mga bulag,
palayain sa bilangguan ang mga bihag,
at pakawalan sa kulungan ang mga nasa dilim.

8 Ako si Yawe – ito ang aking Pangalan!
Hindi ko ibibigay sa iba ang aking luwalhati,
ni ang papuri sa akin sa mga diyus-diyusan.
9 Nagkatotoo ang una kong sinabi,
at nagpapahayag ako ng mga bago:
sinasabi ko na sa inyo bago pa dumating ang mga ito.

---

Babilonia. Tinipon ni Ciro ang lahat sa isang imperyo, at alam niyang sa paggalang sa kanilang mga paniniwala at sa mga kaugalian ng bawat isa, makukuha niya ang kanilang pagtitiwala.

Nakita ng propeta kay Ciro ang tagapagpasimula ng bagong panahon ng pagpapakilala ng Diyos sa sangkatauhan, at itinuring niya si Ciro na mababa lang nang kaunti sa Mesiyas. Lahat ng sinasabi ng propeta tungkol kay Ciro ay maiuukol kay Kristo, ang tunay na Mesiyas. At pagsapit ng panahon ng Ebanghelyo, makikilala ng mga apostol sa tulang ito ang pagpapahayag tungkol kay Jesus at sa kanyang pagliligtas (Mt 12:18).

*Narito ang lingkod ko.* Higit kaninuman, si Jesus ang tunay na lingkod ng Diyos na kanyang Ama, at dito siya katulad ng kanyang inang si Maria na nagsabing siya ang babaeng lingkod ng Panginoon (Lc 1:38).

*Ang aking hinirang na kinalulugdan.* Ganito ring mga salita ang maririnig sa pagbibinyag kay Jesus at sa kanyang Pagbabagong-anyo (tingnan Jn 1:34, Lc 3:22, Mt 17:5).

*Inilagay ko sa kanya ang aking Espiritu.* Tingnan Is 11:2 at 61:1; Jn 3:34.

*Maghahatid siya ng katarungan sa mga bansa,* ibig sabihi'y pauumpisahan niya sa kanila ang isang bagong kaayusan. *Hindi siya hihiyaw ni sisigaw.* Hindi pamamaraan ng tao gaya ng propaganda, panlilinlang, karahasan ang gagamitin ni Kristo para magligtas; siya ang magiging mapagpakumbabang guro na nilalapitan ng mga naghahanap ng "kapahingahan" (tingnan Mt 11:29).

May paglalaro sa mga salitang *mag-uurong-sulong* at *masisiraan ng loob* sa teksto. Nagpapakita ng pagunawa ang lingkod para sa mga nasiraan ng loob at nag-uurong-sulong, ngunit siya mismo ay hindi nagaatubili, ni nasisiraan ng loob: malakas siya at nakauunawa sa mahihina.

*Tinawag kita upang imulat ang mata ng mga bulag, palayain sa bilangguan ang mga bihag.* Sisimulang iligtas ng lingkod ni Yawe ang Israel. Bibigyan niya ng paningin, ibig sabihi'y ng pananampalataya, ang mga bulag na di naniniwala (tingnan Is 35:5 at 32:3). Ilalabas niya ang mga bihag mula sa bilangguan, ibig sabihi'y mula sa Babilonia. At dahil sa sinira ng bayang mapaghimagsik ang unang pakikipagtipan ng Diyos sa Israel sa Sinai, naghahanda ngayon si Yawe ng isang bagong pakikipagtipan sa isang bayang mananampalataya *upang ipakipagkasundo ko sa akin ang aking bayan* (mas malinaw ang sinasabi ng teksto: *upang gawin kitang tipan sa bayan).*

*Liwanag sa mga bansa* (tingnan Lc 2:32). Alalahanin ang sinabi sa Introduksyon at ang tungkol sa 40:12. Alam ng mga Judiong pinapangalat sa mga banyagang bayan na hindi sila ililigtas ng Diyos ng lahat ng tao nang hindi kaalinsabay ang pakikipagkasundo ng lahat ng bansa.

**Awit ng tagumpay**

• [10] Awitan ng bagong awit si Yawe,
purihin mula sa mga dulo ng daigdig,
ng mga naglalayag sa dagat at lahat ng naroon,
ng mga pulo at lahat ng tagaroon.
[11] Sumigaw ang ilang at mga lunsod,
ang mga nayong tirahan ng Kedar.
Umawit ang mga taga-Sela,
sumigaw sa taluktok ng bundok.
[12] Luwalhatiin nila si Yawe,
at ipahayag sa mga pulo ang kanyang papuri.
[13] Nangunguna si Yaweng tulad ng bayani,
pinupukaw niya ang kanyang galit
tulad ng mandirigma;
isisigaw niya ang hudyat sa labanan,
at magtatagumpay laban sa kaaway.
[14] Matagal na panahong ako'y nagwalang-imik,
ako'y nagtimpi at tumahimik;
ngunit sumisigaw ako ngayon
gaya ng isang babaeng nanganganak,
nangangapos at naghahabol ng hininga.
[15] Iguguho ko ang mga bundok at burol,
tutuyuin ang lahat ng sumisibol doon.
Gagawin kong latian ang mga ilog,
patutuyuin ang mga sapa.
[16] Palalakarin ko ang mga bulag sa daang hindi nila alam;
papatnubayan ko sila sa mga landas na bago sa kanila.
Pagliliwanagin ko ang dilim sa harap nila
at papatagin ang daang mabato.
Ito ang mga bagay na gagawin ko
at hindi ko tatalikdan.
[17] Ngunit mapapaatras at ganap na mapapahiya
ang nananalig sa mga diyus-diyusan
at nagsasabi sa mga estatwa:
"Kayo ang mga diyos namin."

• [18] Makinig kayong mga bingi,
tumingin kayong mga bulag upang makakita!
[19] Sino'ng bulag kundi ang aking lingkod,
sino'ng bingi kundi ang aking sugo?
Sino'ng bulag kundi ang aking pinaaasenso,
sino'ng bingi kundi ang lingkod ni Yawe?

[20] Marami ka nang nakita ngunit di pinansin,
bukas ang iyong tainga ngunit wala kang naririnig.

[21] Niloob ni Yawe alang-alang sa kanyang katarungan,
na gawing dakila't kapuri-puri ang kanyang Batas.
[22] Ngunit ito'y isang bayang ninakawa't sinamsaman;
lahat sila'y nabitag sa hukay
o ikinulong sa bilangguan.
Sila'y naging biktima at walang nagligtas,
inagaw at walang nagsabing "Pauwiin sila!"
[23] Sino sa inyo ang makikinig dito
at isasaalang-alang sa panahong darating?

[24] Sino ang nagbigay kay Jacob sa mananamsam,
at sa Israel sa mang-aagaw?
Hindi ba't si Yawe ang ating pinagkasalahan?
Pagkat ayaw nilang sundan ang kanyang mga daan,
at di sinunod ang kanyang mga kautusan.

[25] Kaya ibinuhos niya sa kanila
ang kanyang nag-aapoy na galit –
ang karahasan ng digmaan.
Naglagablab iyon sa palibot nila,
ngunit di nila naunawaan.
Tinupok sila nito ngunit di pinansin.

**Di ka masusunog sa gitna ng apoy**

**43** [1] Ngunit ngayon ay sinasabi ni Yawe
na lumikha sa iyo, O Jacob,
at humubog sa iyo, O Israel:

---

• 10. Ang mga hakbang ni Ciro ang tagumpay ng Diyos. Lumalakad si Yawe bilang isang mandirigmang Diyos (tingnan Hkm 5:4) ngunit bunsod ng makainang pag-ibig.

Ginugunita ng tula ang misyong ibinigay kay Isaias (6:10). "Kaya lalo mo pa ring papurulin ang ulo ng bayang ito... at sarhan ang kanilang mga mata." Pinatawad ni Yawe at gusto niyang pagalingin ang bayang ito na hindi marunong makakita at tinawag nang bulag sa 42:7. Matapos mapalaya, magiging mga saksi sila ng Diyos na nagliligtas.

May mga pagkakataong para sa ati'y waring mali ang mga propeta sa maraming beses na pagpapahayag na malapit na malapit na ang pagdating ng Diyos, gayong nasa isang yugto lamang sila ng kasaysayan. Ang totoo'y hindi sila lubhang naiiba sa atin sa paniniwala nating makukuha natin ang lahat sa pagwawagi ng isa nating kababayan sa eleksiyon o sa isang laro. Hindi natin kinakalimutan si Kristong tanging tagapagligtas at tanging pag-asa sa pakikisangkot natin sa mga makataong pagsisikap at naaakit ng mga taong tagapagligtas. Kasama nila tayo sa isang parte, at pagkatapos ay saka natin sila iniiwan para magpatuloy na mas una sa kanila kung saan tayo tinatawag ni Kristo.

• 18. Maaaring pamagatang "Mga Taong Pinagsamantalahan" ang mga linyang ito.

"Huwag kang matakot pagkat tinubos kita;
tinawag kita sa iyong pangalan.
Ikaw ay akin!
2 Sa pagtawid mo sa mga tubig,
ako ay sasaiyo.
Sa pagdaan mo sa mga ilog,
hindi ka maaanod.
Sa paglakad mo sa apoy,
hindi ka masusunog,
ni sa liyab ay di maglalagablab.
3 Pagkat ako si Yawe, ang iyong Diyos,
ang Banal ng Israel,
ang iyong Tagapagligtas.
Ibinibigay kong pantubos sa iyo ang Ehipto,
ang Etiopia at Saba bilang kapalit mo.
4 Dahil bukod-tangi ka sa aking paningin,
pinahahalagahan kita at iniibig,
kaya ipagpapalit ko ang maraming tao para sa iyo
at ang mga bayan para sa buhay mo.
5 Huwag kang matakot pagkat ako'y sumasaiyo.
Dadalhin ko ang lahi mo buhat sa silangan
at titipunin ko mula sa kanluran.
6 Sasabihin ko sa hilaga: "Ibigay mo sila!"
at sa timog: "Huwag mo silang pigilin."
Ibalik ang mga anak kong lalaki mula sa malayo,
ang mga anak kong babae mula sa dulo ng mundo –
7 lahat ng tinatawag sa aking pangalan,
lahat ng nilikha ko para sa aking kaluwalhatian,
lahat ng hinubog ko at ginawa.
8 Payaunin ang mga bulag na ito bagamat may mata,
ang mga bingi bagamat may tainga.
9 Tipunin ang mga bansa at bayan.
Sino sa kanila ang makahuhula nito,
ang makapagpapahayag ng mga bagay na darating?
Iharap nila ang kanilang mga saksi
na magpapatunay na sila'y tama,
upang marinig sila at kanilang masabi "Totoo nga".

• 10 "Kayo ang mga saksi ko," sabi ni Yawe,
"kayo ang mga lingkod na hinirang ko
upang kayo'y makaalam at sumandig sa akin,
at maunawaang ako siya –
walang ibang Diyos na nauna sa akin
at wala nang susunod pa.
11 Ako, ako si Yawe,
at walang tagapagligtas liban sa akin.
12 Ako ang nagpahayag,
ang nagligtas at ang nagbunyag,
ako, at hindi ang kung anong banyagang diyos sa inyo.
Kayo ang aking mga saksi," sabi ni Yawe.
13 "At ako ang Diyos, sa araw na ito ri'y ako siya;
walang makapagliligtas mula sa aking kamay,
at walang makapagbabago anumang gawin ko."

**Aawitan ako ng papuri ng aking bayan**

14 Ito ang sinasabi ni Yawe,
ang iyong Manunubos, ang Banal ng Israel:
"Para sa iyo,
nagpapadala ako ng hukbo sa Babilonia
upang ibagsak ang mga pinuno nila,
at sisigaw sa panaghoy ang mga Kaldeo.
15 Ako si Yawe, ang iyong Banal,
ang Lumikha sa Israel, ang iyong Hari."
16 Ito ang sinasabi ni Yawe
na nagbukas ng daan sa dagat,
ng landas sa gitna ng mga alon,
17 na nagpatumba sa mga karwahe at mga kabayo –
isang buong hukbo! –
at naroon silang nabuwal, di na muling babangon pa,
pinatay tulad ng ningas ng mitsa.

---

• **43.**10 Mas lumilitaw ang pagkamatuwid ng Diyos na Nagtatagumpay kaysa naunang mga tula: *Ako, ako nga...* May nagsasabing di maganda ang ganitong "ako" sa bibig ng tao, ngunit angkop nga ito para sa Diyos. Ang "Ako nga" ang pagpapahayag ng Diyos kay Moises sa nagliliyab na palumpong (Ex 3). At maraming beses ding sasabihin ni Jesus, "ako nga," para ipakilala kung sino siya (Jn 8:12).

Ito ang Diyos na nagpapasigla ng kalooban. *Paglakad mo sa apoy, hindi ka masusunog.* Lahat ay posible, kahit na ang mabuhay nang ayon sa Ebanghelyo sa isang materyalistikong kapaligiran.

*Kapalit mo'y ibibigay ko ang maraming tao.* Sa matalinghagang pananalitang ito pinatitibayan ang walang kapantay na pag-ibig ni Yawe sa kanyang mga anak. Sa anumang halaga'y handa siyang ipagkasundo ang bayang kanyang pinili at naligaw dahil sa sarili nilang pagkakamali.

[18]Ngunit huwag kayong mamuhay sa nakaraan,
huwag nang alalahanin pa ang nakalipas.
[19]Gumagawa ako ng isang bagong bagay:
sumisibol na ito ngayon.
Hindi ba ninyo napapansin?
Gumagawa ako ng daan sa ilang,
ng mga ilog sa disyerto.
[20]Pararangalan ako ng mga mabangis na hayop,
ng mga asong-gubat at mga kuwago,
sapagkat binigyan ko ng tubig ang ilang
at ng mga ilog ang disyerto
upang makainom ang bayang hinirang ko.
[21]Itinayo ko ang bayang ito para sa aking sarili
upang ipahayag ang kanilang papuri.

**Ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahi mo**

• [22]Hindi ka tumawag sa akin, Jacob;
sawa ka na sa akin, Israel.
[23]Wala kang dinadalang tupa sa akin
bilang handog na susunugin;
hindi mo ako pinarangalan ng iyong mga hain.
Hindi kita pinagod sa paghingi ng handog,
ni pinagal sa pagsusunog ng kamanyang.
[24]Hindi mo ako ibinili ng mababangong insenso,
ni binigyan ng taba ng iyong sakripisyo;
sa halip ay niyamot mo ako sa iyong mga kasalanan
at ininis sa iyong mga kasamaan.
[25]Ako nga, ako siyang pumapawi sa iyong mga pagkakamali;
alang-alang sa aking sarili,
mga kasalanan mo'y di ko tinatandaan.
[26]Alalahanin mo para sa akin ang nakaraan,
magpalitan tayo ng katwiran:
patunayan mo ang iyong kawalang-sala.
[27]Nagkasala ang iyong unang ama,
naghimagsik sa akin ang iyong mga propeta
[28]kaya pinarusahan ang mga pinuno ng iyong templo,
itinalaga ko si Jacob sa pagkawasak,
ang Israel sa paglibak.

**44** [1]Ngunit makinig ka ngayon,
Jacob, aking lingkod,
Israel na aking hinirang.
[2]Ito ang sinasabi ni Yawe
na siyang lumikha sa iyo,
na humubog sa iyo mula sa sinapupunan,
na siyang tutulong sa iyo:
"Huwag kang matakot, Jacob, aking lingkod,
Jesurun, aking hinirang.
[3]Pagkat bubuhusan ko ng tubig ang lupang uhaw,
at bubukal ang ilog sa lupang tigang.
Ibubuhos ko ang aking espiritu sa lahi mo,
at ang aking pagpapala sa iyong mga supling.
[4]Sisibol silang gaya ng damo,
gaya ng tibig sa tabing-ilog.
[5]Ang isa'y magsasabi – Ako'y kay Yawe -
tatawagin naman ng isa ang kanyang sarili sa ngalan ni Jacob.
May magsusulat sa kamay ng 'Kay Yawe'
at tataglayin ang pangalang Israel.
[6]Ito ang sinasabi ni Yawe,
ang Hari at Manunubos ng Israel,
si Yawe ng mga Hukbo:
"Ako ang una at ang huli,
walang ibang diyos liban sa akin.
[7]Sino ngayon ang katulad ko?
Tumindig siya at magsalita,
at patunayan sa harap ko.
Sino ang nakapagpahayag ng dapat mangyari?

---

*Muling sasabihin sa huli, 43:16-21: mahihigitan ng bagong Exodo mula sa Babilonia ang naganap sa Ehipto: tama na ang paglingon sa nakaraan, kaya sa hinaharap kayo tumingin.*

• 22. Likas na walang utang na loob ang mga tao. Gusto nilang maglingkod sa Diyos sa paraang hindi mababawasan ang kanilang panahon at pera. Marami ang nakakaalaala sa Diyos para magreklamo lamang. Ngunit magiging mas malakas ang pag-ibig ng Diyos kaysa kanilang kawalang utang-na-loob. *Ibubuhos niya sa sangkatauhan ang kanyang Espiritu.*

*Wala kang dinadalang tupa sa akin bilang handog na susunugin.* Walang templo ni mga seremonya sa Babilonia ang mga Judiong ipinatapon doon. Kaya sinasabi sa kanila ni Yawe: Kung dumating ako para magligtas, hindi ito dahil sa binili ng inyong mga alay ang aking kabutihang-loob." Iniliigtas sila ng Diyos hindi man sila mag-alay sa kanya, ni hindi man sila tumawag sa kanya.

*Ako nga, ang siyang pumapawi sa iyong mga pagkakamali; mga kasalanan mo'y di ko tinatandaan. Ipinapasan mo sa akin ang iyong mga kasalanan.* Matapos siyang magsalita sa pamamagitan nina Jeremias at Ezekiel, patuloy na ipinapahayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig na tinanggihan ng mga tao. Kahit na magkakaiba, mga salita ng maalab na pag-ibig ang ginagamit ng lahat ng propeta. Sa ganito'y mas naipapaliwanag nila kung ano ang kasalanan: hindi lamang ito paglabag sa mga utos at mga sagradong batas, kundi pagtanggi sa pag-ibig ng Diyos.

Sabihin niya sa atin ang mga bagay na darating.
[8] Huwag kayong mangamba o matakot:
hindi ba't ipinahayag ko na ito noon pa?
Kayo ang mga saksi ko.
May iba pa bang diyos liban sa akin?
Wala na akong alam pang ibang Bato.

**Paglibak sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan**

• [9] Bale-wala ang mga gumagawa ng mga
diyus-diyusan at walang saysay ang kanilang
mga ginawa na labis nilang pinahahalagahan.
Ang kanilang mga kabig ay di nakakakita at
walang alam, kaya sila'y mapapahiya. [10] Sino
ang gumagawa ng diyus-diyusan, at nagpapanday ng estatuwang walang silbi? [11] Masdan,
lahat ng mga kabig nito ay mapapahiya; tao
lamang ang may gawa. Magtipon silang lahat at
mangatwiran, sama-sama silang matatakot at
mapapahiya.
[12] Sa paggawa ng imahen, pinapagbabaga
ng panday ang bakal at pinupukpok upang
magkahugis, ginagawa ito sa lakas ng kanyang
bisig. Nagugutom siya at nanghihina, nauuhaw
at napapagod.
[13] Sinusukat naman ng manlililok ang kahoy,
at iginuguhit ng lapis ang hugis, binabanghay ito
ng mga pait at tinatatakan ng mga kompas.
Ginagawa niya itong kahugis at kamukha at
singganda ng tao, upang ito'y patirahin sa isang
templong yari sa sedro. [14] Pumipili siya ng
akasya o sipres, at pinalalaki ito sa gubat, o
nagtatanim ng pino na pinayayabong ng ulan.
[15] Ang mga ito'y panggatong ng tao, pampainit
ng sarili; sinisindihan ito at naghuhurno ng tinapay. Ngunit gumagawa rin siya ng isang diyos
mula sa kahoy na ito at kanyang sinasamba,
lumililok ng isang diyus-diyusan at kanyang
niyuyukuan. [16] Iginagatong niya sa apoy ang
kalahati nito, at dito niluluto ang kanyang pagkain, pinag-iihawan niya ng karne at siya'y
nabubusog. At ipinampapainit din sa sarili, at
kanyang sinasabi: "Aha, hindi ako giniginaw, at
nakikita ko ang liwanag." [17] At ang bahaging
ginawa niyang diyos na kanyang diyus-diyusan
ay kanyang niyuyukuan at sinasamba. Dumadalangin siya rito at sinasabing "Iligtas mo ako
pagkat ikaw ang aking diyos."
[18] Wala silang alam, walang nauunawaan.
May tapal ang kanilang mga mata kaya hindi
nakakakita, sara ang kanilang isip kaya hindi
nakauunawa. [19] Wala isa man sa kanila ang may
talino para mag-isip at may pang-unawa para
magsabing "Kalahati nito'y ginawa kong panggatong at nagluto pa nga ako ng tinapay sa mga
baga niyon at nag-ihaw ng karneng kinain ko.
Gagawa ba ako ng kasuklam-suklam na bagay
sa sobra nito? Yuyuko ba ako sa harap ng isang
pirasong kahoy?"
[20] Ang taong nakahawak sa abo at iniligaw ng
kanyang bulag na isipan – hindi ba niya maililigtas ang kanyang sarili balang araw at malalamang "Kabulaanan lamang pala ang hawak
ng kanang kamay ko"?
[21] Alalahanin mo ang mga ito, Jacob,
pagkat ikaw, Israel, ang aking lingkod:
Ako ang humubog sa iyo, ikaw ang lingkod ko.
O Israel, huwag mo akong limutin.
[22] Pinawi kong gaya ng makapal na ulap
ang iyong mga pagsuway,
ang iyong mga pagkakasala gaya ng ulap sa umaga.
Magbalik ka sa akin, sapagkat tinubos kita.
[23] Umawit, O langit, kay Yawe na gumawa nito.
Sumigaw nang malakas, O kailaliman ng lupa,
magsiawit kayong mga bundok,
mga gubat at lahat ng puno roon,
pagkat tinubos ni Yawe si Jacob
at ipinamalas ang kanyang luwalhati sa Israel.
[24] Ito ang sabi ni Yawe, ang iyong Manunubos,
na humubog sa iyo mula sa sinapupunan:
Ako si Yawe na gumawa ng lahat ng bagay,
ako lamang ang nagladlad sa langit,
ang mag-isang naglatag sa lupa.
[25] Binibigo ko ang mga tanda ng mga bulaang propeta,
ginagawang tanga ang mga manghuhula,
pinapatalikod ang mga pantas
at pinapawalang-saysay sa kanilang dunong.
[26] Pinagtitibay ko ang mga salita ng aking lingkod
at tinutupad ko ang mga payo ng aking mga sugo.

---

• **44.**9 *Dapat basahin nang bukod ang talatang 9-20 na inilagay rito kahit na galing sa iba. Isa itong paglibak sa mga gumagawa ng mga diyus-diyusan. Makakatagpo ng iba pang ganitong mga halimbawa ng kabaligtaran ng kahulugan sa Biblia. Puwede pang magkaroong-halaga ang mga ito sa ating panahon na ipinagmamalaki ang mga tuklas ng siyensiya ngunit pinapanatili naman ang ilang pamahiin. Tingnan ang paliwanag sa Is 30:22 at Jer 2:13.*

Sinasabi ko sa Jerusalem: "Ito ay pamamayanan";
at sa bayan ng Juda: "Ang mga ito'y muling itatayo,
ibabangon ko ang mga guho."
27 Sinasabi ko sa karagatan: "Matuyo ka!
ligahin ko ang iyong mga ilog!"
28 Tinatawag ko si Ciro na aking pastol,
at gagawin niya ang lahat kong nais;
sasabihin niya sa Jerusalem: "Muli kang itatayo"
at sa Templo: "Ilagay ang mga panulukang-bato."

# 45

• 1 Ito ang sabi ni Yawe sa kanyang pinahiran, kay Ciro:

"Hinawakan kita sa kanang kamay
upang lupigin ang mga bansa sa harap mo
at alisan ng sandata ang mga hari;
bubukas sa harap mo ang mga pintuan ng mga lunsod
at hindi na isasarang muli ang mga iyon.

2 Magpapauna ako sa iyo
at papatagin ko ang mga bundok,
gigibain ko ang mga tansong pinto
at wawasakin ang mga bakal na halang.

3 Ibibigay ko sa iyo ang mga kayamanang nakatago at nakatabi
upang malamang mong ako si Yawe.
ang Diyos ng Israel,
na tumawag sa iyo sa iyong pangalan.

4 Alang-alang kay Jacob na aking lingkod,
kay Israel na aking hinirang,
tinawag kita sa iyong pangalan
at binigyan ng tungkulin bagamat di mo ako nakikilala.

5 Ako si Yawe, at wala nang iba pa,
wala nang ibang diyos liban sa akin,
Sinandatahan kita noong di mo pa ako kilala,

6 upang mula sa pagsikat ng araw
hanggang sa paglubog ay malaman ng lahat
na wala nang iba pa liban sa akin –
ako si Yawe at wala nang iba pa.

---

• **45.1** Bagong mensahe ni Yawe kay Cirong mananakop, katulad ng nasa 41:25.

Narito ang isang natatanging bagay sa Biblia: ang paganong haring ito ay tinatawag na *pinahiran ng Diyos*, gaya ng mga anak ni David, at tulad rin ni Kristo, "Ang Pinahiran ng Diyos." Isang bagay na mahirap paniwalaan para sa mga Judio na nasanay na sa kaisipang Diyos lamang nila si Yawe! Sinasabi sa atin ng kasaysayan na si Ciro ay isang "ama" para sa kanyang bayan. Gugunitain ng Biblia na ang una niyang ginawa matapos sakupin ang Babilonia ay ibalik ang kalayaan ng lahat ng naninirahan doong bihag (tingnan Esd 1:1).

Makikita natin dito ang gawa ng Diyos na isinakatuparan sa daigdig ng mga hindi nakakakilala sa kanya: Kikilos din si Kristo sa pamamagitan ng mga taong hindi naniniwala sa kanya. May mga pagbabagong pampulitika at pangkultura na kahit na naipapalagay na laban sa Iglesya pero sa dakong huli'y nagsisilbi naman para wasakin ang maraming pamahiin at huwad na mga diyos.

7 Ako ang nagsisindi sa liwanag at lumilikha sa dilim,
ang nagbibigay ng kabutihan at naghahatid ng kapahamakan,
Akong si Yawe ang gumagawa ng lahat ng ito.

• 8 Papatakin ng langit mula sa itaas
at ibuhos ng mga ulap tulad ng ulan ang *Katarungan*.
Bumuka ang lupa at mamulaklak ng Kaligtasan
at sumibol ng katarungan,
Akong si Yawe ang may likha nito.

• 9 Kawawang mga nakikipagtalo sa Maygawa sa kanya!
Isa lamang palayok kasama ng mga palayok.
Sasabihin ba ng putik sa magpapalayok – Ano'ng ginagawa mo?
Sinasabi ba ng iyong gawa – Wala kang kakayahan?
10 Kawawa ang nagtatanong sa kanyang ama – Ano ang naging anak mo? – ang nagsasabi sa kanyang ina – Ano itong iniluwal mo?"
11 Ito ang sinasabi ni Yawe,
ang Banal ng Israel, na Maygawa sa kanya:
"Tama bang humingi kayo ng tanda tungkol sa aking mga anak?
Pero kayo ba ang magpapasya sa gawa ng aking kamay?
12 Ako ang gumawa sa lupa at lumikha sa mga taong naroon.
Mga kamay ko ang nagladlad sa langit
at inutusan ko ang buong hukbo niyon.
13 Pinalitaw ko si Ciro dahil sa katarungan,
tutuwirin ko ang lahat niyang daan;
muli niyang itatayo ang aking lunsod,
pauuwiin niya nang walang bayad o pantubos
ang aking bayang napatapon,"
sabi ni Yawe ng mga Hukbo.

**Sa iyo natatago ang Diyos**

• 14 Ito ang sabi ni Yawe:
"Ang mga produkto ng Ehipto,
ang mga kalakal ng Etiopia
at ang matatangkad na lalaki ng Seba
ay darating sa iyo at mapapasaiyo;
lalakad silang kasunod mo,
nakatanikalang darating sa iyo
at yuyuko silang paharap sa iyo at sasabihin –

• 8. Narito ang napakagandang pagpapahayag ng gawa ng Diyos na tagapagligtas. Gaya ng nasabi na tungkol sa Is 11:1, hindi nito sinasalungat o inihihiwalay ang pagliligtas na hatid ng Diyos sa maisasagawa ng tao. Sa halip ay pinagsasama ang gawa ng Diyos at ang pakikipagtulungan ng tao para sa pambihirang gawang ito na maihatid tayo sa hantungan ng ating mga paggawa.

*Katarungang* ganap na pagkamatuwid ng tao. Sa madaling salita, isang buhay na ayon sa katotohanan at pag-ibig. Kailangang manggaling sa Diyos ang katarungang ito. Siya lamang ang makalilikha ng isang bagong tao, na sa katotohana'y magaganap kay Kristo, ang *Matuwid* (Jn 16:10). Ipinanganak siya sa piling natin bilang unang supling ng isang binagong sangkatauhan. Hindi basta na lamang sumingaw si Kristo sa mundo, na maluwalhating nanaog mula sa langit, kundi magiging bunga siya ng ating lupa, isang Judiong isinilang sa mga Judio, tunay na taong ipinanganak ng isang birheng ina. Hindi rin si Kristo lamang ang magsasakatuparan sa gawain ng ating kaligtasang kailangang maganap sa kasaysayan. Ang Katarungan at Kaligtasan ay magiging mga bunga ng sangkatauhang pagbubungahin ng awa ng *Langit*.

Nangangahulugan dito ng ganap na paglaya ng tao ang *kaligtasan*.

Kinukumpleto ng Salmo 85 ang tekstong ito. Ginagamit sa salmong ito ang larawan ng dalawang magkadaop na kamay, ang isa'y nakakawit mula sa langit at ang isa nama'y nakataas mula sa lupa upang matupad ang walang hanggang pagtitipan ng Diyos at mga tao sa *Pag-ibig* at *Katapatan* (tingnan Jn 1:17).

• 9. *Nagpapatuloy ang parehong mga tema sa ibang mga pananalita.*

45:9-13: Si Yaweng malayang Maylikha ng lahat ang siya ring namamahala sa kasaysayan. Mapapansin sa Jeremias 18:1 na ipinapaliwanag na may iba't ibang kahulugan sa Biblia ang paghahambing sa magpapalayok at sa putik.

• 14. Pinagmamasdan ng propeta ang mga dating makapangyarihan na ngayo'y nalupig ni Ciro. Ang nagaping mga Ehipsiyo at Etiope ay nakatanikalang bumabalik sa Palestina sa daan ding buong kayabangan nilang nilakad sa kanilang pagdating. Pagdaan sa may Jerusalem, nakikita nila ito na nasa kaluwalhatian at puno ng pagpapala ng Diyos. Nagsiluhod silang paharap sa Jerusalem at hiniling kay Yawe na iligtas din sila.

Ang pagpapalaya sa Israel ang paraan para makapagpakilala si Yawe sa daigdig. Makikilala nila si

Tiyak na sumasaiyo ang Diyos;
wala nang iba pang diyos.
15 Tunay ngang ikaw ang Diyos na nakakubli,
ang Diyos ng Israel, ang Tagapagligtas.
16 Ang lahat ng gumagawa ng mga diyus-diyusan ay mapapahiya,
aalis nga silang napahiya.
17 Ngunit ang Israel ay ililigtas ni Yawe –
kaligtasang walang hanggan.
Hinding-hindi ka na mapapahiya
ni kukutyain magpakailanman.
18 Oo, ito nga ang sinasabi ni Yawe,
siya na lumikha ng mga langit,
siya ang Diyos,
ang humubog at gumawa sa lupa,
ang nagtayo ng mga pundasyon nito,
hindi niya ito nilikha para matiwangwang
kundi hinubog upang ito ay tirhan:
ako si Yawe, at wala nang iba pa.
19 Hindi ako nagsalita nang palihim
sa madilim na sulok ng daigdig;
hindi ko sinabi sa mga inapo ni Jacob –
Hanapin ninyo ako sa inyong pangangapa.
Akong si Yawe ay nagsasabi ng totoo,
tama ang ipinahahayag ko.

**Luluhod sa harap ko ang lahat ng tuhod**

20 Halikayo, sama-samang magtipon,
lumapit kayong mga takas buhat sa mga bansa.
Hangal ang mga nagpapasan ng mga estatuwang yari sa kahoy,
ang mga nagdarasal sa isang diyos na hindi makapagliligtas.

21 Magsanggunian kayo, halikayo't magsalita.
Sino ang nagpahayag nito buhat sa simula,
ang matagal nang panahong naglahad nito?
Hindi ba't akong si Yawe?
At wala nang iba pang diyos liban sa akin,
isang Diyos ng katarungan,
isang Tagapagligtas – wala nang iba pa kundi ako.

22 Humarap kayo sa akin at nang maligtas,
lahat kayong buhat sa mga dulo ng daigdig,
pagkat ako ang Diyos at wala nang iba pa.

23 Isinusumpa ko ito sa aking sarili,
at pawang katotohanan lamang ang namumutawi sa aking mga labi,
hindi ko binabawi ang aking salita.
Luluhod ang lahat sa harap ko,
manunumpa sa akin ang lahat ng dila, at magsasabing
24 Tanging na kay Yawe ang pagkamatuwid at lakas.
Lahat ng sa kanya'y napoot
ay dudulog sa kanya at mapapahiya.
25 Ngunit sa pamamagitan ni Yawe magtatagumpay at magmamalaki
ang buong lahi ng Israel.

---

Yawe sa muli niyang pagtatayo sa isang bayang patay. Darating sila para sambahin ang Panginoon ng sanlibutan na "natatago" sa isang bayang di-kilala.

Ganito rin ang makikita sa Iglesya habang lalo itong hinahamak. Balang araw ay madidiskubre ng humamak dito ang Diyos na gumagawa rito. Balang araw ay makikilala ng mga bayan na ito ang nag-iingat ng apoy ng Diyos sa daigdig.

**Pagkakaiba ng Diyos sa mga huwad na diyos**

**46** • [1]Nakatungo si Bel, nakayuko si Nebo,
mga diyus-diyusan nila'y pasan
ng mga hayop na pang-araro,
mga imahen nila'y dala-dala,
pabigat para sa mga pagod.
[2]Kapwa sila nakayuko at nakatungo,
hindi kayang iligtas ang pinapasan,
sila man ay nabibihag din.

[3]Makinig sa akin, bayan ni Jacob,
at lahat ng nalabi sa angkan ng Israel,
kayong inalagaan ko buhat pa nang ipaglihi,
at kinalong ko mula pa nang isilang.
[4]Tumanda man kayo, ako pa rin siya,
hanggang sa kayo'y magkauban, aalagaan ko kayo.
Ako ang gumawa nito at ako ang nagpapasan,
aalalayan ko kayo at ililigtas.

[5]Kanino ninyo ako ihahambing o ipapantay?
Sinong katulad ang pagpaparisan?
[6]May naglalabas ng ginto sa kanilang supot
at nagtitimbang ng pilak,
inuupahan nila ang isang panday
upang gawing diyos ang mga ito
na kanilang yuyukuan at sasambahin.
[7]Pasang dinadala sa isang lugar
at doon itinatayo – tahimik at walang galaw.
Oo, kausapin man niya ito, hindi ito sumasagot,
hindi siya maililigtas nito sa kanyang ligalig.
[8]Tandaan itong mabuti, mga mapanghimagsik,
[9]alalahanin ang mga bagay noon pang una:
Ako ang Diyos, at wala nang iba pa,
ako ang Diyos, at walang katulad ko.
[10]Buhat sa simula'y inihayag ko ang darating,
mula pa noong unang panaho'y sinabi ko na ang di pa nagaganap;
sinabi kong ang balak ko'y mananatili,
at gagawin ko ang lahat kong ninanais.
[11]Tinawag ko mula sa Silangan
ang isang ibong mandaragit,
mula sa malayong lupain
ang lalaking magsasagawa ng aking balak.
Nagsalita nga ako, at iyon ang aking gagawin;
nagbalak ako, at iyon ang tutuparin.
[12]Makinig sa akin kayong mga walang pag-asa,
mga pinagkaitan ng karapatan.
[13]Pinalapit ko ang aking katarungan,
hindi na nalalayo;
hindi na magtatagal ang aking pagliligtas.
Palilitawin ko sa Sion ang kaligtasan
at ibibigay sa Israel ang aking kaluwalhatian.

**47** • [1]Bumaba at maupo sa alikabok,
Dalagang Babilonia;
wala kang trono, maupo ka sa lupa, dalagang anak ng mga Kaldeo;
hindi ka na tatawaging maselan at mahinhin.
[2]Kunin mo ang gilingang bato at gumiling ng harina;
alisin ang iyong belo,
ililis ang iyong saya at ilitaw ang iyong mga binti
at tumawid sa mga ilog.
[3]Malalantad ang iyong kahubaran,
lilitaw ang iyong kahihiyan.
Ako'y maghihiganti at wala akong patatawarin,

---

• **46.1** Ipinagpapauna ng propeta ang pagbagsak ng Babilonia. Nakikini-kinita niyang dala ng mga Kaldeo sa pagtakas ang kanilang mga diyus-diyusan. Sa kabilang dako, hindi kailangan ng Israel na dalhin ang kanilang Diyos. Si Yawe ang nagdadala sa kanila (46:1-7). Binibigyang-buhay ng Diyos ang kanyang bayan, samantalang nag-aaksaya naman ng lakas ang mga di-nanampalataya para pasanin ang kanilang mga diyus-diyusan.

• **47.1** Binibigyang-diin ang 47:1-15 na isang awit ng pighati sa Babilonia na magiging larawan ng lapastangang lunsod. Kaya nga sa Pagbubunyag (kabanata 17-18), tinatawag ni San Juan na Babilonia ang Imperyo Romano na nang-uusig sa mga Kristiyano.

*Ang Dalagang Babilonia* ay ang Babel (o Babilonia) ayon sa Hebreong paraan ng pagtukoy sa mga kabisera. Sinasabi niyang "*Kailanma'y di ako mabibiyuda,* ibig sabihi'y "Di ako kailanman mawawalan ng aking mga diyos, o "ng aking mga dakilang hari, o "di ako kailanman makatitikim ng pagkatalo." Pinaniwalaan niyang masisiguro niya ang kanyang kinabukasan sa pamamagitan ng kanyang mga mahikong tanyag sa mga bansa sa Silangan. Nagkukunwari silang nalalaman ang hinaharap sa pamamagitan ng kanilang mga horoskop.

Magagamit ang tekstong ito para sa materyalistang sibilisasyon, sa mga bansang nagsisikap sa pamamagitan ng teknolohiya na matamo ang lahat ng kailangan ng tao.

*Nilagyan mo kahit ang matatanda ng napakabigat na pamatok.* Ito ang sukatang laging ginagamit ng mga propeta para ipahayag ang halaga ng isang sibilisasyon. Hindi nila tinitingnan ang puwersang militar ni ang kalagayang ekonomiko. Sa halip ay itinatanong nila: Ano ang ginagawa ninyo sa mamamayang wala nang silbi?

4 Sabi ng ating Manunubos –
Yawe ng mga Hukbo ang kanyang pangalan
– ang Banal ng Israel.
5 Maupo ka nang tahimik, at pumunta sa dilim,
dalagang anak ng mga Kaldeo,
sapagkat hindi ka na tatawagin pang reyna ng mga kaharian.
6 Nagalit ako sa aking bayan
at ang aking pamana'y iniwan kong tiwangwang;
ibinigay ko sila sa iyong kamay,
at di mo sila kinahahabagan.
Nilagyan mo kahit ang matatanda ng napakabigat na pamatok.
7 Sabi mo: "Magiging reyna ako magpakailanman."
Ngunit ang mga ito'y hindi mo isinaalang-alang
ni inisip ang kahihinatnan.
8 Makinig ka, babaeng haliparot,
nakahilata kang panatag ang loob
at sinasabi mo sa iyong sarili: "Ako nga
at wala nang iba liban sa akin.
Kailanma'y di ako mabibiyuda
ni magdurusa sa pagkawala ng mga anak."
9 Ngunit darating sa iyo ang dalawang ito,
sa isang iglap, sa isang araw lamang –
mawawalan ng mga anak at mabibiyuda.
Sasapit ito sa iyo nang husto,
sa kabila ng dami ng iyong mga pangkukulam,
sa kabila ng lakas ng iyong mga panggagayuma.
10 Nanalig ka sa iyong kasamaan,
at sinabing "Walang nakakakita sa akin."
Iniligaw ka ng iyong kaalaman at karunungan
nang sabihin mo sa iyong sarili: "Ako nga,
at wala nang iba liban sa akin."
11 May masamang mangyayari sa iyo
na hindi mo masasansala;
babagsak sa iyo ang kapahamakan
at walang pantubos na makapipigil doon,
isang grabeng sakuna na di mo nakinikinita
ang walang anu-ano'y darating sa iyo.
12 Ipagpatuloy mo ngayon ang iyong panggagayuma,
ang napakarami mong mga pangkukulam,
na pinagsumakitan mo sapul pagkabata
at baka sakaling magtagumpay ka,
baka sakaling may matakot ka.
13 Pinagod ka lamang ng maraming payo,
palapitin mo sila upang iligtas ka –
ang mga nagmamasid sa mga bituin
na buwan-buwa'y sinasabi sa iyo kung ano ang sasapitin mo.
14 Masdan, sila'y parang dayami na tutupukin ng apoy.
Ni hindi nila maililigtas ang sarili sa lakas ng liyab.
Hindi ito bagang pampainit ng katawan
ni siga na sa tabi'y maaaring upuan.
15 Ganyan ang sasapitin mo at ng iyong mga pantas
na sapul pagkabata'y kasama mo nang gumawa.
Ngayon, bawat isa'y magkakanya-kanyang daan,
at walang makapagliligtas sa iyo.

48 • 1 Pakinggan ito, angkan ni Jacob
na tinatawag sa pangalang Israel,
at dugo at laman ni Juda,
kayong nagsisipanumpa sa ngalan ni Yawe
at nagsisitawag sa Diyos ng Israel,
bagamat hindi sa katotohanan o pagkamatuwid –
2 taglay ninyo ang ngalan ng Banal na Lunsod,
at nakasandig sa Diyos ng Israel,
Yawe ng mga Hukbo ang kanyang pangalan.
3 Mula pa noo'y inihayag ko na ang mga nangyari na;
namutawi ang mga iyon sa aking mga labi
upang ipabatid ang mga iyon,
at agad akong kumilos at ang mga iyon ay naganap.
4 Pagkat alam kong matigas ang iyong ulo,
bakal ang iyong leeg, at tanso naman ang iyong noo,
5 kaya mula pa noo'y sinabi ko na ito sa iyo,
bago pa naganap ay ipinarinig ko na sa iyo
upang huwag mong masabi:
"Ang diyus-diyusan ko ang gumawa ng mga iyon,

---

• **48.1** Nilingon ng propeta sa 48:17-22 ang nakaraan ng Israel. Nahahawig ito sa nabasa natin sa naglahong Paraiso. Kung sumunod lamang sila, nagkatotoo sana ang gusto ni Yaweng puspusin sila ng kanyang mga pagpapala, pati ang mga pangako ng Diyos kay Abraham.

Ngunit muling mamamagitan ang Diyos bilang Manunubos ng kanyang bayan.

Mapapansin sa 48:12-15 ang isang bagong papuri kay Ciro. *Gagawin ng kaibigan kong si Ciro ang nais ko. Siya'y tinawag ko.* Gaya ng ipinaliwanag tungkol sa 42:10, lampas sa kasalukuyang pangyayari ang laging nakikita ng propeta. Isang tagapagligtas ang mananakop na si Ciro, kaya medyo naisasama ang kanyang misyon at pagkatao sa tanging Tagapagligtas na si Kristo.

ang aking rebultong inukit at estatwang pinanday
ang nagtakda ng mga iyon."
6 Ngayong narinig mo na,
masdan mo ang lahat ng ito.
Hindi mo pa ba aaminin?
Mula ngayon, sasabihin ko sa iyo ang mga bagong bagay –
mga lihim na di mo alam.
7 Ngayon lang nilikha ang mga ito at hindi noon,
hanggang sa araw na ito
wala pang nakaririnig tungkol dito;
kaya di mo masasabing "Alam ko na."
8 Hindi ka nakarinig ni nakaunawa:
mula noo'y hindi na bukas ang iyong tainga
pagkat alam ko kung gaano ka kataksil –
at sa sinapupunan pa'y tinawag nang rebelde.
9 Alang-alang sa aking Pangalan, tinimpi ko ang aking galit;
alang-alang sa papuri sa akin, pinigilan ko iyon para sa iyo
pagkat kung hindi, ika'y madudurog.
10 Dinalisay kita ngunit hindi para pagkakitaan;
sinubok kita sa pugon ng paghihirap.
11 Kumilos ako alang-alang sa aking sarili,
oo, alang-alang sa aking sarili.
Pagkat kung hindi'y malalapastangan ang aking pangalan.
At hindi ko isusuko sa iba ang aking kaluwalhatian.
12 Pakinggan mo ako, Jacob,
Israel na aking tinawag –
ako siya, ako ang una,
at ako ang huli.
13 Mga kamay ko ang nagtayo ng lupa,
kanang kamay ko ang nagladlad sa mga langit.
Tinawag ko sila, sabay-sabay silang tumayo.
14 Magtipon kayong lahat, at makinig.
Sino sa kanila ang nakahula sa mga ito?
Gagawin ng kaibigan kong si Ciro ang nais ko laban sa Babilonia
at sa bayan ng mga Kaldeo.
15 Ako, ako mismo ang nagsalita, at siya'y tinawag ko,
pinapunta ko siya, at pagtatagumpayin ko ang kanyang misyon.

**Kung dininig mo lamang ang aking mga utos**

16 Magsilapit sa akin at ito'y pakinggan:
Mula pa sa simula, ako'y hindi nagsalita
nang palihim; mula pa sa panahong mang-
yari iyon, narito na ako. Kaya, alamin ninyo
na si Yaweng Panginoon ang nagsugo sa
akin kasama ng kanyang Espiritu!"
17 Ito ang sabi ni Yawe, ang iyong Manu-
nubos, ang Banal ng Israel: Ako si Yaweng
Diyos mo, ang nagtuturo sa iyo ng pinaka-
mabuti; itinuturo ko sa iyo ang daang da-
pat mong tahakin.
18 Kung pinakinggan mo lamang ang
aking mga utos, ang kapayapaan mo
sana'y naging tulad ng ilog, ang kataru-
ngan mo sana'y naging gaya ng mga alon
sa dagat.
19 Ang mga supling mo'y naging tulad
sana ng buhangin, at ang mga inapo ay
naging tulad ng mga butil nito, di kailan-
man mapuputol o mapapawi sa harap ko
ang kanilang pangalan.
20 Magsialis kayo sa Babilonia, magsi-
takas mula sa mga Kaldeo! Ipahayag ito
kasabay ang mga sigaw ng kagalakan,
ipabatid ito hanggang sa dulo ng daigdig.
Sabihin: Tinubos ni Yawe ang kanyang
lingkod na si Jacob! 21 Hindi sila nauhaw –
silang mga inakay niya sa tigang na lupa.
Pinadaloy niya ang tubig mula sa bato
para sa kanila; biniyak niya ang bato at
bumukal doon ang tubig.
22 Walang kapayapaan para sa ma-
sama, sabi ni Yawe.

**Sa sinapupunan pa ng aking ina, tinawag na ako ni Yawe**

## 49

• 1 Dinggin ninyo ako, mga pulo;
makinig, mga bayan sa malayo.

---

• **49.1** Isang *lingkod* ng Diyos ang tinutukoy ng awit na ito gaya ng 42:1-9. Ngunit tinatawag siya ngayong *Israel* (49:3). Hindi ito nangangahulugan ng bayang Israel sa kabuuan, dahil sa 49:5 ang misyon nito ay tipunin ang bayang Israel. Ang pinakatapat na maliit na grupo ng bayang Judiong ipinatapon ang

Tinawag na ako ni Yawe mula pa sa sinapupunan ng aking ina,
binigkas na niya ang pangalan ko sa tiyan pa lamang ng aking ina.

2 Ginawa niyang matalim na tabak ang bibig ko,
itinago ako sa lilim ng kanyang kamay;
ginawa akong palasong matalas at itinabi sa kanyang lalagyan.

3 Sinabi niya sa akin: "Ikaw ang aking lingkod,
Israel, sa pamamagitan mo ako'y luluwalhatiin."
4 Ngunit naisip ko: "Bale-wala ang aking paggawa,
walang saysay ang pag-aaksaya ng lakas."

Subalit nasa kamay ni Yawe ang aking karapatan
at nasa Diyos ang aking gantimpala.
Mahalaga ako sa paningin ni Yawe,
at ang Diyos ko ang aking lakas.

5 At ngayo'y nagsalita si Yawe,
siya na humubog sa akin sa sinapupunan
upang maging lingkod niya
at nang maibalik si Jacob sa kanya
at tipunin ang Israel.

6 Sabi niya: "Hindi sapat na maging lingkod kita
upang itayo ang mga tribu ni Jacob,
upang pabalikin ang nalabi ng Israel.
Gagawin kitang liwanag ng mga bansa
upang umabot sa dulo ng daigdig ang aking pagliligtas.

**Tutulungan kita sa araw ng kaligtasan**

7 Ito ang sabi ni Yawe,
ang Manunubos at Banal ng Israel,
sa kanya na hinahamak ng tao,
kinasusuklaman ng bansa,
sa alipin ng mga pinuno:
"Makikita ka ng mga hari at sila'y titindig,
at yuyuko ang mga prinsipe kay Yaweng Matapat,
ang Banal ng Israel na sa iyo'y humirang."

8 Ito ang sabi ni Yawe:
"Sasagutin kita sa panahon ng aking kabutihang-loob,
tutulungan sa araw ng kaligtasan.
Hinubog kita at inilagay na pundasyon ng sambayanan.
Itayong muli ang lupain
at ipamahagi ang pinabayaang mga lote."
9 Sasabihin mo sa mga bihag: "Lumabas kayo!"

---

siyang tinutukoy marahil ng matalinhagang pangalang ito. Ang mga komunidad na iyon na nasa Babilonia ang nagpapanatiling buhay sa pag-asa kay Yaweng Tagapagligtas. Sila ang tunay na Israel na maghahatid ng *liwanag* ng kaligtasan, una sa sarili nilang bayan at pagkatapos ay sa buong *daigdig* (49:6).

*Tinawag ako ni Yawe mula pa sa sinapupunan ng aking ina,* gaya ni Jeremias (tingnan Jer 1:1) at tulad din nina Juan Bautista at Pablo sa dakong huli. Ang mahiwagang paghirang ng Diyos na tumatawag sa isang tao para sa isang natatanging papel at ang pagsagot ng taong ito na tumatanggap sa kanyang misyon ay bumubuo sa isa't isa.

– Tao ng Salita: tulad ni Jeremias na ang mga salita'y nagwasak sa mga bansa. Magiging matagumpay na tabak ang kanyang mga salita. Siya ang pinakahuling "baraha", ang *palasong* nakareserba na gagamitin ni Yawe sa pananakop.

– Lingkod ni Yawe, ganap siyang nakatalaga sa kanyang misyon, nanlulupaypay at parang di nagtatagumpay hanggang papagbungahin ni Yawe ang kanyang mga gawa. Ang mga pagsubok na ito ay higit na dedetalyehin sa iba pang dalawang tula.

– Hinirang para sa isang misyong unibersal, di gaya ng ibang mga propetang tagapagtipon lamang sa mga tribu ng Israel. Pansinin ang pambihirang pananam-

at sa mga nasa dilim: "Lumabas sa liwanag!"
Manginginain sila sa daan,
makatatagpo ng pastulan sa lahat ng panot na burol.
10 Hindi sila magugutom ni mauuhaw, hindi hahampasin ng init ng hangin o ng araw,
sapagkat siya na nahahabag sa kanila
ang aakay at maghahatid sa kanila
sa tabi ng mga bukal ng tubig.
11 Gagawin kong daan ang buo kong kabundukan,
patataasin ko ang aking mga landas.
12 Dumarating sila buhat sa malayo –
buhat sa Hilaga at Kanluran ang ilan,
ang iba nama'y buhat sa lupain ng Sinim.

**Malimutan ka man ng iyong ina**

• 13 Umawit ang langit, magalak ang lupa;
magsiawit ang mga bundok
sapagkat inaliw ni Yawe ang kanyang bayan
at kinahahabagan ang mga nagdurusa.

14 Ngunit sinabi ng Sion: "Pinabayaan ako ni Yawe,
nilimot ng aking Panginoon."
15 Malilimot ba ng ina ang kanyang pasusuhin,
at hindi maaawa sa anak ng kanyang sinapupunan?
Oo, maaari nga, subalit hindi kita malilimutan.

16 Iniukit ko sa aking palad ang iyong pangalan,
nasa harap kong lagi ang iyong mga muog.
17 Nagmamadali ang iyong mga tagapagtayo
at umaalis naman ang mga nagwasak
at sumalanta sa iyo.
18 Tumunghay ka at tumingin sa paligid,
nagkakatipon ang mga anak mo pauwi sa iyo.
Buhay ako, sabi ni Yawe,
kaya silang lahat ay hiyas mong isusuot,
tulad ng palamuti ng babaeng ikinakasal.
19 Ang iyong tiwangwang na lugar at mga guho
at wasak na lupain
ay magiging napakasikip para sa bayan mo,
habang lumalayo na ang nagsilupig sa iyo.
20 Inang ulila sa anak,
muli mong maririnig sa iyong mga supling:
"Napakasikip na para sa amin ang lugar na ito;
bigyan mo kami ng mas malawak na matitirhan."
21 Sasabihin mo ngayon sa iyong puso:
"Sino'ng nagsilang para sa akin ng mga ito?
Ako'y ulila sa anak at baog.
At sino'ng nagpalaki sa mga ito?
Ako'y iniwang mag-isa, ngunit ang mga ito –
saan sila nanggaling?"
22 Ito ang sinasabi ni Yaweng Panginoon:

---

palataya ng propetang sumulat ng mga linyang ito. Habang nabubuhay sa panahon ng pagkatapon, ipinahayag niya sa kanyang bayan ang pagdating ng maghahatid ng liwanag sa lahat ng bansa.

Madaling makita na si Jesus ang tinutukoy ng tekstong ito: ganito ito nauunawaan ng mga apostol. Siya ang salita ng Diyos, ang tabak na may magkabilang talim (tingnan Heb 4:12 at Pag 19:5).

Siya ang masunuring lingkod na hinamak ngunit niluwalhati ng Diyos (Fil 2:8).

Iniuukol din ni Pablo ang mga bersong ito sa kanyang sarili: Galasya 1:15; Gawa 13:47; 2 Corinto 12:8.

Ngunit hindi tayo nagugulat sa dobleng pagbibigay-kahulugan – personal at sama-sama – na ito: Ang kaisa-isang Tagapagligtas ay hindi kailanman isang "nag-iisang" tagapagligtas. Nakiisa si Jesus sa minoryang nananampalataya, nagdurusa, inuusig para sa ikaliligtas ng mundo.

• 13. *Ang makainang pag-ibig ni Yawe sa kanyang bayan.*

Inililigtas niya sila sa kawalang-pag-asa at pagkaalipusta. Muli niyang itinatayo ang Jerusalem at tinitipon ang mga nagsipangalat. Inaakit niya ang lahat ng bansa na kilalanin ang tunay na lunsod.

Nagsimulang matupad ang mga pangakong ito nang maging misyonero ang mga Judiong nagsibalik sa kanilang lupain para sa lahat ng bansa sa mundong Griyego at Sirio. At ang mga pangakong ito ay magkakaroon ng bagong kahulugan para sa Iglesyang itinatag ni Kristo bilang *Bagong Jerusalem.* Kung minsa'y para itong nanlulupaypay at walang buhay, at nangyayari rin na naglalaho ito sa ilang bahagi ng daigdig. Ngunit pinaglalaanan iyon ng Diyos ng mga bagong anak na manggagaling sa ibang mga kontinente. Inaanyayahan niya tayong tumanaw sa labas ng ating mga komunidad, sa mga hindi pa nakatatanggap ng pahayag ng Kaharian ng Diyos.

"Kakawayan ko ang mga bansa,
itataas ko ang aking bandila para sa mga bayan
upang dalhin nila sa iyo na kalong ang mga anak mong lalaki,
pasan ang mga anak mong babae.
23 Mga hari ang magiging ama mo sa turing,
kanilang mga reyna ang sa 'yo'y magpapasuso.
Magpapatirapa sila sa harap mo,
hihimurin ang alikabok sa iyong paa.
At makikilala mong ako nga si Yawe,
at hindi mabibigo ang umaasa sa akin.
24 Maaari bang agawan ng samsam ang mandirigma,
o matakasan ng bihag ang manlulupig?"
25 Ngunit sinasabi ni Yawe:
"Oo, aagawin ko ang bihag sa mandirigma,
at tatakas ang mga sinamsam ng manlulupig
pagkat lalabanan ko ang lumalaban sa iyo
at ililigtas ko ang mga anak mo.
26 Ipakakain ko sa mga naniniil sa iyo
ang sarili nilang laman,
at sila'y malalasing sa sarili nilang dugo na waring ito ay alak.
Makikilala ng lahat na ako si Yawe ang iyong Tagapagligtas,
ang iyong Manunubos, ang Lakas ni Jacob."

**50** 1 Ito ang sinasabi ni Yawe:
"Nasaan ang kasulatan sa paghihiwalay
na patunay na pinalayas ko ang iyong ina?
O kanino sa aking mga pinagkakautangan ko kayo ipinagbili?
Dahil sa mga pagkakasala ninyo kaya kayo ipinagbili,
at dahil sa inyong mga kasalanan kaya pinalayas ang inyong ina.
2 Bakit walang naroon nang ako'y dumating?
Bakit walang sumagot nang ako'y tumawag?
Napakaikli ba ng kamay ko upang makasagip,
o wala ba akong lakas upang makapagligtas?
Sa isang banta lamang, tinutuyo ko ang dagat,
ginagawang disyerto ang mga ilog,
nabubulok ang mga isda sa kakulangan sa tubig
at namamatay sa uhaw.
3 Dinaramtan ko ng itim ang langit
at binabalutan ng sako."

**Binuksan ni Yawe ang aking tainga**

• 4 Tinuruan akong magsalita ni Yaweng Panginoon
upang malaman ko ang salitang magpapasigla sa nanlulupaypay.
Tuwing umaga'y ginigising niya ako
upang makinig tulad ng disipulo.

5 Binuksan ni Yaweng Panginoon ang aking mga tainga.
Hindi ako tumanggi ni umurong,
6 ibinigay ko ang aking likod sa mga humahampas sa akin,
ang aking mga pisngi sa humahaltak sa aking balbas;
ni hindi ko iniiwas ang mukha sa lura at pandurusta.

---

• **50.**4 Sino ang tinutukoy rito ng propeta: ang kanya bang sarili o iba? Maaaring ang minorya ng mga mananampalatayang ipinatapon ang tinutukoy ng *lingkod* sa matalinhagang kahulugan, tulad sa 49:1-6. Ngunit puwede rin namang ang sarili ang tinutukoy ng propeta.

Dumanas ng ganito ring oposisyon ang naunang mga propeta. Kinailangan ni Moises na pagtiisan ang isang mapaghimagsik na bayan. Si Jeremias nama'y inusig at ikinulong (tingnan Jer 20:7 at 37). Iginuguhit sa mga halimbawang ito ang larawan at ang misyon ng ganap at tunay na *lingkod* ni Yawe. Ito si Jesus, ngunit maiuukol din ng bawat propeta ang mga salitang ito para sa kanyang sarili.

Bigyang-pansin ang simula ng tula. Makapaghahatid ng salita at makapagpapasigla ng kalooban sa ngalan ng Diyos ang Lingkod sapagkat siya mismo'y nakikinig *tuwing umaga at laging bukas ang tainga*. Para mabigyang-lakas ang napapagod, dapat tayong paturo sa Diyos: tao ng panalangin ang tunay na propeta at bukas sa Espiritu ng Diyos. "Walang nakaaalam ng mga lihim ng Diyos kundi ang kanyang Espiritu, at tinanggap natin ang Espiritung ito para malaman ang galing sa Diyos" (1 Cor 2:11).

[7] Hindi ako nawalan ng pag-asa
sapagkat si Yaweng Panginoon ang tumutulong sa akin.
Iniharap kong parang bato ang aking mukha
pagkat alam kong hindi ako mapapahiya.
[8] Malapit na ang aking tagapagtanggol;
sino'ng magsasakdal sa akin?
Magharap kaming dalawa.
Sino ang sa aki'y uusig?
Lumapit siya sa akin.

[9] Kung si Yaweng Panginoon ang tumutulong sa akin,
sino'ng magsasabing mali ako?
Lahat sila'y masisirang parang damit,
kakainin sila ng bukbok.

[10] Sino sa inyo ang may pitagan kay Yawe?
Makinig siya sa tinig ng kanyang lingkod.
Sino ang lumalakad sa karimlan
na walang liwanag na tumatanglaw?
Manalig sa Ngalan ni Yawe,
at sumandig sa kanyang Diyos.
[11] Ngunit lahat kayong nagsisindi ng apoy
at may dalang mga sulo,
sige, pumunta kayo sa apoy ng inyong siga
at sa mga sulo na inyong sinindihan.
Ito ang tatanggapin ninyo mula sa aking kamay,
at kayo'y malulugmok sa hirap.

**Ililigtas ng Diyos ang mga anak ni Abraham**

**51** [1] Makinig sa akin ang naghahangad ng katarungan
at naghahanap kay Yawe.
Tumingin sa batong pinagtapyasan sa inyo,
sa hukay na sa inyo'y pinaghanguan.
[2] Tumingin kay Abraham na inyong ama,
at kay Sara na sa inyo'y nagsilang.
Nag-iisa lamang siya nang aking tawagin,
ngunit pinagpala ko at pinarami.
[3] Tiyak na aaliwin ni Yawe ang Sion,
at kahahabagan ang lahat niyang mga guho.
Gagawin niyang Paraiso ang kanyang mga disyerto,
ang kanyang mga ilang tulad ng hardin ni Yawe.
Matatagpuan doon ang galak at tuwa,
awit ng pagpupuri at pasasalamat.
[4] Makinig kayo sa akin, mga bayan;
pakinggan ninyo ako, mga bansa.
Manggagaling sa akin ang aking batas,
tatanglawan ng aking paghatol ang mga bansa;
[5] lilitaw ang aking katarungan,
dumarating na ang aking pagliligtas;
huhukuman ng bisig ko ang mga bansa.
Hihintayin ako ng mga pulo,
at aasahan nila ang aking bisig.
[6] Tumingala kayo sa langit,
at tumingin sa lupa sa ibaba.
Parang usok, ang langit ay maglalaho;
parang damit, ang lupa'y masisira
at ang mga naroo'y mamamatay na parang langaw.
Ngunit magpakailanman ang aking pagliligtas,
hindi lilipas ang aking katarungan.
[7] Makinig kayong nakakakilala ng matuwid,
bayang taglay sa puso ang aking batas;
huwag matakot sa tuligsa ng mga tao
o masiraan ng loob sa kanilang paglait.
[8] Pagkat para silang damit na kakainin ng ipis,
para silang lana na uubusin ng uod.
Ngunit ang katarungan ko'y magpakailanman,
ang pagliligtas ko'y sa lahat ng salinlahi.

**Gising, Yawe**

• [9] Gising, gising! Magpakalakas, bisig ni Yawe!
Gumising ka tulad ng panahon ng nagdaang salinlahi.

---

• **51.**9 Dobleng pagtawag kay Yawe at sa Jerusalem ang tulang ito upang gumising sila. Tinatawag si Yawe bilang isang bayaning natutulog at ang Jerusalem naman bilang isang babaeng napahiya at pinanghihinaan ng loob.

Kapwa sila magkasabay na tinatawagan pagkat nasa

Hindi ba't ikaw ang sumibak kay Rahab at tumuhog sa dragon?
10 Hindi ba't ikaw ang tumuyo sa dagat,
sa mga tubig ng malawak na kalaliman,
ang gumawa ng daan sa kailaliman ng dagat
upang ang mga tinubos ay makalampas?
11 Ang mga tinubos ni Yawe ay magsisiuwi,
sila'y darating sa Sion nang may awitan
may putong na walang hanggang ligaya
kasama nilang darating ang tuwa at galak
habang tumatakas naman ang lungkot at hapis.
12 Ako, ako ang umaaliw sa iyo.
Bakit mo katatakutan ang taong namamatay,
ang anak ng tao na naglalahong tulad ng damo?

13 Nilimot mo si Yawe na gumawa sa iyo,
na nagladlad sa mga langit at nagtayo sa mga pundasyon ng lupa.
Bakit lagi kang takot araw-araw,
pinangangambahan ang poot ng maniniil
na handa kang puksain?
Nasaan ang bagsik ng maniniil?
14 Malapit nang palayain ang bihag,
hindi siya mamamatay sa hukay ni kukulangin sa tinapay.

15 Ako si Yaweng Diyos mo, na nagpagalaw sa dagat
at nagpadagundong sa mga alon –
Yawe ng mga Hukbo ang aking pangalan.
16 Ang mga salita ko'y inilagay sa bibig mo;
kinanlungan ka ng lilim ng kamay ko,
habang iniladlad ko ang langit at itinatayo ang pundasyon ng lupa,
at sinasabi sa Sion: "Ikaw ang aking bayan."

---

magkatuwang na gawain ang muling pagkabuhay ng Jerusalem:

– Si Yawe ang nagtatakda ng panahon, ang naghahanda sa mga kalagayan ng kasaysayan para mangyari, at naglalagay ng pag-asa sa puso ng mga tao.

– Kailangan munang hangarin ng mga anak ng Jerusalem ang sarili nilang kalayaan bago nila muling itayo ang lunsod.

Parang wala ang Diyos sa daigdig habang pinamamahalaan ng mga tao ang lahat ayon sa sarili nilang kagustuhan. Waring natutulog ang Diyos habang di pa sumasapit ang oras niya. Hindi ito nangangahulugang aasa na lamang tayo sa tadhana at ipapalagay na malulutas ang mga problema sa oras na ipinasya ng Diyos. Ang pagtawag at paggising sa Diyos ay nangangahulugan ng pagpapatuloy sa pagsulong bago pa tumaas ang ulap.

Sino ang pinasisigla ng Diyos? Ang mga talunang dumaranas ng mga kasamaang marapat sa kanila. Hindi mga santo ang kanyang kinakausap kundi mga makasalanan, at sinasabi niya sa kanila na sa pagpapatawad sa nakaraan nilang mga kasalanan ay palalakasin niya sila para maitayo ang Banal na Lunsod.

Madaling punahin ang mga makatotohanan at primitibong pananalita na ginagamit ng Biblia tungkol sa Diyos na ito ng mga Hukbo. Ngunit hindi rin naman dapat palitan ang larawan ng Nagtatagumpay na Diyos ng larawan ng isang Diyos na tahimik at di nababahala na mas angkop sa konserbatibong mentalidad. Ang mga pangyayaring ipinahayag dito ang magbabaligtad sa takbo ng kasaysayan.

Pansinin ang mga ekspresyong *tinubos* at *ipi-nagbili* na ginamit na sa 50:1. Ang tao ay sa Diyos, at sa pagsunod sa Diyos niya natatagpuan ang kalayaan. Kapag sinira niya ang ganitong pag-asa sa Diyos, mahuhulog siya sa iba sapagkat ang tao ay ginawa hindi para tamasahin ang kanyang kalayaan na hiwalay sa anumang pagsunod at pananagutan. "Binibili" tayo ni Kristo o tinutubos sa lahat ng pagkaalipin, gaya ng nasusulat sa Is 53:10 (Rom 6:15), ngunit para gawin tayong mga anak.

[17] Gumising ka, gising! Bumangon ka, Jerusalem,
ikaw na pinainom ng kamay ni Yawe sa kopa ng kanyang galit –
ang kopang nagpahilo sa iyo
at ang huling patak ay sinaid.

[18] Sa lahat ng anak na kanyang isinilang,
wala isa mang sa kanya'y umalalay;
sa lahat ng anak na kanyang pinalaki,
wala isa mang sa kanya'y umakay.

[19] Sinapit mo ang dalawang kapahamakang ito –
pagkaguho't pagkawasak, gutom at tabak.
Sino ang sa iyo'y makikiramay?
[20] Ang mga anak mong lalaki'y nakahandusay
sa bawat bukana ng mga daan,
tulad ng usang nahuli sa bitag.
Tigib sila sa poot ni Yawe,
sa banta ng iyong Diyos.

[21] Kaya pakinggan mo ito, kawawang nilalang,
ikaw na lasing ngunit di sa alak.
[22] Ito ang sinasabi ni Yaweng Panginoon mo,
ang iyong Diyos na tagapagtanggol ng bayan mo:
Kinukuha ko na sa iyong kamay ang kopang sa iyo'y nagpasuray,
ang kopa ng aking poot
na hinding-hindi mo na iinuman pa.
[23] Ngunit ilalagay ko ito sa mga kamay ng nagpahirap sa iyo,
sila na sa iyo'y nagpadapa upang ikaw ay tapakan,
habang inilalatag mo ang iyong katawan
na parang daang yayapakan.

[1] Gising, gising! Magpakalakas ka, O Sion!
Isuot ang maringal mong damit,
O Jerusalem, Banal na Lunsod!
Pagkat di na makapapasok sa iyong muli ang di-tuli at marumi.
[2] Pagpagin ang alikabok at tumindig, O Jerusalem.
Alisin ang tanikala sa iyong leeg, bihag na Dalagang Sion.

---

[3] Pagkat ito ang sinasabi ni Yawe:
Ipinagbili kayo nang walang bayad,
at tutubusin kayo nang walang kapalit.
[4] Sinasabi ni Yaweng Panginoon:
Noong una'y nagpunta ang bayan ko
at tumira sa Ehipto,
pagkaraa'y sinikil sila ng Asiria
nang walang anumang dahilan.
[5] Ngunit ano'ng ginagawa ko ngayon?
tanong ni Yawe.
Tinangay ang bayan ko nang walang bayad;
ipagyayabang iyon ng kanilang mga manlulupig,
at sa araw-araw, ngalan ko'y lagi nilang nilalapastangan.
[6] Kaya makikilala ng aking bayan ang pangalan ko,
malalaman nila sa araw na iyon
na ako ang nagsabing "Narito ako!"

52

• [7] Ang ganda sa mga bundok
ang pagdating ng tagapagbalita
nagpapahayag ng kapayapaan,
naghahatid ng kaligayahan,
nagpapahayag ng kaligtasan,
at sinasabi sa Sion: "Naghahari ang iyong Diyos!"
[8] Pakinggan, inilalakas ng iyong mga bantay ang kanilang mga tinig,
magkakasabay silang sumisigaw sa galak
pagkat harap-harapan nilang nakikita si Yawe
sa kanyang pagbalik sa Sion.

[9] Sumigaw kayo sa galak, mga guho ng Jerusalem,
pagkat inaaliw ni Yawe ang kanyang bayan
at tinutubos ang Jerusalem.
[10] Ipinakita ni Yawe sa lahat ng bansa ang kanyang banal na bisig;
makikita ng lahat hanggang sa dulo ng daigdig
ang pagliligtas ng ating Diyos.

[11] Magsialis kayo roon, magsilayo!
Huwag humipo ng anumang marumi,
magsilabas, maglinis ng sarili,
kayong may dala sa mga sagradong gamit ni Yawe.
[12] Ngunit hindi kayo tatakbong palabas
ni aalis na parang tumatakas,
pagkat mangunguna sa inyo si Yawe,
at sa likura'y babantayan kayo ng Diyos ng Israel.

**Kapayapaang hatid ng parusang kanyang tiniis**

• [13] Magtatagumpay ang aking lingkod,
itataas, itatampok at ipagbubunying lubos.
[14] Kung paanong marami ang nagulat sa kanya,
parang hindi na tao ang sirang itsura
– Tao pa ba ito? Mukhang hindi na. –
[15] gayundin mamamangha ang maraming bansa,
ititikom ng mga hari ang kanilang bibig dahil sa kanya,
pagkat makikita nila ang di pa naisasaysay,
mauunawaan ang di pa naririnig.

53

[1] Sino'ng makapaniniwala sa aming narinig
at kanino inihayag ang galaw ng bisig ni Yawe?

---

• **52.**7 *Ang mga propetang tumatawag sa Jerusalem ang mga mensaherong susuguin ng bagong hari sa mga lalawigan para ipahayag sa lahat ang pagdating niya sa trono. Ganito rin ihaharap ni Pablo ang mga Kristiyanong apostol bilang mga tagapagsabi sa daigdig sa ngalan ng Diyos na ngayo'y Panginoon si Kristo (tingnan Rom 1:1-5 at 2 Cor 2:14).*

• 13. *Masdan ang aking lingkod na itatampok.* Ito ang ikaapat at huling tula tungkol sa Lingkod ni Yawe. Maaaring ito na ang pinakatampok na salita ng Matandang Tipan tungkol sa Katubusan.

Pinalalawak ng tulang ito at inihahatid sa sukdulan ang pahapyaw na ipinahayag sa 49:1-6 at 50:4-9. Inililigtas ng Diyos ang daigdig sa pamamagitan ng isang tagapagligtas na *umaako* sa mga kasalanan ng iba.

2 Tulad ng ugat sa lupang tigang,
tulad ng isang murang supling,
siya'y lumago sa harap ni Yawe.
Walang ganda, walang ningning, ni anyong makaaakit sa atin.
3 Siya'y hinamak at itinakwil ng mga tao,
lumaki sa paghihirap at bihasa sa karamdaman,
pinagtataguan ng mukha ng kapwa,
hinamak at di natin pinahalagahan.

4 Ngunit pinasan niya ang ating mga karamdaman,
at dinala ang ating mga paghihirap;
itinuring nating pinarusahan siya ng Diyos,
hinampas at ibinagsak.

5 Nilapastangan nga siya dahil sa ating mga sala,
dinaganan dahil sa ating mga kasalanan;
tiniis niya ang parusang hatid ay kapayapaan sa atin,
at sa kanyang mga sugat tayo ay gumaling.

6 Tulad ng mga tupa, lahat tayo'y naligaw,
bawat isa'y nagkanya-kanyang daan.

---

Libu-libong taon na na nakaugalian ng mga tao ang pagsasakripisyo ng mga hayop at kung minsa'y kahit na ng mga tao sa pag-aakalang maililipat sa mga iyon ang kanilang mga pagkakasala, at maaalis na rin. Ngunit ang mga sakripisyong iyon o ang gayong pag-aalis sa ipinapalagay na sanhi ng pagkagalit ng Diyos kailanma'y di nakahadlang sa karahasan. Inihaharap naman sa atin ngayon ang sagot ng Diyos sa ating mga kasamaan: inililigtas niya tayo sa pamamagitan ng pagdurusa ng mga walang-sala, at higit pa, sa pamamagitan ng kusang pagsasakripisyo ng umaako sa kasalanan ng mundo.

Sa pagsulat nito, nasa isip ng propeta ang maliit na grupo ng matatapat na Judiong itinapon sa Babilonia: wala silang ipinag-iba sa mga *patapon sa mga tao.* Ngunit hindi dahil sa kanilang mga pagkakasala ang kanilang kaabahan, kundi *pasan nila ang kapighatian* ng marahas at makasalanang daigdig na kanilang ginagalawan. *Pinarusahan* ang mga mananampalatayang ito *dahil sa mga pagkakasala ng kanilang bayang* Israel. Ngunit babaguhin sila ng Diyos at gagawing binhi ng isang lahing banal: *makikita nila ang kanilang mga inapo at magkakaroon ng mahabang buhay. Magiging mas dakila pa sa lahat ng nauna ang gawang ito ng Diyos, at matatahimik ang mga hari sa pagkamangha pagkakita nito.*

Ngunit para rin sa ating ikamamangha ang awit na ito. Limang dantaon bago dumating si Kristo nang sulatin ito ng propeta. At parang tinutukoy niya ang kaabahan ng bayan ng Diyos na noon at maging ngayon ay instrumento ng pagliligtas. Ngunit paunang inilalarawan na ng kanyang tula ang Diyos na naging tao na nagpakababa hanggang sa kamatayan sa krus. Sa pagbasa sa paghihirap ni Kristo sa Ebanghelyo, mauunawaan nating nadama rin ng mga ebanghelista ang pagkakatulad ng paglilitis at kamatayan ni Jesus sa ipinahayag ng propeta. At sa paglalarawan kay Jesus bilang tagapagligtas, ang tekstong ito ang madalas na tinutukoy ng mga apostol. Tingnan ang Mga Gawa 8:32; 1 Pedro 2:24.

*Sinong makapaniniwala sa aming narinig?* Sino nga sa mga nakarinig kay Pedro o kay Pablo, o Juan ang makatatanggap ng pahayag nila ukol kay Jesus na nakapakong tagapagligtas? Tingnan ang Jn 12:38; 1 Cor 1:22; Rom 10:16. At ngayon, maaaring maraming Kristiyano ang hindi nakauunawa kung bakit maraming taong walang-kasalanan ang namamatay na biktima ng kawalang-katarungan, at pinag-uusig, lalung-lalo na ang mga Kristiyano.

*Sa kanyang anyo'y walang kagandahan, walang karingalan.* Mali ang nabubuong konklusyon ng ilan na si Kristo'y di-kaakit-akit. Sinasabi lamang ng Kasulatan na ang Tagapagligtas ay walang mga katangiang bumibighani sa mga tao.

*Ang buhay niya'y ginawa mong handog para sa kasalanan.* Sa iba't ibang parte ng Biblia ay inaanyayahan tayong magkaroon ng ganitong saloobin pag naghihirap tayo sa kawalang-katarungan (1 P 1:20; 4:13). Ngunit isa lamang ang ganap na nakatupad sa ganitong misyon ng pagtubos mula sa simula hanggang sa wakas ng kanyang buhay: si Kristo (Heb 10; Rom 5:6).

*Maraming bibigyang-katarungan ng aking lingkod,* o gagawin niya silang matuwid at banal. *Makapal na tao* ang ibig sabihin ng "marami" sa wikang Hebreo. Ang tekstong ito ang babanggitin ni Jesus sa pagdiriwang ng Huling Hapunan: "ang aking dugo na ibubuhos para sa marami," o para sa lahat (Mc 14:24). Kayat maliwanag na sinasabi ni Jesus na ang kanyang pagkamatay ang kusang-loob at ganap na paghahandog na ipinagpapauna sa tulang ito.

Ngunit sa kanya ibinunton ni Yawe
ang sala nating lahat;

7 siya'y pinagmalupitan at nagpakaaba,
ngunit hindi nagbuka ng bibig.
Tulad ng korderong dinadala sa patayan,
at tulad ng tupang walang-imik na ginugupitan,
hindi siya nagbuka ng bibig.

8 Hinuli siya at hinatulan, siya'y kinuha.
At sino'ng makaiisip ng kanyang sinapit?
Inihiwalay sa lupain ng mga buhay
at pinarusahan dahil sa sala ng kanyang bayan.
9 Inilibing siya kasama ng mga masasama,
ibinaon sa libingan ng mga maniniil
bagamat wala siyang ginawang karahasan
ni nagsalita ng kasinungalingan.

10 Ngunit niloob ni Yawe na siya'y durugin sa paghihirap.
Ang buhay niya'y ginawa mong handog sa kasalanan,
kaya magtatamasa siya ng mahabang buhay
at makikita ang kanyang mga supling;
sa pamamagitan niya'y matutupad ang kalooban ni Yawe.

11 Dahil sa paghihirap ng kanyang kaluluwa,
makikita niya ang liwanag at masisiyahan.
Sa kanyang kaalaman
pawawalang-sala ng aking lingkod ang marami,
dadalhin niya't papawiin ang kanilang mga kasalanan.

12 Kaya nga bibigyan ko siya ng bahagi ng mga dakila,
at makikihati siya sa tinamo ng malalakas.
Pagkat ibinigay niya ang sarili sa kamatayan
at ibinilang sa masasama
nang kanyang pasanin ang sala ng marami
at namagitan para sa mga makasalanan.

**Magalak ka, babaeng baog**

**54**

• 1 Magalak ka, O babaeng baog na kailanma'y di nanganak.
Umawit at sumigaw sa galak, ikaw na hindi nagsilang!
Pagkat mas maraming anak ang babaeng itinakwil
kaysa pinakasalang maybahay, sabi ni Yawe.

---

• **54.**1 Tinatapos ng tulang ito ang mga nauna nang tula na iniuukol ni Isaias sa Jerusalem (49:14; 51:17).

Isang magandang pangitain ang Jerusalem, ang bayan sa hinaharap, ang bayan ng Diyos na muling isisilang mula sa guho nito at magiging katuparan ng kaharian ng kapayapaan. Ang Jerusalem ang ideal na siyudad na pinapangarap ng bawat isa sa atin at gustong ibigay sa atin ng Diyos.

*Sandaling pinabayaan kita.* Narito ang kasaysayan ng pagmamahal ng Diyos sa tao: ang buong pagmamahal ng Diyos, ang ating kataksilan at kasalanan. Ngunit ipinahahayag ng mga propeta ang Bagong Jerusalem na asawa ni Yawe, na hinding-hindi na niya iiwan.

2 Palawakin ang iyong kulandong,
agad iladlad ang mga tabing,
pahabain ang mga lubid at patatagin ang mga tulos,
3 pagkat lalawak kang pakana't pakaliwa,
sasakupin ng lahi mo ang mga bansa,
at pamamayanan ang mga lunsod na giba.

4 Huwag matakot, di ka darayain,
huwag mahiya't di ka mapupulaan.
Malilimutan mo ang kahihiyan ng kabataan mo,
di na magugunita ang kadustaan ng iyong pagkabalo
5 pagkat magiging asawa mo ang Maygawa sa iyo:
ang kanyang pangala'y Yawe ng mga Hukbo,
ang Banal ng Israel, ang iyong Manunubos,
tinatawag siyang Diyos ng sangkalupaan.
6 Tinawag ka ni Yawe,
ikaw na parang asawang pinalayas at namimighati.
Maitatakwil ba ang unang pag-ibig? sabi ng iyong Diyos.

7 Sandali kitang pinabayaan
ngunit titipunin ko sa malaking habag.
8 Sumandaling sa bugso ng galit,
itinago ko sa iyo ang aking mukha
ngunit sa pag-ibig kong walang hanggan
ikaw ay aking kinahahabagan,
sabi ni Yaweng iyong Manunubos.

9 Sa aki'y tulad ito ng panahon ni Noe,
nang sumumpa akong di na matatabunan ng tubig ang lupa;
kaya ngayo'y sumusumpa ako na di na mapopoot
ni hindi ka kagagalitan.

---

Alam natin na ang Iglesya ang bagong bayang ito na kaisa ng Diyos sa isang tipang panghabampanahon. Ngunit ito rin ang taksil na bayan, na ang mga kasalanan ay binabanggit ng Biblia: may mga parokyang tulog na umiiral nga ngunit hindi naman tunay na buhay, may mga institusyong wala ang Espiritu ni Jesus, may mga pinuno ng Iglesya na nakatali at napakakasangkapan sa makapangyarihan… Masasabing nasa Iglesyang ito ni Kristo ang Bagong Jerusalem, ngunit totoo rin namang patuloy natin itong hinahanap.

*Sumigaw sa galak, kayong walang anak.* Bumagsak ang sambayanang Judio bunga ng kanilang mga pagkakamali; at wala na silang hinaharap pa ayon sa pananaw ng tao. Pero ito ang gusto ng Diyos. Sapagkat kung wala na silang paraan pa para dumakila, saka yuyuko patungo sa kanila ang Diyos. Hindi na siya ang aasahan natin ng mga biyaya kundi ang magbibigay ng kanyang sarili: *pakakasalan ka ng Lumikha sa iyo.*

*Lahat ng anak mo'y tuturuan ni Yawe.* Ito rin ang pagpapahayag ng isang bagong tipan na naipahayag na ni Jeremias (Jer 31:31). Ang mga mananampalataya'y dapat laging sumandig sa salita ng Diyos at magpaakay sa kanyang mga utos, ngunit ang kaugnayan nila sa Diyos ay nagiging isang malalim na pakikipag-usap ng espiritu sa espiritu, isang pagsasamang pumupuspos sa atin sa kaisa-isang katotohanan. Ito'y isang uri ng kaalaman na walang itinuturong partikular na katotohanan ngunit binibigyang-kakayahan tayong pahalagahan, suriin at isaayos ang lahat ng pira-pirasong katotohanan. Ito'y katutubong ugali ng Diyos na nagbibigay sa atin ng malalim na pagkakilala sa persona ni Kristo sa mga palaging napakaikling mga patotoo ng Banal na Kasulatan. Ibinubunyag naman ng katutubong ugaling ito ang mga lihim ng Biblia (Jn 6:45).

Sa pagninilay sa mga tulang ito natin mauunawaang mabuti ang pagkabirheng pinagiging mabunga ng Diyos. Hindi nagkataon lamang na ipinanganak si Jesus ng isang birheng ina kundi ang kanyang pagsilang din ang nagbigay-wakas sa paghihintay ng "Jerusalem na nobya ng Diyos," tingnan Is 7:14.

10 Lumisan man ang mga bundok
at maalis ang mga burol,
ngunit hindi ka lilisanin ng aking pag-ibig
at hindi maaalis ang aking tipan ng kapayapaan,
sabi ni Yawe na sa iyo'y nahahabag.

11 Kahabag-habag na lunsod, hinagupit ng bagyo,
at walang magmalasakit!
Mga batong hiyas ang itatayo kong moog mo,
at sapiro ang gagawin kong mga pundasyon,
12 mga rubi ang ipuputong ko sa iyong mga pader,
kumikislap na mga hiyas ang mga pintuan mo,
mahahalagang bato ang lahat mong mga pader.

13 Lahat ng anak mo'y tuturuan ni Yawe
at lubos ang magiging kasaganaan nila.
14 Itatatag ka sa katarungan,
di mo katatakutan ang paniniil
at di ka malalapitan ng takot.
15 Kung may lumusob sa iyo'y di ko kagagawan,
tiyak na mabubuwal ang sa iyo'y sasalakay.

16 Masdan, ako ang lumalang sa panday na
nagpapaliyab sa mga baga at gumagawa ng
mga sandata. Ngunit ako rin ang lumikha sa
namumuksa upang magwasak.
17 Hindi magtatagumpay ang alinmang san-
datang pinanday laban sa iyo, at patatahimikin
mo ang lahat ng nagsasalita laban sa iyo. Ito ang
pamana sa mga lingkod ni Yawe, at ang kani-
lang karapatang galing sa akin – sabi ni Yawe.

**Halikayo at uminom**

55 • 1 Halikayo, lahat kayong nauuhaw, magsilapit sa tubig; at lahat kayong mga walang pera, halikayo, bumili ng trigo at kumain. Oo, halikayo, bumili ng alak at gatas, nang walang pera at walang presyo.
2 Bakit gagastahin ang inyong pera sa hindi nakabubusog at bakit nagpapakapagod sa hindi nakasisiya? Makinig sa akin, at kayo'y kakaing mabuti; masasarapan kayo sa matatabang pagkain.
3 Makinig kayo at lumapit sa akin; ma-
kinig sa akin upang mabuhay ang inyong
kaluluwa. Makikipagtipan ako sa inyo –
isang walang hanggang tipan; tutuparin ko
sa inyo ang aking mga pangako kay David.

4 Masdan, ginawa ko siyang saksi sa mga
bansa, isang pinunong nag-uutos sa mga
bayan. 5 Tatawagin mo ang isang bansang hindi
mo kilala, at ang mga bansang di nakakikilala sa
iyo ay patakbong lalapit sa iyo alang-alang kay
Yaweng Diyos mo, ang Banal ng Israel, sa-
pagkat niluwalhati ka niya.

---

• **55.1** Nagwawakas ang huling kabanatang ito sa isang tawag sa pag-asa.

55:1-3. Hindi ba kayo nagsasawa sa lahat ng kaligayahang sa akala ninyo'y matatamo nang walang pagsisikap sa lugar ng pagkatapon?

Diyos ang nagbibigay at laging nauunang magbigay. Inaasahan lamang niya na buksan natin ang pinto. Aalukin tayo ni Jesus ng pahinga (Mt 11:28); iaalok niya sa atin ang tinapay ng buhay (Jn 6) at ibibigay niya ang kanyang sarili mismo bilang kaibigan (Pag 3:20).

55:4-5. Isang pandaigdig na misyon ang naghihintay sa Israel pagkabalik nito sa sariling bayan.

55:6-9: Pasakop sa pag-ibig ni Yawe na humuhubog sa inyo nang higit pa sa maaari ninyong isipin. Parehong lengguwahe ang gagamitin ni Pablo sa kanyang sulat sa mga taga-Roma (5:1-11).

55:10-11: Para bang isang lakas ang salita ng Diyos dito at parang isang tao. Higit pa rin ito sa mga salitang binigkas ng mga propeta. Ang salitang ito na nanggagaling sa Ama at bumabalik sa kanya ang inilalahad sa atin ni Apostol Juan sa unang kabanata ng kanyang Ebanghelyo: ito si Kristo. Tingnan din ang sinasabi tungkol sa 45:8.

6 Hanapin si Yawe habang matatagpuan,
tumawag sa kanya habang siya'y malapit.
7 Iwan ng masama ang kanyang daan,
talikuran niya ang kanyang mga balak;
bumaling siya kay Yawe at siya'y kahahabagan niya,
sa ating Diyos na laging handang magpatawad.
8 Ang aking mga balak ay hindi ninyo balak,
at ang inyong mga paraan ay hindi ko paraan, sabi ni Yawe.
9 Pagkat kung paanong napakataas ng langit sa lupa,
gayundin kataas ang aking mga paraan sa inyong mga paraan
at ang aking mga balak sa inyong mga balak.

10 Bumababa buhat sa langit ang ulan at niyebe
at di nagbabalik doon
hangga't ang lupa'y di nadidilig
at pinasisibol ito at pinasusupling
hanggang mamunga ito ng mga butong panghasik
at tinapay na pagkain,

11 gayundin naman ang aking salita
na lumalabas sa aking bibig:
hindi iyon babalik sa akin nang walang nagagawa
kundi gagawin nito ang aking nais
at tutuparin kung bakit ko ito isinugo.

12 Oo, masaya kayong aalis, mapayapang ihahatid. Aawit sa harap ninyo ang mga bundok at burol, papalakpakan ng lahat ng puno sa parang.

13 Tutubo ang sipres sa halip na tinik, ang mirto sa halip na dawag. At ito'y magpapatanyag kay Yawe; magiging panghabampanahong tanda na hindi mapapawi.

**Tinatawag ng Diyos ang lahat**

**56** • 1 Ito ang sinasabi ni Yawe:
"Isagawa ang katarungan at gumawa
ng tama,
pagkat nalalapit na ang aking pagliligtas
at malapit nang lumitaw ang aking kataru-
ngan.
2 Masaya ang taong gumagawa nito, at
ito ang pinanghahawakan, ang nangingilin sa
Araw ng Pahinga at hindi ito nilalapastangan, at
nag-iingat na huwag gumawa ng masama."
3 Huwag sanang masabi ng dayuhang ibi-
nuklod ang sarili kay Yawe: "Tiyak na ihihiwalay
ako ni Yawe sa kanyang bayan." Ni hindi dapat
masabi ng eunuko: "Isang tuyot na punungka-
hoy lamang ako."
4 Pagkat ito ang sinasabi ni Yawe: "Sa mga
eunukong nangingilin sa aking mga Araw ng
Pahinga, at ang ikinalulugod ko ang pinipili, at
ang aking tipan ang pinanghahawakan –
5 Bibigyan ko sila sa loob ng aking Bahay at
mga pader
ng isang bantayog at isang pangalang
higit pa kaysa mga anak;
bibigyan ko sila ng pangalang walang
hanggan
at di malilimot magpakailanman.
6 At ang mga dayuhang ibinubuklod ang sarili
kay Yawe, na naglilingkod sa kanya at nag-
mamahal sa kanyang Pangalan, ang lahat ng
nangingilin sa mga Araw ng Pahinga na hindi ito
nilalapastangan, at nananatiling tapat sa aking
tipan: 7 dadalhin ko sila sa aking banal na bun-
dok at bibigyang-galak sa aking bahay-dala-
nginan. Tatanggapin sa aking altar ang kanilang
mga susunuging handog at hain, dahil ang aking
bahay ay tatawaging bahay-dalanginan para sa
lahat ng bansa."
8 Ito ang sinasabi ni Yaweng Panginoon na
tumitipon sa itinapong mga taga-Israel: "Titipunin
ko rin ang iba pa bukod sa mga natipon na."
9 Lahat ng maiilap na hayop sa ilang,
halikayo at manlapa,
lahat kayong mga hayop sa gubat!

---

# Ikatlong Bahagi ng Aklat ni Isaias

Nakauwi na ang mga Judio sa kanilang bayan, ngunit hindi pa nagaganap ang mga milagrong ipinahayag sa mga kabanata 40-55 ng aklat na ito. Isang dukhang komunidad ang nagsisikap na maitayo ang sarili at malutas ang lahat ng klase ng problemang hatid ng pag-okupa ng iba sa kanilang lugar sa loob ng pitumpung taong pagkatapon.

Isang propetang di natin alam ang pangalan ang sumasaksi sa mga panimulang ito. Ipinahahayag niya na dumarating ang Diyos para maghiganti sa kanyang mga kaaway; may nasa loob ng Israel na kabilang sa komunidad na ayaw lumayo sa kanilang mga pagkakasala, at may nasa labas din. Higit sa lahat, dumarating ang Diyos para iligtas ang mga magbabalik sa kanya, hindi lamang ang mga nasa komunidad kundi ang mga dayuhan man. Sa sarili niyang pamamaraan, ipinagpapatuloy ng propeta ang masigasig na paglalarawan sa Sion-Jerusalem at sa Mesiyas nito. Ang Sion-Jerusalem ang mahal ng Diyos at malapit nang idaos ang kasal. Darating ang Mesiyas kasama ng Espiritu ni Yawe upang ihatid ang kanyang Ebanghelyo sa mga dukha.

*Ang mga tula ng propetang ito ang bumubuo sa mga kabanata 56-66 ng Aklat ni Isaias. May magandang kaayusan at sukat ang mga tulang ito, at natatapat sa kalagitnaanan ang pahayag tungkol sa bagong Sion.*

| | |
|---|---|
| *56:1-8. Bukas ang bayan ng Diyos para sa lahat* | *66:18-24.* |
| *56:9-58. Mga sumbat, babala at pangako* | *65 at 66:1-17.* |
| *59:1-4. Pag-amin ng mga kasalanan* | *63:7 64:11.* |
| *59:15-20. Ang paghihiganti ng Diyos* | *63:1-6.* |
| *60. Ang bagong Jerusalem* | *62.* |
| *61. Sumasaakin ang Espiritu ni Yawe.* | *61.* |

[10]Bulag ang mga bantay ng Israel:
lahat sila'y walang alam,
lahat sila'y mga piping aso,
hindi sila makatahol,
pahiga-higa at nangangarap
at mahilig matulog.
[11]Mga matatakaw na asong walang kabusugan!
Mga pastol na walang pang-unawa!
Bawat isa'y nagkanya-kanyang lakad
ayon sa sariling kapakanan.
[12]"Halikayo, magdadala ako ng alak,
at mag-inuman tayong lahat.
Bukas ay magiging katulad din ng ngayon,
o baka mas higit pa."

**57** [1]Ang taong matuwid ay pumapanaw,
at walang nababahalang sinuman.
Ang taong mabait ay kinukuha,
at walang sinumang nakauunawa
na ang matuwid ay kinukuha
dahil sa dumarating na kasamaan;
[2]ang lumalakad sa matuwid na daan
ay papasok sa kapayapaan,
mamamahinga sa kanyang himlayan.
[3]Ngunit magsilapit kayong mga anak ng mangkukulam,
mga supling ng mga nakikiapid at mga babaeng bayaran!
[4]Sino'ng inyong pinagtatawanan,
sino'ng iniismiran at dinidilaan?
Di ba't kayo'y mga anak ng kasalanan,
lahi ng kasinungalingan?
[5]Nag-aapoy kayo sa pagnanasa
sa lilim ng mga punong malalabay,
isinasakripisyo ninyo ang inyong mga anak
sa mga tabing-ilog at guwang sa talampas.
[6]Nasa mga diyus-diyusan ang inyong mga puso –
sa makikinis na mga bato sa ilog.
Binuhusan ninyo iyon ng inuming hain
at hinandugan ng alay na pagkain.
Maipagwawalang-bahala ko ba ang mga ito?
[7]Gumawa ka ng iyong higaan
sa mataas, matayog na bundok;
umakyat ka roo't doon naghahandog.
[8]Inilagay mo ang iyong mga paganong imahen
sa likod ng iyong mga pinto at mga hamba.
Oo, lumayo ka sa akin,
hinubaran mo ang iyong higaan
at ika'y sumampa, at pinalawak ang iyong kama,
at nakipagdiwang ka sa kanila –
nakipag-isa sa kanila
na ang mga kama ay gusto mo
at tiningnan ang kanilang kahubaran.
[9]Pumunta ka sa diyos na si Molek,
naglagay ng maraming pabango at langis ng olibo;
pinapunta mo sa malayo ang iyong mga sugo
at pinababa sa lugar ng mga patay.
[10]Pagod ka na sa hinaba-haba ng iyong daan
ngunit hindi ka pa rin nagsasawa
pagkat nakatagpo ka ng panibagong lakas
kaya hindi nanghina.
[11]Sino ang lubha mong kinatatakutan at pinangangambahan
kaya ako'y pinagsisinungalingan?
Hindi mo na ako inalala,
inalisan ng puwang sa iyong puso.
Di ba't dahil sa matagal na akong di umiimik
kaya wala ka nang pitagan sa akin?
[12]Ngunit ngayo'y ibubunyag ko
ang iyong kabutihan at lahat mong mga gawa
na hindi magiging maganda para sa iyo.
[13]Sa pagtawag mo'y iligtas ka
ng iyong mga diyus-diyusan.
Silang lahat ay ililipad ng hangin,
maglalaho sa isang buga lamang.
Ngunit magmamana sa lupain ang nananalig sa akin
at magmamay-ari sa aking Banal na Bundok.
[14]At sasabihin: "Maghanda, maghanda,
magbukas ng daan, alisin ang hadlang
sa daraanan ng aking bayan."
[15]Pagkat ito ang sinasabi ng Kataas-taasang
nakaluklok magpakailanman, na ang Pangalan ay banal:

**Walang kapayapaang walang katarungan**

"Nananahan akong mataas at banal
ngunit naroon din ako sa nagsisisi at aba sa espiritu
upang pasiglahin ang espiritu ng mga aba
at bigyang-buhay ang puso ng mga nagsisisi.

---

• **56.1** Ang batas ng Judio, ayon sa kaisipan ng mga panahong iyon, ay nagbubukod sa mga dayuhan, sa ilang pagkakataon, pati na sa mga eunuko o mga lalaking kapon, sa mga panrelihiyong pagtitipon. Ipinapakita ng propeta na hindi sang-ayon ang Diyos sa gayong mga pagtatangi.

56:9-57: Narito ang mga tulang laban sa mga pinuno ng Juda at sa pagsamba sa diyus-diyusan na kapareho-kapareho ng nasa Jeremias.

16 Hindi ako mang-uusig sa habang panahon
at hindi laging magagalit,
at baka ang tao'y panghinaan ng loob –
ang hininga ng buhay na aking nilalang.

17 Sumandali akong nagalit sa kanyang kasamaan,
pinarusahan ko siya at ikinubli ang aking mukha
pagkat wala siyang gustong pakinggan
kundi sarili niyang kalooban.

18 Nakita ko nga ang kanyang daan;
pagagalingin ko siya, aaliwin at pasasaganain,

19 at bibigyan ng ngiti ang mga labi ng mga nagluluksa sa kanya:
Kapayapaan! Kapayapaan sa nasa malayo,
gayundin sa nasa malapit," sabi ni Yawe.
"Oo, pagagalingin nga kita.

20 Ngunit ang masama'y parang dagat na inuunos, walang katahimikan,
putik at burak ang isinusuka ng mga alon.
21 Walang kapayapaan ang masama," sabi ng aking Diyos.

**Ang ayunong ikinalulugod ng Diyos**

**58** • 1 Sumigaw nang malakas at huwag mangamba,
ilakas ang iyong tinig tulad ng trompeta;
ipamukha sa bayan ko ang kanilang mga pagkakasala
at sa angkan ni Jacob ang kanilang kasalanan.

2 Totoo bang hinahanap nila ako araw-araw,
at ninanais malaman ang aking mga daan
gaya ng isang bansang gumagawa ng tama
at di tumatalikod sa utos ng kanilang Diyos?
Gusto ba nilang malaman ang makatarungang batas
at manatiling malapit sa kanilang Diyos?

---

• **58.**1 *Nag-aayuno kami at ikaw ay hindi.* Nag-aayuno ang mga taga-Juda para marinig ng Diyos ang kanilang mga kahilingan. Maaaring ito'y mga pambayang panalangin para humingi ng ulan. Katulad sila ng maraming tao sa ngayon na nagrereklamo. "Walang Diyos pagkat napakaraming kasawian."

*Totoo bang hinahanap nila ako, gaya ng isang bayang gumagawa ng mabuti?* Sa kabila ng pagkakaroon ng tahimik na budhi, nababahala sila sa katahimikan ng Diyos. Baka may kung anong kasalanan silang nagawa na hindi nila alam. Maaari kayang gusto ng Diyos na makitang humihingi ng kanyang pagpapala ang taong aba? Kaya *nahihiga sila sa sako at abo.* At katulad sila ng maraming Kristiyanong nasisiyahan na sa pagiging Kristiyanong gumagawa nang hindi nakikitang ang paggawang hinahanap ng Diyos ay magbigay ng kapayapaan sa lahat ng tao.

*Kaipala'y basta lamang ito pagyuyuko ng ulo?* Hindi nais ng Diyos ang pagkamatay ng makasalanan ni ang pagkaaba ng kanyang nilalang. Mahal ng Diyos ang mga tao, mahal niya ang lahat at hindi lamang ang maliliit na may-ari ng lupa sa Juda na nababalisa dahil sa kanilang pananim. Mahalaga din sa kanya ang mga manggagawa at mga alipin ng maliliit na mga may-lupang ito. Malinaw ang hinihingi ng Diyos: pagkakalag sa mga tanikala ng kawalang-katarungan at pakikibahagi sa lahat.

*Pagkalag sa mga tali ng pamatok.* Masusulyapan dito ang malaking pagsisikap na hinihingi sa lahat para wakasan ang lahat ng uri ng pang-aalipin. Mula sa maliliit na pribilehiyong pinag-aagawan ng mga kasamang manggagawa hanggang sa mga batas na nagpapanatili sa gipit na kalagayan ng mga grupo. Sirain ang pamatok na iniaatang ng mga lalaki sa kani-kanilang

3 "Bakit pa kami nag-aayuno," tanong nila,
"samantalang di mo man lang iyon nakikita?
Nagpapakasakit kami ngunit di mo napapansin."
Ngunit, tingnan ninyo, sa araw ng inyong ayuno,
wala kayong pinalalampas na pagkakataon
at pinipilit gumawa ang lahat ninyong trabahador.
4 Oo, nag-aayuno nga kayo
pero nauuwi naman sa away at pagtatalo,
at pagsusuntukan ng mga kamao ng kasamaan.

Hindi ang klase ng inyong pag-aayuno ngayon
ang makapagpaparinig ng inyong tinig sa itaas.
5 Ganito ba ang ayunong kinalulugdan ko,
isang araw para magpakumbaba ang tao?

Pagtungo na lamang ba ito gaya ng tambo
at paggamit ng sako at abo?
Ito ba ang tinatawag mong pag-aayuno
na isang araw na kalugud-lugod kay Yawe?

6 Di ba't ito ang ayunong kinalulugdan ko:
lagutin ang tanikala ng kawalang-katarungan,
at kalagin ang mga tali ng pamatok;
palayain ang mga api, at wasakin ang lahat ng pamatok;

7 ibahagi ang iyong pagkain sa nagugutom,
patuluyin ang mga dukhang walang masilungan,
damitan ang nakikita mong hubad
at huwag talikuran ang sarili mong dugo at laman.
8 At parang umagang magbubukanliwayway ang iyong liwanag,
at ang paggaling mo'y agad na lilitaw.
Ang pagkamatuwid mo'y mangunguna sa iyo,
Luwalhati ni Yawe ang tanod sa likod mo.

9 Tatawag ka at tutugunin ni Yawe,
sisigaw ka at sasabihin niyang "Narito ako."

---

asawa, hanggang sa mga alitan ng magkakapwa-tao na walang may gustong gumawa ng unang hakbang.

*Pagwasak sa lahat ng pang-aalipin.* Hindi sapat ang "pagbabalik-loob" sa Diyos "mula sa puso"; naga-ganap ang pagbabago kasabay ng pagbabago ng mga tao at institusyon. Dahil ginagawa tayo ng mga ito na kabahagi sa mga kawalang-katarungan at kasalanan ng lipunang ating ginagalawan. Di-mabilang na mga kasalanan: katiwalian, pagbibili ng sarili, karahasan ang bunga ng kolonyalismo at ng kalakip nitong dependensiyang ekonomiko at kultural.

*Pakikibahagi sa nagugutom.* At iyon sa pandaigdigang antas ay iisa, ang kaisa-isang Adan na ang ulo ay si Kristo.

*Ang liwanag mo'y mamimitak na parang umaga.* Nakikita natin ang mga lider ng mga bansa na nagtitipon, nag-uusap at nag-aaral para malutas ang malulubhang problema ng sangkatauhan. Ngunit walang liwanag na sumisikat. Alam natin na ang pananaliksik ng isang siyentipiko ay hindi tuwirang humahantong sa mga dakilang pagkatuklas. Sa halip, kadalasa'y bigla na lamang natatagpuan ang solusyon kung saan hindi inaasahan. Ganito rin ang mga problema ng tao: walang magawa ang mga teoretikong solusyon. Ngunit may matatagpuang di-inaasahang mga pamamaraan kung tatanggapin ng bawat bansa at bawat panig ng lipunan na *magbahagi at lumayo sa paniniil.*

Kung aalisin mo sa iyong piling ang pamatok,
ang nandudurong daliri at masasakit na salita,
10 kung magmamalasakit ka para sa nagugutom
at bibigyang-ginhawa ang mga api,
ang liwanag mo'y magniningning sa karimlan,
ang iyong gabi'y matutulad sa katanghaliang-tapat.

11 Lagi kang papatnubayan ni Yawe,
bibigyang-ginhawa sa mga tigang na lugar.
Palalakasin niya ang iyong mga buto,
matutulad ka sa harding husto sa dilig,
tulad ng bukal na laging may tubig.

12 Muling itatayo ang dati ninyong mga guho,
ibabangon ang matatandang pundasyon;
tatawagin kang Tagapagkumpuni-ng-Sirang-Pader,
ang Tagapag-ayos-ng-mga-bahay-na-giba.

13 Kung ihihinto mo ang paglapastangan sa Araw ng Pahinga
at paggawa ng tanang magustuhan sa aking araw na banal,
kung tatawagin mong Kalugud-lugod ang Araw ng Pahinga
at Kapita-pitagan ang banal na araw ni Yawe,
kung ipagpipitagan mo iyon
sa di pagpunta sa iyong mga lakad,
sa di paggawa ng balanang magustuhan,
at di pagsasalita ng walang kabuluhan –
14 kung gayo'y liligaya ka kay Yawe,
sa kaitaasa'y matagumpay kang mangangabayo
at magpipiging sa pamana ni Jacob na iyong ama
pagkat bibig nga ni Yawe ang nagsalita.

**Salmo ng penitensya**

**59** 1 Hindi nga napakaikli ng bisig ni Yawe
upang hindi makapagligtas;
ni napakabingi ng kanyang mga tainga
upang hindi makarinig.
2 Ngunit ang mga kasamaan ninyo ang nag-
lalayo sa inyo sa inyong Diyos. Dahil sa inyong
mga kasalanan, nagtakip siya ng mukha upang
hindi kayo marinig.
3 Tigmak sa dugo ang inyong mga kamay, at
ng kabuktutan ang inyong mga daliri, kasinu-
ngalingan ang namumutawi sa inyong mga labi,
kabulaanan ang ibinubulung-bulong ng inyong
dila.
4 Walang katarungan ni katotohanan sa kani-
lang mga usapin; sumasandig sila sa wala at
nagsisinungaling, ipinagbubuntis ang kagulu-
han at ipinanganganak ang kasamaan.
5 Mga itlog ng ahas ang kanilang nililimliman,
at sapot ng gagamba ang hinahabi; mamama-
tay ang kumain ng kanilang mga itlog, at sa
bawat itlog na mabasag ay ahas ang lalabas.
6 Hindi mahahabing damit ang kanilang si-
nulid. Walang sinumang matutulungan ang ka-
nilang mga gawa; masama ang kanilang mga
gawa at karahasan ang nasa kanilang mga
kamay.
7 Mabilis ang kanilang mga paa sa kasa-
maan, nagdudumali sa pagbubuhos sa dugo ng
walang-malay; masama ang kanilang mga
balak, at sa kanilang mga dinaraanan, lagim,
gulo at pagkawasak ang naiiwan.
8 Wala silang alam sa kapayapaan,
walang katarungan ang kanilang mga daan;
gumawa sila ng liku-likong mga landas,
at ang lumalakad doo'y walang kapayapaan.
9 Kaya katarungan sa ami'y malayo
at ang pagkamatuwid sa ami'y di umaabot.
Naghintay kami ng liwanag, ngunit pawang karimlan;
ng kaliwanagan, ngunit lumakad kami sa dilim.
10 Sinasalat namin ang pader tulad ng bulag,
nangangapa tulad ng mga walang mata.
Kami'y nadarapa sa katanghaliang-tapat na parang takipsilim,
at kami ay patay sa gitna ng aming kasalanan.
11 Lahat kami'y umuungol na parang mga oso,
tumataghoy na parang mga kalapati.

Naghintay kami ng katarungan, ngunit wala;
ng pagliligtas, ngunit malayo pa rin sa amin.
12 Pagkat labis kaming nagkasala sa harap mo,
saksi laban sa amin ang aming mga sala.
Inaamin namin ang aming mga pagsuway,
at nababatid ang aming mga pagkakasala.
13 Pinagtaksilan nami't pinaghimagsikan si Yawe;
lumayo kami sa aming Diyos,
nagbalak ng karahasa't paghihimagsik,
nag-isip at nagbubulong ng kasinungalingan mula sa puso.
14 Pinalayas ang katarungan,
nanatiling malayo ang batas;
ang katotohana'y nadapa sa liwasan,
at di nakapasok ang matuwid.
15 Pinabayaan ang katotohanan,
at pinag-uusig ang lumalayo sa masama.

**Kumilos ang Panginoon**

• Nakita ito ni Yawe, at masama sa kanyang paningin
na wala na ang katarungan.
16 Nakita niya na wala isa man,
nangilabot siya na wala isa mang kumikilos
kaya lumaban siya para sa kanyang sarili
at ang kanyang katarungan ang umalalay sa kanya.
17 Ibinaluti niya sa dibdib ang Katarungan,
at sa ulo'y ang helmet ng Kaligtasan,
isinuot ang damit ng Paghihiganti
at ibinalabal ang kapa ng Paninindigan.
18 Susuklian niya ang halaga ng mga gawa –
poot sa kanyang mga kaaway,
ganti sa kanyang mga kalaban.
19 Ipagpipitagan ng mga nasa Kanluran ang Ngalan ni Yawe
at ng mga nasa Silangan
ang kanyang Kaluwalhatian
pagkat darating siyang tulad ng pinigil na baha
na itinataboy ng hininga ni Yawe.
20 Subalit darating siya bilang Manunubos
sa Sion at sa mga taga-Jacob
na nagsisisi sa kanilang mga sala,
wika ni Yawe.
21 Sa ganang akin, ito ang aking pakikipag-
tipan sa kanila, sabi ni Yawe. Ang aking espiritu
na sumasainyo, at ang aking mga salita na
inilagay ko sa inyong bibig ay hindi kailanman
lilisan sa inyong bibig ni sa bibig ng inyong mga
anak o ng inyong mga inapo mula ngayon at
magpakailanman, wika ni Yawe.

**Sumisikat sa iyo ang Luwalhati ni Yawe**

**60**

• 1 Bumangon ka, magningning,
pagkat dumating na ang iyong liwanag.
Ang kaluwalhatian ni Yawe sa iyo ay sumisikat.
2 Masdan, nababalot pa ng dilim ang lupa,
at ng makapal na ulap ang mga bayan.
Ngunit sumisikat si Yawe sa iyo,
at lumilitaw sa iyo ang kanyang kaluwalhatian.
3 Lumalakad ang mga bansa sa iyong liwanag,
at ang mga hari sa ningning ng iyong bukanliwayway.

---

• **59.**15 *Inilalahad si Yawe bilang isang mandirigma tulad sa 63:1. May mga sandata siya na nararapat sa kanyang paghahari:*

– Katarungan. Ang ibig sabihin nito'y ang lakas ng Diyos na dumarating para maggawad ng katarungan sa lupa.

– Kaligtasan. Ito ang ganap na pagpapalaya sa tao para maging banal.

– Sigasig. Ito ang selosong pag-ibig ng Diyos para sa mga tapat sa kanya.

Babanggitin sa Aklat ng Karunungan ang mga salitang ito sa 5:17 at pati ni Pablo sa Ef 6:14.

• **60.**1 Pinagmamasdan ng propeta ang hamak na Jerusalem na bahagya lamang nakababangon sa pagkawasak. Bigla itong pinagbabagong-anyo sa liwanag ng Jerusalem sa hinaharap, puno ng mga yaman ni Yawe ang lunsod na magiging asawa ng Panginoon.

Doon magkakatotoo ang lahat ng minimithi ng sangkatauhang dinalisay at tinipon sa liwanag ng Diyos (tingnan Pag 21). Doon magkakaroon ng kaganapan ang lahat ng inaasam ng sangkatauhan.

Nakatuon ang mga pangakong ito sa mga hantungang dapat pagtuunang-pansin ng Iglesya. Nasa kanya at sa kanya dapat matipon ang lahat ng tunay na yaman ng sangkatauhan: pananampalataya, pang-unawa, kapatiran.

*"Itunghay ang iyong ulo, O Jerusalem. Masdan ang makapal na taong nagtatayo at naghahanap. Sa mga laboratoryo at mga paaralan, sa mga disyerto*

4 Tumingin ka at masdan ang paligid:
nagtitipon silang lahat at dumarating sa iyo –
ang mga anak mong lalaki mula sa malayo,
ang mga anak mong babaeng kinakalong.

5 Magliliwanag ang mukha mo sa tanawing ito;
kakaba-kaba ang iyong puso at mapupuspos ng ligaya.
Dadalhin sa iyo ang yaman ng dagat,
darating sa iyo ang yaman ng mga bansa.

6 Matatabunan ka ng napakaraming kamelyo,
mga batang kamelyo ng Madian at Efa.
Darating ang lahat ng taga-Saba,
may dalang ginto at insenso,
at ipinapahayag ang papuri kay Yawe.
7 Titipunin sa iyo ang lahat ng kawan ng Kedar,
mapapasaiyo ang mga lalaking tupa ng Nebayot
para maging kalugud-lugod na hain sa aking altar
pagkat pagagandahin ko ang luwalhati ng aking Bahay.

8 Sino ang mga iyon na lumilipad na parang ulap,
parang mga kalapating pauwi sa kanilang mga pugad?
9 Ah, mga barko ang mga iyon,
at nasa unahan ang mga barko ng Tarsis
pagkat sa akin na ngayon umaasa ang mga pulo,
dala nila ang iyong mga anak buhat sa malayo,
taglay ang kanilang ginto at pilak
para sa Ngalan ni Yaweng iyong Diyos,
ang Banal ng Israel –
pagkat ikaw ay niluwalhati niya.

10 Itatayong muli ng mga dayuhan ang iyong mga pader,
paglilingkuran ka ng kanilang mga hari.
Pagkat kung sa galit ko ma'y hinampas ka,
sa kabutihang-loob nama'y kahahabagan kita.

11 Magiging laging bukas ang iyong mga pintuan,
hindi isasara sa araw at gabi
upang tanggapin mo ang yaman ng mga bansa
sa pangunguna ng kanilang mga hari.
12 Pagkat lilipulin ang bansa o kaharian
na di maglilingkod sa iyo.
Oo, ang bansang ito'y wawasakin!
13 Darating sa iyo ang luwalhati ng Lebanon,
ang pino, gayundin ang sipres at agoho,
upang palamutihan ang aking santuwaryo
at bigyang-luwalhati ang tuntungan ng paa ko.
14 Nakayukong darating ang mga anak ng mga naniil sa iyo;

---

*at sa mga pabrika, sa napakalawak na larangan ng lipunan.*

*Nakikita mo ba ang lahat ng taong ito na nagpupunyagi? Lahat ng ito – sa sining, sa siyensiya at pilosopiya – para sa iyo ang lahat ng ito! Tayo na, iunat ang iyong mga braso at buksan ang iyong puso at tanggapin gaya ng iyong Panginoong Jesus ang dagsang ito ng nag-uumapaw na sigla ng tao. Tanggapin ang dagtang ito sapagkat kung wala ang binyag nito, malalanta kang walang mithiin, parang bulaklak na walang tubig. At ingatan mo ito sapagkat kung wala ang araw mo, mangangalat ito sa mga baog na sanga" (Teilhard de Chardin).*

magpapatirapa sa harap mo ang lahat ng sa iyo ay humamak.
Tatawagin ka nilang Lunsod ni Yawe,
ang Sion ng Banal ng Israel.
15 Pinabayaan ka man, kinamuhia't iniwasan,
gagawin kitang dangal na walang hanggan
at kaligayahan ng lahat ng salinlahi.
16 Sususuhin mo ang gatas ng mga bansa,
aarugain ka sa dibdib ng mga hari.
Makikilala mong ako si Yawe,
ang iyong Tagapagligtas,
ang iyong Manunubos,
ang Lakas ni Jacob.
17 Sa halip na tanso, dadalhan kita ng ginto;
pilak, sa halip na bakal;
sa halip na kahoy, dadalhan kita ng tanso;
bakal, sa halip na kahoy.
Sa halip na mga katiwala, magkakaroon kayo ng kapayapaan;
ng katarungan sa halip na mga mapaniil na kapatas.
18 Di na maririnig ang karahasan sa iyong lupain,
ni guho o pagkawasak sa iyong mga hangganan.
Tatawagin mong Kaligtasan ang iyong mga pader
at Pagpupuri ang iyong mga pintuan.
19 Hindi na ang araw ang magiging liwanag mo sa maghapon,
ni ang ningning ng buwan ang tatanglaw sa iyo.
Sapagkat si Yawe ang walang hanggang liwanag mo,
at ang iyong Diyos ang luwalhati mo.
20 Hindi na lulubog ang iyong araw,
ni matutunaw pa ang iyong buwan
pagkat si Yawe ang walang hanggan mong liwanag
at magwawakas ang mga araw ng iyong pagluluksa.
21 Magiging matuwid ang buo mong bayan,
aariin nila magpakailanman ang lupa –
sila ang usbong ng aking itinanim,
ang gawa ng aking mga kamay
para sa aking ikaluluwalhati.
22 Ang pinakakaunti sa inyo ay magiging sanlibo,
ang pinakamaliit ay magiging malakas na bansa.
Ako si Yawe,
aapurahin ko itong gawin sa takdang panahon.

**Sumasaakin ang Espiritu ng Diyos**

# 61

• 1 Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoong Yawe,
sapagkat itinalaga ako ni Yawe
upang ihatid ang mabuting balita sa mga dukha.
Sinugo niya ako upang pagalingin ang pusong sugatan,
upang ipahayag ang kalayaan sa mga itinapon
at ang pagpapalaya sa mga bilanggo;
2 upang ipahayag ang taon ng kabutihang-loob ni Yawe
at ang araw ng paghihiganti ng ating Diyos;

---

• **61.**1 Inaalaala ng propeta ang misyong tinanggap niya sa Diyos, ipahayag sa mga Judiong unang nakabalik sa Jerusalem na pagpapalain ng Diyos ang kanilang mga pagsisikap. Muling itatayo ang mga guho: mas malaking bilang ng mga kapatid ang magsisiuwi mula sa mga bansang kanilang kinatapunan; dapat magtiyaga ang mga nag-aalinlangan o nasisiraang-loob sapagkat agad na darating ang Diyos upang dalawin ang kanyang bayan.

Sa pagsasalita sa sinagoga ng Nazaret, binasa ni Jesus ang tekstong ito at sinabi: "Isinakatuparan ito ngayon"(Lc 4:21). At sinabi ng mga nakarinig sa kanya:"Dinalaw ng Diyos ang kanyang bayan."

Ngunit tayo ngayo'y nagtatanong: Kung dinala rito ni Kristo ang kaligtasan ng Diyos, dalawampung dantaon na ang nakararaan, bakit maraming tao pa ang naghihintay ng *magandang balita* ng kanilang paglaya?

Dahil isang binhi ang Ebanghelyo at hindi ang agad-agad na pagbabago ng mundo ang hatid ng Muling Pagkabuhay. Kung nagkaroon ng labinlimang dantaong paghahanap at pagsubok ang mga Judio bago dumating ang kanilang Tagapagligtas, paano makakamit ng ibang mga bayan ang ganap na kapayapaan ng Kaharian ng Diyos kung hindi muna sila magdaraan sa malalaking pagsubok bago muling dumating si Kristo? Labis na ngang pagpapala ang makapiling natin siya at *sumasaatin ang Espiritu niya.*

*Magpagaling, mang-aliw; pabango at bulaklak; puspos tayo ng kaligayahan dahil sa pagdating ng Diyos sa kanyang bayan; walang takot ni pagkabagot na napakalimit ay nasa puso ng mga gawaing panrelihiyon.*

[3]upang aliwin ang lahat ng nagluluksa;
upang lagyan sila ng kuwintas na bulaklak sa halip na abo,
ng langis ng kagalakan sa halip ng pagluluksa,
ng damit ng pagpupuri sa halip ng kawalang-sigla.

Tatawagin silang mga punungkahoy ng katarungan na itinanim ni Yawe para sa kanyang ikaluluwalhati.
[4]Itatayo nilang muli ang matatandang guho,
muling ititindig ang mga lugar na matagal nang salanta,
muling itatatag ang mga lunsod na wasak,
matagal nang wasak sa mga sali't salinlahi.
[5]Mga dayuhan ang magpapastol sa inyong mga kawan, mga banyaga ang gagawa sa inyong mga bukid at ubasan.
[6]At tatawagin kayong mga pari ni Yawe, pangangalanang mga tagapaglingkod ng ating Diyos. Kakain kayo mula sa kasaganaan ng mga bansa at ipagmamalaki ang kanilang mga kayamanan.
[7]Ibayong kahihiyan ang tinamo ng aking bayan,
kadustaan ang naging bahagi nila;
ibayong bahagi ang mapapasakanila sa kanilang lupain;
bibigyan ko sila ng ligayang walang hanggan.
[8]Pagkat akong si Yawe ay nagmamahal sa katarungan, namumuhi sa pagnanakaw at paniniil. Ibibigay ko ang karampatan nilang gantimpala at makikipagtipan sa kanila sa habang panahon.
[9]Makikilala sa mga bansa ang kanilang lahi,
at sa mga bayan ang kanilang mga anak.
Lahat ng makakikita'y kikilanlin sila
na isang liping pinagpala ni Yawe.
[10]Lubusan akong nagagalak kay Yawe,
ang kaluluwa ko'y naliligayahan sa aking Diyos,
pagkat dinamtan niya ako ng pagliligtas,
binalabalan ng katarungan,
tulad ng lalaking ikinakasal na suot ang kanyang turban,
tulad ng babaeng ikinakasal na suot ang kanyang mga alahas.
[11]Pagkat kung paanong pinasisibol ng lupa
ang kanyang mga supling,
at pinatutubo ng hardin ang mga inihasik dito,
gayundin pasisibulin ni Yaweng Panginoon
ang katarunga't pagpupuri sa harap ng lahat ng bansa.

**Kalulugdan ka ng iyong Diyos**

**62** • [1]Alang-alang sa Sion, di ako magsasawalang-imik,
alang-alang sa Jerusalem, di ako mananahimik,
hanggang maningning na sumikat ang kanyang katarungan
at parang sulong magliyab ang kanyang pagliligtas.
[2]Makikita ng mga bansa ang katarungan mo
at ng lahat ng hari ang kaluwalhatian mo.
Tatawagin ka sa isang bagong pangalan
na ipapahayag ng bibig ni Yawe.
[3]Ikaw ay magiging kahanga-hangang korona sa kamay ni Yawe,
isang pangmaharlikang alahas sa kamay ng iyong Diyos.
[4]Hindi ka na tatawaging *Ang Iniwan,*
ang lupain mo'y di na tatawaging *Ang Pinabayaan,*
ngunit tatawagin kang *Aking Kinalulugdan*
at ang lupain mo'y *Ang Ikinasal.*
Pagkat kalulugdan ka ni Yawe
at ang lupain mo'y ikakasal.

---

• **62.**1 Maiuukol dito ang sinabi tungkol sa kabanata 60. Sa isang nababagong paraan, inuulit ng tulang ito ang sinabi tungkol sa darating na Jerusalem sa 4:2 at sa mga kabanata 40-55.

Ang Jerusalem, permanenteng siyudad ng mga anak ng Diyos, asawa ng Panginoon, tigib ng kanyang yaman, at binibigyang-lugod ang kanyang Diyos. Bakit maraming beses tayong pinaaalalahanan ng Diyos tungkol sa mga kababalaghang hindi pa nagkakatotoo?

– Para manatili tayong umaasa sa gitna ng mga pagsubok at panahong walang katiyakan (kaya binibigyang-sigla tayo ni Pablo sa Roma 8:16). At sa pagkakataong lumalabas na mabuti ang mga bagaybagay at puno tayo ng makalupang pag-asa, ang pananaw ding iyon ang dapat tumulong sa atin na makalayo sa lahat ng ito, sa pagkaalam na may higit pang mabuting naghihintay sa atin.

– Sa kabilang dako naman, narito na ang makalangit na Jerusalem. Ibinigay na sa kanya na sumapi sa Iglesya ang mga pagpapalang ipinangako kay David na kababanggit pa lamang natin. Tinatamasa na nila ang mga iyon sa pagtanggap nila ng mga kaloob ng Espiritu Santo (tingnan Gawa 13:34). Inaanyayahan tayo ng mga pahinang ito na makita ang pag-gawa ng Diyos sa daigdig sa pamamagitan ng Iglesya.

5 Kung paanong pinakakasalan ng binata ang dalaga,
gayon ka rin pakakasalan ng gumawa sa iyo;
at kung paanong ikinalulugod ng nobyo ang nobya,
gayon ka rin ikalulugod ng iyong Diyos.

**Aani ang naghahasik**

6 Naglagay ako ng mga tanod sa mga pader mo, O Jerusalem,
maghapo't magdamag silang di mananahimik.
Kayong mga tagapagpaalala ni Yawe,
huwag kayong tumigil, 7 at huwag din ninyo siyang tigilan
hanggang maitayo niya ang Jerusalem
at magawa itong dangal ng daigdig.
8 Isinumpa ni Yawe sa kanyang kanang kamay
at sa kanyang malakas na bisig:
"Kailanma'y di ko na ibibigay ang iyong trigo sa iyong mga kaaway,
ni ang mga dayuha'y iinom pa ng bagong alak
na iyong pinagpagalan.
9 Ngunit sila mismong nag-aani ng trigo ang kakain nito
at magpupuri kay Yawe;
sila mismong namimitas ng ubas ang iinom nito
sa mga pasilyo ng aking santuwaryo."

10 Magsidaan, magsidaan sa mga pintuan!
Ihanda ang daan ng bayan,
itayo, ayusin ang daan,
linisin, alisan ng bato;
maglagay ng bandila sa itaas para sa mga bayan.
11 Ipinahayag ni Yawe hanggang sa dulo ng daigdig:
"Sabihin sa Dalagang si Sion –
Tingnan mo, dumarating na ang iyong Tagapagligtas!
Dala niya ang gantimpala ng kanyang tagumpay,
nangunguna sa kanya ang mga samsam."
12 Sila'y tatawagin nilang Ang Banal na Bayan,
Ang mga Tinubos ni Yawe;
at ika'y tatawaging Ang Inalagaan,
Ang Lunsod na Hindi na Pinabayaan.

**Ba't pula ang damit mo?**

# 63

• 1 Sino itong dumarating galing sa Edom,
galing sa Bosra, nakadamit ng pula?
Sino itong nakadamit nang maringal,
at taas-noong lumalakad?
"Ako ang nangungusap ng katarungan,
makapangyarihan para magligtas."

---

• **63.**1 Damhin ang mabangis na ganda ng tulang ito. Sinamantala ng kalapit na bayan ng Edom ang pagkawasak ng Jerusalem. Nakisama sila sa mga mangwawasak at nakibahagi sa pananamsam. Kaya naging sapat ang simpleng pagbanggit sa pangyayaring iyon para pukawin sa mga Judio ang paghahangad na maghiganti. Hinangad nga ng mga propeta ang pagkawasak ng isang bansang lantaran ang kasalanan at walang anumang misyon sa mga plano ng Diyos. Nalalahad sa tulang ito na para bang ang Diyos mismo ang nagsasalaysay ng kanyang tagumpay laban sa mga bayang pagano.

Nagkaroon ng ibang matalinhagang kahulugan ang tulang ito para sa mananampalataya pagkaraan ni Kristo: si Kristong tigmak ng sariling dugo (tingnan Pag 19:13) ang nakikita nila sa katauhan ng bayani. Ito ang tunay na tagumpay ng Diyos at ang kanyang paraan ng pagpapanumbalik sa katarungan.

[2] Bakit damit mo'y simpula
ng suot ng mga nasa pisaan ng ubas?
[3] "Mag-isa akong nagpisa ng ubas,
walang kasama isa man sa aking bayan;
pinisa ko sila sa aking galit,
at tinapakan sa aking poot,
nagtalsikan sa damit ko ang kanilang katas
at minantsahan ko ang buo kong kasuutan.

[4] Pagkat ipinasya ko ang araw ng paghihiganti,
at sumapit na ang taon ng aking pagtubos.
[5] Tumingin ako at wala isa mang kumilos,
nagulat ako at wala isa mang umalalay
kaya lumaban ako para sa aking sarili
at ang aking galit ang umalalay sa akin.
[6] Tinapakan ko ang mga bayan sa aking galit,
pinisa sila sa aking poot,
at ibinuhos sa lupa ang kanilang katas."

**Punitin mo ang langit at manaog ka**

• [7] Aawitin ko ang mga kagandahang-
loob ni Yawe, at pupurihin siya sa kan-
yang mga kahanga-hangang gawa, alin-
sunod sa lahat ng kanyang ginawa para sa
amin, sa kanyang malaking kabutihan sa
angkan ng Israel, sa kanyang masaga-
nang habag at kabutihang-loob.
[8] Pagkat sinabi niya: "Tunay ngang sila
ang aking bayan, mga anak na sa aki'y
hindi magtataksil." Kaya siya'y naging
Tagapagligtas nila [9] sa lahat nilang kagipi-
tan.

Hindi isang sugo o anghel kundi siya mismo ang nagligtas sa kanila. Sa kanyang pag-ibig at awa, sila'y tinubos niya, binuhat niya sila at pinasan sa lahat ng nagdaang panahon.

[10] Gayunma'y naghimagsik sila at pina-
mighati ang kanyang Banal na Espiritu.
Kaya sila'y naging kaaway niya, at siya
mismo ang lumaban sa kanila.
[11] Nang magkagayo'y naalala ng kan-
yang bayan ang mga araw na lumipas,
ang mga araw ni Moises: Nasaan siya na
sa dagat ay nagtawid sa pastol ng kan-
yang kawan?
Nasaan siya na naglagay ng kanyang
Banal na Espiritu sa kanilang piling, [12] na
nagsugo sa kanyang kapangyarihan
upang samahan si Moises, at naghati sa
tubig sa harap nila kaya siya'y nabantog
magpakailanman?
[13] Siya na sa kalaliman ay umakay sa
kanilang parang kabayo sa ilang at hindi
sila nabuwal. [14] Tulad ng mga bakang
lumulusong sa kapatagan, inakay sila ng
Espiritu ni Yawe sa kanilang kapahinga-
han. Ganito mo pinatnubayan ang iyong
bayan, at ika'y natanyag.
[15] Tumungo ka mula sa langit, tumung-
hay mula sa iyong banal at maluwalhating
tirahan. Nasaan ang iyong paninindigan
at lakas, ang mahabagin mong puso't
kalooban? Hanggang kailan ipagwa-
walang-bahala ang aming paghihirap?
[16] Ikaw ang aming Ama bagamat hindi
kami nakikilala ni Abraham, at hindi

• 7. *Isang salmo ng paghingi ng tawad kay Yawe ang talata 63:7-64. Ginugunita ang mga kababalaghan ng nakaraan, at ipinahahayag naman ang balisang pag-asam sa mga bagong pagpapala. Bigyan ng tanging pansin ang 63:19-64:3 na saka pa lamang mauunawaan bilang isang pagtawag sa pagdating ni Kristo.*

kinikilala ng Israel. Ngunit ikaw, Yawe, ang aming Ama, mula pa noong una ikaw na ang aming Manunubos – ito ang Pangalan mo.

17 Bakit mo kami pinabayaang humiwalay sa iyong mga daan? Bakit mo pinabayaang tumigas ang aming puso kung kaya nawalan kami ng pitagan sa iyo? Magbalik ka alang-alang sa iyong mga lingkod, sa mga tribu ng iyong pamana.

18 Bakit nasakop ng bayang tampalasan ang iyong santuwaryo? Bakit iyon nawasak ng aming mga kaaway?

19 Napakatagal nang kami'y natulad sa mga di mo pinamumunuan, tulad ng mga di tinatawag sa iyong pangalan.

**64** 1 Ah, punitin mo nawa ang kalangitan at manaog ka! Matutunaw sa harap mo ang mga bundok.

2 Kung paanong pinagliliyab ng apoy ang mga siit o pinakukulo ang tubig, gayon mo ipakilala ang iyong pangalan sa iyong mga kaaway, at papanginigin ang mga bansa sa harap mo. Kapag gumawa ka ng mga kahanga-hangang bagay na hindi namin inaasahan, nananaog ka at natutunaw ang mga bundok sa harap mo.

3 Mula pa noo'y wala pang sinumang nakarinig, walang taingang nakarinig, walang matang nakakita sa sinumang diyos liban sa iyo na gumagawa para sa mga umaasa sa iyo.

4 Tinutulungan mo ang mga gumagawa ng tama at ang mga umaalaala sa iyong mga daan. Ngunit nagagalit ka kapag sila'y nagkakasala. Paano kami ngayon maliligtas?

5 Lahat kami'y naging tulad ng taong marumi, lahat ng mabubuti naming gawa ay naging parang maruruming damit, lahat kami'y nalantang parang dahon, palayong inilipad ng aming mga pagkakasala gaya ng hangin.

6 Wala isa mang tumatawag sa iyong pangalan, wala isa mang pumupukaw sa sarili upang ikaw ang panghawakan. Sapagkat itinago mo sa amin ang iyong mukha, ipinagkaloob kami sa kapangyarihan ng aming mga pagkakasala.

7 Gayunma'y ikaw, O Yawe, ang aming Ama, kami ang putik at ikaw ang magpapalayok; lahat kami'y gawa ng iyong kamay.

8 Huwag lubhang magalit, O Yawe, ni tandaan sa habang panahon ang aming mga kasalanan. Sige na naman, tingnan mo kaming lahat na iyong bayan.
9 Naging ilang ang mga banal mong lunsod, naging ilang ang Sion, ulilang pook ang Jerusalem.

10 Tinupok ng apoy ang aming banal at maringal na templo kung saan ka pinuri ng aming mga ninuno. Ngayo'y guhong lahat ang aming ikinalulugod.

11 Hindi ka ba matitinag, O Yawe, sa harap ng lahat ng ito? Labis mo pa ba kaming parurusahan sa iyong pagsasawalang-imik?

**Sagot ng Diyos**

**65** • 1 Hinanap ako ng mga hindi nagtatanong tungkol sa akin; natagpuan ako ng mga hindi naghanap sa akin. Sinabi ko sa isang bansang hindi tumatawag sa aking pangalan: "Narito ako, narito ako!"

2 Magha-maghapon kong iniuunat ang aking mga kamay sa isang mapaghimagsik na bayang lumalakad sa daang di mabuti at sumusunod sa sarili nilang mga balak.

3 Ako'y patuloy na harapang iniinis ng bayang ito, na nag-aalay ng mga sakripisyo sa kanilang mga hardin, nagsusunog ng insenso sa mga sagradong bato,
4 nagtatagpo sa mga libingan at nagpapalipas ng magdamag sa madidilim na lugar, na kumakain ng karne ng

• **65.**1 *Inihahayag ng mga kabanata 65-66 ang paghuhukom ni Yawe sa lupa. Lilikha siya ng bagong langit at bagong lupa kung saan makadarama ng kaligayahan ang kanyang mga lingkod. Inihahanda naman ng mga bersikulo 13-34 ang tungkol sa mapapalad at sa kasawiampalad na ipinahahahayag sa Lucas 6:20-26.*

baboy, at may sabaw ng di-malinis na karne ang
kanilang mga palayok.
5 Sinasabi nila: “Huwag kang lumapit sa akin
pagkat napakasagrado ko at ika’y hindi!” Ang
mga ito ay usok para sa aking ilong, apoy na
naglalagablab sa buong maghapon. 6 Masdan,
nakasulat ito sa harap ko: hindi ako manana-
himik hangga’t hindi ko sila ganap na napaparu-
sahan nang walang pag-aatubili 7 sa mga kasa-
lanan nila at ng kanilang mga ninuno, sabi ni
Yawe. Dahil nagsunog sila ng insenso sa mga
bundok at nilapastangan nila ako sa mga burol,
parurusahan ko sila ayon sa kanilang mga
gawa.

**Inililigtas ng Diyos at pinagpapala ang mabubuti**

8 Ito ang sinasabi ni Yawe: Kapag may katas
pa ang ubas, sinasabing “Huwag sirain ito”
pagkat may pagpapala dito. Gayundin ang ga-
gawin ko sa aking mga lingkod, hindi ko sila
wawasaking lahat.
9 Magpapasibol ako ng mga bagong supling
mula kay Jacob, at ng mga tagapagmana sa
aking mga bundok mula kay Juda. 10 Magiging
pastulan ng mga kawan ang Sharon, isang pahi-
ngahan naman ng mga baka ang Lambak ng
Akor – para sa aking bayang naghahanap sa
akin.
11 Ngunit kayong nagsitalikod kay Yawe,
kayong lumimot sa aking Banal na Bundok,
kayong naghanda ng hapag para kay Suwerte,
at nagtagay ng tinimplang alak para kay Ka-
palaran – 12 ang tabak ang inyong magiging
kapalaran, lahat kayo’y yuyuko para patayin.

Pagkat tumawag ako ngunit di kayo sumagot,
nagsalita ako ngunit di kayo nakinig.
Ginawa ninyo ang itinuturing kong masama
at pinili ang di ko kinalulugdan.

**Ihihiwalay ang mabubuti sa masasama**

13 “Kaya ito ang sinasabi ni Yaweng Pangi-
noon:

Kakain ang aking mga lingkod
ngunit kayo’y magugutom,
iinom ang aking mga lingkod
ngunit kayo’y mauuhaw,
magagalak ang aking mga lingkod
ngunit kayo’y mapapahiya,
14 aawit sa galak ang puso ng aking mga
lingkod
ngunit kayo’y tatangis sa pighati ng puso
at tataghoy sa dalamhati ng espiritu.

15 Maiiwan sa aking mga hinirang ang inyong
pangalan at ang alaala ng inyong kamatayan
bilang sumpa: Ngunit bibigyan ni Yawe ng
bagong pangalan ang kanyang mga lingkod.
16 Tatanggap ng pagpapala mula sa Diyos ng
katotohanan ang sinuman sa lupain na nagha-
hangad nito; manunumpa sa Diyos ng katoto-
hanan ang sinuman sa lupain na manunumpa.
Sapagkat malilimot ang mga nagdaang ligalig,
at hindi ko na makikita pa ang mga iyon.

**Bagong langit at bagong lupa**

• 17 Lumilikha ako ngayon ng bagong
langit at bagong lupa, at ang mga dating
bagay ay hindi na magugunita ni sasagi
pang muli sa isip. 18 Magalak kayo at ma-
lugod magpakailanman sa aking nililikha,
sapagkat nililikha ko ang Jerusalem
upang maging *Kagalakan* at ang kanyang
bayan upang maging *Kaluguran.* 19 Maga-
galak ako sa Jerusalem at malulugod sa
aking bayan.
Wala nang maririnig doong tinig ng
pagtangis at pag-iyak. 20 Doo’y wala nang
makikitang patay na sanggol na bagong
panganak o matandang hindi nakahusto
ng kanyang mga taon. Pagkat ang mama-
matay na sandaang taong gulang ay ipa-
palagay na namatay sa kanyang kaba-
taan, at ang sinumang hindi makarating
sa edad na sandaan ay ituturing na isi-
numpa.
21 Magtatayo sila ng mga bahay at
maninirahan doon, magtatanim ng mga
ubasan at kakanin ang mga bunga ng
mga iyon. 22 Hindi na sila magtatayo pa ng
mga bahay na iba lamang ang maninira-
han; hindi na magtatanim at iba lamang
ang kakain. Pagkat matutulad sa mga
araw ng punungkahoy ang mga araw ng

---

• 17. Walang makapaglalarawan sa Bagong Langit na inilaan ng Diyos para sa atin (Mc 12:18). Ngunit, ikagalak natin ang paglalarawan dito ng propeta sa paggamit ng mga konkretong halimbawang ito. Para sa atin, bahagi ng ating pananampalataya ang kaligayahan ng “kabilang buhay”; ngunit sa panahong iyon, hindi pa ito malinaw maging sa mga Judio o sa propeta. Ginantimpalaan ng Diyos ang mga tao habang nasa lupa at minabuti nilang huwag isipin ang kahihinatnan ng mga namatay na, o mamamatay bago dumating ang panahon ng kaligayahan. Ginawa ng Diyos ang lahat upang hindi kaligtaan ng tao ang kanilang mga tungkulin sa lupa sa pagdadahilang hinihintay nila ang “kabilang buhay.”

aking bayan; matagal na tatamasahin ng
aking mga hinirang ang gawa ng kanilang
mga kamay. 23 Hindi sila magtatrabaho
nang walang kabuluhan, hindi sila mag-
sisilang ng mga anak para sa kasawiam-
palad, sapagkat sila'y magiging isang la-
hing pinagpala ni Yawe, sila at ang kani-
lang mga supling.
24 Bago pa sila tumawag ay sasagot na
ako; samantalang nagsasalita pa lamang
sila ay maririnig ko na.

25 Magkasalong manginginain ang asong-
gubat at batang tupa;
kakain ng dayami ang leon gaya ng baka.
(Para naman sa ahas, alabok ang kanyang
kakanin.)
Hindi sila mamiminsala ni mangwawasak
sa lahat ng aking banal na bundok,"
sabi ni Yawe.

**Tunay na pagsamba kay Yawe**

**66** 1 Ito ang sinasabi ni Yawe: Langit ang
aking luklukan at lupa ang tuntungan.
Kaya nasaan ang itatayo mo para sa akin, at
nasaan na ang aking mapagpapahingahan?
2 Di ba't lahat ng ito'y gawa ng aking kamay,
at akin ang lahat ng ito? – sabi ni Yawe.
Ngunit ang binibigyang-pansin ko'y ang aba
at may pusong nagsisisi at may pitagan sa aking
salita.
3 Nag-aalay ng baka, pumapatay ng tao,
naghahandog ng tupa, pinupukpok ang ulo ng
aso. Nagdadala sila ng alay na pagkaing butil, sa
susunod naman ay dugo ng baboy. Nagsusunog
sila ng insenso ngunit iyo'y sa harap ng mga
diyus-diyusan. Oo, pinili nga nila ang kanilang
mga daan, at ikinalulugod ng kanilang kaluluwa
ang mga kasuklam-suklam, 4 kaya pipiliin ko
naman ang pagkainis para sa kanila, parara-
tingin sa kanila ang kanilang kinatatakutan.
Pagkat tumawag ako ngunit walang suma-
got,
nagsalita ako ngunit walang nakinig.
Ginawa nila ang itinuturing kong masama
at pinili ang di ko kinalulugdan.
5 Dinggin ang salita ni Yawe, kayong may
pitagan sa kanyang salita. Dahil sa aking Panga-
lan, kayo'y kinamumuhian ng inyong mga
kapatid at kanilang ipinagtatabuyan sa pagsa-
sabing "Ipakita ni Yawe ang kanyang kaluwal-
hatian, at nang makita namin ang inyong kaga-
lakan." Ngunit sila ang mapapahiya.
6 Pakinggan ninyo – may ingay na nang-
gagaling sa lunsod, may tinig mula sa Templo!
Iyon ang tinig ni Yawe na naniningil sa kanyang
mga kaaway.

**Pagsilang ng bagong Jerusalem**

7 Bago pa nagdamdam,
siya'y nanganak na;
bago pa sumakit,
siya'y nagluwal na ng sanggol na lalaki.

8 May nakarinig na ba ng ganito? May naka-
saksi na ba ng gaya nito? Maisisilang ba ang
isang bayan sa isang araw lamang? Maipa-
nganganak ba ang isang bansa sa isang iglap
lamang? Ngunit kasabay ng pagdaramdam ng
Sion ay isinilang niya ang kanyang mga anak.
9 Pinapayagan ko bang maglihi at hindi magsi-
lang? sabi ni Yawe. At magkakaroon ba ng
pagsilang kung hindi ko ipinahintulot na mag-
lihi? sabi ng iyong Diyos.

10 Magalak kasama ng Jerusalem,
at magsaya lahat kayong nagmamahal sa
kanya.
Makiisa sa kanyang kagalakan,
lahat kayong nagluluksa sa kanya.
11 Pagkat kayo'y sususo at mabubusog
sa kanyang mapagkandiling dibdib,
iinom at masisiyahan
sa dibdib ng kanyang kaluwalhatian.

12 Pagkat ito ang sinasabi ni Yawe:
Padadaluyin kong tulad ng ilog
ang kapayapaan sa kanya,
padaragsain kong tulad ng baha
ang yaman ng mga bansa sa kanya.
At kayo'y pasususuhin at kikilikin,
at hahaplus-haplusing kalong sa mga tuhod.
13 Kung paanong inaaliw ng ina ang kanyang
anak na lalaki,
gayon ko kayo aaliwin.
14 Pagkakita ninyo nito, puso ninyo'y matu-
tuwa;
at katulad ng damo,
mga buto ninyo'y mananariwa.
Ipahahayag ang kamay ni Yawe sa kanyang
mga lingkod,
at ang kanyang galit sa kanyang mga kaaway.
15 Pagkat dumarating si Yawe sa gitna ng
apoy,
parang ipuipo ang kanyang mga karuwahe
upang ibsan ang kanyang galit sa pagkapoot
at ang kanyang banta sa nagliliyab na apoy.
16 Pagkat huhukuman ni Yawe sa apoy
at sa kanyang tabak ang buong sangka-
tauhan,
at marami ang papatayin ni Yawe.

[17] Ang mga nagpapabanal at naglilinis ng sarili sa pagpunta sa mga hardin at sa pagsunod sa nasa gitna – ang mga kumakain ng karne ng baboy, ahas at daga – ang kanilang mga gawa at balak ay biglang magwawakas, sabi ni Yawe.

**Papasok ang mga pagano sa kaharian ng Diyos**

• [18] Darating ako para tipunin ang lahat ng bansa ng bawat wika, at darating sila at masa-
saksihan ang aking kaluwalhatian. [19] Magsasa-
gawa ako sa kanila ng isang kahanga-hangang bagay: ilan sa mga nalabing buhay sa kanila ang ipadadala ko sa mga bansa – sa Tarsis, Put, Lud, Ros at Mesek, Tubal, at Havan – sa malalayong pulo na hindi pa nakaririnig sa aking katanyagan o nakakikita sa aking kaluwalhatian.

Ipahahayag nila ang aking kaluwalhatian sa
mga bansa. [20] Dadalhin nila ang lahat ng inyong kapatid buhat sa lahat ng bansa bilang handog kay Yawe – sakay sa mga kabayo, karuwahe, kalesa, asno, kamelyo patungo sa aking banal na bundok sa Jerusalem, sabi ni Yawe. Gaya ng pagdadala ng mga Israelita sa kanilang mga haing nasa malilinis na lalagyan sa Bahay ni
Yawe. [21] At sa kanila man ay pipili rin ako ng magiging mga pari at Levita, sabi ni Yawe.

[22] Sinasabi ni Yawe: Gaya ng pananatili magpakailanman sa harap ko ng mga bagong langit at bagong lupang lilikhain ko, gayundin mananatili ang iyong pangalan at lahi magpakailanman.

[23] Tuwing Bagong Buwan at Araw ng Pahinga, lahat ng tao'y paririto upang sumamba sa
akin, sabi ni Yawe. [24] At sa kanilang paglabas ay makikita nila ang mga bangkay ng mga naghimagsik laban sa akin. Hindi mamamatay ang kanilang mga uod ni masasawata ang apoy ng mga iyon, at magiging kasuklam-suklam sa lahat ng tao.

---

• **66.**18 Pagpapahayag sa araw na sasakupin ni Yawe ang mga bansang pagano na nagkakaisa laban sa kanya, at saka niya ililigtas ang mga ito sa pamamagitan ng pagtitipon sa kanila sa bagong bayan niya. Iilan ang sipi sa biblia na tulad nito, na nagpapahayag ng pangkalahatang pananaw ng pagliligtas ng Diyos "sa lahat ng angkan ng daigdig." Ipinangako niya ito kay Abraham, ngunit halos hindi ito pinansin ng mga tao sapagkat ang laging sumasagi sa kanilang isip ay hinanakit, pagkamuhi, mga barangay at mga relihiyon.

*Pag-ingatang unawain ang ekspresyong "titipunin ko". Nakita na natin sa Is 6:9 kung paano nagsalita ang mga Judio tungkol sa Diyos sapagkat kumbinsido silang ang Diyos ang namamahala sa lahat. Sa paggawa ninuman ng anuman, sinasabi nilang pinakilos siya ng Diyos para gawin iyon. At sa paggawa naman ninuman ng kung anong masama na sa dakong huli'y gagamitin ng Diyos para sa kanyang mga plano, sinasabi nilang ang Diyos ang nagtulak sa kanila. Ang "titipunin ko" ay nangangahulugan dito ng "magtitipon sila ngunit gagamitin ko sa ikatutupad ng pagliligtas sa aking bayan."*

Nagtitipon ang mga bansa laban sa Jerusalem, gaya sa panahon ni Senakerib (tingnan Is 31:4-9), at nagapi sila sa mahimalang paraan. Ngunit sa pagkakataong ito, ang mga nalabing saksi sa milagrong ito ang magpapakilala sa tunay na Diyos sa lahat ng dako. Tatanggapin sila sa bayan ng Diyos at makikibahagi sa mga pribilehiyo ng mga Judio ("mula sa kanila'y kukuha ako ng mga pari at mga Levita"). Nagwawakas ang tulà sa pangitain ng isang mundong ganap nang hinatulan ni Yawe.

– nasa loob ng lunsod ang mga nagtalaga ng sarili sa paglilingkod sa kanya at dumating para sambahin siya sa kanyang templo;

– nasa labas naman ang mga bangkay ng mga nilipol; lagi silang mananatiling tanda ng di-magagaping katarungan ng Diyos.

Nakapangingilabot na pangitain! Ngunit walang saysay ang paghahangad nating tumakas sa pagaakalang baka maging maayos ang takbo ng mga bagay-bagay, at dahil sa napakabuti ng Diyos kaya hindi na niya tayo mahahatulan at maitatakwil sa habang panahon. Tutukuyin ni Jesus ang tekstong ito sa Marco 9:48.